

7

Edukasyon sa Pagpapakatao

Kagamitan ng Mag-aaral

PAG-AARI NG PAMAHALAAN

HINDI IPINAGBIBILI

INILAN PARA SA

Distrito/ Paaralan: _____

Dibisyon: _____

Unang Taon ng Paggamit: _____

Pinagkunan ng Pondo (Pati Taon): _____

Kagawarang ng Edukasyon
Republika ng Pilipinas

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ika-Pitong Baitang
Kagamitan ng Mag-aaral
Unang Edisyon, 2013
ISBN: 978-971-9990-54-3**

Paunawa hinggil sa karapatang-sipi. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publisher*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Yolanda S. Quijano, Ph.D.
Kawaksing Kalihim: Elena R. Ruiz, Ph.D.

Mga Bumuo ng Kagamitan ng Mag-aaral

Consultant: Fe A. Hidalgo, Ph.D. at Manuel Dy, Ph.D.

Editor: Luisita B. Peralta

Mga Manunulat: Manuel B. Dy, Jr., Sheryll Gayola, Marivic Leaño, Mary Jean B. Brizuela, at Ellanore G. Querijero

Mga Tagaguhit: Erich Garcia at Deo Moreno

Naglayout: Aro R. Rara

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)

Office Address: 2nd Floor Dorm G, Philsports Complex, Meralco Avenue,
Pasig City, Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 or 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

Talaan ng Nilalaman

Modyul 1: Mga Angkop At Inaasahang Kakayahan At Kilos Sa Panahon Ng Pagdadalaga/Pagbibinata	2
Modyul 2: Talento mo, Tuklasin, Kilalanin at Paunlarin	33
Modyul 3: Pagpapaunlad Ng Mga Hilig	61
Modyul 4: Ang Aking Tungkulin Bilang Kabataan	82
Modyul 5: Isip At Kilos-Loob	103
Modyul 6: Kaugnayan Ng konsiyensiya Sa Likas Na Batas-Moral	122
Modyul 7: Kalayaan	142
Modyul 8: Ang Dignidad Ng Tao	158
Modyul 9: Kaugnayan Ng Pagpapahalaga at Birtud	178
Modyul 10: Hirarkiya Ng Pagpapahalaga	204
Modyul 11: Mga Panloob na Salik na Nakaiimpluwensiya sa Paghubog ng mga Pagpapahalaga	222
Modyul 12: Mga Panlabas na Salik na Nakaiimpluwensiya sa Paghubog ng mga Pagpapahalaga	247
Modyul 13: Mangarap Ka!	269
Modyul 14: Ang Kahalagahan Ng Mabuting Pagpapasya Sa Uri Ng Buhay	296
Modyul 15: Mga Pansariling Salik sa Pagpili ng Kursong Akademiko o Teknikal-Bokasyonal o Negosyo	325
Modyul 16: Halaga Ng Pag-aaral Para Sa Pagnenegosyo O Paghahanapbuhay!	357

Edukasyon sa Pagpapakatao 7
Unang Markahan
MODYUL 1: MGA ANGKOP AT INAASAHANG
KAKAYAHAN AT KILOS SA PANAHO NG
PAGDADALAGA/PAGBIBINATA



Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?

Madalas mo bang tingnan ang sarili mo sa salamin nitong mga nagdaang araw? Marahil napapansin mo na ang malaki mong pagbabago mula noong ikaw ay nasa mga unang taon mo sa elementarya. Marami kang ginagawa noon na ayaw mo nang gawin ngayon. At maging ang mga tao sa iyong paligid ay napapansin mong nag-iiba na ng kanilang paraan ng pakikitungo sa iyo.



Nalilito ka na ba? Minsan tinatawag kang bata; minsan naman ay sinasabing dalaga o binata ka na. Nakalilito talaga. Ikaw ay nasa yugto ng buhay mo na tinatawag na panahon ng unti-unting pagbabago (*transition period*) o paglipat mula sa isang yugto ng buhay patungo sa susunod. Ikaw ngayon ay tumatahak sa yugto ng pagdadalaga o pagbibinata (*adolescence*). Upang lubos na makilala ang sarili, napakarami mong kailangang maunawan tungkol sa yugtong ito.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa

- a. Natutukoy ang mga pagbabago sa sarili mula sa gulang na 8 o 9 hanggang sa kasalukuyan sa aspektong: (a) pakikipag-ugnayan (more mature relations) sa mga kasing-edad, (b) papel sa lipunan bilang babae o lalaki, (c) asal sa pakikipagkapwa at sa lipunan, at (d) kakayahang makagawa ng maingat na pagpapasya
- b. Natatanggap ang mga pagbababagong nagaganap sa sarili sa panahon ng pagdadalaga/pagbibinata
- c. Naipaliliwanag na ang paglinang ng mga angkop na inaasahang kakayahan at kilos (developmental tasks) sa panahon ng pagdadalaga / pagbibinata ay nakatutulong sa:
 - pagkakaroon ng tiwala sa sarili
 - paghahanda sa susunod na yugto (stage) ng buhay (paghahanda sa paghahanapbuhay at paghahanda sa pag-aasawa / pagpapamilya), at
 - pagiging mabuti at mapanagutang tao

- d. Naisasagawa ang mga angkop na hakbang tungo sa paglinang ng apat na inaasahang kakayahan at kilos (developmental tasks) sa panahon ng pagdadalaga/pagbibinata

Narito ang mga pamantayan sa pagtataya ng output sa letrang b:

- a. May nabuong mga tiyak na hakbang sa paglinang ng apat na inaasahang kakayahan at kilos
- b. May kalakip na mga patunay ng pagsasakatuparan ng mga hakbang sa paglinang ng apat na inaasahang kakayahan at kilos

Bilang panimula ay subukin mo ang iyong sarili sa mga konseptong iyong matutuhan sa araling ito. Mahalaga ang bahaging ito upang mataya ang iyong dating kaalaman sa konseptong pag-aaralan



PAUNANG PAGTATAYA

1. Ang sumusunod ay mahahalagang layunin ng inaasahang kakayahan at kilos (developmental tasks) sa bawat yugto ng pagtanda ng tao *maliban* sa:
 - a. Nagsisilbing gabay kung ano ang inaasahan ng lipunan sa bawat yugto ng buhay
 - b. Nakatutulong upang malinang ang kakayahang iakma ang sarili sa mga bagong sitwasyon
 - c. Nagtuturo sa isang nagdadalaga/nagbibinata ng mga nararapat na gawin na akma sa kanilang edad
 - d. Nagsisilbing pangganyak o motibasyon upang gawin ng isang nagdadalaga/nagbibinata ang inaasahan sa kanya ng lipunan
2. Ang sumusunod ay ilan sa mga inaasahang kakayahan at kilos na dapat malinang sa panahon ng pagdadalaga / pagbibinata *maliban* sa _____.
 - a. Pagsisikap na makakilos nang angkop sa kanyang edad
 - b. Pagtanggap ng papel sa lipunan na angkop sa babae o lalaki
 - c. Pagtatamo at pagtanggap ng maayos na ugali sa pakikipagkapwa
 - d. Pagtatamo ng bago at ganap na pakikipag-ugnayan sa mga kasing edad

3-4. Basahin at unawain ang mga talata sa ibaba. Pagkatapos, sagutin ang bilang 3-4 .

Pagtuntong ng isang bata sa kanyang ika labintatlong taon, nagsisimula ang matulin at kagyat na pagbabago sa kanyang pag-iisip at pag-uugali. Kung dati ay kuntento na ang isang batang lalaki sa paglalaro, ngayon ay tila naaakit na siyang tumingin sa kababaihan. Gayundin ang

isang batang babae: nagsisimula na rin siyang kumilos na tulad sa isang ganap na babae.

Sa panig ng kalalakihan, nagiging masilakbo ang kanilang pag-iisip at pag-uugali: laging tila humaharap sa hamon na susubok sa kanilang katapangan. Nagiging mapangahas sila sa anumang bagay, waring ipinagwawalambahala ang panganib, nagkukunwarinng hindi nababalisa sa anumang suliranin. Ito ang panahon na tila naghihimagsik ang isang kabataan, waring di matanggap ang katotohanang hindi pa siya ganap na lalaki at nagpupuyos ang kalooban na pasubalian ito sa mundo. Ito ang panahon na ang isang lalaki ay wala pang napapatunayan sa kanyang sarili at sa iba, kaya napakalaki ng kanyang kawalan ng seguridad, laging humahanap ng pagkakataon na ipakita ang kanyang kahalagahan. Sa panig ng kababaihan, ang isang nagdadalaga ay nagsisimulang iwan ang daigdig ng mga manika at laruan, nag-iingat na kumilos nang magaslaw o tila bata. Isa siyang bulaklak na nagsisimulang mamukadkad.

Hango sa: <http://cpnhs.com/smf/index.php?topic=167.0>

3. Ano ang pangunahing paksa ng sanaysay?
 - a. Ang pagbabago sa panahon ng pagdadalaga/pagbibinata
 - b. Ang mga karanasan na pinagdaraan ng mga nagdadalaga/nagbibinata.
 - c. Ang damdamin ng mga nagdadalaga/nagbibinata sa mga pagbabagong kanilang pinagdaraan
 - d. Ang pagkakaiba ng pagbabagong pinagdaraan ng isang nagdadalaga at nagbibinata
4. Ano ang pangunahing pagkakaiba ng isang nagdadalaga sa isang nagbibinata ayon sa paglalarawan?
 - a. Ang nagbibinata ay walang seguridad at ang nagdadalaga ay nakararamdam ng kalituhan
 - b. Ang nagbibinata ay nagiging mapangahas at ang nagdadalaga ay hindi na naglalaro ng manika at iba pang laruan.
 - c. Ang nagbibinata ay nagiging masidhi ang pag-iisip at damdamin at ang nagdadalaga ay nagsisimulang maging pino sa kanilang kilos.
 - d. Ang nagbibinata ay nagsisimulang maging matapang at ang nagdadalaga ay nagsisimula nang kumilos na tulad ng isang ganap na babae.
5. Basahin ang mga katangian ng mga tinedyer sa ibaba. Ano ang mahuhubog kung ipagpapatuloy ng bawat isa ang kanyang gawi?
 - Palaging sinasabi ni Rosemarie sa kanyang sarili na hindi siya perpekto, alam niyang sa bawat pakakamali ay mayroong siyang matututuhan.

- Hinahasa ni Stephanie ang kanyang kakayahang suriin at tayahin ang kanyang sariling mga pagtatanghal bilang isang mang-aawit.
 - Hindi hinahayaan ni Anthony na talunin ng takot at pag-aalinlangan ang kanyang kakayahan.
 - Hindi natatakot si Renato na harapin ang anumang hamon upang ipakita niya ang kanyang talento.
 - a. tapang
 - b. talento at kakayahan
 - c. tiwala sa sarili
 - d. positibong pagtingin sa sarili
6. Bakit mahalaga ang pagtatamo ng bago at ganap na pakikipag-ugnayan sa mga kasing-edad sa panahon ng pagdadalaga at pagbibinata?
- a. Upang masiguro niya na may tao na tatanggap sa kanyang mga kalakasan at kahinaan
 - b. Upang magkaroon siya ng kalaro na magtuturo sa kanya ng pakikipag-ugnayan sa mga kasing-edad
 - c. Upang mapatunayan sa lahat ng tao na may kakayahan siyang makipag-ugnayan nang maayos sa kanyang kasing edad
 - d. Upang magkaroon siya ng makakasundo na tutulong sa kaniya upang matanggap sa isang pangkat na labas sa kanyang pamilya
7. Sa yugto ng maagang pagdadalgaga o pagbibinata, inaasahan na ang pagkakaroon ng tinedyer ng kasintahan (*girlfriend/boyfriend*). Ang pangungusap ay:
- a. Tama, dahil mahalagang mamulat ang nagdadalaga o nagbibinata sa pagbuo ng relasyon sa katapat na kasarian sa maagang panahon.
 - b. Tama, dahil ito ay makatutulong sa kanya upang matutong humawak ng isang relasyon at maging handa sa magiging seryosong relasyon sa hinaharap.
 - c. Mali, dahil mahalagang masukat muna ang kahandaan ng isip at damdamin ng isang nagdadalaga/nagbibinata sa paghawak ng isang seryosong relasyon.
 - d. Mali, dahil hindi pa nararapat na magkaroon ng seryosong relasyon ang isang tinedyer.
8. Si Cleofe ay iskolar sa isang pamantasang mataas ang kalidad. Napaliligiran siya ng mga mayayaman na kamag-aral. Labis ang kanyang pagkabalisa dahil alam niyang hindi naman siya makasasabay sa mga ito sa maraming bagay. Ano ang pinakamakatuwirang gawin ni Cleofe?
- a. Makipagkaibigan lamang siya sa kapwa niya mga iskolar na mahirap din.
 - b. Ipakita niya ang kanyang totoong pagkatao.
 - c. Kausapin niya ang kanyang mga magulang upang bumili ng mga gamit at damit na halos katulad ng sa mga mayayamang kamag-aral.

- d. Makiangkop sa kamag-aral na mayaman sa oras na sila ang kasama at sa mga kapwa niyang iskolar na mahirap kung sila naman ang kasama.
9. Masasabi lamang na *ganap* ang pakikipag-unayan kung handang ipaalam ang lahat sa kapwa. Ang pangungusap ay:
- Tama, dahil ito ay nagpapakita ng tiwala sa kapwa.
 - Tama, dahil ito ang magiging simula ng isang malalim na pakikipag-ugnayan.
 - Mali, dahil sa kasapi ng pamilya lamang nararapat na sabihin ang lahat ng sikreto.
 - Mali, dahil mahalagang magkaroon ng limitasyon upang hindi magamit ang mga impormasyon tungkol sa sarili laban sa kanya sa hinaharap.
10. Si Bernard ay mababa ang tiwala sa sarili sa kabila ng kanyang talento. Hindi niya ito ipinakikita sa paaralan dahil sa takot na hindi ito maging kalugod-lugod sa iba pang mga mag-aaral. Ano ang makatuwirang gawin ni Bernard?
- Kausapin niya ang kanyang sarili at sabihin na hindi matatalo ng hindi pagtanggap ng iba sa kanyang talento ang kanyang pagnanais na umangat dahil sa kanyang kakayahan.
 - Humingi siya ng papuri mula sa kanyang mga kaibigan at kapamilya na makatutulong upang maiangat ang kanyang tiwala sa sarili
 - Harapin niya ang mga hamon nang may tapang at hayaang mangibabaw ang kanyang kalakasan.
 - Huwag niyang iisipin na mas magaling ang iba sa kanya, bagkus isipin niya na siya ay nakaaangat sa lahat.

Gamit ang Susi sa Pagwawasto (Key to Correction) na matatagpuan sa *Annex 1*, alamin kung tama ang iyong mga naging sagot. Nasiyahan ka ba sa iyong naging iskor? Nasiyahan ka man o hindi, nararapat lamang na ipagpatuloy mo ang susunod na mga gawain.



PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Panuto: Sa iyong kuwaderno, itala ang mga *positibong* pagbabagong napapansin mo sa iyong sarili ayon sa bawat kategorya sa bawat bilang sa ibaba. Magtala ng limang pagbabago sa sarili. Pagkatapos, gumupit o gumuhit ng isang larawan na sa iyong palagay ay nagpapakita ng mga kategoryang ito. Idikit ito sa kuwaderno. Sundin ang pormat sa ibaba. Gawin mong gabay ang halimbawa sa unang kategorya.

- a. Pakikipag-ugnayan sa mga kasingedad




1. Lalong lumalalim ang pakikipagkaibigan sa mga kapwa babae/lalaki.
2. Ibinabahagi ang ilang mga problema sa mga malapit na kaibigan at hinihingi ang kanilang opinyon
3. Nagkakaroon ng interes sa mga katapat na kasarian; nagkakaroon ng *crush*.
4. Iniiwasan ang pakikipag-away
5. Hindi lang sa paglalaro kasama ang mga kaibigan, maging sa mahalalagang proyekto sa paaralan

Ngayon, ikaw naman:


- a. Pakikipag-ugnayan sa mga kasing-edad

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____




b. Papel sa lipunan bilang babae o lalaki

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



c. Pamantayan sa asal sa pakikipagkapwa

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



d. Kakayahang gumawa ng maingat na pagpapasaya

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Gawain 2: Profayl Ko, Noon at Ngayon

Panuto: Punan ang tsart sa ibaba. Sa hanay ng “Ako Ngayon”, isulat ang mga pagbabagong iyong itinala sa naunang gawain. Sa hanay ng “Ako Noon”, itala naman ang iyong mga katangian noong ikaw ay nasa gulang na 8 hanggang 11 taon.

Profayl Ko, Noon at Ngayon

	<i>Ako Noon (Gulang na 8-11)</i>	<i>Ako Ngayon</i>
<i>Pakikipag-ugnayan sa mga kasing-edad</i>	Hal. Kalaro ko ang aking mga kaibigan.	Hal. Karamay ko ang mga kaibigan ko sa mga hinaharap na suliranin.
<i>Papel sa lipunan bilang babae o lalaki</i>	Hal. Tungkulin ko ang maging isang mabuting mag-aaral.	Hal. Nagtatrabaho at nag-aaral ako para makapasok sa mas mahusay na trabaho.
<i>Pamantayan sa asal sa pakikipagkapwa</i>	Hal. Masunurin ako sa utos ng aking mga magulang dahil alam nila ang mabuti para sa akin.	Hal. Sumusunod ako sa batas upang makaiwas sa suliranin.
<i>Kakayahang gumawa ng maingat na pagpapasiya</i>	Hal. Ang aking mga magulang ang nagpapasya para sa akin	Hal. Ginagawa ko kung ano ang alam kong makabubuti sa akin at sa aking pamilya.

Ikaw naman:


	<i>Ako Noon (Gulang na 8-11)</i>	<i>Ako Ngayon</i>
<i>Pakikipag-ugnayan sa mga kasing-edad</i>		
<i>Papel sa lipunan bilang babae o lalaki</i>		
<i>Pamantayan sa asal sa pakikipagkapwa</i>		
<i>Kakayahang gumawa ng maingat na pagpapasiya</i>		

Gamit ang iyong binuong “**Profayl Ko, Noon at Ngayon**”, isa-isahin at ipaliwanag ang mga pagbabago sa iyong sarili mula noong walong taong gulang ka hanggang ngayon.


Tayain kung positibo o negatibo ang mga naging pagbabago sa iyong sarili.

Panuto: Sundan ang linya ng “Profayl Ko, Noon at Ngayon”. Bawat magkatapat na pagbabago at katangian ay isang linya. Kung ang pagbabago ay *positibo*, gamitin ang linyang paakyat (\nearrow); kung *negatibo* naman ay gamitin ang linyang pababa (\searrow). Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Halimbawa: Batay sa naunang mga halimbawa sa “Tsart ng Profayl Ko, Noon at Ngayon” ay nagawa ang sumusunod na “Linya ng Profayl Ko, Noon at Ngayon”.



Ikaw naman:



Kung nakarating ka sa itaas ng bundok, positibo ang karamihan sa mga naging pagbabago sa iyo. Kung hindi ka umabot dito, maaaring mas maraming negatibo kaysa positibong pagbabago sa iyo.

Gawain 3

Sa iyong dyornal, sumulat ng isang repleksiyon o pagninilay tungkol sa paghahambing na iyong ginawa. Gamiting gabay sa pagsulat ang mga tanong sa ibaba.

1. Paano mo ihahambing ang iyong sarili noon at sarili ngayon?
2. Naibigan mo ba ang mga pagbabago sa iyong sarili bilang nagdadalaga/nagbibinata? Ipaliwanag.
3. Ano ang ibig sabihin ng mga pagbabagong ito sa iyo bilang isang nagdadalaga/nagbibinata?
4. Makatutulong ba ang mga pagbabagong ito sa iyo? Sa paanong paraan?
5. May masama bang maidudulot sa iyo ang mga pagbabagong ito? Sa paanong paraan?
6. Ano-ano ang mga nakatulong sa positibong pagbabago sa iyong buhay?

Bilang isang nagdadalaga o nagbibinata maraming mga pagbabagong nagaganap sa iyo. Ang lahat ng ito ay mahalaga para sa iyong patuloy na pag-unlad bilang tao. Sa huli, ang lahat ng mga pagbabagong ito ay makatutulong upang magampanan mo nang maayos o epektibo ang iyong mga tungkulin sa lipunan.

TAYAHIN ANG IYONG PAG-UNAWA

Ano ang iyong naunawaang mahalagang konsepto sa aralin? Sagutin ito gamit ang *graphic organizer* sa ibaba. Sagutin din ang kakailanganing tanong, na, “Bakit mahalaga ang paglinang ng mga angkop na inaasahang kakayahan at kilos (*developmental tasks*) sa panahon ng pagdadalaga o pagbibinata?

Ang paglinang ng mga angkop na inaasahang kakayahan at kilos (*developmental tasks*) sa panahon ng pagdadalaga/pagbibinata

ay
nakatutulong
sa

- _____
- _____
- _____



PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Ang sumusunod ay mga palatandaan ng pag-unlad bilang isang nagbibinata/ nagdadalaga. Ang mga ito ay tinatawag na inaasahang kakayahan at kilos. Maaaring ang iba ay naglalarawan sa iyo o maaaring ang iba naman ay hindi mo dapat gawin.

Mga Palatandaan ng Pag-unlad sa Panahon ng Pagdadalaga/Pagbibinata sa Iba’t ibang aspekto:



Pangkaisipan

- Nagiging mahusay sa pakikipagtalo at pakikipagtalakayan
- Mas nakapagmememoria
- Nakapag-iisip ng lohikal tungkol sa mga konsepto
- Nasusundan at nasusuri ang paraan at nilalaman ng sariling pag-iisip
- Nakagagawa ng mga pagpaplano sa hinaharap
- Nahihilig sa pagbabasa
- Nangangailangan na maramdamang may halaga sa mundo at may pinaniniwalaan



Panlipunan

- Lumalayo sa magulang; naniniwalang makaluma ang mga magulang
- Ang tinedyer na lalaki ay karaniwang ayaw magpakita ng pagtingin o pagmamahal
- Karaniwang nararamdamang labis na mahigpit ang magulang; nagiging rebelde
- Dumadalang ang pangangailangang makasama ang pamilya
- Nagkakaroon ng maraming kaibigan at nababawasan ang pagiging labis na malapit sa iisang kaibigan sa katulad na kasarian
- Higit na nagpapakita ng interes sa katapat na kasarian ang mga babae kaysa mga lalaki
- Madalas mairita sa mga nakababatang kapatid



Pandamdamin

- Madalas na mainitin ang ulo; kadalasang sa mga nakatatanda o may awtoridad ipinatutungkol ang mga ikinagagalit
- Madalas nag-aalala sa kaniyang pisikal na anyo, marka sa klase, at pangangatawan
- Nag-aalala sa kasikatan sa hanay ng kapwa mga tinedyer
- Nagiging mapag-isa sa tahanan
- Madalas malalim ang iniisip



Moral

- Alam kung ano ang tama at mali
- Tinitimbang ang mga pamimilian bago gumawa ng pasiya o desisyon
- Pantay ang pagtingin o pakikitungo sa kapwa
- Madalas ay may pag-aalala sa kapakanan ng kapwa
- Hindi magsisinungaling

Balikan ang sumusunod na palatandaan. Alin dito ang sa iyong palagay ay naglalarawan sa iyo? Ilang palatandaan ang naglalarawan sa iyo sa bawat aspekto? Ang lahat ng mga pagbabagong ito ay kailangan mo upang makatawid sa susunod na yugto ng buhay, ang pagiging ganap na binata o dalaga.

Pamilyar ka ba sa kuwentong *Alice in Wonderland*? Isa itong popular na kuwento na isinulat ni Lewis Carroll noong 1865 at ginawang *animated film* ni Walt Disney at nitong huli'y ginawang pelikula ng Direktor na si Tim Burton. Bagama't ito ay isang kuwentong pantasya, napapailalim sa kuwentong ito ang tungkol sa mga pagbabago sa buhay ni Alice bilang nagdadalaga.



Nais mo marahil malaman kung ano ang nakapaloob sa kuwento tungkol sa pagdadalaga ng pangunahing tauhan sa sikat na akdang ito.

Hiramin ang aklat na ito sa malapit na pampublikong aklatan sa inyong lugar o kaya'y umarkila o manghiram ng *CD* o *DVD* ng *animation* o pelikulang hango dito. Panoorin o basahin ang kuwento.

Isalang-alang ang gabay na mga tanong:

1. Ano ang tema ng kuwento?
2. Ano ang ibig sabihin ng *Cheshire Cat* sa mga katagang “Maaaring makapagpalaki sa iyo ang pagkain sa Wonderland (tulad sa buhay) ngunit sa awa at karanasan ka mas matututo”. (*Food can make you big in Wonderland (as in life) but only mercy and experience can make you wise.*)? Ipaliwanag.
3. Ipaliwanag ang kahalagahan ng bawat karakter sa kuwento na may kaugnayan sa pagdadalaga ni Alice.
 - a. Chesire Cats
 - b. Mad Hatter
 - c. Catterpillar
 - d. Queen of Hearts
 - e. White Queen
 - f. At iba pa
4. Tukuyin kung ano-ano ang palatandaan ng pag-unlad na iyong makikita kay Alice na isang nagdadalaga. Ipaliwanag ang mga ito.
5. Paano natagpuan ni Alice ang kaniyang sarili?
6. Makatutulong kaya sa iyo bilang isang nagdadalaga/nagbibinata ang paglinang sa mga *inaasahang kakayahan at kilos (developmental tasks)*? Ipaliwanag. Sa paanong paraan mo ito lilinganin?

May iba ka pa bang alam na pelikula, nobela o kuwento na tungkol sa pagdadalaga/pagbibinata? Sa iyong palagay, tama ba ang paglalarawan ng mga ito ng mga *inaasahang kakayahan at kilos* ng mga nagdadalaga o nagbibinata? Pangatuwiran.



PAGPAPALALIM

Basahin ang sumusunod na sanaysay.

ANG MGA INAASAHANG KAKAYAHAN AT KILOS SA PANAHOON NG PAGDADALAGA O PAGBIBINATA



Pamilyar ba sa iyo ang mga ganitong salita? Marahil sinasabi mo sa iyong sarili ngayon, “Parang narinig ko na ‘yan”. Nalilito ka ba? Ganiyan talaga ang buhay ng isang nagdadalaga o nagbibinata.

Ang yugto ng pagdadalaga o pagbibinata ay yugto ng kalituhan, hindi lamang para sa iyo kundi maging sa mga taong nasa sapat na gulang sa iyong paligid. Marahil maging sila hindi malaman kung paano ka na ituturing. Isa ka bang bata pa o papunta na sa pagiging matanda?

Alam kong nararamdaman mo na ang napakaraming pagbabago sa iyong sarili sa yugtong ito ng iyong buhay, sa iyong pangangatawan, sa iyong damdamin, at sa iyong pakikitungo sa kapwa. Alam kong malinaw na sa iyo na kinakailangan mong harapin ang napakaraming pagbabagong ito. Mahalagang malagpasan mo ang anumang hamon na ibinibigay ng mga pagbabagong ito. Sabi nga nila, “Naku, dapat *mature* ka na”. Ang daming inaasahan sa iyo. Sa iyong pakiramdam lahat ay naghihintay sa mga bagay na iyong gagawin, sa mga salitang iyong sasabihin at sa mga pagpapasiyang iyong isasagawa. Kaya nga mas nararapat na handa ka, maging mas maingat ka at maging mas malawak sa iyong pag-iisip sa maraming bagay sa iyong paligid. Sabi nga nila, “ganiyan talaga ang buhay.”

Gaano man kalaki ang hamon sa iyo, kailangan mong harapin ang mga ito. Kailangang handa ka at taglay mo ang mga kaalaman na makatutulong sa iyo upang maging matatag ka sa iyong pagharap sa hamon ng pagdadalaga o pagbibinata.

Mahalagang maunawaan mo na ang bawat tao ay may mga inaasahang kakayahan at kilos (*developmental tasks*) sa bawat yugto ng buhay na dapat tugunan o gampanan. Kailangan ang mga ito upang malinang ang kaniyang mga talento at kakayahan at matamo ang kaayusan sa pamayanan. Mahalagang kilalanin ang mga inaasahang kakayahan at kilos na ito lalo na sa yugto ng maagang pagdadalaga o pagbibinata (*early adolescence*).

Kailangan ang mga
inaasahang kakayahan
at kilos upang
malinang ang mga
talento at kakayahan at
matamo ang kaayusan
sa pamayanan.

May tatlong mahalagang layunin ang *inaasahang kakayahan at kilos (developmental tasks)* sa bawat yugto ng pagtanda ng tao.

- **Una**, nagsisilbing gabay ang mga ito kung ano ang inaasahan ng lipunan sa bawat yugto ng buhay. Mahalagang maunawaan ang mga ito upang matamo ang mga kasanayang angkop dito. Mahalagang isagawa ito sa ilalim ng patnubay ng magulang at mga guro.
- **Pangalawa**, nagsisilbing pangganyak o motibasyon ang mga ito sa binatilyo o dalagita upang gawin niya ang mga inaasahan sa kaniya ng lipunan.
- **Pangatlo**, malilinig ang kakayahang iakma ang kaniyang sarili sa mga bagong sitwasyon; kaya't maiiwasan ang *stress* o nakahihiyang reaksiyon dahil makapaghahanda siyang harapin ang mga ito. Halimbawa, ang batang nagmamasid sa paraan ng pakikitungo ng binatilyo o dalagita sa katapat na kasarian ay madaling maiakma ang sarili pagdating niya sa yugtong ito.

Sa panahon ng pagdadalaga o pagbibinata, may walong inaasahang kakayahan at kilos na dapat malinang ayon kay Havighurst (Hurlock, 1982, p.11). Ang mga ito ay ang mga sumusunod:

1. pagtatamo ng bago at ganap na pakikipag-ugnayan (*more mature relations*) sa mga kasing edad
2. pagtanggap ng papel sa lipunan na angkop sa babae o lalaki
3. pagtanggap sa mga pagbabago sa katawan at paglapat ng tamang pamamahala sa mga ito
4. pagnanais at pagtamo ng mapanagutang asal sa pakikipagkapwa
5. pagkakaroon ng kakayahang makagawa ng maingat na pagpapasya
6. paghahanda para sa paghahanapbuhay
7. paghahanda para sa pag-aasawa at pagpapamilya
8. pagkakaroon ng mga pagpapahalaga (*values*) na gabay sa mabuting asal

Narito ang paglalarawan ng mga inaasahang kakayahan at kilos:

1. *Pagtatamo ng bago at ganap na pakikipag-ugnayan (more mature relations) sa mga kasingedad.* Bago dumating ang yugto ng pagdadalaga o pagbibinata, ang isang bata ay madalas na mas nakikipag-ugnayan sa kapwa batang katulad niya ang kasarian. Halimbawa, kung babae ka, mas gusto mong kalaro ang kapwa mo babae.




Para sa isang bata, mahalaga ang pagkakaroon ng kalaro dahil ito ang magtuturo sa kaniya ng pakikipag-ugnayan. Ngunit habang lumalaki at nagkakaisip, nababago ang kaniyang pagtingin sa kaniyang kapwa. Nagiging mas malalim ang kanyang pagtingin sa pakikipag-ugnayan. Naghahanap na siya ng mga taong makakasama niya nang mas madalas sa araw-araw, makakasundo sa maraming bagay at ibang gawain. Ang tawag niya rito ay mga *kaibigan*. Sila ang mga taong tumutulong sa kaniya upang matanggap at mapabilang siya sa isang pangkat na labas sa kaniyang pamilya. Ngunit mahalagang maunawaan niya na may *tungkulin* siya sa paghubog ng isang maayos at ganap na pakikipag-ugnayan. Sa puntong ito, makatutulong sa iyo ang sumusunod na hakbang:


- a. **Alamin mo kung ano talaga ang iyong nais.** Kailangang malinaw sa iyo kung ano ang iyong nais sa isang pakikipag-ugnayan. Halimbawa, gusto mong magkaroon ng isang kaibigan na maaari mong ituring na parang sarili mong kapatid dahil ikaw ay nag-iisang anak. Makatutulong ito sa iyo upang makalikha ng mga hakbang kung paano mo gagawing ganap ang iyong pakikipag-ugnayan.
- b. **Ipakita ang tunay na ikaw.** Mula sa iyong pagkabata, natuto ka nang gumanap sa iba't ibang gampanin sa iba't ibang sitwasyon. Kasama dito ang pakikipag-ugnayan. Sa unang yugto ng iyong pagdadalaga o pagbibinata, ginagawa mo ang lahat upang matanggap ka ng ibang tao na iyong kasing-edad. Handa kang makiayon sa kanila upang mapabilang lalo na sa isang barkada. Ngunit maaaring makalimutan mo na ang totoong ikaw. Huwag kang mahiyang ipakita sa kanila ang tunay mong pagkatao. Matuto kang ipahayag ang iyong pagtutol sa mga bagay na labag sa kabutihan. Ang pagtanggap ng iyong mga kaibigan sa aspektong ito ng iyong pagkatao ay nangangahulugang pagtanggap sa tunay na ikaw nang walang halong pagkukunwari.



- c. **Panatilihing bukas ang komunikasyon.** Ang pagbabahagi ng iyong nararamdaman, ninanais, mga plano, mga takot, kasiyahan at iba pa ay mahalaga tungo sa isang ganap na pakikipag-ugnayan. Mas makabuluhan ang pakikipag-ugnayan kung walang anumang itinatago sa bawat isa. Halimbawa, kahit pa alam mo na makasasakit sa iyong kaibigan na ipaalam sa kaniya ang iyong negatibong obserbasyon sa kaniyang ugali, tama lamang na sabihin mo ito sa kaniya upang magkaroon siya ng pagkakataong baguhin ito.



- d. **Tanggapin ang kapwa at kaniyang tunay na pagkatao.** Ang pakikipag-ugnayan ay walang kondisyon. Mahalagang tanggapin ang isang tao bilang tunay na siya. Hindi makatutulong kung ganap mong babaguhin ang tao ayon sa iyong nais. Halimbawa, hindi mo maaaring pilitin ang iyong kaibigan na maging katulad ng iyong pag-iisip, kilos at paniniwala sa lahat ng pagkakataon. Hindi mo rin magugustuhan na nagpipilit ang isang tao na maging isang taong hindi naman totoo siya. Hindi tatagal ang isang pagkakaibigang puno ng pagpapanggap. At lalo't higit hindi magiging kuntento ang iyong kaibigan na malaman na hindi mo kayang tanggapin ang totoo niyang pagkatao.
- e. **Panatilihin ang tiwala sa isa't isa.** Kung walang tiwala sa isa't isa, mahina ang pundasyon ng ugnayan. Kung mananatili ang pagtitiwala sa isa't isa, kayang lagpasan ang anumang mga pagsubok sa pakikipag-ugnayan. Kaya lang, iwasang maging masyadong pamilyar sa isa't isa. Ibig sabihin, hindi lahat ng sensitibong bagay sa iyo (tulad ng isang karanasang may negatibong epekto sa iyo) ay dapat mong ibahagi. Baka gamitin ang impormasyon na ito sa ikapapahamak mo balang araw. May kasabihan sa Ingles na "*Familiarity breeds contempt.*"
- f. **Maglaro at maglibang.** Walang pinakamasarap kundi ang maging bata (childlike). Kung minsan sa labis na pagiging seryoso natin sa buhay, nakalilimutan na natin ang halaga ng paminsan-minsang paglalaro at paglilibang na kasama ang mga kaibigan. Sa paraang ito, nakakalimutan natin ang maraming pag-aalala, takot, pagdududa at insekyuridad (*insecurities*).



g. **Mahalin mo ang iyong sarili.** Kung hindi mo matututuhang mahalín ang iyong sarili, hindi mo matututuhan ang magpapahalaga sa ibang tao. Mahihirapan ka na tanggapin ang kahinaan ng ibang tao kung hindi mo kayang tanggapin ang sarili mong mga kahinaan. Kung hindi ka masaya sa maraming bagay tungkol sa iyong sarili, walang anumang gagawin ang ibang tao na makapagpapasaya sa iyo. Kung kaya mahalagang simulan mo ito sa tunay na pagtanggap sa kung ano ang tunay mong pagkatao at sa pagpapasalamat sa lahat ng biyaya ng Diyos sa iyo.



2. *Pagtanggap ng papel sa lipunan na angkop sa babae o lalaki.* Ang mga nagdadalaga o nagbibinata ay bumubuo ng kanilang sariling kahulugan ng pagiging lalaki o babae. Ngunit hindi pa rin naiaalis na ibatay ito sa nakagisnang kultura. Halimbawa, ang lalaki ay malakas, matapang at ang babae naman ay mahina, palaasa. Ang kanilang pagkakaibang biyolohikal ang nagtutulak upang magkaroon ng ganitong pananaw. Ngunit hindi nararapat na lagyan ng hangganan ang kakayahan ng bawat isa batay lamang sa kaniyang katangiang biyolohikal. Sa tulong at paggabay ng mga nakatatanda, kailangang mabigyan ng pagkakataon ang bawat isa na hubugin ang kanilang mga papel sa lipunan bilang lalaki at babae. Halimbawa, kailangan na turuan ang mga lalaki na ipakita ang kanilang tunay na damdamin. Umiyak sila kung kinakailangan sa panahon ng labis na kalungkutan. Kailangang salungatin ang paniniwalang ang umiiyak na lalaki ay labis na mahina.
3. *Pagtanggap sa mga pagbabago sa katawan at paglalapat ng tamang pamamahala sa mga ito.* Sa yugto ng pagdadalaga o pagbibinata, mabilis ang mga pisikal na pagbabago sa katawan kung ihahalintulad sa ibang yugto ng buhay, maliban sa unang dalawang taon ng isang bata. Sa isang binatilyo o dalagita, ang pagkakaiba niya sa iba sa bilis ng paglaki ay maaaring maging dahilan ng insekyuridad (*insecurity*).

Maaaring magkaroon ng epekto ang mga pisikal na pagbabago sa katawan, sa emosyon at pakikitungo sa kapwa. Likas at panlahat ang mga ito, kaya di dapat mag-alala ang dalagita o binatilyo. Mahalagang sumangguni sa mga may sapat na gulang (adult), magulang o taong pinagkakatiwalaan. Kailangan ang masustansiyang pagkain sa yugtong ito, sapat na ehersisyo at




malusog na pamumuhay tulad ng pagtulog sa loob ng walong oras at pag-inom ng walo hanggang sampung baso ng tubig araw- araw, at pananahong pamamahinga (*periodic rest*). Kailangan din ang paraan ng pagrereleks at malalim na paghinga upang maalis ang mga tensiyon sa katawan. Makatutulong din ang mga gawaing gagamit ng galaw ng katawan tulad ng paglilingkod sa pamayanan at mga karanasan sa pagkatuto na *hands-on*. Tulad halimbawa ng pagtulong sa pagwawalis sa inyong barangay o ang pagsali sa mga *sports clinic* kung bakasyon.

4. *Pagtamo at pagtanggap ng mapanagutang asal sa pakikipagkapwa. (Desiring and achieving socially responsible behaviour).* Habang lumilipas ang panahon at ikaw ay nagkakaisip, nakikita mo ang unti-unting paglawak ng mundong iyong ginagalawan. Mula



sa iyong tahanan, lumalawak ito habang nadaragdagan ang iyong edad. Ang pagiging mapanagutan sa pakikipagkapwa ay lagpas na sa simpleng paggalang sa kapwa. Ito ay pag-unawa at pagbibigay-halaga sa katotohanang hindi nabubuhay ang tao para lamang sa kaniyang sarili. Kailangan natin ang ibang tao upang tunay na makita ang ganda at halaga ng buhay. Para sa isang nagdadalaga o nagbibinata, mahalaga ito upang tunay na makilala ang kaniyang pagkatao, upang matukoy kung saan siya nababagay sa lipunan at upang mabuo ang kaniyang tiwala na makibahagi sa anumang gawain o trabaho.

5. *Pagkakaroon ng kakayahang makagawa ng maingat na pagpapasiya.* Ang isang bata ay labis na palaasa sa kaniyang mga magulang. Hindi siya



makapagpapasiya kung hindi nasa ilalim ng kanilang paggabay. Makararamdam lamang siya ng seguridad kung alam niyang nariyan sila upang suportahan at tulungan siya. Sa yugto ng pagdadalaga o pagbibinata, kinakailangang matutong linangin ang kakayahan sa maingat na pagpapasya. Mahalagang sumangguni sa mga nakatatanda o awtoridad na higit na may alam sa mabuting pamumuhay (tulad ng magulang o kapatid) sa mga pasiyang

gagawin; ngunit sanayin na ang sarili na piliin ang patungo sa kabutihan – yaong makabubuti sa sarili, sa kapwa, pamayanan at sa bansa. Mahuhubog ang iyong kakayahan sa pagpapasiya sa tulong ng susunod na Modyul sa Edukasyon sa Pagpapakatao.

6. *Paghahanda para sa paghahanapbuhay.* Sa ating lipunan, iminumulat ang mata ng mga nagdadalaga o nagbibinata na matutuhan ang mga kakayahan na kailangan upang makakuha ng magandang hanapbuhay sa hinaharap. Makatutulong sa iyo ang sumusunod:
- Kilalanin ang iyong mga talento, hilig, kalakasan at kahinaan.
 - Makipagkaibigan at lumahok sa iba't ibang gawain sa paaralan (*extra curricular activities*).
 - Magkaroon ng plano sa kursong akademiko o teknikal-bokasyonal na ibig kunin sa hinaharap.
 - Sumangguni sa mga matagumpay na kakilala na may hanapbuhay o negosyo upang magtanong tungkol sa mga ginagawa nila sa nasabing hanapbuhay o negosyo
 - Hubugin ang tiwala sa sarili at ang kakayahan sa pagpapasiya
 - Hingin ang payo ng mga magulang sa pagpili ng angkop na kurso para sa iyo.

Ang iba pang mga kakayahan na makatutulong sa iyo ay mas malawak na tatalakayin sa susunod na mga aralin.

7. *Paghahanda para sa pag-aasawa at pagpapamilya.* Kasama sa mga kakayahan at dapat gawin na lilinangin sa isang nagdadalaga o nagbibinata ay ang mapaghandaan ang pag-aasawa at pagpapamilya. Ngunit mahalagang maunawaan na ganap lamang na matatamo ang kakayahang ito sa huling yugto ng pagdadalaga o pagbibinata at sa maagang yugto ng pagtanda (*adulthood*). Sa kasalukuyang yugto ng iyong buhay, ituon mo muna ang iyong pansin sa pag-aaral upang makamit ang iyong mga pangarap at mithiin.
8. *Pagkakaroon ng mga pagpapahalaga (values) na gabay sa mabuting asal.* Sa yugto ng pagdadaaga o pagbibinata, kailangang mahubog ang iyong mga pagpapahalaga. Bibigyang-tuon sa mga susunod na aralin ang pagtalakay sa paksang ito.

Ang pagtataglay ng mga kakayahan o kilos na ito ay mahalaga upang mapaunlad ang sariling pagkatao. Kritikal ang panahon ng pagdadalaga o pagbibinata. Ito ay maaaring bumuo o sumira ng iyong kinabukasan. Kailangang maging maingat at di padalos-dalos sa mga gagawing pagpapasya at kailangang maging bukas sa pagtanggap ng tulong o payo mula sa mga taong nagmamalasakit at nagpapamalas ng mabuting pamumuhay.

Kailangang maging maingat at di padalos-dalos sa mga gagawing pagpapasya at kailangang maging bukas sa pagtanggap ng tulong o payo mula sa mga taong nagmamalasakit at nagpapamalas ng mabuting pamumuhay.

Ang pinakamahalaga, kailangang buong-buo ang iyong tiwala sa iyong sarili at sa iyong mga kakayahan. Mahalaga ito upang mapagtagumpayan mo ang anumang hamon na iyong kakaharapin sa yugto ng pagdadalaga o pagbibinata. Ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng positibong pagtingin sa iyong mga kakayahan. Hindi ka nalilimitahan ng mga negatibong pag-iisip na madalas ay hindi naman makatotohanan. Sa pamamagitan ng positibong pag-iisip, mapatataas mo ang iyong tiwala sa sarili at magkakaroon ka ng positibong pananaw at damdamin tungkol sa iyong sarili. Makatutulong sa iyo ang sumusunod:

- a. *Hayaang mangibabaw ang iyong mga kalakasan.* Mag-isip ng positibo sa lahat ng iyong mga ginagawa at purihin ang sarili dahil sa iyong pagsisikap. Hindi ito nangangahulugan na hindi mo na bibigyan ng tuon ang iyong kahinaan, ngunit hindi nararapat na malimitahan ng iyong mga kahinaan ang iyong mga kalakasan.
- b. *Huwag matakot na harapin ang mga bagong hamon.* Ang mga bagong hamon ay pagkakataon upang iyong mapataas ang tiwala sa sarili. Hindi mo nararapat isipin ang takot ng pagkabigo o ang tagumpay ng pagwawagi. Isipin mo na lamang na sa tuwing may gagawin kang bago: (1) nabibigyan ka ng pagkakataon na magsikap upang matamo ang tagumpay, (2) napatataas mo ang iyong tiwala sa sarili, at (3) mas nakikilala at natatanggap mo ang iyong sarili.
- c. *Palaging maging positibo sa iyong mga pag-iisip.* Lahat ng mga karanasan, positibo man o hindi, ay may mabuting ibubunga tungo sa pag-unlad ng iyong pagkatao. Palaging ipaalala sa sarili na hindi mo man kayang gawin ang lahat ng bagay nang perpekto, makatutulong naman ang mga ito upang unti-unting umunlad ang iyong pananaw sa bawat araw.
- d. *Isipin mo ang iyong mga kakayahan para sa iyong sarili: huwag palaging umasa sa opinyon ng ibang tao, lalo na ang pagtataya sa iyong mga kabiguan at tagumpay.* Mas makatutulong kung mapauunlad mo ang iyong kakayahan sa pagsusuri at pagtataya ng iyong sarili. Isa itong malaking hakbang sa pagpapataas ng iyong tiwala sa sarili.



Mahirap ang pinagdaraan mo, ngunit tandaan na hindi ka nag-iisa. Lahat ng nagdadalaga o nagbibinata ay may katulad na pinagdaraan. Maiiba lamang ito ayon sa kung paano mo isinabuhay ang mga kakayahan at kilos na kinakailangan para mas mapaunlad mo ang iyong sarili at ang iyong pagkatao.

Ngayon, nakahanda ka na ba sa pagtataya ng iyong sarili kaugnay ng konseptong iyong natutuhan sa aralin sa modyul na ito?

TAYAHIN ANG IYONG PAG-UNAWA

1. Ano ang mga mahahalagang layunin ng inaasahang kakayahan at kilos (developmental tasks) sa bawat yugto ng pagtanda ng tao?
2. Bakit mahalaga ang pagtatamo ng bago at ganap na pakikipag-ugnayan sa mga kasing-edad?
3. Paano tunay na maipakikita ang pagiging mapanagutan sa iyong pakikipagkapwa?
4. Paano masasanay ang sarili na magkaroon ng positibong pag-iisip?
5. Bakit mahalaga ang paglinang ng mga angkop na inaasahang kakayahan at kilos (developmental tasks) sa panahon ng pagdadalaga / pagbibinata?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Ano ang naunawaan mong mahalagang konsepto sa babasahin? Isulat ito sa iyong kuwerno gamit ang kasunod na *graphic organizer*.

Ang paglinang ng mga angkop na inaasahang kakayahan at kilos (developmental tasks) sa panahon ng pagdadalaga/pagbibinata

ay
nakatutulong
sa

- _____
- _____
- _____



PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Tunghayan ang *Tsart ng Aking Paraan ng Paglinang ng mga Angkop na Inaasahang Kakayahan at Kilos sa Panahon ng Pagdadalaga o Pagbibinata* sa ibaba. Gumawa ng ganitong tsart sa iyong kuwaderno. Punan ito. Sundin ang panuto sa ibaba.

Panuto:

- a) Lagyan ng tsek (✓) ang bawat araw kung nagawa ang itinakdang gawain at ekis (x) kung hindi. Gumawa ng sariling listahan ng mga gawain. Gawin ang mga gawaing inilista sa loob ng dalawang linggo.
- b) Kailangang mayroong nakahanandang mga patunay ng pagsasabuhay, maaaring mga larawan, sulat mula sa iyong magulang, kapamilya o kaibigan at iba pa.
- c) Pagkatapos ng dalawang linggo, bilangin ang lahat ng tsek at isulat ito sa kolum ng “Kabuuhan”. Kunin ang porsyento ng iyong pagtupad sa bawat

gawaig inilista mo. Gamiting gabay ang nasa unang bilang sa talahanayan sa ibaba.

- d) Pagkatapos, gumawa ng pagninilay at ilarawan ang pagbabagong naganap mula sa pagsasagawa ng mga itinakdang gawain sa loob ng dalawang linggo. Isulat ang maaari mong gawin upang paunlarin ang mga gawaing may mababang porsyento.

Tsart ng Aking Paraan ng Paglinang ng mga Angkop na Inaasahang Kakayahan at Kilos sa Panahon ng Pagdadalaga o Pagbibinata

Mga Paraan ng Paglinang	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo	Kabuuan	Average ng Paatupad
a. Pagtatamo ng bago at ganap na pakikipag-ugnayan (<i>more mature relations</i>) sa mga kasing-edad																
1. Halimbawa.:Tutularan lamang ang mabuting ginagawa ng mga kasing-edad.	✓	x	✓	✓	x	✓	✓	x	✓	x	✓	✓	✓	✓	10/14	71%
2.																
3.																
4.																
5.																
b. Pagtanggap ng tungkulin sa lipunan na angkop sa babae at lalaki																
1. Aalamin ang maaari kong maging tungkulin o gampanin sa aming barangay.																
2.																
3.																
4.																
5.																

c. Pagnanais at pagtatamo ng mapanagutang pag-uugali sa pakikipagkapwa																			
1. Laging isinasaalang-alang ang damdamin at kapakanan ng kapwa sa kilos at pananalita, kaya iiwasan ang padalus-dalos na pagsasalita.																			
2.																			
3.																			
4.																			
5.																			
d. Pagkakaroon ng kakayahang makagawa ng maingat na pasiya																			
1. Pinag-iisipang mabuti ang kalalabasan ng mga pamimilian sa pasiya at sumasang-guni muna sa magulang bago magsagawa ng pasya o kilos.																			
2.																			
3.																			
4.																			
5.																			

Pagninilay

Sumulat ng isang pagninilay tungkol sa ginawang *Tsart ng Aking Paraan ng Paglinang sa mga Inaasahang Kakayahan at Kilos Pamamahala sa mga Pagbabago sa Panahon ng Kabataan.*

Pansinin: Mga dapat makita sa pagninilay:

- a. paglalarawan ng mga bagay na natuklasan mo sa iyong sarili. Halimbawa, kung tinukoy mo ang *pagtanggap sa di mabuting gawain ng iyong kaibigan o barkada*, paano ito makatutulong sa iyo sa paghahanda sa susunod na yugto ng buhay, ang *late adolescence*?
- b. pagtukoy sa mga taong maaaring hingan ng tulong, gabay o suporta (mga taong may higit na kaalaman sa pagpapahalaga sa moral na pamumuhay)
- c. Kahalagahan ng pamamahala sa pag-unlad ng iyong pagkatao bilang paghahanda sa susunod na yugto ng buhay.

Pagsasabuhay

1. Tukuyin ang isang aspekto kung saan itinuturing mong mababa ang tingin mo sa iyong sarili (Halimbawa: hindi sapat ang iyong lakas ng loob na lumapit sa mga kamag-aral upang makipagkaibigan). Mag-isip ka ng positibong pakikipag-usap sa sarili (*self-talk*) o mga bagay na sasabihin mo sa iyong sarili upang malampasan o unti-unting mawala ang mga nararamdaman mong mababang pagtingin sa iyong sarili. Pagkatapos, isulat ang mga positibong pakikipag-usap sa sarili, sa mga makulay na papel o *post-it notes* at ipaskil ang mga ito sa salamin o dingding na madali mong makita. Maaari ring gawin itong *screen saver* ng iyong *computer*, *ipad* o *tablet*. Gabay ang halimbawa sa kanan ng isang tinedyer na mababa ang tingin sa sarili at ang kanyang positibong pakikipag-usap sa sarili.

Halimbawa: Mula sa probinsiya, lumipat si Nica sa bagong paaralan sa lungsod. Mataas ang mga marka niya noong elementarya at aktibo siya sa mga organisasyon sa paaralan. Ngunit pakiramdam niya'y hindi siya tanggap ng kaniyang mga kaklase. Hindi kasi siya masyadong mahusay magsalita ng Tagalog at madalas na pinagtatawanan ng mga kamag-aral.

Mga Positibong Pakikipag-usap sa Sarili (*Self-Talk*):

- “Kaya ko ‘yan! Kaya kong harapin ang hamon ng hindi pagtanggap ng iba (*rejection*).”
- “Hindi ko na lang sila iintindihin.”
- “Kailangang pahalagahan ko ang aking sarili.”

Ikaw naman:

2. Suriin ang paglalarawan ng iyong sarili sa iyong Facebook account. Baguhin o dagdagan ng mga pang-uri na maglalarawan ng mga bagong natuklasan sa sarili.
3. Kapanayamin ang tatlo hanggang lima na tulad mo ay nagdadalaga o nagbibinata. Ang paksa ay tungkol sa paraan ng paglinang ng mga angkop na inaasahang kakayahan at kilos sa panahon ng pagdadalaga o pagbibinata. Bigyang-puna ang mga paraan ng kanilang paglinang ng mga inaasahang kakayahan at kilos batay sa nilalaman ng sanaysay o babasahing tinalakay sa araling ito (sa Pagpapalalim).
4. Sumulat ng liham sa kabataang nakapanayam mo na nakikiisa sa iyong mga pagsisikap na linangin ang mga angkop na inaasahang kakayahan at kilos sa panahon ng pagdadalaga o pagbibinata.

O, kumusta? Nagawa mo ba nang maayos ang mga Gawain? Kung oo, magpunta ka na sa susunod na Modyul. Kung hindi, balikan mo ang mga Gawain sa modyul na ito. Hingin ang tulong o paggabay ng isang kamag-aral o ng guro.

Mga Kakailanganing Kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)

- Magasin na may mga larawan
- Pandikit o glue
- Gunting
- Pangkulay
- Masking tape
- Worksheet ng, “Profayl Ko, Noon at Ngayon”
- Post-it notes

Mga Sanggunian:

Hurlock, E. *Developmental Psychology: A Life-Span Approach*. New York: McGraw-Hill Book Company. 1982

Rodriguez, Marilyn. *7 Steps to creating healthy relationship* .
<http://www.charmingarticles.com/children/article4261.htm>. Hinango noong Mayo 9, 2010

What Are the Developmental Tasks Facing Adolescents? http://www.education.com/reference/article/Ref_Adolescence/. Hinango noong Mayo 8, 2010

Helping Teenagers Prepare for the World of Work.
<http://alis.alberta.ca/ep/eps/tips/tips.html?EK=142> hinango noong Mayo 10, 2010

Self-Confidence and Self-Worth; Needing the Approval Of Others <http://www.take-your-power.com/1.htm> sinipi noong Mayo 10, 2010

Mga Larawan:

http://fc07.deviantart.net/fs11/i/2006/204/d/6/Barkada_by_kat623.jpg

<http://www.ido-doi.com/wp-content/uploads/2011/08/30188-36-295x300.jpg>

<http://educationsc.com/images/open-communication.jpg>

http://3.bp.blogspot.com/_8l48d7fVQ7w/TVINhsJBzbl/AAAAAAAAADY/PMgwi_b9klg/s1600/trust_builds_relationships.gif

http://image.shutterstock.com/display_pic_with_logo/451552/451552,1288430864,4/stock-vector-vector-illustration-kids-playing-cartoon-concept-white-background-64020280.jpg

<http://cdn.blogs.sheknows.com/articles.lovinyou.com/2011/01/self-love-300x300.jpg>

<http://www.progressivereadingseries.org/wp-content/uploads/2010/04/The-Concept-of-Corporate-Social-Responsibility.jpg>

http://thumbs.dreamstime.com/thumb_363/123420092354M02f.jpg

http://www.medimanager.com/Images/pd_mom_talking_teen_080303_ms.jpg

http://i.istockimg.com/file_thumbview_approve/15696215/2/stock-illustration-15696215-helping-hand.jpg

<http://www.adamsaustinlegal.com/images/IP/BrainIdeaSmall2.jpg>

<http://assets.lifehack.org/wp-content/files/2009/02/20090302-social.jpg?4c9b33>

http://static.dailystrength.org/groupfiles/5/2/7/3/10003725/g_643645069.jpg

<http://os-stanovi-zd.skole.hr/upload/os-stanovi-zd/images/newsimg/504/Image/students%20talking.jpg>

EP I Yunit I, Modyul 1: PAGKILALA AT PAMAMAHALA SA MGA PAGBABAGO SA SARILI

I. Sagot sa Paunang Pagtataya

1. c
2. a
3. a
4. c
5. d
6. d
7. c
8. b
9. d
10. a

II. Sagot sa mga tanong sa Pagpapalalim

1. *Una*, nagsisilbing gabay ang mga ito kung ano ang inaasahan ng lipunan sa bawat yugto ng buhay.

Pangalawa, nagsisilbing pangganyak o motibasyon ang mga ito sa binatilyo o dalagita upang gawin niya ang mga inaasahan sa kaniya ng lipunan.

Pangatlo, malilinang ang kakayahang iakma ang kaniyang sarili sa mga bagong sitwasyon; kaya't maiiwasan ang *stress* o nakahihiyang reaksiyon dahil makapaghahanda siyang harapin ang mga ito. Halimbawa, ang batang nagmamasid sa paraan ng pakikitungo ng binatilyo o dalagita sa katapat na kasarian ay madaling maiakma ang sarili pagdating niya sa yugtong ito.

2. Upang mayroon siyang taong makakasama nang mas madalas sa araw-araw, makakasundo sa maraming bagay at ibang Gawain at tutulong sa kaniya upang matanggap at mapabilang siya sa isang pangkat na labas sa kaniyang pamilya.
3. Sa pamamagitan ng pagtingin sa kapwa na lagpas sa simpleng paggalang kundi pag-unawa at pagbibigay-halaga na hindi nabubuhay ang tao para lamang sa kanyang sarili. Kailangan niya ang kanyang apwa upang tunay na makita ang ganda at halaga ng buhay.
4.
 - a. Hayaang mangibabaw ang kalakasan
 - b. Huwag matakot na harapin ang mga bagong hamon
 - c. Palaging maging positibo sa pag-iisip
 - d. Isipin ang kakayahan para sa sarili hindi para sa opinyon ng ibang tao
5. (Batayang Konsepto na dapat na mahinuha)

Ang paglinang ng mga angkop na inaasahang kakayahan at kilos (developmental tasks) sa panahon ng pagdadalaga / pagbibinata ay nakatutulong sa:

- pagkakaroon ng tiwala sa sarili ,
- paghahanda sa susunod na yugto (stage) ng buhay (paghahanda sa paghahanapbuhay at paghahanda sa pag- aasawa / pagpapamilya), at
- pagiging mabuting tao.

Annex 2

Rubric para sa Pagsusuri ng Pelikula o Aklat

	Tuon	Detalye	Paglalahat	Paraan ng Pagsulat
9-10	<p>Ang buong pagsusuri ay tungkol sa pelikula o aklat.</p> <p>Nakabuo ng isang mahalagang opinyon mula sa pinanood o binasa.</p> <p>Ang lahat ng nilalaman ng pagsusuri ay kaugnay ng nabuong opinion.</p>	<p>Nagbigay ng maraming detalye tungkol sa pinanood o binasa.</p> <p>Gumamit ng halimbawa mula sa pinanood o binasa upang maipaliwanag ang batayang konsepto.</p>	<p>Ang paglalahat sa pinanood at binasa ay naglalaman ng lahat ng mga pangunahin at mahahalagang punto sa pinanood o binasa.</p>	<p>Malinaw ang ipinararating na mensahe ng mga pangungusap. Maayos na nakasulat ang lahat ng mga pangungusap.</p>
7-8	<p>Ang buong pagsusuri ay tungkol sa pelikula o aklat.</p> <p>Nakabuo ng isang mahalagang opinyon mula sa pinanood o binasa.</p>	<p>Nagbigay ng ilang detalye tungkol sa pinanood o binasa.</p> <p>Gumamit ng kaunting halimbawa mula sa pinanood o binasa upang maipaliwanag ang batayang konsepto</p>	<p>Ang paglalahat sa pinanood at binasa ay naglalaman ng apat ng mga pangunahin at mahahalagang punto sa pinanood o binasa.</p>	<p>Mayroong 1 hanggang 2 pangungusap na hindi malinaw ang mensahe at hindi maayos ang pagkakasulat.</p>

	Tuon	Detalye	Paglalahat	Paraan ng Pagsulat
5-6	Nakabuo ng opinion ngunit hindi nakatuon sa pinanood o binasa	Nagbigay ng ilang detalye tungkol sa pinanood o binasa.	Ang paglalahat sa pinanood at binasa ay naglalaman ng tatlo ng mga pangunahin at mahahalagang punto sa pinanood o binasa	Mayroong mahigit sa tatlong pangungusap na hindi malinaw ang mensahe at hindi maayos ang pagkakasulat
3-4	Hindi nakabuo ng anomang opinyon. Ang pagsusuri ay nakatuon lamang sa nilalaman ng napanood o nabasa.	Nagbigay ng 1-2 detalye tungkol sa pinanood o binasa.	Ang paglalahat sa pinanood at binasa ay naglalaman ng dalawa ng mga pangunahin at mahahalagang punto sa pinanood o binasa	Mayroong mahigit sa limang pangungusap na hindi maayos ang pagkakasulat at hindi malinaw ang mensahe.
1-2	Nakita sa pagsusuri na hindi malinaw kung ano ang tunay na layunin sa panonood o pagbabasa.	Hindi gumamit ng anomang detalye upang maipaliwanag ang batayang konsepto.	Ang paglalahat sa pinanood at binasa ay naglalaman ng isang pangunahin at mahalagang punto sa konsepto	Mayroong mahigit sa pitong pangungusap na hindi maayos ang pagkakasulat at hindi malinaw ang mensahe.

Rubric para sa Tsart ng Paraan ng Paglinang ng mga Ankop na Inaasahang Kakayahan at Kilos sa Panahon ng Pagdadalaga/Pagbibinata

Kraytirya	5	4	3	2	1
May nabuong tiyak na hakbang sa paglinang ng apat na	Nakapagtala ng hakbang sa apat na inaasahang kilos.	Nakapagtala ng hakbang sa tatlong inaasahang kilos.	Nakapagtala ng hakbang sa dalawang inaasahang kilos.	Nakapagtala ng mga hakbang sa isang inaasahang kilos.	Walang naitalang hakbang.

Kraytirya	5	4	3	2	1
inaasahang kilos	<p>Ang itinalang hakbang ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • tiyak • makatotohanan • malinawang pagkakasalaysay 	<p>Ang itinalang hakbang ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • makatotohanan • malinawang pagkakasalaysay 	<p>Ang itinalang hakbang ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • tiyak • malinawang pagkakasalaysay 	<p>Ang itinalang hakbang ay malinawang pagkakasalaysay</p>	<p>Ang itinalang hakbang ay hindi tiyak, hindi makatotohanan at hindi malinawang pagkakasalaysay</p>
May kalakip na patunay ng pagsasakatuparan ng mga hakbang sa paglinang ng apat na inaasahang kilos	<p>Nakatulong ang patunay upang maging kapani-paniwala na naisakatuparan talaga ang mga hakbang</p> <p>May patunay sa apat na inaasahang kilos</p>	<p>Nakatulong ang patunay upang maging kapani-paniwala na naisakatuparan talaga ang mga hakbang</p> <p>May patunay sa tatlong inaasahang kilos</p>	<p>Nakatulong ang patunay upang maging kapani-paniwala na naisakatuparan talaga ang mga hakbang</p> <p>May patunay sa dalawang inaasahang kilos</p>	<p>Nakatulong ang patunay upang maging kapani-paniwala na naisakatuparan talaga ang mga hakbang</p> <p>May patunay sa isang inaasahang kilos</p>	<p>Walang inilakip na patunay</p>

Edukasyon sa Pagpapakatao 7
Unang Markahan
MODYUL 2: TALENTO MO, TUKLASIN,
KILALANIN AT PAUNLARIN!



Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?

Sa Modyul 1 ay nalaman mo na ang tulad mong nagdadalaga o nagbibinata ay mayroong mga *inaasahang kakayahan at kilos* na kailangang linangin upang umunlad bilang isang mabuting tao. Sa Modyul na ito ay higit pang madaragdagan ang pagkilala mo sa iyong sarili. Inaasahang makikilala mo na bilang isang nagdadalaga o nagbibinata, may mga talento at kakayahan ka na dapat paunlarin at mga kahinaang kailangang malagpasan.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- a. Natutukoy ang kanyang mga talento, kakayahan gamit ang Multiple Intelligences Survey Form ni Walter Mckenzie
- b. Natutukoy ang mga aspeto ng sarili kung saan kulang siya ng tiwala sa sarili at nakikilala ang mga paraan kung paano lalampasan ang mga ito
- c. Napatutunayan na ang pagtuklas at pagpapaunlad ng mga angking talento at kakayahan ay mahalaga sapagkat ang mga ito ay mga kaloob na kung pauunlarin ay makahuhubog ng sarili tungo sa pagkakaroon ng tiwala sa sarili, paglampas sa mga kahinaan, pagtupad ng mga tungkulin, at paglilingkod sa pamayanan
- d. Naisasagawa ang mga kilos tungo sa pagpapaunlad ng mga talento at kakayahan at paglampas sa mga kahinaan

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik **d**:

- a. Ang mga talentong piniling paunlarin ay batay sa pagsusuri ng bar graph na resulta ng Multiple Intelligences Survey.
- b. Nailahad nang malinaw ang mga paraan ng pagpapaunlad ng mga natukoy na talento.
- c. May limang paraan ng pagpapaunlad sa bawat talento.
- d. Angkop ang bawat isa sa limang paraan ng pagpapaunlad sa bawat talento.
- e. Makatotohanan ang bawat isa sa limang paraan ng pagpapaunlad sa bawat talento.



Paunang Pagtataya

Isulat ang titik ng pinakaangkop sa sagot.

1. Ang mga sumusunod ay pagkakaiba ng talento at kakayahan maliban sa:
 - a. Ang talento ay isang pambihira at likas na kakayahan samantalang ang kakayahan ay kalakasang intelektwal upang makagawa ng isang pambihirang bagay.
 - b. Ang talento ay mula sa pambihirang katangian na minana sa magulang samantalang ang kakayahan ay tinataglay ng tao dahil sa kanyang kakayahang mag-isip.
 - c. Ang talento ay mahirap sukatin samantalang ang kakayahan ay tinataglay ng tao dahil sa kanyang kakayahang mag-isip.
 - d. Ang talento ay kusang lumalabas sa takdang panahon samantalang ang kakayahan ay kailangang dumaan sa proseso ng pagsasanay.

Maliit pa lang si Joanna nang siya ay matuklasan ng kanyang mga magulang na magaling sa pag-awit. Sa edad na tatlo, nakasali na siya sa mga patimpalak at siya ay nakikilala dahil sa kanyang kahusayan sa kabila ng murang edad. Ngunit sa kanyang paglaki ay naging mahiyain si Joanna at hindi na sumasali sa mga patimpalak dahil ayaw niyang humarap sa maraming tao. Hindi alam ng kanyang mga kamag-aral ang kanyang talento dahil hindi naman siya nagpapakita nito kahit sa mga gawain sa klase o sa paaralan.

Palagi pa ring umaawit si Joanna ngunit ito ay sa kanilang lamang bahay kasabay ang kanyang nakatatandang kapatid.

2. Ano ang pangunahing balakid sa pagtatagumpay ni Joanna?
 - a. Ang kawalan ng suporta ng kanyang mga magulang
 - b. Ang kawalan niya ng tiwala sa kanyang kakayahan
 - c. Ang kanyang paniniwala na nakakatakot humarap sa maraming tao
 - d. Ang kanyang mga kamag-aral dahil hindi siya hinihimok na sumali sa paligsahan at magtanghal.
3. Ano ang nararapat na gawin ni Joanna?
 - a. Kailangan niyang kausapin ang kanyang sarili at sabihing mas magaling siya sa pag-awit sa sinoman na kanyang narinig sa paaralan.
 - b. Kailangan niyang humingi ng tulong sa kanyang kapatid upang palaging samahan siya sa lahat ng kanyang paligsahan at pagtatanghal.
 - c. Kailangan niyang kausapin ang kanyang sarili at sabihin na kaya niyang harapin ang anomang hamon at lagpasan ang kanyang mga kahinaan
 - d. Kailangan niyang magsanay nang labis upang maperpekto niya ang kanyang talento at hindi matakot na mapahiya sa harap ng maraming tao

4. Bakit mahalagang tuklasin at paunlarin ang mga angking talento at kakayahan?
 - a. Upang magkaroon ng tiwala sa sarili at malampasan ang mga kahinaan
 - b. Upang maisakatuparan ang mga tungkulin sa sarili at sa lipunan
 - c. Upang makapaglingkod sa pamayanan
 - d. Lahat ng nabanggit
5. Si Cleo ay mahusay sa paglalaro ng *basketball*. Labis ang paghanga sa kanya ng kanyang mga kasamahan sa *team*. Sa tuwing maglalaro ay siya ang nakapagbibigay ng malaking puntos sa kanilang team. Makikitang halos naperpekto na niya ang kanyang kakayahan sa *basketball*. Ngunit sa labis na kaabalahan sa pag-aaral, barkada at pamilya hindi na siya nakapagsasanay nang mabuti. Ano ang maaaring maging kahihinatnan ng ganitong gawi ni Cleo?
 - a. Manghihina ang kanyang katawan dahil sa kakulangan ng pagsasanay
 - b. Hindi magkakaroon ng pagbabago sa kanyang paraan ng paglalaro dahil halos perpekto na niya ang kanyang kakayahan.
 - c. Makaaapekto ito sa kanyang laro dahil bukod sa pagkokondisyon ng katawan ay mahalaga ang pagsasanay kasama ng kanyang team upang mahasa sa pagbuo ng laro kasama ang mga ito.
 - d. Hindi ito makaaapekto dahil alam naman niyang laging nariyan ang kanyang mga kasamahan na patuloy ang masugid na pagsasanay at nakahandang sumuporta sa kanya sa laro.
6. Sa pagpasok ni Angeline sa *high school* ay naging kapansin-pansin ang kanyang pagiging matangkad. Isang araw ay nilapitan siya ng isang kaklase ay inalok na sumali sa *volleyball team* ng paaralan. Nabuo ang interes sa kanyang isip na sumali dahil wala pa siyang kinahihiligan ng sports hanggang sa kasalukuyan. Hindi pa siya nagkapaglalaro ng volleyball minsan man sa kanyang buhay ngunit nakahanda naman siyang magsanay. Sa kabila ng mga agam-agam ay nagpasiya siyang sumali rito. Ano kaya ang magiging kahihinatnan ng pasya ni Angeline?
 - a. Magiging mahusay siya sa paglalaro ng volleyball dahil sa kanyang interes at kahandaan na dumaan sa pagsasanay.
 - b. Magiging mahusay siya sa paglalaro sa matagal na panahon dahil hindi siya makasasabay sa kanyang mga kasama na matagal ng nagsasanay.
 - c. Magiging mahirap ang kanyang pagdaraan dahil hindi sapat ang kanyang pisikal na katangian lalo na at wala naman siyang talento sa paglalaro ng *volleyball*.
 - d. Magiging mahirap lalo na sa kanyang pangangatawan dahil hindi siya sanay sa paglahok sa anomang isports sa matagal na panahon.
7. Sa murang edad ay dapat ng matuklasan ang talento at kakayahan upang mahaba ang panahon ng pagpapaunlad nito. Ang pangungusap ay:
 - a. Tama, dahil ang patuloy at mahabang pagsasanay ang nagpapaperpekto sa talento at kakayahan ng tao.

- b. Tama, dahil mas mahabang panahon ang maitutuon sa mga pagsubok sa talento katulad ng pagsali sa paligsahan at mga pagtatanghal
 - c. Mali, dahil walang takdang panahon ang pag-usbong ng talento
 - d. Mali, dahil maaring magbunga ito ng pagkabagot at pagkasawa
8. Ang mga sumusunod ay katangian ng tiwala sa sarili maliban sa:
- a. Ito ay hindi namamana
 - b. Ito ay nababago sa paglipas ng panahon
 - c. Ito ay hindi nakasalalay na sa mga bagay na labas sa ating sarili
 - d. Ito ay unit-unting natutuklasan bunga ng karanasan
9. Mababa ang marka ni Leo sa *English* dahil hirap siya sa asignaturang ito. Palaging mababa ang kanyang marka sa mga pagsusulit at hindi siya magkaroon ng lakas ng loob na mag*recite* sa klase dahil hirap siya sa pagsasalita ng inlges. Ano ang maaarig maging solusyon sa suliranin ni Leo?
- a. Maglapat ng mga paraan kung paano isasagawa ang pagpapaunlad ng kanyang kakayahan sa pagsasalita at pagsusulat sa Ingles
 - b. Tayahin kung ano ang dahilan ng kanyang kahinaan sa asignatura
 - c. Tukuyin kung ano ang nais na matutuhan upang ito ay paularin
 - d. Lahat ng nabanggit
10. Bakit may mga taong nagsasabi na sila ay ipinanganak na walang talento?
- a. Dahil hindi sila naglalaan ng panahon upang ito ay tuklasin
 - b. Dahil mayroon talagang tao na ipinanganak na walang talento
 - c. Dahil hindi pa panahon upang matuklasan nila ang kanilang talento
 - d. Dahil hindi nila kinikilala ang kanilang mga kakayahan na talento dahil hindi naman ito makaagaw atensyon



Pagtuklas ng Dating Kaalaman

Basahin nang mabuti ang sumusunod na maikling kuwento.

Si David na taga-Belen ang pangalawa at pinakadakilang hari ng Israel. Nananalig siya sa Diyos at ang Diyos ay sumasakaniya. Kaya ang pangalang David ay hindi malilimutan ng bayan ng Diyos. Sa Israel maraming kuwento tungkol sa kaniya.

Si David ang pinakabunsong anak ni Jesse. Nagpapastol siya nang dumating si Samuel para mahirang siyang hari. Siya ay mabuting pastol. Kilalala at mahal niya ang kaniyang mga tupa. Hindi niya pinababayaan ang mga iyon kapag may lumulusob na leon o oso. Si David ay matapang. Hindi siya natatakot sa mga kalaban ng Diyos at ng bayan. Noong maliit pa siya, pinuntahan niya ang kaniyang mga kapatid sa kampo ng labanan. Doo'y nalaman niyang si Goliath ay hinahamon ang mga Israelita at ang kanilang Diyos. Subalit walang sinuman ang mangahas na

lumaban sa kaniya. Sinabi sa kaniya ni David: “Malalaman mo kung gaano kalakas ang Diyos ng Israel”. Nilagyan niya ng bato ang kanyang tirador, pinaikot ito at pinakawalan patungo kay Goliath. Tinamaan ang higante sa noo at bumagsak sa lupa. Natakot ang mga kaaway ng mga Israelita at sila’y patakbong umalis. Marunong umawit at tumugtog ng alpa si David. May sandaan at limampung awit sa Aklat ng mga Salmo ang inaawit ni David. Ito ang aklat ng mga awit ng bayan ng Israel. Sa loob ng ilang panahon, nakatira si David sa palasyo ni Haring Saul. Kapag nalulungkot si Saul, tinutugtugan siya ni David, at sumasaya siyang muli. Kayang talunin ni David ang mga kaaway sapagkat sumasakaniya ang Diyos. Kaya ginawa siyang puno ng mga kawal.

Sa kaniyang pagtatagumpay, siya’y naging sikat at malapit sa mga tao. Dahil dito, naiinggit sa kaniya si Saul at gusto siyang patayin. Sa loob ng ilang taon ay nagtago siya kasama ang kaniyang mga kaibigan upang matakasan si Saul.

Muling nilusob ng mga Filesteo ang Israel, pero hindi ito nakayanan ng mga kawal ni Saul. Namatay ang tatlong anak ni Saul sa bundok ng Gilboa. Si Saul nama’y malubhang nasugatan. Sinaksak niya ang sarili at patay na nang bumagsak sa lupa (1 Sam :16-31).

Nang namatay si Saul, si David ang naging hari sa buong Israel. Sinakop niya ang Jerusalem at ginawa itong sentro ng kaniyang kaharian.

Sagutin ang mga tanong sa iyong kuwaderno matapos na mabasa ang kuwento.

1. Ano-ano ang katangian ni David na naging dahilan upang siya ay tumanyag at sa huli’y maging hari ng Israel? Ipaliwanag kung paano nakatulong ang mga katangiang ito upang maging matagumpay siya at sa huli’y maging hari.
2. Paano natalo ni David si Goliath sa kanilang engkuwentro? Anong aral ang masasalamatin sa pagkapanalo ng batang si David sa higiteng si Goliath?
3. Ipaliwanag ang sumusunod na kasabihan: “Ang hindi pagbibigay ng iyong pinakamahusay ay pagwawalang-bahala sa regalong kaloob ng Diyos.”
4. Ano ang regalong tinutukoy dito? Paano mo iuugnay ang kasabihang ito sa naging buhay ni Haring David?

Isang maikling anekdota ang nagpapakita naman ng kahalagahan ng paglinang ng ating mga talento at kakayahan.

Madalas nakakarinig tayo ng mga salitang nagpapabago sa ating buhay sa hindi inaasahang pagkakataon. Isang labinlimang taong gulang na manlalaro ng basketbol ang dumalo sa isang basketball camp na pinamamahalaan ng isang taong ang pangalan ay Easy Ed Macaulay. Sa isang bahagi ng pagsasanay ay sinabi niya: “Tandaan ninyo, kung hindi ninyo lilinangin ang inyong kakayahan hanggang sa kaya ninyong abutin, may isang katulad mo rin ang talento na nagsusumikap na maabot ang rurok ng kaniyang kakayahan. At isang araw kayo ay magtatapat sa isang laro, at mahihigitan ka niya.”

Ang mga katagang ito ay labis na nakaapekto sa isa sa mga manlalaro doon – si Bill Bradley.

Isinabuhay ni Bradley ang mga tinurang kataga ni Macauley. Nagsanay siyang mabuti at pinagbuti ang paglalaro. Naging sikat itong manlalaro sa haikul at star player ng Princeton University sa kolehiyo.

Ang kaniyang mga tagumpay ay lalo pang nagpasigla sa kaniyang pagnanais na mas mapahusay pa ang kaniyang kakayahan. Dahil dito siya ay naging mahalagang manlalaro ng New York Knicks’.

Hindi pa rin doon nagtapos ang kanyang paghahangad sa kahusayan. Nang magretiro ito sa paglalaro ng basketbol ay tumakbo naman siyang pangulo ng America.

Ikaw, ano ang ginagawa mo para mapabuti pa ang iyong kakayahan? Ano ang iyong ginagawa upang mahigitan ang iba pang katulad mo rin ang talento o kakayahan? Kung ikaw ay makakatapat nila, sino kaya ang mas makalalamang?

Sagutin ang mga tanong sa iyong kuwaderno matapos na mabasa ang kuwento.

1. Anong mga kataga ni Easy Ed Macaulay ang labis na nakatulong kay Bill Bradley upang magtagumpay?
2. Ano ang nagtulak upang lalong magtagumpay si Bill Bradley?
3. Gaano kahalaga ang pagkakaroon ng motibasyon sa pagtatagumpay ng isang tao?
4. Ano ang iyong motibasyon sa pagsusumikap na mapaunlad at magamit nang mahusay ang iyong talento at kakayahan?

16. Mahalaga sa akin ang mga isyung ekolohikal o pangkapaligiran.
17. Madali para sa akin ang lumutas ng mga suliranin.
18. Nakikipag-ugnayan ako sa aking mga kaibigan sa pamamagitan ng sulat, *e-mail*, *texting* (cellphone), telepono at mga *social network sites*.
19. Nasisiyahan akong gumamit ng iba't ibang uri ng pamamaraang pansining.
20. Madali para sa akin ang sumunod sa wastong galaw.
21. Gusto ko ang mga larong panlabas (*outdoor games*).
22. Higit na marami akong natututuhan sa pangkatang pag-aaral.
23. Ang pagiging patas (fair) ay mahalaga para sa akin.
24. Ang klasipikasyon o pag-uuri ay nakatutulong upang maunawaan ko ang mga bagong datos.
25. Madali akong mainis sa mga taong burara.
26. Ang mga word puzzles ay nakalilibang.
27. Nag-eejoy ako sa lahat ng uri ng mga "entertainment media".
28. Nasisiyahan ako sa paglikha ng musika.
29. Hilig ko ang pagsasayaw.
30. Mas natututo ako kung may kahalagahan sa akin ang isang asignatura.
31. Madalas akong maging pinuno ng pangkat sa aming mga magkakaibigan o magkakaklase.
32. Nasisiyahan ako sa paggawa sa hardin.
33. Madali sa akin ng paglutas ng mga suliranin.
34. Ang pagsulat ay nakatutulong sa akin upang matandaan at maintindihan ang itinuturo ng guro.
35. Ang mga tsart, graphs, at mga talahanayan ay nakatutulong sa akin upang maunawaan at maipaliwanag ang mga datos.
36. Nasisiyahan ako sa mga tula.
37. Para sa akin, ang pagpapakita at pagpaparanas ay mas mainam kaysa sa pagpapaliwanag lamang.
38. Mahalaga sa akin ang pagiging parehas.
39. Mas mahalaga sa akin ang pakikipag-uganayan kaysa sa pag-iisip.
40. Naniniwala akong mahalaga ang pangangalaga sa ating mga parke at pambansang pasyalan.
41. Masaya ang lumutas ng mga "logic puzzles".
42. Hindi ako nagpapabaya sa pakikipag-uganayan sa aking mga kaibigan sa sulat, e-mail, o text.
43. Ang music video ay mas nakapagpapaigting ng aking interes sa isang kanta.
44. Natatandaan ko ang mga bagay kapag nilalagyan ko ito ng ritmo.
45. Ang paggawa ng mga bagay na likhang sining ay nakalilibang at nakapagpapalipas ng oras.
46. Nakasisiya ang mga talk show sa radyo at telebisyon.
47. Ang paggawa nang nag-iisa ay produktibo rin na tulad ng pangkatang gawain.
48. Mahalaga sa buhay ko ang mga hayop.
49. Hindi ako makapagsisimulang gumawa ng takdang-aralin hangga't hindi

- nasasagot ang aking mga tanong.
50. Nasisiyahan akong gumawa ng liham.
 51. Nagdudulot sa akin nang labis na kasiyahan ang mga *three dimensional puzzle*.
 52. Mahirap mag-isip habang nanonood ng telebisyon o nakikinig ng radyo.
 53. Ang pagpapahayag sa pamamagitan ng sayaw ay magandang ipakita sa publiko.
 54. Ako ay team player.
 55. Mahalagang malaman ko kung bakit kailangan kong gawin ang isang bagay bago ko ito gawin.
 56. May pamaraan ng pagreresiklo sa aming bahay.
 57. Nakatutulong sa akin ang pagpapalano upang magtagumpay sa isang gawain.
 58. Nasisiyahan akong maglaro ng mga salita tulad ng *puns, anagrams* at *spoonerisms*.
 59. Ang mga *music video* ay gumigising ng kaisipan.
 60. Nasisiyahan akong pakinggan ang iba't ibang uri ng musika.
 61. Nais kong magtrabaho na gamit ang iba't ibang kasangkapan.
 62. Hindi ko nais magtrabaho nang nag-iisa.
 63. Kapag naniniwala ako sa isang bagay, ibinibigay ko nang buong- buo ang aking isip at lakas.
 64. Nasisiyahan akong mag-aral ng *Biology, Botany at Zoology*.
 65. Kasiya-siya para sa akin ang magtrabaho gamit ang *computer*.
 66. Interesado akong matutuhan ang mga hiram na salita.
 67. Naaalala ko ang mga bagay kung ilalarawan ko ito sa aking isip.
 68. Ang mga *musical* ay higit na nakagaganyak kaysa mga *drama*.
 69. Aktibo ang aking pamamaraan ng pamumuhay.
 70. Masaya ang paglahok sa mga gawiing *extra-curricular*.
 71. Nais kong makilahok sa mga gawaing tumutulong sa kapwa.
 72. Mahabang oras ang ginugugol ko sa labas ng bahay.
 73. Kailangang may kabuluhan ang isang bagay o gawain upang magkaroon ako ng kasiyahan dito.
 74. Nais kong makilahok sa mga debate at pagsasalita sa harap ng publiko.
 75. Mahusay akong bumasa ng mga mapa at plano.
 76. Madali para sa akin na makaalaala ng letra o liriko ng awitin.
 77. Higit akong natututo kung ako mismo ang gagawa.
 78. Binibigyang-pansin ko ang mga isyung panlipunan.
 79. Handa akong magreklamo o lumagda ng petisyon upang iwasto ang isang kamalian.
 80. Nasisiyahan akong magtrabaho sa lugar na maraming halaman.
 81. Mahalaga na alam ko ang bahaging ginagampanan ko sa kabuuan ng isang bagay.
 82. Nasisiyahan akong talakayin ang mga makabuluhang tanong tungkol sa buhay.

83. Mahalaga sa akin ang relihiyon.
84. Nasisiyahan akong magmasid ng mga likhang-sining.
85. Mahalaga sa akin ang pagninilay at pagpapahinga.
86. Nais ko ang maglakbay sa mga lugar na nakapagbibigay ng inspirasyon.
87. Nasisiyahan akong magbasa ng isinulat ng mga kilalang pilosopo.
88. Mas madali para sa akin ang matuto kung nakikita ko kung paano ito inilalapat sa buhay.
89. Nakamamanghang isipin na sa daigdig ay may iba pang nilikhang may angking talino.
90. Mahalaga sa akin na madama na ako ay kaugnay ng mga tao, ideya, at mga paniniwala.

Multiple Intelligences Survey Form (Copyright 1999 Walter McKenzie)

<i>Sagutang Papel</i>											
Pangalan _____ Kasarian _____ Edad _____											
Bilang	Palagi (4)	Madalas (3)	Paminsan- minsang (2)	Bihira (1)	Hindi (0)	Bilang	Palagi (4)	Madalas (3)	Paminsan- minsang (2)	Bihira (1)	Hindi (0)
1						41					
2						42					
3						43					
4						44					
5						45					
6						46					
7						47					
8						48					
9						49					
10						50					
11						51					
12						52					
13						53					
14						54					
15						55					
16						56					
17						57					
18						58					
19						59					
20						60					

Bilang	Palagi (4)	Madalas (3)	Paminsan- minsang (2)	Bihira (1)	Hindi (0)	Bilang	Palagi (4)	Madalas (3)	Paminsan- minsang (2)	Bihira (1)	Hindi (0)
21						61					
22						62					
23						63					
24						64					
25						65					
26						66					
27						67					
28						68					
29						80					
30						81					
31						82					
32						83					
33						84					
34						85					
35						86					
36						87					
37						88					
38						89					
39						90					
40											

Ikalawang Bahagi. Ngayon, ilipat mo ang iyong sagot sa angkop na kahon sa ibaba.

Logical/ Mathematical	1	9	17	25	33	41	49	57	65	73
Linguistic	2	10	18	26	34	42	50	58	66	74
Spatial	3	11	19	27	35	43	51	59	67	75
Musical	4	12	20	28	36	44	52	60	68	76
Bodily- kinesthetic	5	13	21	29	36	44	53	61	69	77
Intrapersonal	6	14	22	30	37	45	54	62	70	78

Interpersonal	7	15	23	31	38	46	55	63	71	79
Naturalist	8	16	24	32	39	47	56	64	72	80
Existentialist	81	82	83	84	85	86	87	88	89	90

Pagkatapos nito ay kunin ang kabuuang bilang ng iyong sagot sa bawat hanay at isulat sa espasyo sa dulo.

Halimbawa: Logical Mathematical: $2 + 3 + 2 + 3 + 3 + 2 + 3 + 2 + 4 + 2 = 26$

Ikatlong Bahagi.

Isulat mo ngayon ang kabuuang bilang na nakuha mo sa bawat kategorya sa bar graph sa ibaba.



Iskor: _____

Ang *Multiple Intelligence Survey* na ito ni McKenzie ay nakabatay sa teorya ni Howard Gardner. Upang lubos mong maunawaan ang kahulugan ng iyong mga naging marka, dapat mong malaman ang kahulugan ng bawat kategorya, talino o talento na sinusukat nito. Habang ipinagpapatuloy ang pagbabasa sa modyul na ito ay mauunawaan mo kung ano ang implikasyon ng pagkuha mo ng mataas at mababang marka mula sa gawain.

Ngayon, balikan mo ang kabuuang resulta ng iyong mga sagot sa *Multiple Intelligence Survey Form*. Sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Batay sa resulta, ano ang natuklasan mo tungkol sa iyong sarili?
2. Naaayon ba sa iyong inaasahan ang iyong mga natuklasang kakayahan? Ipaliwanag.
3. Nasiyahan ka ba sa iyong natuklasan? Ipaliwanag.
4. Angkop ba sa kursong akademiko o teknikal-bokasyonal na nais mong pag-aralan ang iyong angking kakayahan?
5. Bakit mahalaga ang kaalaman sa taglay mong mga talento at kakayahan?



PAGPAPALALIM

PAGTUKLAS AT PAGPAPAUNLAD SA MGA ANGKING TALENTO AT KAKAYAHAN AT PAGLAMPAS SA MGA KAHINAAN

“Talentado ka ba?” Lahat yata ngayon ng estasyon sa telebisyon ay may programang ang tema ay pagtuklas ng talento. Mapapansin ito sa mga programang may pag-awit, pagsasayaw, pag-arte, o mga kakaiba, kakuwa at kamanghamanghang kasanayan o kakayahan. Pero ano nga ba ang talento? Sa *Webster Dictionary*, ang talento ay ginagamit na kasingkahulugan ng biyaya at kakayahan. Ito ay isang likas na kakayahan na kailangang tuklasin at paunlarin. Tulad ng isang biyaya, dapat itong ibahagi sa iba.

Magkasingkahulugan ba ang talento at kakayahan? Ayon kina Thorndike at Barnhart, mga sikolohista, sa kanilang “Beginning Dictionary”, ang talento ay isang pambihira at likas na kakayahan. Sa kabilang dako, ang kakayahan ay kalakasang intelektuwal (*intellectual power*) upang makagawa ng isang pambihirang bagay tulad ng kakayahan sa musika o kakayahan sa sining. Madalas sinasabi ng mga sikolohista na ang talento ay may kinalaman sa *genetics* o mga pambihirang katangiang minana sa magulang. Ang kakayahan naman ay likas o tinataglay ng tao dahil na rin sa kaniyang *intellect* o kakayahang mag-isip. Sa gayon, ang kahusayan sa isang larangan ay ayon sa kaniyang kakayahang intelektuwal. Si Brian Green, isang atleta, ay isa sa mga naniniwala sa teoryang ito. Gayunpaman, ayon sa kaniya ang pagtutuong atensiyon nang marami sa talento sa halip na sa kakayahan ay isang hadlang tungo sa pagtatagumpay. Ayon sa kaniya mas mahalagang bigyan ng tuon ang kakayahang magsanay araw-araw at magkaroon ng komitment sa

pagpapahusay sa taglay na talento. Ang mga bagay na ito ay higit na kaugnay ng kakayahang intelektuwal kaysa talento. Ang kakayahang intelektuwal ay nasusukat sa pamamagitan ng mga pamantayang pagsusulit. Ayon sa kaniya, mahirap sukatin ang talento, madalas nasasabi lamang nating may talento ang isang tao batay sa nasaksihan natin o naitalang tagumpay nito. Mahalaga sa isang atleta ang pagpapaunlad ng kakayahan kung kayat mahalaga na malaman niya ang kaniyang pagmumulan (*baseline*) sa kaniyang gagawing pagsasanay, upang maabot ang kanyang nais na marating.

“Ang pagtutuon ng atensiyon nang marami sa talento sa halip na sa kakayahan ay isang hadlang tungo sa pagtatagumpay.”

Brian Green

Sa kaniyang aklat na *7 Habits of Highly Effective Teens*, napakaganda ng ibinahagi ni Sean Covey tungkol sa pagtuklas ng talento. Ayon sa kaniya, bawat tao ay may talento at kakayahan. Kadalasan nga lamang ang nabibigyan natin ng pansin ay yaong mga makaaagaw atensiyon tulad ng mala anghel na pag-awit o ang makapigil hiningang pag-ikot pataas ng isang siklista. Maraming mga kakayahan na bagamat di napapansin ay mahalaga tulad ng kakayahang patawanin ang iba, kakayahang makinig, gumuhit, magsulat ng tula, maging mapagbigay, mapagpatawad o maging kaibig-ibig sa iba. Walang takdang panahon ang pagusbong ng talento. Ang bawat tao ay may kani-kaniyang panahon ng pagsibol, lalo na ang mga tinedyer. Ang iba ay ang tinatawag na *late bloomer*. Kaya hindi dapat ikasira ng loob ang sa tingin natin ay napakasimple nating mga kakayahan. Iyong tandaan, espesyal ka, dahil ikaw ay likha ng Diyos.

Kailangan nating tuklasin ang ating mga talento at kakayahan. Matapos lumilok ni Michaelangelo ng isang napakagandang obra ay tinanong siya kung paano niya ito ginawa. Tumugon siya na ang obra ay nasa bato mula pa sa simula, kinailangan lamang niyang ukitin ang mga labis na bahagi nito. Tulad din ng isang obra, ang ating mga kakayahan at talento ay taglay na natin buhat nang tayo’y isilang. Tayo ang gagawa ng paraan upang tuklasin ang mga ito. Lahat ng sitwasyon at okasyon ay oportunidad sa



pagtuklas. Maaaring ito ang iyong proyekto sa Agham, awdisiyon sa koponan ng basketbol, *term paper* sa Filipino, paligsahan sa pagtula, pagsasanay sa iskawting. *Kung sa bawat gawain o pagkakataon na ibibigay sa atin ay magbubuhos tayo ng ating atensiyon, panahon, lakas at talino, matutuklasan natin ang ating mga talento at kakayahan at ang hangganan ng mga ito.*

“Ang obra ay nasa bato mula pa sa simula, kailangan lamang ukitin ang labis na bahagi nito.”

Isang napakahalagang teorya ang binuo ni Dr. Howard Gardner noong 1983, ang teorya ng *Multiple Intelligences*. Ayon sa teoryang ito, ang mas angkop na tanong ay “Ano ang iyong talino?” at hindi, “Gaano ka katalino?” Ayon kay Gardner, bagama’t lahat ng tao ay may angking likas na kakayahan, iba’t iba ang talino o talento. Ang mga ito ay:

1. Visual Spatial
2. Verbal/Linguistic
3. Mathematical/Logical
4. Bodily/Kinesthetic
5. Musical/Rhythmic
6. Intrapersonal
7. Interpersonal
8. Existential

Hinango sa www.winnsb.org/TeachersWeb/kjordan/Theorist%20page%201.htm



Visual/Spatial. Ang taong may talinong *visual/spatial* ay mabilis matututo sa pamamagitan ng paningin at pag-aayos ng mga ideya. Nakagagawa siya nang mahusay na paglalarawan ng mga ideya na kailangan din niyang makita ang paglalarawan upang maunawaan ito. May kakayahan siya na makita sa kaniyang isip ang mga bagay upang makalikha ng isang produkto o makalutas ng suliranin. May kaugnayan din ang talinong ito sa kakayahan sa matematika.


Ang larangan na angkop sa talinong ito ay sining, arkitektura at inhinyera.



Verbal/Linguistic. Ito ang talino sa pagbigkas o pagsulat ng salita. Kadalasan ang mga taong may taglay na talinong ito ay mahusay sa pagbasa, pagsulat, pagkukuwento, at pagmememorya ng mga salita at mahahalagang petsa. Mas madali siyang matuto kung nagbabasa, nagsusulat, nakikinig, o nakikipagdebate. Mahusay siya sa pagpapaliwanag, pagtuturo, pagtatalumpati o pagganyak sa pamamagitan ng pananalita. Madali para sa kaniya ang matuto ng ibang wika.

Ang larangan na nababagay sa talinong ito ay pagsulat, abogasya, pamamahayag (journalism), politika, pagtula at pagtuturo.

Mathematical/Logical. Taglay ng taong may talino nito ang mabilis na pagkatuto sa pamamagitan ng pangangatuwiran at paglutas ng suliranin (*problem solving*). Ito ay talinong kaugnay ng lohika, paghahalaw at numero. Gaya ng inaasahan, ang talinong ito ay may kinalaman sa kahusayan sa matematika, *chess*, *computer programming*, at iba pang kaugnay na gawain. Gayunpaman, mas malapit ang kaugnayan nito sa kakayahan sa siyentipikong pag-iisip at pagsisiyasat, pagkilala ng *abstract patterns*, at kakayahang magsagawa ng mga nakalilitong pagtutuos.



Ang larangan na kaugnay nito ay ang pagiging *scientist*, *mathematician*, inhinyero, doctor at ekonomista.



Bodily/Kinesthetic. Ang taong may ganitong talino ay natututo sa pamamagitan ng mga kongkretong karanasan o interaksyon sa kapaligiran. Mas natututo siya sa pamamagitan ng paggamit ng kaniyang katawan, tulad halimbawa sa pagsasayaw o paglalaro. Sa kabuuan, mahusay siya sa pagbubuo at paggawa ng mga bagay gaya ng pagkakarapintero. Mataas ang tinatawag na *muscle memory* ng taong may ganitong talino.

Ang larangang karaniwang kaniyang tinatahak ay ang pagsasayaw, isports, pagiging musikero, pag-aartista, pagiging doctor (lalo na sa pag-opera), konstruksyon, pagpupulis at pagsusundalo.

Musical/Rhythmic. Ang taong nagtataglay ng talinong ito ay natututo sa pamamagitan ng pag-uulit, ritmo, o musika. Hindi lamang ito pagkatuto sa pamamagitan ng pandinig kundi pag-uulit ng isang karanasan.



Likas na nagtatagumpay sa larangan ng musika ang taong may ganitong talino. Magiging masaya sila kung magiging isang mucisian, kompositor o *disk jockey*.



Intrapersonal. Sa talinong ito, natututo ang tao sa pamamagitan ng damdamin, halaga, at pananaw. Ito ay talino na kaugnay ng kakayahan na magnilay at masalamin ang kalooban. Karaniwang ang taong may ganitong talino ay malihim at mapag-isa o *introvert*. Mabilis niyang nauunawaan at natutugunan ang kaniyang nararamdaman at motibasyon. Malalim ang pagkilala niya sa kaniyang angking mga talento, kakayahan at kahinaan.

Ang larangang kaugnay nito ay pagiging isang researcher, manunulat ng mga nobela o negosyante.

Interpersonal. Ito ang talino sa interaksyon o pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Ito ang kakayahan na makipagtulungan at makiisa sa isang pangkat. Ang taong may mataas na *interpersonal intelligence* ay kadalasang bukas sa kaniyang pakikipagkapwa o *extrovert*. Siya ay sensitibo at mabilis na nakatutugon sa pagbabago ng damdamin, motibasyon, at disposisyon ng kapwa. Mahusay siya sa pakikipag-ugnayan nang may pagdama at pag-unawa sa damdamin ng kapwa. Siya ay epektibo bilang pinuno o tagasunod man.



Kadalasan siya ay nagiging tagumpay sa larangan ng kalakalan, politika, pamamahala, pagtuturo o edukasyon at social work.



Naturalist. Ito ang talino sa pag-uuri, pagpapangkat at pagbabahagdan. Madallas niyang makilala ang mumunti mang kaibahan sa kahulugan (*definition*). Hindi lamang ito angkop sa pag-aaral ng kalikasan kundi sa lahat ng larangan.

Kadalasan ang taong mayroong ganitong talino ay nagiging environmentalist, magsasaka o botanist.



Existential. Ito ay talino sa pagkilala sa pagkakaugnay ng lahat sa daigdig. “Bakit ako nilikha?” “Ano ang papel na gagampanan ko sa mundo?” “Saan ang lugar ko sa aking pamilya, sa paaralan, sa lipunan?” Ang talinong ito ay naghahanap ng paglalapat at makatotohanang pag-unawa ng mga bagong kaalaman sa mundong ating ginagalawan.

Kadalasan ang taong mayroong ganitong talino ay masaya sa pagiging *philosopher* o *theorist*.

Kailangang paunlarin ang ating mga talento at kakayahan. Likas ang mga talento at kakayahan ngunit kailangang paunlarin ang mga ito sa pamamagitan ng pagsasanay (*practice*). Si Profesor Ericsson at kaniyang grupo ay nagsagawa ng mahabang pag-aaral ng mga sikat at matagumpay na personalidad sa iba’t ibang larangan: sa sining, siyensiya, matematika, palakasan o isports, negosyo at iba pa.

PRACTICE MAKES PERFECT



Sinuri ng kaniyang pangkat ang naipong istatistika, iba’t ibang datos at talambuhay. Sinuri rin nila ang nakalap na resulta ng ilang taong pag-eeksperimento sa mga eksperto at matagumpay na tao. Dalawang mahalagang bagay ang natuklasan nila. Una, kadalasan di sapat ang likas na kakayahan upang maging bihasa at matagumpay sa anumang larangan. Ang kanilang pagtatagumpay at kahusayan ay bunga ng *masusi* at *matamang pagsasanay*. Wika nga sa Ingles “*Practice makes perfect*”.

Ikalawa, bukod sa talento o kakayahan, mahalaga rin na tayo ay may interes o hilig sa ating larangang pinasok. Dapat na tayo ay masaya sa ating ginagawa upang magkaroon tayo ng inspirasyon at motibasyon na lampasan o higitan pa ang ating natural na kakayahan. Ito ay upang maging angat tayo sa iba tungo sa paglilingkod sa kapwa at pakikibahagi sa pamayanan.

Kailangang malampasan ang ating mga kahinaan. Narinig mo na ba ang *Law of Seeds*? Tingnan natin ang isang puno ng bayabas. Sa isang puno ay maaaring may dalawampu o mahigit pang bunga. Bawat bunga ay maaaring may sampu o higit pang buto. Maaaring mong itanong “Bakit kailangan ng napakaraming bunga at buto para lamang magkaroon ng ilan pang puno?” Ang kalikasan ay may mahalagang itinuturo tungkol dito. Marami sa mga butong ito sa isang puno ng bayabas ay hindi nagiging puno. Kung gayon, kung nais mong makamit ang isang bagay, hindi sapat

ang minsanang pagsubok lamang. Ibig sabihin, kung hindi nagtagumpay sa isang larangan ay dapat na sumubok muli ng iba.

Nakalulungkot isipin na marami sa atin ang sa unang pagsubok pa lamang ay sumusuko na. Dahil ito sa kawalan ng tiwala sa sarili. Ano nga ba ang tiwala sa sarili o *self-confidence*? Ang tiwala sa sarili ay ang paniniwala sa sariling kakayahan. Ito ay tiwala sa sariling kakayahan na matatapos ang isang gawain nang may kahusayan. Dahil sa kawalan ng kumpiyansa sa sarili ay maraming pagkakataon o oportunidad ang pinalalampas ng marami. Dahil din dito, natutuon ang ating pansin sa ating mga kahinaan at hindi sa ating mga talento at kakayahan. Ilan sa mga bagay na dapat nating malaman tungkol sa tiwala sa sarili ay ang sumusunod:

- a. Ang tiwala sa sarili ay hindi namamana, ito ay natututuhan.
- b. Hindi ito pangkalahatan, bagkus ay may iba't ibang antas tayo ng tiwala sa ating saril sa iba't ibang sitwasyon at gawain. Halimbawa, maaaring mataas ang ating tiwala sa sarili sa pagtutuos (*mathematical computation*) ngunit mahina ang loob sa pagsasalita sa publiko.
- c. Nagbabago ito sa paglipas ng panahon. Maaari itong tumaas o bumababa ayon sa ating mga karanasan sa buhay.
- d. Hindi ito nakasalalay sa mga bagay na labas sa ating sarili gaya halimbawa ng pagiging mayaman o pagkakaroon ng mga taong nagmamahal sa atin.

Magkakaroon tayo ng tiwala sa ating sarili kung hindi tayo umaasa sa opinyon o paghuhusga sa atin ng ibang tao. Nawawala ito kung wala tayong *matibay na kaalaman tungkol sa ating angking mga talento at kakayahan*. Kung hindi natin kilala ang ating sarili, aasa na lamang tayo sa sinasabi ng iba at sila ang magdidikta sa atin ng ating mga kakayahan at limitasyon. Kung nasisiyahan sila sa ating ikinikilos, papupurihan nila tayo; kung hindi naman ay maaring bansagan tayong mahina o walang alam. Kung hindi natin kilala ang ating sarili, wala tayong magagawa kundi tanggapin na lamang ang kanilang mga tawag o bansag sa atin.

Bilang tao, likas na sa atin ang paghahangad na umunlad at malampasan ang ating mga kahinaan. Ayon kay Covey (*Seven Habits of Highly Effective Teens, 1998*) ang pag-unlad ng mga kakayahan ay nagsisimula rin sa ating sarili. Ayon sa kaniya, ang tunay na kabiguan ay ang kabiguan ng isang taong hindi kumilos upang paunlarin ang kaniyang sarili. Mapalad ang maraming kabataan ngayon at marami ang mga babasahin na nagbibigay gabay kung paano ito gagawin. Isa sa mga ito ang aklat ni Covey.

Isang mabisang paraan upang masimulan ang daan sa pagpapaunlad ng sarili ay ang paggawa ng plano o mga hakbang sa pagkakamit nito. Sabi nga ni Covey, "*Begin with the end in mind.*" Isang halimbawa ay ang paggawa ng Plano sa Pagpapaunlad ng Sarili o *Personal Development Plan*. Ito ay tulad ng isang mapa na gabay sa paglalakbay tungo sa pag-unlad ng sarili. Ito ay pagtatakda rin ng tunguhin (goal) tungo sa pagpapaunlad ng sarili. Dapat na taglay nito ang mga bahagi ng ating sarili na dapat nating paunlarin o kahinaang kailangang malampasan,

kasanayang kailangang matutuhan at mga talento o kakayahang kailangang paunlarin.

Simple lamang ang paggawa ng Plano sa Pagpapaunlad ng Sarili.

- ✚ Una, dapat nating tukuyin kung nasaan na tayo ngayon: Ano-ano ang ating mga kalakasan at kahinaan.
- ✚ Ikalawa, tukuyin kung saan natin nais o kailangang tumungo. Anong aspeto ang kailangang paunlarin, alin ang dapat unahin.
- ✚ At sa huli, kailangang lapatan ito ng mga paraan kung paano isasagawa ang mga pagbabago. Maaaring ang pinakamahirap na bahagi nito ay ang pagtukoy at pagtanggap sa ating mga kahinaan. Kung magagawa natin ito, mas magiging madali na ang iba pang bahagi.

Kung ating I-Google ang salitang talento, karaniwang mababasa natin sa mga resulta na ito ay isang biyaya. Isa sa mga resulta ng *search engine* na ito ay ang *Parable of Talents*. Sinasabi sa maikling anekdotang ito na dapat nating gamitin ang ating talento. *“Sapagkat sa sinumang mayroon nito, bibigyan pa siya at magkakaroon nang sagana; ngunit ang wala, maging ang sa kaniya ay aagawin pa.”* Ito ay isang linya sa *Parable of the Talents* na binitiwang ng amo sa kaniyang alipin na binigyan niya ng talento ngunit ibinaon ito at walang ginawa upang ito ay magamit. Katulad mo ba ang katulong na ito na di ginagamit ang biyayang talento na ipinagkaloob ng Diyos?


TAYAHIN ANG IYONG PAG-UNAWA

Kamusta ka na? Naunawan mo bang lubos ang mensahe ng binasang teksto? **Ngayon, sagutin mo ang sumusunod na tanong.** Isulat sa iyong kuwaderno ang iyong mga sagot.

1. May talento ba ang bawat tao? Pangatuwiran.
2. Magkasinghulugan ba ang talento at kakayahan? Patunayan.
3. Sang-ayon ka ba sa sinabi ni Gardner na ang mas angkop na tanong ay “Ano ang iyong talino?” at hindi “Gaano ka katalino?” Pangatuwiran.
4. Sang-ayon ka ba sa dalawang bagay na natuklasan nina Prof. Ericsson tungkol sa talento at kakayahan? Patunayan.
5. Ipaliwanag ang mga dahilan kung bakit dapat paunlarin ang ating mga talento at kakayahan.
6. Bakit mahalaga ang paglinang ng tiwala sa sarili?
7. Ipaliwanag ang mga elemento ng Plano ng Pagpapaunlad sa Sarili.
8. Anong mahalagang aral tungkol sa talento ang ipinahahayag ng *“Parable of the Talents”*? Ipaliwanag.
9. Bakit mahalaga ang pagtuklas at pagpapaunlad ng mga angking talento at kakayahan?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Sa iyong kuwaderno, isulat sa kasunod na *graphic organizer* ang nahalaw na malaking konsepto mula sa babasahin. Isang konsepto ay ang sagot sa tanong na: Bakit mahalaga ang pagtuklas at pagpapaunlad ng mga angking talento at kakayahan at ang paglampas sa mga kahinaan?




PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Gawain 1

Hindi lamang ang iyong mga talento at kakayahan ang natuklasan mo gamit ang *Multiple Intelligence Survey*, kilala mo rin ang iyong mga kahinaan. Paano mo nga ba malalampasan ang iyong mga kahinaan?



Itala ang mga kategorya sa ikatlong bahagi kung saan nakakuha ka ng mababang marka.

Halimbawa:

Mababang Marka:

1. *Logical-Mathematical*
2. *Naturalist*
3. *Existential*

Itala ang mga ito sa iyong kuwaderno. Gumupit ng klipings tungkol sa mga taong matagumpay sa mga larangang ginagamitan ng talino o talentong ito lalo na iyong mga nagtagumpay sa kabila ng mga kahinaan nila sa larangang ito. Alamin kung paano nila pinaunlad ang mga talentong ito. Magbasa ng mga pantulong o mga hakbangin kung paano malilinang ang mga talentong ito.

Marahil sa puntong ito ay malinaw na sa iyo kung bakit kailangan mong paunlarin ang iyong mga kakayahan at talento, at malampasan ang iyong mga kahinaan.

Gawain 2

Nakahanda ka na ngayon na magplano upang paunlarin ang mga natuklasan mong talento at malampasan ang iyong mga kahinaan. Tunghayan ang kasunod na tsart. Isulat at gawin ang hinihinging mga impormasyon at gawain.

Tsart ng mga Kakayahan (*Chart of Abilities*)

Pangalan: _____ Petsa: _____

Kasarian: _____ Edad: _____ Antas: _____

Panimula: Punan ang unang hanay ng mga asignaturang iyong pinag-aaralan ngayon. Lagyan ng tsek ang mga kakayahan na sa iyong palagay ay nakatutulong sa pag-aaral nang mahusay. Iguhit ang:

✂ kung sa iyong palagay ay taglay mo ang katangian

★ para sa asignaturang may pinakamataas na marka sa ikalawang hanay

Bilangin lamang ang mga tsek na may katapat na ✂ at ★

Asignatura	Mataas na Marka	Kakayahan				Nakaiisip ng solusyon sa mahihirap na suliranin	Nakapaglalarawan sa isipan
		Pagsasalita upang mapakinggan ng iba	Pagsulat upang maunawaan ng iba	Mahusay sa bilang o pagtutuos			
1.							
2.							
3.							
4.							
5.							
6.							
7.							
8.							
Kakayahan Kabuuan							

Iranggo ang pagkakaayos ng Abilidad:

1. _____

2. _____

3. _____

4. _____

5. _____

6. _____

7. _____

PAGNINILAY

Magsulat ng isang pagninilay sa iyong dyornal.

1. Ano ang natuklasan mo sa iyong sarili batay sa resulta ng “Tsart ng mga Kakayahan”?
2. May maitutulong ba ito sa kurso na gustong mong pag-aralan o trabaho na gusto mong pasukan? Ipaliwanag.

PAGSASABUHAY

Gumawa ng Tsart ng Pagpapaunlad ng mga Talento at Kakayahan gamit ang iyong mga natuklasan sa iyong sarili.

Isulat sa kasunod na tsart ang iyong plano ng pagpapaunlad ng talento at kakayahan. Ibatay ito sa naging resulta ng *Multiple Intelligences Survey* at Tsart ng Pagpapaunlad ng Talento at Kakayahan.

TSART NG PAGPAPAUNLAD NG MGA TALENTO AT KAKAYAHAN

Mga Talento at Kakayahan na Kailangang Paunlarin (<i>Multiple Intelligences</i>)	Mga Layunin	Panahong Ilalaan	Mga Pamamaraan	Mga Taong Tutulong	Mga Kakailanganing Kagamitan (Resources)
Halimbawa: Naturalist	Mapalawak ang kaalaman tungkol sa kalikasan Maitaas ang antas ng pagmamalasakit sa kalikasan	Isang Buwan	<ul style="list-style-type: none"> • Magbabasa ng mga aklat tungkol sa kalikasan • Maglalaan ng panahon upang suriin ang lawak ng suliranin ng mundo tungkol sa pagkasira ng kalikasan at sa epekto nito sa mundo. • Lalahok sa samahan na ang adbokasiya ay sa pangangalaga ng kalikasan • Magsasagawa ng mga proyekto para sa kalikasan • Magtanim ng mga halaman 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Mga kaibigan 2. Guro 3. Mga kasapi ng samahan para sa kalikasan 	<p>Teksbuk at mga aklat na hiram sa <i>library</i></p> <p>Mga dokumentaryo tungkol sa dulot ng pagkasira ng kalikasan sa tao</p>

Mga Kakailangang Kagamitan

- ✚ *Multiple Intelligences Survey Form* (McKenzie, 1999)
- ✚ *Chart of Abilities* (Abiva, 1993)
- ✚ Sipi ng Babasahin: Pagtuklas at Pagpapaunlad sa Mga Angking Talento at Kakayahan at Paglampas sa Mga Kahinaan

Mga Sanggunian:

- ✚ Abiva, Thelma G (1993), *Learning Resource for Career Development*. Abiva Publishing House, Inc. Q. C.
- ✚ Covey, Sean (1998), *The 7 Habits of Highly Effective Teens*. Fireside: Simon and Schuster Inc. N.Y., Pahina 73-104
- ✚ McKenzie, Walter, The One and Only Surfaquarium. Hinango Enero 26, 2010 mula sa <http://surfaquarium.com/MI/inventory.htm>
- ✚ Project EASE, Edukasyon sa Pagpapahalaga III, Modyul Blg.19 pahina 3/18 1.3. Hinango Enero 26, 2010 mula sa (<http://www.bse.portal>)
- ✚ Tony DiRomualdo. *Are Top Performers Born or Made?* Hinango Abril 20, 2010 mula sa <http://wistechnology.com/article.php?id=2958>

Mga Larawan:

http://image.yaymicro.com/rz_1210x1210/0/5e9/practice-makes-perfect---bow-and-arrow-aimed-at-bulls-eye-5e9096.jpg

<http://www.purplepurple.com/biography/Short-Biography/Michelangelo.jpg>

http://3.bp.blogspot.com/_XCYZ1aYxssk/TS_Ccw1KgsI/AAAAAAAAAfY/pNSXoZfmFgY/s1600/wp_talentado1_1024.jpg

<http://mintscreens.com/wp-content/uploads/2011/12/showtime.jpg>

<http://pinoysgottalent.com/files/2009/10/pilipinasgottalent.jpg>

<http://pinoysgottalent.com/files/2009/10/pilipinasgottalent.jpg>

<http://www.preschools4all.com/image-files/picture-smart.jpg>

<http://www.rb-29.net/graa/GRAATMIPgm/TMI%20Scans/eightwaysscans/08.008ways.jpg>

<http://www.ourschoolzone.com/main/dox/project/mi/bodily/bodily.gif>

<http://www.wpsvideo.com.au/temp/micups/musical.jpg>

<http://www.ourschoolzone.com/main/dox/project/mi/intra/intra.gif>

<http://www.ourschoolzone.com/main/dox/project/mi/inter/inter.gif>

<http://www.ourschoolzone.com/main/dox/project/mi/nature/natural.gif>

Annex 1

I. Sagot sa Paunang Pagtataya

- | | |
|------|------|
| 1. d | 6. a |
| 2. b | 7. c |
| 3. c | 8. d |
| 4. d | 8. d |
| 5. c | 9. d |

Rubric para sa Tsart ng Pagpapaunlad ng mga Talento at Kakayahan

Kraytirya	5	4	3	2	1
May nabuong tiyak na hakbang sa pagpapaunlad ng mga talento at kakayahan	Natukoy ang talento at kakayahan an na pauunlarin ngunit walang naitalang hakbang	Natukoy ang talento at kakayahan an na pauunlarin ngunit walang naitalang hakbang	Natukoy ang talento at kakayahan an na pauunlarin ngunit walang naitalang hakbang	Natukoy ang talento at kakayahan an na pauunlarin ngunit walang naitalang hakbang	Hindi natukoy ang mga talento pauunlarin Walang naitalang hakbang.
	Nakapagtal a ng hakbang sa lahat ng mga talino na nakakuha ng mababang marka	Nakapagtal a ng hakbang sa dalawang talino na nakakuha ng mababang marka	Nakapagtal a ng hakbang sa isang talino na nakakuha ng mababang marka	Hindi napunan ang lahat ng kolum sa tsart	
	Ang itinalang hakbang ay: • tiyak • makatotohanan • malinaw ang pagkakas alaysay	Ang itinalang hakbang ay: • makatotohanan • malinaw ang pagkakas alaysay	Ang itinalang hakbang ay: • tiyak • malinaw ang pagkakas alaysay	Ang itinalang hakbang ay malinaw ang pagkakas alaysay	Ang itinalang hakbang ay hindi tiyak, hindi makatotohanan at hindi malinaw ang pagkakasa

Kraytirya	5	4	3	2	1
					laysay
May kalakip na patunay ng pagsasakatu paran ng mga hakbang sa pagpapaunlad ng talento at kakayahan	Nakatulong ang patunay upang maging kapani-paniwala na naisakatuparan talaga ang mga hakbang May patunay sa lahat ng talento at kakayahan na pauunlarin	Nakatulong ang patunay upang maging kapani-paniwala na naisakatuparan talaga ang mga hakbang May patunay sa dalawang talento at kakayahan na pauunlarin	Nakatulong ang patunay upang maging kapani-paniwala na naisakatuparan talaga ang mga hakbang May patunay sa isang talento at kakayahan na pauunlarin	May inilakip na patunay ngunit hindi sapat upang mataya ang aktwal na paglalapat ng mga pamamaraan na ginawa	Walang inilakip na patunay

Edukasyon sa Pagpapakatao 7
Unang Markahan
MODYUL 3: PAGPAPAUNLAD NG MGA HILIG



Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?

Marahil, narinig mo na mula sa ibang tao ang pahayag na: “Mahalin mo ang iyong ginagawa at gawin ang mga bagay na iyong minamahal”. Naniniwala ka ba sa mensahe ng pahayag na ito? Kaya mo bang gumawa ng isang bagay sa loob ng isang maghapon na kakaunti lamang ang pahinga ngunit hindi gaanong nakararamdam ng pagod? Sa modyul na ito, matutuklasan mo ang malalim na kahulugan ng mga naunang pahayag.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- a. Natutukoy ang kaugnayan ng pagpapaunlad ng mga hilig sa pagpili ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay
- b. Nakasusuri ng mga sariling hilig ayon sa larangan at tuon ng mga ito
- c. Naipaliliwanag na ang pagpapaunlad ng mga hilig ay makatutulong sa pagtupad ng mga tungkulin, paghahanda tungo sa pagpili ng propesyon, kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay, pagtulong sa kapwa, at paglilingkod sa pamayanan
- d. Naisasagawa ang mga kilos tungo sa pagpapaunlad ng mga sariling hilig

Narito ang mga pamantayan ng pagtataya ng output mo sa letrang **d**:

- a. Ang mga hilig na pauunlarin ay batay sa pagsusuri sa mga larangan at tuon ng hilig.
- b. Malinaw ang mga paraan ng pagpapaunlad ng mga natukoy na hilig.
- c. May limang paraan ng pagpapaunlad sa bawat hilig.
- d. Angkop ang bawat paraan ng pagpapaunlad ng bawat hilig.
- e. Makatotohanan ang mga paraan ng pagpapaunlad ng bawat hilig.



Paunang Pagtataya

Isulat ang letra ng pinakaangkop na sagot sa sagutang papel.

1. Ang sumusunod ay nagpapakita ng katangian ng hilig *maliban* sa:
 - a. Si Jamir ay laging kasama ng kanyang ama sa pinagtatrabahuhan nitong kompanya bilang isang inhinyero. Namulat siya sa gawain ng kanyang ama at napansin niyang nagkakainteres na rin siya sa matematika, pagguhit at pagdidisenyo.
 - b. Nakita ni Emerlyn ang hilig ng kaniyang mga kaibigan sa larong *badminton*. Nais niyang makasama nang madalas ang kanyang mga

- kaibigan kung kaya nag-aral siyang maglaro nito sa kabila ng hirap. Ginagawa nila nang madalas ang gawaing ito nang sama-sama.
- c. Si Sharifa ay laki sa pamilya ng mananahi. Sa murang edad, tumutulong na siya sa kanilang patahian at lumaon ay nakahiligan na niya itong gawin. Natutuwa sa kanya ang kanyang ina dahil mahusay na siyang magdisenyo ng mga damit na nagagamit nila sa kanilang negosyo.
 - d. Masaya si Jesheryn kapag nakagagawa siya ng kabutihan sa kaniyang kapwa. Nang makatapos ng pag-aaral ay naging misyon na niya ang kumalap ng tulong sa mga nakaaangat sa buhay para sa mga nangangailangan. Nakahiligan na niya ang sumama sa mga outreach programs at relief operations.
2. Ano ang pinakamahalagang maitutulong ng pagkakaroon ng bagay o gawain na kinahihiligan?
 - a. Nakapagpapasaya sa tao
 - b. Nakapagpapaunlad ng tiwala sa sarili
 - c. Nakapag-aangat ito ng katayuan sa buhay
 - d. Nakapagtuturo ito ng kakayahang kailangan para sa hinaharap
 3. Ang sumusunod ay paraan sa pagtuklas ng hilig maliban sa:
 - a. Suriin ang mga gawaing iniwasang gawin
 - b. Siyasatin ang mga gawaing nakapagpapasigla sa iyo.
 - c. Pagnilayan ang iyong mga libangan at paboritong gawin.
 - d. Suriin ang pamilya at ang kinahihiligang gawin kasama ang mga ito.
 4. Ang sumusunod ay ang kinahihiligang gawin ng apat na magkakapatid. Ano-ano ang larangang kanilang kinahihiligan?
 - Si Joshua ay isang mountain climber. Sa gawaing ito ramdam niyang kaisa niya ang kalikasan.
 - Si Jessie, nauubos ang malaking oras sa karera ng motor. Ang motor na ito ay siya ang nagdisenyo at nagsaayos.
 - Si Jennylyn palaging nasa komunidad at nagbibigay ng libreng serbisyo bilang doktor.
 - Si Jenica, palaging nakakulong sa kanyang silid at nagpipinta ng iba't ibang larawan.
 - a. persuasive, outdoor, clerical, mechanical
 - b. naturalist, visual, existential, intrapersonal
 - c. outdoor, artistic, mechanical, social service
 - d. bodily/kinesthetic, naturalist, interpersonal, visual
 5. Si Hadji ay isang sikat na mang-aawit at kompositor. Ano ang larangan at tuon ng hilig ni Hadji.
 - a. Larangan: musical
Tuon: tao
 - b. Larangan: musical, artistic
Tuon: tao, ideya

- c. Larangan: musical, literary
Tuon: tao, ideya
 - d. Larangan: musical, literary
Tuon: tao, datos, ideya
6. Ano ang kaugnayan ng hilig sa pagpili ng kursong akademiko/ bokasyunal?
 - a. Magtutulak ang pagkakaroon ng kinahihiligan upang makamit ang labis na tagumpay sa hinaharap.
 - b. Makatutulong ang hilig upang makakuha ng trabahong makapagbibigay ng kasiyahan sa hinaharap.
 - c. Makatutulong ang hilig upang matiyak na maipakikita ang galing sa pag-aaral upang maitaas ang antas ng pagkatuto.
 - d. Makatutulong ang hilig upang mapili ang angkop na kursong akademiko o teknikal-bokasyonal
 7. Bakit mahalagang malaman mo ang iyong mga hilig?
 - a. Magbibigay-kahulugan ito sa bawat pang-araw-araw na gawain.
 - b. Makatutulong ito upang matukoy ang bagay na nais mong gawin sa iyong libreng oras.
 - c. Palatandaan ito ng mga uri ng trabaho na magbibigay ng kasiyahan at kaganapan sa iyo bilang tao.
 - d. Makapagpapaunlad ito ng talento at kakayahan.
 8. Nakita ni Liza na uso ang *cross stitching*. Marami sa kanyang mga kaklase ay gumagawa nito kung kaya nagpabili rin siya sa kanyang ina ng mga gamit na kakailanganin. Sinimulan nya ngunit hindi niya natapos. Makalipas ang ilang buwan nakita naman niya nauuso naman ang paggawa ng *scrapbook* kung kaya nagpabili rin siya sa kanyang magulang ng mga kakailanganing gamit. Makalipas ang ilang lingo ay nahinto na ang kanyang paggawa nito. Ano ang dapat gawin ni Liza?
 - a. Kausapin ang kanyang magulang upang tulungan siyang piliin ang wastong kahihiligan.
 - b. Ituon lamang ang kanyang atensiyon sa kanyang sarili at huwag bigyang-pansin ang nauuso.
 - c. Suriin ang kanyang sarili upang mataya kung anong bagay ang kanyang ginagawa na nakapagpapasaya sa kanya.
 - d. Humingi ng payo sa kanyang mga kaibigan upang tulungan siyang mataya kung ano talaga ang kanyang nararapat na pagtuunan ng pansin.

Ang hilig o libangan, kilala rin bilang pampalipas-oras, pasa-tiyempo, himagal, o dibersiyon ay isang gawaing nakalilibang na ginagawa ng mga tao upang maaliw o para sa rekreasyon. Ginagawa ito ng mga tao sapagkat gusto nila ito. Isa itong paboritong paraan ng paggamit ng libreng panahon o oras. Bukod sa nakatatawag-pansin ng isang tao ang isang hilig, marami pa itong ibang kainaman. Nakapagbibigay ito ng damdamin ng pagpapahalaga at paggalang sa sarili o pagmamalaki. Nakapagpapasaya ito ng sarili kahit na ginagawa ito na nag-iisa lamang. Nakapagtuturo o nakapagbibigay rin ng edukasyon ang hilig. Maaari ring

maipagbili ang produkto ng isang hilig. May mga hilig na magagawa sa loob ng bahay, mayroon naman magagawa sa labas ng bahay, at mayroon ding nangangailangan ng natatanging kasanayan.

(Hinango sa: <http://tl.wikipedia.org/wiki/Hilig>)

9. Ano ang pangkabuuang mensahe ng talata?
 - a. Nakatutulong ang hilig sa aspektong pisikal, pangkaisipan, pinansiyal, at pandamdamin.
 - b. Kailangan ang hilig upang maging matagumpay at masaya sa hinaharap.
 - c. Makapipili ng tamang kurso at trabaho kung mapauunlad ang mga hilig
 - d. Ang matagumpay na tao sa negosyo ay nagsimula sa pagkilala ng kanilang hilig

10. Nakapagbibigay ito ng damdamin ng pagpapahalaga at paggalang sa sarili o pagmamalaki. Ang pangungusap na ito tungkol sa hilig ay:
 - a. Tama, ito ang pinakamataas na makakamit sa pagtuklas ng hilig.
 - b. Tama, dahil kung hilig mo ang iyong ginagawa magagawa mo ito nang buong sigla at husay
 - c. Mali, dahil makakamit lamang ito kung ginagawa ang hilig upang tulungan ang kapwa
 - d. Mali, dahil mahalagang nakaayon ang hilig sa talento at kakayahan ng tao upang makamit ang mga ito.



Pagtuklas ng Dating Kaalaman

Gawain 1

- A. Basahin at unawain mo ang kasunod na *case study*. Pagkatapos ay sagutin mo ang mga tanong na kasunod nito. Isulat ang mga sagot sa iyong kuwaderno.

Mula pagkabata, nakasanayan na ni Lesli na panoorin ang kaniyang ina sa paggawa ng *oatmeal cookies*. Natuto siyang mag-*bake* at ito ang kaniyang gustong gawin sa kaniyang libreng oras. Sinubukan niyang magtimpla gamit ang kakaibang sangkap.

Nakatanggap siya ng maraming papuri dahil sa kakaibang sarap ng kanyang timpla. Dahil dito, nagkaroon siya ng tiwala sa sarili.

Gumagawa siya ng *oatmeal cookies* kapag may okasyon at ibinibigay sa mga kaibigan bilang regalo. Hanggang nagbigay siya ng mga ito sa isang '*Home for the Aged*' dahil nabalitaan niyang wala silang panghimagas.

Sa edad na 15, nagtayo siya ng *bakeshop* sa tulong ng kanyang mga magulang dahil sa kakaibang timpla ng kanyang mga *oatmeal cookies*. (www.guideposts.com)


Mga tanong:

1. Ano ang kinagigiliwang gawin ni Leslie?
2. Ilarawan ang natatanging kakayahan ni Leslie.
3. Paano nakatutulong sa kaniya at sa ibang tao ang taglay niyang hilig? Ipaliwanag.

B. Ang nasa ibaba ay larawan ng mga kilalang tao sa bansa at sa buong mundo. Ano ang mga bagay na kinagigiliwan nilang gawin? Tukuyin ito at isulat sa kuwaderno.

Pangalan: *Heidee Mendoza*

Bagay na minamahal gawin:



Pangalan: *Albert Einstein*

Bagay na minamahal gawin:

Pangalan: *Juan Luna*

Bagay na minamahal gawin:





Pangalan: *Gary Valenciano*

Bagay na minamahal gawin:

Gawain 2

Panuto: Tukuyin ang bagay na iyong ginagawa sa iyong libreng oras. Isulat mo sa kuwaderno ang iyong mga sagot.

Ano ang ginagawa mo sa iyong libreng oras?



	Ranggo
1. _____	_____
2. _____	_____
3. _____	_____
4. _____	_____
5. _____	_____
6. _____	_____
7. _____	_____
8. _____	_____
9. _____	_____
10. _____	_____

Isulat ang sampung gawain na gusto mong gawin sa iyong libreng oras. Iranggo mo ito mula sa iyong pinakagusto (Ranggo 1) hanggang sa pinakahuling gusto (Ranggo 10).
Maaaring ginagawa mo ito sa bahay, sa paaralan, o pamayanan.

Suriin mo ang iyong isinulat na mga pinagkakaabalahan. Pagkatapos, sagutin ang kasunod na mga tanong. Isulat sa kuwaderno.

1. Ano-ano ang natuklasan mo sa iyong ginawang talaan? Sa iyong ginawang pagraranggo sa mga ito?
2. Bakit mahalaga ang pagtuklas ng sariling mga kinahihiligan? Ang pagpapaunlad ng mga ito?



PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Ngayon, alam mo na kung ano ang mga bagay na iyong kinahihiligang gawin. Matapos mong matukoy ang mga ito ay mahalagang maunaawaan mo ang Imbentaryo ng mga Hilig at ang Tuon ng mga ito. Makatutulong sa iyo ang pag-unawa sa mga ito para sa susunod na gawain. Bigyang-pansin mo ang nasabing mga larangan, kahulugan ng mga ito, gayundin ang mga halimbawa.

MGA LARANGAN NG HILIG




O
U
T
D
O
O
R



Nasisiyahan sa mga
gawaing panlabas
(Outdoor)




M
E
C
H
A
N
I
C
A
L



Nasisiyahan sa
paggamit ng mga
kagamitan (*tools*)



C
O
M
P
U
T
A
T
I
O
N
A
L



Nasisiyahan na
gumawa gamit
ang bilang o
numero
(*Computational*)




S
C
I
E
N
T
I
F
I
C



Nasisiyahan sa pagtuklas ng mga bagong kaalaman, pagdisenyo at pag-imbento ng mga bagay at produkto
(Scientific)




P
E
R
S
U
A
S
I
V
E



Nahihikayat at nasisiyahan sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao o pakikipagkaibigan
(Persuasive)




A
R
T
I
S
T
I
C



Nagiging malikhain at nasisiyahan sa pagdidisenyo ng mga bagay
(Artistic)




L
I
T
E
R
A
R
Y



Nasisiyahan
sa pagbabasa
at pagsusulat
ng mga
akdang
pampanitikan
(*Literary*)




M
U
S
I
C
A
L




Nasisiyahan
sa pakikinig o
paglikha ng
awit o
pagtugtog
(*Musical*)




S
O
C
I
A
L
S
E
R
V
I
C
E
S




Nasisiyahang
tumulong sa
ibang tao
(*Social
Services*)



Ganap mo na bang naunawaan ang iba't ibang *larangan* ng mga hilig? Sa pagkakataon namang ito ay sikapin mong unawain ang iba't ibang *tuon* ng mga hilig. Pag-aralan ang ilustrasyon sa ibaba. May inihandang mga halimbawa para sa iyo.





Ganap mo na bang naunawaan ang iba't ibang tuon ng mga hilig? Kung ang sagot mo sa tanong na ito ay "OO", handa ka na upang gawin ang susunod na gawain.

Ang susunod na gawain ay isang pagsusuri sa iyong mga hilig. Ang gawain ay tinatawag na Imbentaryo ng mga Hilig-Tuon (*Interest-Focus Inventory*).

Gamit ang kasunod na talahanayan, gawin ang sumusunod:

1. Isulat sa unang kolum ang mga gawaing iyong iniranggo sa unang gawain.
2. Lagyan ng tsek (✓) ang angkop na larangan (*interest area*) sa ikalawang kolum.
3. Lagyan ng tsek (✓) ang angkop na tuon sa huling kolum.

10 Gawaing Iniranggo	Larangan ng mga Hilig (Interest Areas)										Tuon (Focus)			
	OUTDOOR	MECHANICAL	COMPUTATIONAL	SCIENTIFIC	PERSUASIVE	ARTISTIC	LITERARY	MUSICAL	SOCIAL SERVICES	CLERICAL	TAO	DATA	BAGAY	IDEYA

Nasiyahan ka ba sa gawain? Sa pagkakataong ito, sagutin mo sa iyong kuwaderno ang sumusunod na tanong:

1. Ano-ano ang natuklasan mo sa iyong mga hilig?
2. May pagkakatulad ba ang larangan ng iyong mga hilig sa mga uri ng talentong natuklasan mo batay sa resulta ng isinagawa mong *Multiple Intelligence Survey* sa ikalawang modyul? Ipaliwanag.
3. Sa kabuuan, ano-ano ang tuon ng iyong mga hilig? May kaugnayan ba ang mga ito sa:
 - a. pagtupad ng iyong mga tungkulin? Ipaliwanag.
 - b. pagpili ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal? Ipaliwanag.
 - c. sa pagtulong sa kapwa at pakikibahagi sa pamayanan? Pangatuwiran



PAGPAPALALIM

Upang mas mapalalim ang iyong pag-unawa sa araling ito, may inihandang babasahin para sa iyo. Sa pamamagitan nito, matutulungan ka upang ganap na mahinuha ang Batayang Konsepto. Ang mga kaalamang tinatalakay sa bahaging ito ay batay sa mga dalubhasang sumulat ng mga paksang nakaangkla sa dalawang batayang disiplina ng Edukasyon sa Pagpapakatao: Etika at *Career Guidance*.

MGA HILIG

May kakaiba ka bang saya o sigla kapag nagsusulat ka ng iyong mga pananaw, opinyon o pagninilay? Ipinagmamalaki mo ba ang iyong mga naisulat? Sa iyong libreng oras, pipiliin mo bang magbasa at maghanap sa *internet* o mga aklat ng magagandang ideya na gagamitin mo sa isang sanaysay o tula? Kung oo ang sagot mo sa mga tanong na ito, ibig sabihin, hilig mo ang pagsusulat. Ano ba ang ibig sabihin ng *hilig*?

Ang mga hilig ay preperensiya sa mga partikular na uri ng gawain. Ang mga ito ang gumaganyak sa iyo na kumilos at gumawa. Nagsisikap ka kung may motibasyon ka dahil gusto mo ang iyong ginagawa, hilig mo ito, at nagagabayan ka ng mga pagpapahalaga na makatutulong sa iyong pag-unlad (Santamaria, 2006).

Sa kabilang dako, kung ang trabaho o gawain mo ay hindi ayon sa iyong mga hilig, ikaw ay nababagot. liwasan mo ang gawaing di mo gustong gawin o ipinagpapaliban mo ang mga ito. Halimbawa, kahit gusto mong gumamit ng mga kagamitang pinatatakbo ng koryente (tulad ng coffee maker o juicer), ngunit ayaw mong subukang gamitin ito, patunay ito na hindi mo hilig ang pagbubutinting (*tinker*) ng mga bagay.

Ang ibang hilig ay maaaring:

- a. *natututuhan mula sa mga karanasan*. Halimbawa, dahil sa palagiang pagtulong sa negosyo ng pamilya na pagtitinda ng mga lutong pagkain, nakahiligan mo na rin ang pagluluto. Ibinatay mo rito ang iyong kinuhang kurso sa kolehiyo at minahal mo na ang iyong trabaho bilang *chef* sa isang kilalang hotel.
- b. *minamana*. Halimbawa, nasubaybayan mo sa iyong paglaki ang hilig ng iyong ina sa pag-aalaga ng mga halaman. Habang ikaw ay lumalaki, napapansin mong nagkakaroon ka rin ng interes sa pag-aalaga ng mga halaman kung kaya katuwang ka na ng iyong ina sa kaniyang mga ginagawa sa inyong hardin.
- c. *galing sa ating mga pagpapahalaga at kakayahan*. Halimbawa, labis ang iyong pagiging maawain sa iyong kapwa, laging bukas ang iyong puso sa pagtulong sa iyong kapwa na nangangailangan. Labis ang kasiyahan na

iyong nararamdaman kapag may nagagawa kang kabutihan sa iyong kapwa. Nakahiligan mo na ang magbigay ng serbisyo para sa ibang tao o kapwa.

Kung gusto mong masiyahan, nagsisilbing gabay ang mga hilig sa pagpili ng mga gawain. Ang taong nasisiyahang gawin ang isang gawain ay nagsisikap na matapos ito at may pagmamalaki sa gawaing maayos na ginawa. Ito ang nagbibigay sa kaniya ng paggalang sa sarili, gayundin nagpapaunlad ng kaniyang tiwala sa sarili.

Isa pa, nakatutulong ang mga hilig, kasama ng aptitud at potensiyal at pangkalahatang karunungan (*general intelligence*), tungo sa iyong mabilis na pagkatuto at pagkakaroon ng mga kasanayan (*skills*). Ang mga hilig ay batayan din ng iyong mga kasanayan, kakayahan at kahusayan (*proficiencies*). Mahalagang malaman mo ang iyong mga hilig dahil palatandaan ang mga ito ng mga uri ng trabaho na magbibigay ng kasiyahan at kaganapan sa iyo bilang tao.

Paano mo ba matutuklasan ang iyong mga hilig? Makatutulong sa iyo ang kasunod na mga hakbang:

1. *Pagnilayan ang iyong mga hilig na libangan (hobby) at paboritong gawain.* Dahil ginagawa nang kusang-loob ang hilig na libangan (hobby), ang mga ito ay pinakamahusay na palatandaan ng mga bagay na iyong minamahal na gawin. Sa pamamagitan ng pagninilay, maaaring matuklasan mo na ang iyong hilig na libangan ay naging bahagi na ng iyong buhay mula pa sa iyong pagkabata.
2. *Siyasatin ang mga gawaing nakapagpapasigla sa iyo.* Ano ba ang mga gawaing nagdudulot sa iyo ng sigla at sigasig? Maaaring kasama rito ang iyong mga hilig na gawain ngunit maaari rin namang mga gawaing iyong ginagampanan sa iyong pang-araw-araw na buhay. Halimbawa, maaaring may mga gawain sa inyong tahanan na mas gusto mong gawin kaysa sa ibang mga tungkulin dahil ramdam mong mas masaya ka habang ginagawa ang mga nasabing gawain.
3. *Suriin ang mga gawaing iyong iniinwasang gawin.* Ang isa pang palatandaan sa pagtuklas ng iyong mga interes o hilig ay maaaring sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa mga gawaing mas pinipili mong gawin kapag nahaharap sa isang bagay na hindi mo nais na gawin. Halimbawa, kakausapin mo ang iyong kapatid na siya na lamang ang magluto at ikaw na lamang ang maghuhugas ng pinggan dahil hindi mo talaga hilig ang magluto at alam mong kulang ka sa kakayahan upang gawin ito.

May dalawang aspekto ng mga hilig: ang larangan ng mga hilig (*areas of interest*) at ang tuon ng atensiyon (Abiva, 1993).

Narito at ating balikan ang sampung *larangan ng hilig*:

1. *Outdoor* – Nasisiyahan sa mga gawaing panlabas (outdoor)
2. *Mechanical* – Nasisiyahan sa paggamit ng mga kagamitan (*tools*)
3. *Computational* – Nasisiyahan na gumawa gamit ang bilang o numero

4. *Scientific* – Nasisiyahan sa pagtuklas ng bagong kaalaman, pagdidisenyo at pag-imbento ng mga bagay o produkto
5. *Persuasive* – Nakahihikayat at nasisiyahan sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao o pakikipagkaibigan
6. *Artistic* – Nagiging malikhain at nasisiyahan sa pagdidisenyo ng mga bagay
7. *Literary* – Nasisiyahan at nagpapahalaga sa pagbabasa at pagsusulat
8. *Musical* – Nasisiyahan sa pakikinig o paglikha ng awit o pagtugtog ng instrumentong musikal
9. *Social service* – Nasisiyahang tumulong sa ibang tao
10. *Clerical* – Nasisiyahan sa paggawa ng mga gawaing pang-opisina

Ang *tuon ng atensiyon* ay ang preperensiya ng uri ng pakikisangkot sa isang gawain. Ito ay maaaring sa tao, datos, at bagay.

1. Tao – May kinalaman sa tao
2. Datos – May kinalaman sa mga katotohanan, *records*, *files*, numero, detalye
3. Bagay – Gamit ang mga kagamitan (*tools*) o makina (*machine*)
4. Ideya – Pag-iisip at pag-oorganisa ng mga ideya

Mahalagang tandaan na ang bawat gawain ay palatandaan o indikasyon ng *maraming* hilig at *may higit* sa isang tuon. Halimbawa, ang paglikha ng awit ay indikasyon ng hilig sa musika (*musical*) at pagsusulat (*literary*). Ito ay may tatlong tuon – tao (pag-awit o pagpaparinig ng nilikhang awit sa kaibigan), datos (paglapat sa mga linya ng awit ng mga pagkatuto sa karanasan) at ideya (paggamit ng estratehiya kung paano mapalalaganap ang mensahe ng awit.)

Kung may mga panahon na kahit pagod ka na, patuloy ka pang gumagawa ng isang bagay kaya't di mo napapansin ang paglipas ng oras, indikasyon ito ng iyong hilig. Mahalaga ang pagtuklas mo sa mga ito, pati ang mga tuon ng atensiyon sa bawat isa dahil palatandaan ito ng uri ng mga gawain, kurso, o trabaho na magbibigay sa iyo ng kasiyahan o kaganapan. Kung malinaw sa iyo ang iyong mga hilig, maiiwasan ang pagkabagot o kabiguan sa pagiging abala. Maiiwasan din ang pagpili ng kurso o trabahong maaaring magbibigay ng malaking suweldo ngunit di naman kawili-wiling pagkaabalahan. Kung alam mo ang iyong mga hilig, makikilala mo ang mga kongkretong paraan kung paano mo pauunlarin ang mga ito.

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? **Makatutulong ang sumusunod na mga tanong na ito upang masukat mo ang iyong pag-unawa sa natapos na babasahin.** Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ilarawan ang mga hilig. Saan nagmula ang mga ito?

2. Bakit mahalaga ang mga hilig?

3. Bakit mahalaga ang pagpapaunlad ng mga hilig?

4. Ipaliwanag ang dalawang aspekto ng mga hilig.


a. _____

b. _____

5. Bakit mahalaga ang pagtuklas sa mga hilig at ang tuon ng mga ito?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Sagutin ang tanong na: Bakit mahalaga ang pagpapaunlad ng mga hilig?
Punan ang graphic organizer sa ibaba.





PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Sa iyong pagbabasa ng teksto sa bahaging **Pagpapalalim**, naunawaan mo ang kahalagahan ng pagpapaunlad ng iyong mga hilig. Nakita mo kung paano makatutulong ang mga ito sa iyo sa pagkamit ng iyong mga mithiin sa iyong buhay. Kung kaya sa bahaging ito ng aralin, inaasahan na matutulungan ka upang mapaunlad ang iyong hilig at magkaroon ng sapat na kahandaan upang isagawa ito. Handa ka na ba?

Pagganap


Punan mo ang kasunod na *Tsart ng Pagpapaunlad ng Aking mga Hilig*. Magandang karanasan ito upang masanay kang magplano para sa iyong sariling pag-unlad. Ikaw lamang ang nakakikilala sa iyong sariling kakayahan kung kaya ikaw rin ang makaaalam kung anong estilo ang angkop sa iyo sa pagsasagawa ng gawaing ito. May inihandang isang halimbawa para sa iyo upang magamit mong gabay.

TSART NG PAGPAPAUNLAD NG AKING MGA HILIG

Mga Hilig	Paano ko Pauunlarin Ito?	Mga Taong Hinihingan ng Tulong/ Suporta o Kokunsultahin	Panahong Ilalaan	Mga Pangarap na Gusto kong Makamit Gamit ang Hilig	Maaaring Balakid	Paano Malalampasan ang mga Ito
Halimbawa: Pagtugtog ng gitara	<ul style="list-style-type: none"> Tutugtog ako sa loob ng isang oras araw-araw Mag-<i>eenrol</i> ako sa isang guitar school 	Mga kaibigan at guro	Isang oras araw-araw	Tuturuan ng pagtugtog ng gitara ang mga kapitbaha y upang mapaunlad ang aming ugnayan at mailapit ko sila sa Diyos.	Baka may ipagawa sa aking gawain sa bahay	Ipangangako ko sa aking magulang na pagbutihin ko ang pag-aaral, para payagan nila ako sa mga hilig ko.
1.						
2.						
3.						
4.						
5.						

Pagninilay

Ano ang pakiramdam mo nang natapos mo ang gawain? May mga bago ka bang natuklasan tungkol sa iyong sarili? Halimbawa, paano makatutulong ang iyong mga hilig sa iyong paghahanda sa susunod na yugto ng buhay? May mga bago ka bang natutuhan o *insights*? May mga karagdagang kaalaman ka ba na nasaliksik o mga tanong tungkol sa hilig? Ang lahat ng sagot sa mga tanong na ito ay isulat mo sa isang journal o talaarawan (*diary*). Mahalagang naisusulat ang iyong mga karanasan upang magamit mong batayan sa pagharap sa iba pang mga hamon na darating sa iyong buhay.



Pagsasabuhay

Ang tunay na saysay ng pag-aaral sa Edukasyon sa Pagpapakatao ay makakamit kung ang mga natutuhan ay mailalapat sa tunay na buhay at maisasagawa nang paulit-ulit hanggang sa maging bahagi na ang mga ito ng iyong buhay. Makabuluhan din kung maibabahagi mo sa iyong kapwa ang iyong mga natutuhan. Kung kaya sa bahaging ito ng aralin, inaasahan na gagawin mo ang sumusunod:

- A. Pumili ka ng isang nagbibinata o nagdadalaga na iyong tutulongan tungo sa pagpapaunlad ng kaniyang mga hilig. Anuman ang iyong maging karanasan sa pagsasagawa ng gawaing ito ay kailangan mong isulat sa isang journal.

- B. Magsagawa ng panayam sa limang nagbibinata o nagdadalaga sa inyong pamayanan tungkol sa kanilang mga hilig. Mahalagang gumawa ka ng ulat tungkol sa resulta ng iyong panayam at ibigay ito sa iyong guro pagkatapos ng aralin. Ilakip din sa ulat ang iyong pagsang-ayon o pagtutol sa mga hilig ng mga kabataang Pilipino sa kasalukuyan.

Maligayang bati sa iyong pagtatapos na mabasa at masagutan ang modyul na ito. Marapat ito para sa iyo dahil naglaan ka ng panahon at pagsisikap upang tapusin ito. Anuman ang kaalaman at kakayahan na nakuha mo mula sa modyul na ito ay magagamit mo sa mga susunod pang modyul. *GOOD LUCK and ENJOY!*

Mga Sanggunian:

- Abiva, T.. *Learning Resource for Career Development*. Abiva Publishing House, Inc. (1993)
- Santamaria, J. *Career Planning Workbook*. Makati: Career System Inc. (2006)
- International Labor Organization. *Guiding Youth Careers: A Handbook for those who Help Young Jobseekers*. (2007).
- Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya. Kagawaran ng Edukasyon. 2010. Gabay sa Pagtuturo sa EP para sa 2010 Kurikulum ng Edukasyon Sekundarya (SEC) Pasig City: Awtor

Mga Larawan (All Retrieved on May 15, 2011)

- http://rizalarchive.blogspot.com/2009_02_01_archive.html
- <http://www.mlahanas.de/Physics/Bios/AlbertEinstein.html>
- <http://www.manilatimes.net/news/topstories/heidi-mendoza-to-rethink-malacanang%E2%80%99s-govt-job-offer/>
- <http://casinonewsauthority.com/manny-pacquiao-betting-boxing-legend-congressman/119990/>
- <http://www.mirror.co.uk/news/top-stories/2009/10/27/>
- <http://www.garden-ideas.co.uk/>
- <http://bestsandiegoautomechanic.com/>
- <http://www.pruner.biz/2010/11/09/carpentry-tools-3/>
- <http://professionalpowersupplyrepair.com/computer-troubleshooting-2/>
- <http://www.dreamstime.com/royalty-free-stock-images-calculate-money-image11809159>
- http://wn.com/Solving_Equations_for_a_Variable
- <http://www.shelter-systems.com/archeology.html>
- <http://www.weblearneng.com/author/admin/page/313>
- <http://www.buzzle.com/articles/botanist-job-description.html>
- <http://www.csudh.edu/ee/meetingandevent.html>
- <http://www.myweddingideas.net/the-wedding-planner-coordinator/>

- <http://www.discussionpartners.com/services.html>
- <http://www.arttherapyblog.com/child-art-therapy/art-therapy-with-children-teens-in-bangkok-thailand/>
- http://blogs.dixcdn.com/shine_a_light/2009/02/03/
- <http://showmehealthbiz.com/category/positive-minds/>
- <http://www.dreamstime.com/royalty-free-stock-photography-band-playing-instruments-image17883807>
- http://www.creativedancestudio.com/images/Girl_Singing.jpg
- <http://stockfresh.com/image/61635/two-classmates-helping-each-other-out>
- http://crazyloia.multiply.com/journal?&page_start=140
- <http://healthyandhappyinlife.com/the-heart-is-healthier-if-often-listen-to-people-sharing/>
- <http://invest-money-stocks.com/finance-tips/budgeting-finance-tips/wait-a-month-before-buying>
- <http://www.istockphoto.com/stock-photo-4557579-things-to-do-list.php>
- <http://www.superstock.co.uk/stock-photos-images/4158R-12307>
- <http://theblizzardtemptation.blogspot.com/2010/06/i-knew-that-im-nut-but-i-dont-pretend.html>
- http://www.worldofstock.com/stock_photos/APA1088.php
- <http://www.shul.co.uk/>
- <http://www.turnbacktogo.com/mother-teresa/>

Annex 1

Sagot sa Paunang Pagtataya

1. b
2. b
3. d
4. c
5. d
6. b
7. c
8. c
9. b
10. b

Sagot sa Pagtuklas ng Dating Kaalaman, Gawain B

1. Pagkukuwenta
2. Pagsisiyasat, pag-iimbento, pagtuklas ng bagong kaalaman
3. Pagpipinta
4. Pag-awit/pagsayaw

Edukasyon sa Pagpapakatao 7 Unang Markahan

Modyul 4: ANG AKING TUNGKULIN BILANG KABATAAN



Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?

Ang bawat tao ay ipinanganak sa mundo upang gampanan ang kanyang misyon sa buhay. Ang misyong ito ay makakamit sa pamamagitan ng pagtupad ng iba't ibang tungkulin. Wika nga ng marami, tayo ay nasa mundo upang gumanap ng ating mga misyon. Hindi lang natin kailangang isagawa o isakatuparan ang mga ito, mahalaga ring maglaan ng panahon upang unti-unting tuklasin ang mga ito. Patunay lamang ito na namumuhay tayo sa mundo hindi para sa ating sarili lamang, kailangan nating maglingkod sa ating kapwa. At sa ating pakikipag-ugnayan sa ating kapwa, mahalaga ang matapat na pagtupad sa ating mga tungkulin.

Ano nga ba ang iyong mga tungkulin? Kanino ka nga ba may tungkulin? Sa pamamagitan ng araling ito ay malilinin mo ang mga kasagutan sa mga tanong na ito.

Ang kailangan ay ang iyong kahandaan na simulan ang isa na namang makabuluhang aralin. Handa ka na ba?

Sa modyul na ito, inaasahang malilininang sa iyo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- a. Natutukoy ang mga tungkulin sa bawat gampanin bilang nagdadalaga / nagbibinata
- b. Natataya ang mga kilos tungo sa maayos na pagtupad ng sariling mga tungkulin bilang nagdadalaga / nagbibinata
- c. Napatutunayan na ang pag-unawa ng kabataan sa kanyang mga tungkulin sa sarili, bilang anak o kapatid, mag-aaral, mamamayan, mananampalataya, kostumer ng media at bilang tagapangalaga ng kalikasan, ay isang paraan upang maging mapanagutan bilang paghahanda sa susunod na yugto ng buhay.
- d. Naisasagawa ang mga kilos tungo sa maayos na pagtupad ng kanyang mga tungkulin bilang nagdadalaga / nagbibinata

Narito ang mga pamantayan ng pagtataya ng output mo sa letrang b :

- a. Malinaw ang mga tinukoy na kilos tungo sa maayos na pagtupad ng mga tungkulin bilang nagdadalaga/nagbibinata
- b. May limang paraan ng maayos na pagtupad ng mga tungkulin sa bawat gampanin
- c. Angkop ang bawat paraan ng pagtupad ng mga tungkulin sa bawat gampanin
- d. Makatotohanan ang mga paraan ng pagtupad ng tungkulin



Paunang Pagtataya

Basahin at unawain ang mga tanong sa bawat bilang. Isulat ang letra ng pinakaangkop na sagot sa kuwaderno.

1. Ang sumusunod ay mga pangunahing tungkulin ng isang nagdadalaga/nagbibinata sa kanyang sarili maliban sa:
 - a. Makabuluhang Paggamit ng mga Hilig
 - b. Paghahanda para sa pagbuo ng makabuluhang relasyon sa hinaharap
 - c. Pagpapaunlad ng Talento at Kakayahan at Wastong Paggamit ng mga ito
 - d. Pagharap at Wastong Pamamahala sa mga Pagbabago sa Yugto ng Pagdadalaga/Pagbibinata
2. "Walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang. Walang sinuman ang namamatay, para sa sarili lamang". Ano ang pinakaangkop na pakahulugan sa katagang ito?
 - a. Ang lahat ng tao ay may pananagutan sa kanyang sarili at sa kanyang kapwa.
 - b. Ang tao ay nabubuhay hindi para sa kanyang sarili kundi para sa kanyang kapwa.
 - c. Mabubuhay nang matiwasay ang isang tao kung ipauubaya ng tao ang kanyang sarili para sa kanyang kapwa.
 - d. Hanggang sa huling yugto ng buhay ng tao, mahalagang suriin ang kanyang sarili sa kanyang kakayahang makipagkapwa.
3. Bakit mahalagang tuparin ang tungkulin sa pamayanan?
 - a. May gampanin ang lahat sa kapwa na bahagi ng lipunan.
 - b. Makatutulong ito upang maramdaman na ikaw ay kabahagi ng lipunan.
 - c. Magiging ganap lamang ang lipunan kung makikibahagi lahat ng tao sa lahat ng pagkakataon.
 - d. Mahuhubog ang kakayahan ng tao sa pamumuno kung maglilingkod siya sa pamayanan.
4. Si Jamir ay madalas na nakikipagtalo sa kanyang kapatid. Para silang *aso't pusa* sa dalas ng kanilang pag-aaway. Madalas na sumasama ang loob ng kanilang ina dahil sa kanilang hindi magandang pagpapalitan ng mga salita. Ano ang makatwirang magagawa ni Jamir?
 - a. Umiwas sa kanyang kapatid upang hindi na sila magtalo.
 - b. Hanapin ang dahilan ng kanilang hindi pagkakasundo at kausapin ang kapatid upang iwasan na itong gawin.
 - c. Pag-aralang pakitunguhan ang kanyang kapatid katulad ng pakikitungo niya sa ibang kakilala at mga kaibigan.
 - d. Maging handa na ipakita ang pagmamahal sa kapatid sa panahong kapwa na sila handa na kalimutan ang mga nakaraang pagtatalo.

5. Ano ang magiging kahihinatnan ng pagiging matapat sa pagtupad sa tungkulin bilang nagdadalaga/nagbibinata?
 - a. Matitiyak ang kaganapan ng pagkatao.
 - b. Tataglayin ang kakayahang harapin ang susunod na yugto ng buhay.
 - c. Matitiyak ang tagumpay sa pagharap sa hamon ng pagiging isang dalaga/binata.
 - d. Magkakaroon ng mga kakayahang kailangan upang maging isang magandang halimbawa sa kapwa kabataan.
6. Wika ng isang manunulat sa pilosopiya, "Ang isang taong tumatalikod sa pananagutan ay maaaring maihalintulad sa isang taong naglalakad ng walang ulo." Ano ang ipinahihiwatig ng pangungusap na ito?
 - a. Ang hindi tumutupad nang matapat sa kanyang mga tungkulin ay walang maaaring maipagmalaki kaninuman.
 - b. Ang kahihyan na dulot ng di pagtupad sa mga tungkulin ay nakababawas sa dignidad ng tao.
 - c. Tinatanggal ng kawalan ng pananagutan ang paggalang ng lahat ng tao sa pagkatao ng tao.
 - d. Maaaring mahusgahan ng kapwa ang taong hindi marunong tumupad sa kanyang mga tungkulin.
7. Ano ng pinakamakabuluhang layunin ng pagiging isang mag-aaral?
 - a. Pataasin ang marka
 - b. Pagyamanin ang kakayahang mag-isip
 - c. Matutuhang lutasin ang sariling mga suliranin
 - d. Pagkakaroon ng masidhing pagnanais na matuto
8. Bakit mahalagang tuparin ng tao ang kanyang tungkulin sa kalikasan?
 - a. Makikinabang nang lubos ang mga henerasyong darating
 - b. Mapangangalagaan ang kalikasan para patuloy na matugunan ang pangangailangan ng lahat ng tao
 - c. Maiiwasan ang patuloy na pagkasira ng kalikasan at ang paulit-ulit na mga kalamidad
 - d. Lahat ng nabanggit
9. Ano ang pinakamataas na tungkulin ng isang anak sa kanyang mga magulang?
 - a. Sila ay igo, mahalina at pagkatiwalaan
 - b. Ibigay sa kanila ang nararapat na katumbas ng lahat ng tulong na kanilang naibigay.
 - c. Ang ila ang kanyang hinaharap para sa walang pagdaramot na pagtulong sa pamilya
 - d. Ang magsilbing isang magandang halimbawa sa kanyang mga kapatid
10. Mula nang nagdalaga si Jasmin ay palagi na silang nagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan ng kanyang ina. Madalas na sumasama ang kanyang loob sa tuwing siya ay napagsasabihan at napagbabawalan sa mga bagay na

alam niyang hindi na nararapat na pakialaman ng kanyang ina. Ano ang pinakamakatuwirang magagawa ni Jasmin?

- Kausapin ang kanyang ama upang sabihin sa kanyang ina ang kanyang saloobin.
- Gumawa ng paraan upang mabuksan ang maayos na komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa kanyang ina.
- Ibahagi na lamang sa kanyang mga kaibigan ang kanyang sama ng loob at matapos ito ay kalimutan na ang sama ng loob.
- Palaging isaisip na bilang anak kailangan niyang sumunod sa kanyang magulang sa lahat ng pagkakataon dahil sila ang nakatatanda



Pagtuklas ng Dating Kaalaman

Gawain 1

Panuto: Sa bawat aytem, lagyan ng tsek (✓) ang kolum kung nagagawa mo ang isinasaad sa bawat tungkulin at ekis (✗) ang katabing kolum kung hindi. Maging tapat sa mga sagot upang tunay na mataya ang kakayahan sa pagtupad ng mga tungkulin.

Mga Tungkulin	Nagagawa Ko	Hindi Ko Nagagawa
1. Pagliligpit ng higaan pagkagising		
2. Pagpapaalam sa magulang o kasambahay sa pupuntahang mga lakad		
3. Pag-iwas na makasagutan ang kapatid		
4. Pagsasauli ng hiniram na gamit sa paaralan (hal. aklat)		
5. Pagtatapon ng basura sa tamang lugar		
6. Pagsisimba tuwing araw ng Linggo o araw ng pagsamba		
7. Pag-iisip bago sumabay sa uso		
8. Maging pinuno sa mga kaibigan na magkaroon ng programa para sa kalikasan		
9. Pagtulog nang maaga		
10. Pagsunod sa payo ng mga magulang		
11. Pagpaparaya sa kapatid kung kinakailangan		
12. Pagpasok sa paaralan sa takdang oras		
13. Paglilinis ng sariling bakuran o ng		

Mga Tungkulin	Nagagawa Ko	Hindi Ko Nagagawa
bahay		
14. Pagsunod sa utos at aral ng Diyos		
15. Pinag-iisipan muna ang bibilhing produkto		
16. Pagbabahagi ng kaalamang natutuhan mula sa paaralan tungkol sa kalikasan		
17. Pag-uwi nang tama sa oras		
18. Pagtulong sa mga gawaing-bahay		
19. Pakikinig sa payo ng nakatatandang kapatid		
20. Pagpasok sa paaralan araw-araw		
21. Pakikilahok sa programa ng barangay		
22. Pagtulong sa kapwang nangangailangan		
23. Paggamit ng mga teknolohiya (hal. <i>internet</i>) nang may disiplina		
24. Paggamit muli (reuse) ng mga <i>plastic bag</i>		
25. Pagtanggap sa sariling kahinaan		
26. Pagsagot nang may paggalang sa mga nakatatanda (hal. magulang) kapag tinatanong		
27. Pagpapaalam sa kapatid bago gamitin ang kanilang gamit		
28. Pagpapasa ng mga proyekto sa takdang araw		
29. Paghihiwa-hiwalay ng basura sa tahanan		
30. Pag-iwas sa pagmumura at pagsasalita ng malalaswang mga salita		
31. Pagtingin hindi sa tatak (<i>brand</i>) ng isang produkto kundi sa kalidad nito		
32. Pagtitipid sa paggamit ng kuryente		
33. Pagiging malinis sa katawan		
34. Pagkonsulta sa mga magulang bago magsagawa ng pagpapasya at kilos		
35. Pagpapalawak ng pasensiya sa pagkukulang ng mga kapatid		

Mga Tungkulin	Nagagawa Ko	Hindi Ko Nagagawa
36. Pakikilahok sa talakayan		
37. Paglilinis ng mga kanal sa gilid ng bahay		
38. Pag-iwas na makapanakit ng kapwa		
39. Pag-iwas sa pagtangkilik sa mga pekeng produkto tulad ng <i>cd tape</i> , sapatos, atbp.		
40. Paqkikiisa sa kampanya para sa isang proyekto na kasama ang iyong pamilya		

Bilangin at tingnan ang iyong nakuhang iskor at alamin kung nasa anong antas ka sa pagtupad ng iyong mga tungkulin:

<u>Iskor</u>	<u>Antas ng Pagtupad ng Tungkulin</u>
30-40	Napakahusay ng pagtupad ng mga tungkulin
20-29	Mahusay ang pagtupad ng mga tungkulin
10-19	Hindi Mahusay ang pagtupad ng mga tungkulin
0-9	Kailangang matutuhan ang mga paraan ng pagtupad ng mga tungkulin

Kumusta? Naging masaya ka ba sa sagot mo sa tseklist? Tingnan mong muli ang resulta ng iyong sagot at sagutin ang mga inihandang tanong sa ibaba.


1. Naging madali ba ang iyong pagsagot sa tseklist? Bakit? Bakit hindi?
2. Sa kabuuan, ano ang iyong naging pagtataya sa iyong kakayahan sa pagtupad sa iyong mga tungkulin bilang nagdadalaga/nagbibinata?
3. Ano ang mahalagang aral na iyong nakuha mula sa gawain?

Gawain 2

Ngayon naman, pansinin ang usapan sa kasunod na mga sitwasyon. Isulat sa iyong kuwaderno ang iyong sagot sa sinabi ng tauhan kung ikaw ang nasa kanilang katayuan. Maging tapat sa isusulat na sagot.

1

Anak, matulog nang maaga dahil may pasok pa kayo bukas.



2


Anak, sumama ka sa amin sa pagsamba sa Linggo ng umaga. Mahalagang magpasalamat tayo sa Diyos sa mga biyayang tinaggap natin.



3



Inaasahan ko Noel na maibibigay mo sa akin ang iyong proyekto sa itinakdang araw ng pasahan.



Maaasahan ko ba uli ang inyong pakikiisa sa ating proyektong pampaaralan sa darating na Sabado bilang ating *community service*?


4



Bakit mo ako isinumbong kay Tatay?

Tama lang iyon dahil isinumbong mo rin ako dati!


5



May bago na namang kalamidad sa bansa. Malala na talaga ang suliranin sa kalikasan.

OO nga, ano kaya ang magagawa ng ating pamilya para hindi na lumala ang problema sa kalikasan?

6



Maaari kong pagkakitaan ang aking kakayahan sa pagluluto sa hinaharap kung

7



Napanood mo ba ang bagong patalastas ng alak ngayon?

Nakababahala na ang ganoong klase ng patalastas ay napanood ng lahat maging ng mga bata. Ano kaya ang puwede nating gawin?

8


Kumusta ang iyong mga sagot sa bawat sitwasyon? Subukin namang sagutin ang mga kasunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

1. Naharap ka na ba sa mga sitwasyong nabanggit?
 - a. Kung Oo, naging madali ba ang paninindigan mo na maisakatuparan ang iyong tungkulin?
 - b. Kung hindi pa, ano ang maitutulong sa iyo ng pagganap sa mga tungkulin bilang isang kabataan? Ipaliwanag.
2. Ano ang magiging epekto sa iyong sarili kung hindi mo tutuparin ang iba't ibang tungkulin? Ipaliwanag.
3. Paano mapauunlad ng mga tungkuling ito ang iyong sarili bilang nagdadalaga/ nagbibinata?
4. Bakit nararapat na gawing positibo ang pagtingin sa mga tungkulin?
5. Ano-ano ang kinakailangan mong pagpapahalaga na makatutulong sa iyo upang magampanan nang mapanagutan ang iyong mga tungkulin bilang nagdadalaga/nagbibinata?



PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Sa pagharap mo sa malaking gampanin sa buhay, napaliligiran ka ng mga taong may kaugnayan sa iyo bilang nagdadalaga o nagbibinata. Bilang tugon sa hamong ito, ikaw ngayon ay makikipag-ugnayan sa kanila sa pamamagitan ng pag-alam tungkol sa kanilang inaasahan sa iyo bilang nagdadalaga o nagbibinata.



Kapanayamin ang mga taong nakatala sa *graphic organizer* sa itaas. Pumili ka ng isang tao sa mga kahon na magbibigay ng malinaw na sagot tungkol sa mga tungkuling inaasahan sa iyo bilang nagdadalaga/nagbibinata. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno gamit ang katulad na pormat sa itaas.

Sagutin:

1. Ano ang iyong kongklusyon sa kinalabasan ng sarbey?
2. Ano ang iyong damdamin sa mga nakasulat na inaasahang tungkulin? Ipaliwanag.
3. Ano-anong mga paghahanda ang dapat mong gawin upang magampanan mo ang mga inaasahang tungkulin bilang nagdadalaga o nagbibinata?



PAGPAPALALIM

MGA TUNGKULIN BILANG NAGDADALAGA O NAGBIBINATA

Sa bawat araw na dumaraan, nahaharap ka sa iba't ibang gawain na dapat mong tuparin. Napakaraming takdang kailangang gawin sa paaralan. Napakaraming gawain sa sariling tahanan. May mga obligasyon ka sa iyong sambahan at pamayanan. Naghahanap ng panahon at atensiyon ang iyong mga kaibigan. Marahil sa mga pagkakataong ikaw ay nakararamdam na ng pagod, tinatanong mo na ang iyong sarili kung paano mo hahatiin ang iyong katawan. Ngunit sabi ng isang linya ng awitin, "Ganyan talaga ang buhay..."

Nasubukan mo na bang ihalintulad ang iyong sarili sa isang batang nagtitinda ng sampaguita sa simbahan pagkatapos niyang pumasok sa paaralan? Nasubukan mo na bang kausapin ang isang tinedyer na nagbubuhay ng mabibigat na sako ng gulay sa Divisoria sa gabi? Nailagay mo na ba ang iyong sarili sa katayuan ng isang tinedyer na nasa lansangan; dala-dala ang sanggol na kapatid at kumakatok sa mga bintana ng sasakyan upang manghingi ng pera o pagkain? Mas mahirap hindi ba? Pero hindi nagrereklamo ang karamihan sa kanila at tinatanggap ang mga ito bilang kanilang obligasyon sa kanilang pamilya.

Maraming tao ang nagsasabi sa iyo na hindi ka na bata. Habang nadaragdagan ang iyong edad ay nadaragdagan din ang iyong mga tungkulin. Mulat ka na ba sa iba't iba mong tungkulin? Hayaan mong tulungan ka ng babasahing ito.

1. **Ang Tungkulin sa Sarili.** Ang tungkulin ay laging dapat nagsisimula sa sarili. Mahirap isalin sa ibang tao ang responsibilidad kung hindi ito nasimulang ilapat sa sarili. Bilang isang tinedyer, may mga bagay na dapat mong bigyang-pansin upang masabi mong tunay mong natupad ang iyong tungkulin sa iyong sarili.
 - a. *Pagharap at Wastong Pamamahala sa mga Pagbabago sa Yugto ng Pagdadalaga/Pagbibinata.* Sa yugto ng pagdadalaga/pagbibinata, nahaharap ang isang tinedyer sa iba't ibang pagbabago. Napag-aralan sa nagdaang aralin ang mga ito. Huwag mong hayaang bumaba ang iyong tiwala sa sarili. Sa halip gamitin mo itong pagkakataon upang mas mapagyaman ang iyong sarili. Kailangang magsimula ka nang tama. Dito nakasalalay ang tagumpay ng pagharap sa mga susunod pang yugto ng iyong buhay. Ito rin ang makatutulong upang maging maligaya ka sa iyong pamumuhay.
 - b. *Pagpapaunlad ng Talento at Kakayahan at Wastong Paggamit ng mga ito.* Isa kang obra ng Diyos. Biniyayaan ka ng talento at kakayahan na maaari mong gamitin at paunlarin. Kung hindi ito gagamitin at pauunlarin, hindi lamang ikaw kundi maging ang lipunan ang nawalan ng pagkakataon na makinabang. Mawawala ang posibilidad na maibahagi ang kakayahan na maaari sanang magkaroon ng mahalagang gamit para

sa lahat. Katulad na lamang ng isang aklat na hindi nabigyang-katuparang maisulat. Maging mga imbensyong maaari sanang makapagpaginhawa sa buhay ng tao ngunit hindi nabigyang-buhay. Makiisa ka sa iyong pamilya at sa paaralan sa pagpapaunlad ng iyong talento at kakayahan. Isa ito sa mahahalagang bahagi sa pagbuo ng iyong sarili at sa iyong pag-unawa sa dahilan ng iyong pagkalalang.

- c. *Makabuluhang Paggamit ng mga Hilig*. May kasabihan sa Ingles na, "Do what you love and you will love what you do". Ngunit hindi sapat na ginagawa mo ang gusto mo, kailangan mong masiguro na ginagawa mo ito nang makabuluhan. Napakaraming tinedyer na mahusay sa paggamit ng kompyuter. Pero sa iyong palagay, tama bang ubusin nila ang kanilang panahon sa harap ng kompiyuter at naglalaro sa halip na nag-aaral? Bakit hindi mo na lamang pagyamanin ang mga hilig mo at gamitin upang maihanda ang iyong sarili sa isang kursong gusto mo sa kolehiyo? O di kaya naman ay tumulong ka sa paaralan upang magturo sa mga kapwa mo mag-aaral na hindi marunong gumamit ng kompiyuter? Makikita mo na hindi mabibili ng pera ang makukuha mong kapalit mula dito. Napagyaman mo pa ang iyong hilig.
2. ***Ang Tungkulin Bilang Anak***. Hindi ka na nga bata. Pero hindi nangangahulugan ito na maaari mo nang ihiwalay ang iyong sarili sa iyong pamilya. Nananatiling ang iyong pamilya ang may pinakamalaking impluwensiya sa iyong buhay. Mayroon ka ng sapat na edad upang makibahagi sa iyong pamilya at sa tahanan.

Ang lahat ay nagsisimula sa maliit. Huwag mong pilitin ang iyong sariling gawin ang isang bagay na hindi mo pa naman talaga kaya. Hindi mo pa kayang magtrabaho upang kumita at makatulong sa kanila. Mas mahalaga sa kanila na mag-aral ka upang makatapos. Pero makatutulong ka pa rin sa pamamagitan ng pagiging maingat sa paggastos. Ang kaunting baon na iyong matitipid sa araw-araw ay magiging malaki kapag naipon sa buong linggo o maaaring buong buwan. Maaaring hindi mo kayang linisin ang buong bahay ngunit maaari mong panatilihin malinis at maayos ang iyong sariling silid. Katanggap-tanggap naman na hindi pa maaring ipaubaya sa iyo ang pagpapasya sa loob ng tahanan. Ngunit maaari mong ibahagi ang iyong pananaw at saloobin, pakinggan ang saloobin ng iba upang kolektibong makabuo ng pasya.

Mahalaga rin na maunawaan mo ang halaga ng pagbuo ng isang magandang ugnayan sa iyong mga magulang. Ito ang yugto ng pagkakaroon ng madalas na hindi pagkakaunawaan mo at ng iyong magulang. Lagi mong tandaan na naging tinedyer din sila minsan. Pinagdaanan nila ang iyong mga pinagdaraan. Ngayon iba na ang kanilang pananaw bilang mga magulang. Pinagyaman na sila ng kanilang mga karanasan. Sila ang may pinakamalawak na pang-unawa para sa iyo. Kung marami man silang sinasabi o hinihingi, ito ay dahil iniisip nila ang magiging kapakanan mo. Wala silang ibang hangad kundi ang gawin kang handa sa pagkakataon na ikaw naman ang magiging

tagapagtaguyod ng pamilya at haharap sa hamon ng buhay sa mundo ng matatanda. Tungkulin mong sila ay mahalín, igalang at pagkatiwalaan.

Ngunit kung may mga pagkakataon na iba sa inaasahan ang nakikita sa magulang, mahalagang pag-isipan nang husto kung ano ang nararapat na gawin.

3. **Ang Tungkulin Bilang Kapatid.** Sa bahay para kayong "aso't pusa". Ito ang laging sinasabi ng iyong mga magulang kapag lagi kayong nag-aaway ng iyong mga kapatid. Pero ang kapatid na lagi mong kaaway sa bahay, handa mong ipaglaban kapag inaapi ng ibang tao. Hindi naman siguro matatawag na normal ngunit mas malaking bahagdan ng magkakapatid sa tahanan ay dumaraan sa yugto ng madalas na pagtatalo at pag-aaway. Natural lamang na may mga mabubuon hindi magagandang damdamin sa pagitan ninyong magkakapatid. Ang kailangan lamang ay huwag itong hayaang magtagal at maipon hanggang sa lumaki. Ang selos dahil sa pakiramdam na mas paborito ng iyong ina ang iyong kuya ay hindi dapat humantong sa pagkainggit mo sa kanya. Maaaring maging galit ito kung iyong pababayaán. Mahirap kung magiging malayo ang loob ninyo sa isa't isa. Pagsikapan mong i-enjoy ang panahon na kasama sila. Ang mabuting pakikitungo sa iyong mga kapatid ay makatutulong upang matuto kang makitungo nang maayos sa iyong kapwa.

4. **Ang Tungkulin Bilang Mag-aaral.** Ikaw ngayon ay nasa *high school* na. Nasa higit na malaking "mundo". Mas marami ka nang gawaing nararapat gawin at marami kang natutuhan sa mga bagay na iyong ginagawa. Sa bawat gawain na iyong natatapos, karagdagan karanasan at aral na iyong maiipon. Mas nadadagdag ang kabuluhan ng iyong buhay.

Gaano mo pinahahalagahan ang pag-aaral? Maaari mo itong malaman sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na tanong.

 - a. Gaano kalaking panahon at pagsisikap ang inilalaan ko sa pag-aaral?
 - b. Paano ko gagamitin ang aking mga talento at kakayahan sa pag-aaral?
 - c. Paano ko magagamit ang lahat ng aking kakayanan?
 - d. Anong gawain sa paaralan ang kinawiwilihan kong salihan?
 - e. Paano ko susuportahan ang "Student Government"?
 - f. Sa paanong paraan ko kaya mabibigyan ng karangalan ang aking paaralan?
 - g. Ano ang aking inaasahan ngayong *high school*?

Ang iyong sagot sa mga tanong na ito ang magsasabi sa iyo kung gaano kalayo ang iyong mararating sa iyong pag-aaral. Kung gaano karami ang maaari mong makuha dahil dito. Mas malayo ang iyong mararating, mas mahusay. Mas maraming magandang bunga, mas mabuti. Ang *high school* ang pinakadinamikong yugto sa iyong buhay. Dito mo masusubok ang iyong mga kakayahan. Dito nakadepende kung ano ang mararating mo sa

hinaharap. Tumingin ka sa malayong hinaharap pero gawin mo ang lahat ng iyong makakaya ngayon. Gamiting gabay ang sumusunod:

- a. *Mag-aral nang mabuti.* Ang pagbuo ng mga magandang gawi sa pag-aaral ang makatutulong upang mas mahasa mo ang iyong kakayahan at mailabas mo ang iyong mga potensiyal. Hindi lamang ito para sa iyong sarili, kundi maging para sa paaralan.
 - b. *Magkaroon ng masidhing pagnanais na matuto.* Nag-aaral ka upang matuto. Sabi nga nila hindi ka nasa paaralan para lamang sa baon araw-araw. Ang iyong masidhing pagnanais na matuto ang tutulong sa iyong isip upang gumana nang maayos. Walang mahirap sa isang taong nagpupursigi at may dedikasyon.
 - c. *Pataasin ang mga marka.* Hindi natin maikakaila ang halaga ng pagkakaroon ng mataas na marka. Ito ay maaari mong magamit upang makapasok sa magandang paaralan kapag ikaw ay pumasok sa kolehiyo. Ngunit dapat mong tandaan na ang mataas na marka ay pangalawa lamang, ang tunay mong layunin sa pag-aaral ay upang matuto at makaalam.
 - d. *Gamitin ang kakayahan sa komunikasyon nang buong husay.* Mahalaga ito sa proseso ng iyong pagsisikap na matuto. Gamitin nang mahusay ang kakayahan sa pakikinig, sa pagbabasa, sa pagsusulat at sa pagsasalita. Mahalagang kahiligan ang pagbabasa upang malinang ang kakayahang mag-isip, magtanong, magmasid at magnilay.
 - e. *Pagyamanin ang kakayahan sa pag-iisip.* Binigyan ka ng sariling pag-iisip kung kaya hindi mo dapat hinahayaan na iba ang nag-iisip para sa iyo. Wala nang iba pang makapagpapalakas sa isip kundi ang palagi itong gamitin. Gamitin ito upang hanapin ang katotohanan, sa pakikinig at pagtimbang sa opinyon ng iba at sa pagiging kritikal sa mga inihaing ideya.
 - f. *Matutong lutasin ang sariling mga suliranin.* Mas marami kang kakaharaping suliranin sa yugtong ito. Kadalasan ito ay suliranin sa iyong pakikipag-ugnayan. At sa mga pagkakataong ito, bumubuo ka ng mga pagpapasya. Siguraduhing pipiliin mo lamang ang kabutihan.
 - g. *Makilahok sa mga gawain sa paaralan.* Hindi lang sa harap ng libro umiikot ang mundo sa loob ng paaralan. Enjoy. Makihalubilo ka sa iba pang mga mag-aaral. Lumahok ka sa mga pangkatang gawain para matutuhan mo ang mamuno at sumunod. Ito ang isa sa mga kasanayang kakailanganin mo sa iyong buong buhay.
5. **Ang Tungkulin sa Aking Pamayanan.** Ang isang kasapi ng pamayanan ay malugod na tumutugon sa kanyang mga tungkulin para sa kapakanan nito. Bilang nagdadalaga/nagbibinata may tungkulin ka na:
- a. Pangalagaan ang maayos at malinis na pamahalaan;

- b. Makibahagi sa gawain ng pamayanan kasama ng iba pang miyembro nito;
- c. Magkaroon ng pagkukusang maglingkod sa pamayanan;
- d. Maging mulat sa pangangailangan at suliranin ng ibang tao sa pamayanan upang maiparating sa mga pinuno ng pamayanan;
- e. Maging tapat sa kinabibilangang pamayanan;
- f. Makibahagi sa mga pagpupulong sa pamayanan kung kinakailangan;
- g. Sumasali sa mga samahang pangkabataan, kung saan ilalaan ang sarili bilang maging mabuting tagasunod kung hindi man maging mabuting pinuno at;
- h. Makibahagi sa kampanya upang tulungan ang pamahalaan, paaralan at samahan sa kanilang mga proyekto.

Sa mga sumusunod na paraan ng pakikilahok, nararamdaman mong hindi ka malayo sa mga tao sa iyong pamayanan. Kung minsan, may mga pagkakataon na hindi mo kilala ang iyong mga kapitbahay; na hindi mo kilala ang namumuno sa inyong pamayanan. Sa pamamagitan ng pagtugon sa mga tungkuling ito, mararamdaman mong ikaw ay kabahagi. At makatutulong ito upang mas mapaangat mo ang iyong halaga bilang tao.

6. **Ang Tungkulin Bilang Mananampalataya.** Paano mo ba ginagamit ang lahat ng iyong oras sa buong maghapon? Sa anong mga gawain mas nauubos ang iyong oras? May kabuluhan ba ang mga ito? Kasama ba ang pagsasabuhay ng iyong pananampalataya sa iyong gawain sa araw-araw? Alam mo naman na hindi naman hinihingi ang lahat ng iyong oras para rito. Ang simpleng pag-aalay ng panalangin araw-araw ay napakalaking bagay na para masabing isa kang tunay na mananampalataya.

”Prayer can move mountains”. Ngunit dapat mong isaisip na hindi ang ating panalangin ang nakapagpapagalaw kundi ang Diyos. Ang panalangin ay paraan ng papuri sa Diyos. Ito ay paraan ng pakikipag-usap sa Kanya mula sa puso. Kadalasan, ang intensiyon ng tao sa panalangin ay ang humingi ng mga bagay na ating nais o pangyayaring gusto nating maganap. Minsan naman ay upang ihingi ng tawad ang ating mga pagkakamali dahil gusto nating muling mapalapit sa Kanya. Ang panalangin ay para sa papuri, pasasalamat at pinakamahalaga ay ang pag-aalay sa Kanya ng lahat ng ating mga gawain. Malalaman mo na lahat ng bagay na nasimulan sa panalangin ay magaganap na puno ng tiwala at kahusayan. Ito ay dahil nasa ilalim ng paggabay ng Diyos ang gawaing inialay sa Kanya.

7. **Ang Tungkulin Bilang Konsiyumer ng Media.** Maraming uso at maraming makabago sa modernong panahon ngayon. Nakokondisyon ang iyong isip na ang mga ito ay kailangan dahil sa husay ng presentasyon nito ng media. Labis nang nakaaalam (Informed) ang mga tinedyer. Wala na talaga sigurong

maitatago pa. Ito ay dahil kahit pa ang mga liblib na pook ngayon ay naaabot na ng teknolohiya. Sa dami ng mga inihahain sa iyo, minsan hindi mo na alam kung ano ang iyong tatanggapin at paniniwalaan. Narito ang panganib. Naranasan mo na bang umupo sa harap ng kompiyuter upang maglaro na minsan ay tumatagal ng 3 – 5 oras? Ang makalimutang gumawa ng takdang-aralin dahil sa panonood ng telebisyon? Ang mapakapanood ng marahas na mga palabas at mga tukso na mahirap na iwasan? Lalo na kung hindi mo gagamitin ang mapanuring pag-iisip (critical thinking). Ito ay nagtuturo sa iyo kung paano mag-isip at hindi kung ano ang iisipin. Ito ay patuloy na proseso na madalas na nagsisimula sa isang tanong. Ito ay ang kakayahan natin na pag-aralan ang mga bagay at ang magiging bunga bago magpasya o pumili. Hindi lahat na nakikita sa media ay totoo. Kaya mo bang gamitin ito nang may pananagutan?

8. **Ang Tungkulin sa Kalikasan.** Naranasan na natin ang baha na pumatay ng maraming tao at sumira ng maraming ari-arian. Mulat ka na hindi sana mangyayari ang lahat ng ito kung napangalagaan lang natin ang kalikasan. Malakas na ang panaghoy ng Inang Kalikasan. Ang kailangan natin ay tumugon bago pa maging huli ang lahat. May magagawa ang bawat isa sa atin. Maaari mong gawin ang sumusunod:
- a. Mahalagang ibahagi sa mga kasama sa tahanan ang mga kaalaman na natutuhan sa paaralan. Hikayatin ang bawat kasapi ng pamilya na makibahagi sa pagtulong para iligtas ang kalikasan sa tuluyan nitong pagkasira. Halimbawa, kumbinsihin sila na magtipid sa koryente. Patayin ang kompyuter, telebisyon at ilaw kung hindi naman ginagamit. Ipakumpuni ang mga sirang gripo upang hindi maaksaya ang tubig na tumutulo mula rito. Gumamit lamang ng *electric fan* o *aircon* kung talagang kinakailangan.
 - b. Mahalagang ilapat sa buhay ang anumang natutuhan sa paaralan lalo na sa siyensiya. Mas palawakin pa ang kaalaman ukol sa pagbabago ng klima (climate change), sa epekto nito at mga solusyon sa lumalalang suliranin na bunga nito. Mamuno sa paghikayat sa buong klase upang magkaroon ng programa para sa kalikasan. Makatutulong din kung lalahok sa mga organisasyong may mga programang pangkalikasan.
 - c. Tumulong upang mabawasan ang polusyon sa hangin, sa lupa at sa tubig. Makibahagi sa proyektong pampamayanan o kaya naman ay bumuo ng samahan ng mga kabataan na tutulong upang mabawasan ang suliranin sa maraming hangin at paligid. Kung ang bawat isang kabataan sa isang pamayanan ay magkakaroon ng panahon upang kumilos para sa pangangalaga ng kalikasan, nakasisiguro sa positibong resulta nito. Manguna sa kampanya para sa isang proyekto na kasali hindi lamang mga kabataan kundi maging lahat ng kasapi ng bawat tahanan.

- d. Kausapin ang mga kaibigan upang makiisa sa gawaing pangkalikasan. Mas makabubuti kung sa ganitong paraan uubusin ang panahon kasama ang mga kaibigan. Makatutulong na ito upang lalong mapatibay ang pagsasamahan, magdudulot pa ito ng kabutihan para sa kalikasan. Hikayatin din ang lahat ng mga kaibigan na simulan din ang pagsasagawa ng mga proyektong ito sa kanilang sariling tahanan.
- e. Karamihan sa mga mahahalagang kaalaman ukol sa kalikasan ay napupulot ng mga mag-aaral hindi sa paaralan kundi sa media. Ang media ang isa sa pinakamapakapangyarihang maaaring maging katuwang ng paaralan sa pagtuturo sa mga kabataan. Ngunit hindi natin maikakaila na may ilang ang interes ay mas nakakiling sa konsyumerismo at nakakaligtaan ang pananagutan para sa mga kabataang konsiyumer. Bilang isang tinedyer kailangang maging matalino sa pagtanggap ng mga impormasyong dulot ng media. Kinakailangan ng kakayahan upang magsala ng mga impormasyong tatanggapin at paghihiwalay nito sa mga impormasyong hindi nararapat na tanggapin at tangkilikin.

Malakas na ang panaghoy ng kalikasan, lumalala na ang kanyang sakit at tao lamang na siyang pinagkatiwalaan ng Diyos ang makatutulong upang magamot ang karamdamang ito. Bilang kabataan mayroon kang espesyal na bahaging maaaring magampanan para sa suliraning ito. Kailangan nang kumilos, ngayon na. . . bago pa maging huli ang lahat. Magsimula sa iyong sarili at nakasisigurong susunod dito ang buong mundo.

”Walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang. Walang sinuman ang namamatay, para sa sarili lamang. Tayong lahat ay may pananagutan sa isa’t isa, tayong lahat ay tinipon ng Diyos na kapiling Niya. ” Mula sa isang awit, ipinaunawa sa atin ng mga linyang ito ang kahalagahan ng pagtugon sa ating mga tungkulin bilang mga nilalang ng Diyos.

Ang pagiging mapanagutan ay nagpapakita ng tunay na pagkatao ng tao. Ito ay dahil likas ito sa tao. Ang taong tumatalikod dito ay maaaring maihalintulad sa isang taong naglalakad na walang ulo (Alejo, P.B. 2004). Kaya habang maaga simulan mo nang tumugon sa iyong mga pananagutan - lalo na sa pagtugon sa pinakamahalagang tungkulin ng tao: ang pagkakamit ng kaganapang pansarili, hanapin ang kabanalan, upang makaalam, magmahal at maglingkod sa Diyos nang malaya.

Ang hamong ito ay hindi madali. Ngunit dapat kang kumilos upang tugunan ito. Mahalagang tuntungan ito patungo sa susunod na yugto ng iyong buhay. At ang tagumpay mo sa mga susunod pang yugto ang pundasyon ng paghubog ng iyong pagkatao.

Sa hamong ito sa yugtong ito, tutugon ka ba?


Tayain ang Iyong Pag-unawa

Talakayin sa klase:

- Ilarawan ang mga tungkulin mo sa bawat gampanin na binanggit sa sanaysay nang di gumagamit ng salita o pangungusap. Ilahad ito gamit ang isang illustration board. Isulat lamang ang iyong pangalan.
- May mga tungkulin ka pa ba sa sarili na di binanggit sa sanaysay? Banggitin at ipaliwanag.
- Alin sa mga tungkulin ng mga nagdadalaga / nagbibinata ang madalas na napapabayaan? Patunayan.
- Ipaliwanag: "Ang pagiging mapanagutan ay nagpapakita ng tunay na pagkatao ng tao".
- Bakit mahalagang maunawaan ang iba't ibang tungkulin bilang kabataan?
- Ano ang maaaring mangyari kung hindi mo tutuparin ang iyong mga tungkulin?
- Anong kasanayan ang nararapat mong taglayin upang matagumpay mong matupad ang iyong mga tungkulin?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Panuto: Ano ang iyong naunawaang mahalagang konsepto sa aralin? Sagutin ito gamit ang *graphic organizer* sa ibaba.





PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Gumawa ng Pansariling Plano ng Maayos na Pagtupad ng mga Tungkulin Bilang Kabataan. Magsisilbi itong gabay sa pagganap ng iyong mga tungkulin bilang kabataan. Magsisilbi rin itong pagtatalaga sa iyong sarili tungo sa maayos na pagganap ng bawat tungkulin:

- a. Sa sarili
- b. Bilang anak
- c. Bilang kapatid
- d. Bilang mag-aaral
- e. Bilang mamamayan
- f. Bilang mananampalataya
- g. Bilang consumer ng media
- h. Bilang tagapangalaga ng kalikasan

Kailangang malinaw na maisalaysay ang komprehensibong plano sa pagganap. Gamiting gabay ang halimbawa sa unang hanay.

Tungkulin	Pamamaraan ng maayos na pagtupad ng tungkulin	Dahilan sa pagtupad ng tungkulin
Halimbawa: <i>Sa sarili</i> <ul style="list-style-type: none">• Palaging pananatilihing malusog ang pangangatawan	Kakain ng masusustansiyang pagkain sa lahat ng pagkakataon	Upang hindi magkaroon ng sakit o mapabayaang katawan

Pagninilay

Sumulat ng isang pagninilay tungkol sa (a) mga dapat niyang paunlarin sa pagtupad ng iyong mga tungkulin bilang isang kabataan at (b) ang mga taong makatutulong sa iyo sa bagay na ito.

Ang mga dapat kong paunlarin sa pagtupad ng aking mga tungkulin	Mga taong makatutulong sa akin upang maisakatuparan ko nang maayos ang aking mga tungkulin
---	--

Pagsasabuhay

Muli ay iyong balikan ang ginawang tsart sa bahaging Pagganap. Ang mga natukoy na pamamaraan ng maayos na pagtupad ng mga itinalang tungkulin ay iyong isasabuhay sa loob ng isang linggo upang ito ay ganap nang maging bahagi ng iyong buhay. Sundin ang pormat sa ibaba. May inihandang halimbawa para sa iyo. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Tungkulin	Pamamaraan ng maayos na pagtupad ng tungkulin	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo
Halimbawa: <i>Sa sarili</i> <ul style="list-style-type: none"> Palaging pananatilihing malusog ang pangangatawan 	Kakain ng masusustansiyang pagkain sa lahat ng pagkakataon							

Mga Sanggunian

Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya, Kagawaran ng Edukasyon 2010. Gabay sa Pagtuturo sa E.P. para sa 2010 Kurikulum ng Edukasyong Sekundarya (SEC) Pasig City: Awtor Alejo, Albert E, SJ. *Tao po! Tuloy! Isang Landas ng Pag-unawa sa Loob ng Tao*. Ateneo de Manila University (1990).

Bacungan, Cleofe M. et.al. *Values Education*. Quezon City. Katha Publishing Co., Inc. (1996).

Esteban, Esther J. *Education in Value: What, Why and for Whom*. Manila. Sinag-tala Publishers (1990).

Mga Karagdagang Pahina

Annex 1

I. Sagot sa Paunang Pagtataya

1. b
2. a
3. a
4. b
5. b
6. a
7. c
8. d
9. a
10. b

Edukasyon sa Pagpapakatao 7
Ikalawang Markahan
Modyul 5: ISIP AT KILOS-LOOB



Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?

Natatangi kang tao na nabubuhay sa mundong ito. Wala kang katulad at hindi ka naulit sa kasaysayan. Tawagin mang ito ay isang talinhaga subalit ito ay totoo. Sa madaling salita ikaw ay espesyal, mayroon kang taglay na kakayahan na siyang nagpapabukod-tangi sa iyo. Sa modyul na ito, matutuklasan mo ang tungkol dito. Ano ang taglay mo na nagpapabukod-tangi sa iyo kaya't mas pahahalagahan mo ang buhay na ipinagkaloob sa iyo? Tuklasin mo!

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- a. Nasusuri ang gamit at tunguhin ng isip at kilos-loob
- b. Nasusuri ang isang pasyang ginawa batay sa gamit at tunguhin ng isip at kilos-loob
- c. Naipaliliwanag na ang isip at kilos-loob ang nagpapabukod-tangi sa tao
- d. Nagagamit ang isip at kilos-loob sa paggawa ng pasya at kilos tungo sa katotohanan at kabutihan

Narito ang mga pamantayan ng pagtataya ng output mo sa letrang d:

- a. May malinaw na paglalahad ng mga pasya o kilos tungo sa katotohanan at kabutihan
- b. May paliwanag ang bawat pasya o kilos sa bawat sitwasyon
- c. Binanggit ang gamit at tungkulin ng isip at kilos-loob sa bawat sitwasyon
- d. May kalakip na mga paliwanag at patunay ng pagsasabuhay



Paunang Pagtataya

1. Ang paghahanap ng isip sa kanyang tunay na tunguhin ay hindi nagtatapos. Ang pahayag ay:
 - a. Mali, dahil natatapos na ito sa pagkamatay ng tao
 - b. Tama, dahil ang isip ng tao ay hindi perpekto, mayroon itong hangganan
 - c. Tama, dahil hindi katulad ng katawan, ang isip ay hindi tuluyang nagpapahinga
 - d. Mali, dahil kapag naabot na ng tao ang kanyang kaganapan ay hihinto na ang kanyang paghahanap sa kanyang tunay na tunguhin
2. Nahuli ng kanyang guro si Rolando na nagpapakopya sa kanyang kaibigan sa oras ng pagsusulit. Nagawa niya lamang ito dahil sa patuloy na pangungulit nito at panunumbat. Nang ipatawag ng guro ay palaging sinisisi ni Rolando ang kaibigan at ito raw ang nararapat na sisihin. Ano ang nakaligtaan ni Rolando sa pagkakataong ito?
 - a. Ang kahihinatnan ng kilos ng tao ay nakabatay sa lalim o lawak ng epekto nito para sa sarili.
 - b. Ang pagtulong sa kapwa ay nararapat na nakabatay sa kakayahan ng kapwa na akuin ang pagkakamali.
 - c. Walang anumang puwersa sa labas ng tao ang maaaring magtakda ng kilos para sa kanyang sarili.
 - d. Lahat ng nabanggit
3. Ang sumusunod ay katangian ng isip **maliban** sa:
 - a. Ang isip ay may kapangyarihang mag-alaala.
 - b. Ang isip ay may kapangyarihang mangatwiran.
 - c. Ang isip ay may kapangyarihang maglapat ng mga pagpapasya.
 - d. Ang isip ay may kapangyarihang umunawa sa kahulugan ng buhay
4. Ano ang pangunahing gamit ng isip ng tao?
 - a. mag-isip
 - b. umunawa
 - c. magpasya
 - d. magtimbang ng esensiya ng mga bagay
5. **Analohiya:** Isip: kapangyarihang mangatwiran – kilos-loob : _____
 - a. kapangyarihang magnilay, sumagguni, magpasya at kumilos
 - b. kapangyarihang pumili, magpasya at isakatuparan ang pinili
 - c. kapangyarihang magnilay, pumili, magpasya at isakatuparan ang pasya
 - d. kapangyarihang makadama, kilalanin ang nadarama at ibahagi ang nadarama
6. Ang halaman at hayop ay ganap na nilikha ng Diyos. Ang pahayag ay:
 - a. Tama, dahil lahat ng mga ito ay nilikhang may buhay ng Diyos
 - b. Mali, dahil ang halaman at hayop ay hindi ipinanganak at walang mga magulang.
 - c. Mali, dahil may mga bagay na taglay ang tao higit pa sa mabuhay , maging malusog at makaramdam.

- d. Tama, dahil katulad ng tao ay may pangangailangan din silang alagaan upang lumaki, kumilos at dumami.
7. Sa pamamagitan ng kilos-loob nahahanap ng tao ang _____.
- kabutihan
 - kaalaman
 - katotohanan
 - karunungan
8. Paano tunay na mapamamahalaan ng tao ang kanyang kilos?
- Sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kontrol sa sarili o disiplina
 - Sa pamamagitan ng tamang paggamit ng kalayaan at kilos-loob
 - Sa pamamagitan ng pagdaan sa mahabang proseso ng pag-iisip at pamimili
 - Sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga taong nakaaalam at puno ng karanasan
9. Ang kilos-loob ay bulag. Ang pahayag ay:
- Tama, dahil wala itong taglay na panlabas na kamalayan
 - Mali, dahil nakikilala nito ang gawang mabuti at masama
 - Mali, dahil may kakayahan itong hanapin ang kanyang tunguhin
 - Tama, dahil umaasa lamang ito sa ibinibigay na impormasyon ng isip
10. Ang tao ay may tungkuling _____, ang isip at kilos-loob.
- Sanayin, paunlarin at gawing ganap
 - Kilalanin, sanayin, at gawing ganap
 - Kilalanin, sanayin, paunlarin at gawing ganap
 - Wala sa nabanggit



PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Panuto: Masdan mo ang sumusunod na larawan. Sagutin ang mga tanong at nakatakdang gawain pagkatapos nito.



HALAMAN



HAYOP



TAO

Isulat mo sa iyong kuwaderno ang mga sagot mo sa sumusunod na tanong:

1. Ano ang pagkakatulad ng tatlong nasa larawan?

2. Ano ang pagkakaiba ng tatlong ito?

3. Alin sa tatlong ito ang nakahihigit sa lahat? Ipaliwanag

Ano ang kakayahan ng tatlong ito? Tuklasin mo sa pamamagitan ng paggawa ng sumusunod:

- Isa-isahin ang kakayahan o katangiang taglay ng bawat nilikha.
- Ilista ito sa hanay ng bawat nilikha.
- Gamitin ang tsart sa ibaba para rito. Gawin ito sa iyong kuwaderno.


Kakayahan		
Halaman	Hayop	Tao

Sagutin ang mga ito sa iyong kuwaderno:

1. Alin ang may pinakamaraming kakayahan na naitala mo?
2. Ano ang sinasabi nito tungkol sa halaman, hayop at tao bilang nilikha?
3. Paano nakahihigit ang tao sa halaman at hayop?

Upang malaman kung paano naging bukod-tangi ang tao sa iba pang nilikhang may buhay tulad ng halaman at hayop kilalanin mo nang lubos ang kakayahan ng tao. Sa pamamagitan ng larawan, paghambingin ang gagawin ng dalawang nilikha sa isang sitwasyon.

Sa iyong kuwaderno isulat ang iyong sagot sa mga tanong na kasunod.



Kung ikaw ang lalaking ito, ano ang tugon mo sa paalala?



Ano kaya ang tugon ng aso sa paalalang ito?

Mga Tanong:

1. Ano ang pagkakaiba ng pagtugon ng lalaki at ng aso sa paalala? Bakit?
2. Ano ang taglay ng tao upang maunawaan at sundin niya ang paalalang ito?
3. Ano ang palatandaan na ang tao ay may isip?
4. Ano ang palatandaan na ang tao ay may kilos-loob?
5. Kung susuwain ng tao ang paalalang ito natatangi pa rin ba siya? Patunayan.

Ano ang natuklasan mo tungkol sa tao sa natapos mong gawain?
Sakali mang nagkakamali ang tao sa paggamit niya ng kanyang isip ano ang kaya niyang gawin upang iwasto ito? Paano niya ito magagawa. Ilan lamang ito sa




PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Dahil sa kakayahan ng tao na angat sa iba pang nilikha, inaasahang gagamitin niya ang kakayahang ito upang gawin at piliin ang tama sa isang sitwasyon. Paano niya gagamitin ang kakayahan niyang mag-isip at kakayahan niyang pumili? Subukin mo ito sa iyong sarili. May mga sitwasyon sa ibaba na karaniwang kinakaharap ng isang kabataang katulad mo, sakaling mangyari ang parehong sitwasyon sa iyo paano mo ito haharapin?

Panuto:

- Pag-aralan ang sumusunod na sitwasyon. Bilang isang nagdadalaga at nagbibinata, ano ang iyong iisipin at gagawin sa mga sitwasyong ito. Gamit ang ilustrasyon ng angkop na *speech balloon*, isulat sa iyong *kuwaderno* ang iyong iisipin at gagawin sa bawat sitwasyon.



Isulat sa loob ng speech balloon na ito ang dapat na iisipin



Isulat sa loob ng speech balloon na ito ang sasabihin o gagawin

1. Nagmamadali kayong magkaibigan. Malayo pa ang *overpass* o tulay kaya kahit na may nakasulat na, “Bawal Tumawid,” hinikayat ka ng iyong kaibigang tumawid na hindi dadaan sa *overpass* o tulay. Ano ang iyong iisipin at gagawin?

Higit na mabilis tayong makakarating sa pupuntahan natin kung basta tatawid na lang tayo kaysa umakyat sa *overpass*. Wala namang pulis



2. Dahil sa pag-uwi mo nang gabi at hindi pagpaalam sa iyong mga magulang sinita ka nila at hinihingan ng paliwanag. Takot sabihin ang totoo dahil baka lalo kang pagalitan. Ano ang iyong iisipin at gagawin?



3. Mahaba ang pila sa kantina nakita mong malapit na sa unahang pila ang iyong bestfriend at niyaya ka niyang pumuwesto na sa kanyang likuran upang mapadali ang pagkuha mo ng pagkain. Ano ang iyong iisipin at gagawin?




4. May iniinom kang juice, nang maubos ito wala kang makitang basurahan kaya't sabi ng kaibigan mo itapon mo na lang ito sa iyong dinadaan.



5. Pakiramdam mo ikaw ang pinag-uusapan at pinagtatawanan ng dalawa mong kaklase. Nasabi mo ito sa iyong kaibigan at ang sabi niya komprontahin ninyo pagkatapos ng klase. Ano ang iisipin at gagawin mo?



Mamaya pagkatapos ng klase, abangan natin ang dalawang iyan.



Mga Tanong:

Isulat sa kuwaderno ang sagot.

1. Tugma ba ang iyong sinulat na iisipin at gagawin sa bawat sitwasyon? Ipaliwanag ang iyong sagot.

2. Ang iyong dapat na iniisip ay lagi bang tugma sa iyong ginagawa? Ipaliwanag.

3. Bakit may pagkakataong tama at wasto ang naiisip mong gawin subalit hindi ito ang iyong ginagawa?

4. Kapag naisip mong hindi tama ang iyong ginawa, binabago mo ba ito? Bakit oo? Bakit hindi?

5. Paano mo mapangangatawanang gawin ang mga mabuting bagay na iyong iniisip?


Ano ang natuklasan mo sa iniisip at ginagawa ng tao? Ano ang kaugnayan ng dalawang ito? Bagama't may pagkakataong hindi nagagawa ng tao ang tama kahit pa alam niya ito, may kakayahan pa rin siyang mag-isip ng paraan upang baguhin at paunlarin ito.



PAGPAPALALIM

TAO: ANG NATATANGING NILIKHA

May tatlong uri ng nilikhang may buhay sa mundo: ang halaman, ang hayop at ang tao. Katulad sa halaman, ang tao ay nangangailangang alagaan upang lumaki, kumilos at dumami. Kumukuha siya ng sapat na sustansiya upang makaya niyang suportahan ang sarili. Katulad sa hayop ang tao ay may damdamin nasasaktan, marahil dahil sa kapabayaang o pagpapahirap. Natatakot siya sa kalamidad o sa epekto ng pangyayari na hindi inaasahan. Nagagalit siya kapag pinakitunguhan nang hindi tama subalit kumakalma sa tuwing pinakitaan ng pagkalinga. Subalit higit pa sa mga ito ang kayang gawin ng tao sapagkat ang tao ay nilikha ayon sa “wangis ng Diyos”, kaya nga ang tao ay tinatawag na kanyang obra maestra.



kaya't siya'y

Paano naiiba ang tao sa ibang nilikha?

Ang bawat indibidwal ay biniyayaan ng iba't ibang kakayahan na nagpapadakila sa kanya. Ang mga katangiang ito ay nagpapatingkad sa kanya, katangiang taglay lamang ng tao na nagpapabukod-tangi sa kanya sa iba pang nilikha. Ayon kay Dr. Manuel Dy Jr., ang tao ay may tatlong mahahalagang sangkap: ang isip, ang puso at ang kamay o katawan.



Isip. Ang isip ay ang kakayahang mag-isip, alamin ang diwa at buod ng isang bagay. Ito ay may kapangyarihang maghusga, mangatwiran, magsuri, mag-alaala at umunawa ng kahulugan ng mga bagay. Kaya't ang isip ay tinatawag na katalinuhan (intellect), katwiran (reason), intelektuwal na kamalayan (intellectual consciousness), konsensiya (conscience) at intelektuwal na memorya (intellectual memory) batay sa gamit nito sa bawat pagkakataon.



- **Puso.** Ito ay maliit na bahagi ng katawan na bumabalot sa buong pagkatao ng tao. Nakaramdam ito ng lahat ng bagay na nangyayari sa ating buhay. Dito nanggagaling ang pasya at emosyon. Sa puso hinuhubog ang personalidad ng tao. Lahat ng kasamaan at kabutihan ng tao ay dito natatago.
- **Kamay o katawan.** Ang kamay o ang katawan ay sumasagisag sa pandama, panghawak, paggalaw, paggawa at pagsasalita (sa bibig o pagsusulat). Ito ang karaniwang ginagamit sa pagsasakatuparan ng isang kilos o gawa. Hindi sapat na naiisa-isa ng tao ang iba't ibang bahagi ng kanyang katawan, ang mahalaga ay maunawaan niya kung ano-ano ang gamit ng mga ito. Mahalagang bahagi ng pagkatao ang katawan, dahil ito ang ginagamit upang ipahayag ang nilalaman ng isip at puso sa kongkretong paraan. Sa pamamagitan ng katawan, naipakikita ng tao ang nagaganap sa kanyang kalooban. Ito rin ang instrumento sa pakikipag-ugnayan sa ating kapwa.

Kawangis ng Diyos ang tao dahil sa kakayahan niyang makaalam at magpasya nang malaya. Ang kapangyarihan niyang mangatwiran ay tinatawag na *isip*. Ang kapangyarihang pumili, magpasya at isakatuparan ang pinili ay tinatawag na *kilos-loob*.

Tunghayan ang talahanayan sa ibaba.

	Isip	Kilos-loob
Gamit	Pag-unawa	Kumilos / gumawa
Tunguhin	Katotohanan	Kabutihan

Sa pamamagitan ng isip, ang tao ay naghahanap ng katotohanan; kaya't patuloy siyang nagsasaliksik upang makaunawa at gumawa nang naaayon sa katotohanang natuklasan. Ang pandamdang ng tao ay nakatutulong upang makamit ang katotohanang ito. Sa pamamagitan ng kaalamang natuklasan, maaari siyang gumawa para sa ikabubuti ng kanyang kapwa. Dahil ang isip ng tao ay may limitasyon at hindi ito kasing-perpekto ng Maylikha, siya ay nakadarama ng

kakulangan. Kaya't ang paghahanap ng isip sa katotohanan ay hindi nagtatapos; ang katotohanan ang tunguhin ng isip.

Sa kabilang dako, ang kilos-loob ayon sa paglalarawan ni Santo Tomas de Aquino ay isang makatwirang pagkagusto (rational appetency), sapagkat ito ay pakultad (faculty) na naaakit sa mabuti at lumalayo sa masama. Kung kaya't ang tunguhin ng kilos-loob ay ang kabutihan. Ang kilos-loob ay hindi naaakit sa kasamaan; hindi nito kailanman magugustuhan ang mismong masama. Nagaganap lamang ang pagpili sa masama kung ito ay nababalot ng kabutihan at nagmumukhang mabuti at kaakit-akit. Ang kilos-loob ay umaasa sa ibinibigay na impormasyon ng isip. Naiimpluwensiyahan ng isip ang kilos-loob, dahil hindi nito nanaisin o gugustuhin ang isang bagay na hindi niya alam o nauunawaan. Ito rin ang nagbibigay ng kapangyarihan sa tao na gumawa at pumili, kung kaya't ang kilos-loob ang siyang ugat ng mapanagutang kilos.

Samakatuwid ang isip at kilos-loob, tulad ng katawan, ay kailangang sanayin at linangin upang magampanan ng mga ito ang kani-kaniyang layunin.

Sa pamamagitan ng kilos-loob, maaaring piliin ng tao na gawin ang mabuti. Ngunit hindi lahat ng mabuti ay magkakapareho ng uri. Nakasalalay sa tao ang pagsaliksik at pag-alam kung alin ang higit na mabuti upang ito ang kanyang piliing gawin. Samakatuwid ang isip at kilos-loob, tulad ng katawan, ay kailangang sanayin at linangin upang magampanan ng mga ito ang kani-kaniyang layunin. Kung hindi, magagamit ang mga ito sa maling paraan na makahahadlang sa pagkakamit ng kaganapan ng tao.

Ang bawat tao ay may tungkuling sanayin, paunlarin at gawing ganap ang isip at kilos-loob. Mahalagang pangalagaan ang mga ito upang hindi masira ang tunay na layunin kung bakit ipinagkaloob ang mga ito sa tao. Inaasahang magkasabay na pinaunlad ng tao ang kanyang isip at kilos-loob. Habang marami siyang natutuklasang kaalaman at karunungan sa pamamagitan ng pag-aaral o pagsasaliksik, inaasahan ding naipamamalas sa kanyang pagkatao ang mapanagutang paggamit ng mga ito. Sa gayon, higit siyang magiging mabuting nilalang na may mabuting kilos-loob. Ang katalinuhan ay hindi nasusukat sa dami ng nalalaman at taas ng pinag-aralan, kundi kung paano ginagamit ang kaalaman upang ilaan ang sarili sa pagpapaunlad ng kanyang pagkatao, paglilingkod sa kapwa at pakikibahagi o paglilingkod sa pamayanan. Natatangi ang tao dahil sa kakayahan ng isip at kilos-loob na kumilos



ayon sa kanyang kalikasan... ang magpakatao. Kailangang gamitin ang isip sa pagkalap ng kaalaman at karunungan upang makaunawa ang kilos-loob sa paggawa ng kabutihan tungo sa pagpapaunlad ng pagkatao.

Sadyang natatangi ang tao dahil sa kanyang isip at kilos-loob na taglay. Hindi tayo magiging tao kapag hindi natin ginamit sa tama ang kakayahang ito katulad sa larawan sa naunang bahagi ng modyul na ito. Malaking gampanin ang kumilos tayo nang tama bilang isang taong mapanagutan sa paggamit ng isip at malayang kilos-loob


Handa ka na ba upang tuklasin ang kaalamang natutuhan mula sa araling ito?

Tayahin natin ang iyong pang-unawa:

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Bakit sinasabing ang tao ay nilikhang “kawangis ng Diyos”?
2. Paano nagpapabukod-tangi sa tao bilang nilikha ang isip at kilos-loob?
3. Paano naipakikita ang gamit at tunguhin ng isip at kilos-loob sa pang-araw-araw na kilos?
4. Ano ang inaasahan na dapat magawa ng tao dahil siya ay nilikhang may isip at kilos-loob?

Anong konsepto ang naunawaan mo mula sa babasahin. Sagutin ito sa iyong kuwaderno gamit ang *graphic organizer*.



PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Ngayon na ganap mo nang naunawaan hindi lamang ang gamit ng isip at kilos-loob kung hindi pati na ang tunguhin nito, mahalagang suriin kung tugma ba ang iyong i

kinikilos o ginagawa sa kakayahang taglay mo?

Pagganap

Panuto:

Bilang indibidwal na may isip at kilos-loob may tungkuling nakaatang sa iyo na dapat mong isabuhay. Suriin mo ang iyong sarili kung alam mo ang mga ito at kung tugma ang kilos mo sa iyong kaalaman.


Nakatala ang ilang tungkulin ng isang kabataang katulad mo. Suriin mo kung alam mo ang mga ito sa pamamagitan ng paglalagay ng simbolong tsek (✓) o ekis (x) sa tapat nito. Suriin din kung ginagawa mo ito sa pamamagitan ng paglalagay ng parehong simbolo. Gabay mo ang halimbawang ibinigay.

Tungkulin	Alam ko	Ginagawa ko	Natuklasan
Halimbawa: Pumili ng musikang pakikitinggan.	✓	×	Sumusunod lang ako sa uso at mga gusto ng aking mga kaibigan
Wastong paggamit ng computer, internet, at iba pang gadgets.			
Mag-aral nang mabuti kahit walang pagsusulit kailangang magreview			
Pumasok nang maaga o sa tamang oras.			
Paggawa ng takdang-aralin at proyekto at pagpapasa nito sa takdang oras.			
Pakikiisa sa paglilinis ng aming silid-aralan.			
Tumulong sa mga gawaing-bahay lalo na ang paggawa ng gawaing nakatakda sa akin.			
Magkaroon ng mabuting ugnayan sa kapatid.			
Sumunod sa patakarang itinakda ng magulang.			
Magsimba at magtatag ng ugnayan sa Diyos.			
Makiisa at makipagtulungan sa proyekto ng pamayanan o barangay na kinabibilangan.			

Pagninilay

Sumulat ka ng isang pagninilay tungkol sa natuklasan mo sa paggamit mo ng iyong isip at kilos-loob, nagtugma ba ang dalawang ito? Sagutin ang tanong na:

- Ano-ano ang natuklasan ko sa paggamit ko ng aking isip at kilos-loob?
- Magkatugma ba ang aking alam sa aking ginagawa?



Hindi sapat na may isip ka at pumipili ka ng bagay na dapat gawin. Mahalagang hinahanap mo ang katotohanan at ginagawa mo ang kabutihan. Hindi madali ang prosesong ito. Sa pagsisikap nating gawin ang tama, walang madaling paraan sa paggawa nito.

Pagsasabuhay

Nais mo bang maging *tugma* ang alam mong tama sa iyong ginagawa at malinang ang tamang paggamit ng isip at kilos-loob? Narito ang paraan kung paano ito isasakatuparan. Sundan ang mga hakbang:

1. Mula sa mga nakatalang tungkulin sa bahaging pagganap, pumili ng lima na nais mong paunlarin upang magtugma ang alam ng iyong isip sa ginagawa ng iyong kilos-loob.
2. Tukuyin din ang paraan o hakbang na iyong gagawin. Sa tapat ng bawat paraan ay maglagay ng pitong kolum na kakatawan sa pitong araw na mayroon sa isang linggo.
3. Lagyan ng tsek (✓) ang kolum kung naisagawa sa naturang araw ang pamamaraan na naitala at ekis (×) kung hindi. Gawin ito sa loob ng dalawang linggo. Gamitin mong gabay ang halimbawa sa ibaba.

Tungkulin na nais isakatuparan upang maging tugma ang alam ng isip sa ginagawa ng kilos-loob	Paraan o Hakbang na Gagawin	Araw						
		Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo
Pumili ng musikang pakikilingan.	a. Suriin ang liriko ng awitin.	×	×	✓				
	b. Maging sensitibo sa idinudulot na epekto nito sa akin.	×	×	✓				

Maligayang bati! Hinahangaan kita dahil sa iyong pagiging matiyaga sa pagtatapos ng modyul na ito. Nawa'y paghandaan mo ang susunod na aralin tungo sa landas ng iyong pagiging mabuting tao!

Mga Kakailanganing Kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)

Mga Sanggunian:

Brenan, Robert Edward (1948). *The Image of His Maker*. Milwaukee: The Bruce Publishing Company.

Esteban, Esther J. (1990). *Education in Values: What, Why and for Whom*. Manila: Sinag-tala Publishers Inc.

Institute for Development Education Center for Research and Communication (1992). *Perspective: Current Issues in Values Education 4*. Manila: Sinag-tala Publishers Inc.

Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya. Kagawaran ng Edukasyon. 2010. Gabay sa Pagtuturo sa EP para sa 2010 Kurikulum ng Edukasyon Sekundarya (SEC) Pasig City: Awtor

Intellect, Will, and Feelings in the Process of Fulfillment (n.d.) Retrieved June 3, 2009 from <http://www.cormacburke.or.ke/node/113>

The Philosophy of Man: A Brief introduction to Rational Psychology adapted from various sources and edited by Jonathan Dolhenty, Ph.D. (n.d.) Retrieved June 1, 2009 from <http://radicalacademy.com/jdpsychology8.htm>

4 Ang Puso (n.d.) Retrieved November 11, 2009 from <http://dspadua.tripod.com/kaluluwa4.html>

Annex

EP I Yunit, Modyul 5: ISIP AT KILOS-LOOB

I. Paunang Pagtataya

1. b
2. c
3. c
4. b
5. b
6. c
7. a
8. b
9. d
10. a

II.

Ang tao ay natatanging na nilalang dahil siya ay may:

Isip na nakaaalam
nagpapasya/pumipili

Kilos-loob na

Ang gamit ng isip ay umunawa

Ang gamit ng kilos-loob ay

Edukasyon sa Pagpapakatao 7

Ikalawang Markahan

Modyul 6: ANG KAUGNAYAN NG KONSİYENSIYA

SA LIKAS NA BATAS-MORAL



Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?

Bahagi ng buhay ng tao ang gumawa ng pasya araw-araw. Mula paggising sa umaga magsisimula na ang maghaponing pagpapasya. Babangon na o hindi pa, maliligo o maghihilamos, kakain na o mamaya pa ay ilan lamang sa mga pagpapasyang ito. Marahil hindi na nga ito napapansin bilang bahagi ng pang-araw-araw na gawain. Magkagayunman, sa pagpipili o paghuhusgang ginagawa ng tao, may kailangan siyang pag-ukulan ng pansin, Ito ay ang pagpili kung alin ang tama at ang mali sa kaniyang gagawin.



Paano nga ba nasasabing tama ang isang kilos samantalang mali ang isa? Paano mo ito makikilala? Higit sa lahat, paano mo ito pipiliing gawin?

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- e. Natutukoy na ang Likas na Batas-Moral ay natatangi sa tao dahil ang pagtungo sa kabutihan ay may kamalayan at kalayaan. Ang unang prinsipyo nito ay likas sa tao na dapat gawin ang mabuti at iwasan ang masama
- f. Nailalapat ang wastong paraan upang baguhin ang mga pasya at kilos na taliwas sa unang prinsipyo ng Likas na Batas-Moral
- g. Nahihinuha na nalalaman agad ng tao ang mabuti at masama sa kongkretong sitwasyon batay sa sinasabi ng konsiyensiya. Ito ang Likas na Batas-Moral na itinanim ng Diyos sa isip at puso ng tao
- h. Nakabubuo ng mga hakbang upang mapaunlad ang mga pasya at kilos na ginagawa araw-araw

Narito ang mga pamantayan ng pagtataya ng output mo sa letrang d:

- a. May pagkilala sa kaugnayan ng konsiyensiya sa Likas na Batas-Moral
- b. Malinaw na nailahad ang mga hakbang na gagawin tungo sa pagpapaunlad ng mga pasya at kilos
- c. May naitalang paraan ng pagtugon sa bawat sitwasyon
- d. May kalakip na pagninilay
- e. May plano ng gawain na pagpapaunlad at pagbabago sa sarili



Paunang Pagtataya

1. Lumaki si John Lloyd sa isang pamilyang relihiyoso. Habang siya ay lumalaki at nagkakaisip, nakikita niya ang maraming pagkakataon na kailangan niyang maging matatag laban sa tuksong gumawa ng masama. Dahil dito, madalas siyang sumasangguni sa maraming mahahalagang aklat na magtuturo sa kanya ng mga batayan sa pamimili ng tama at mabuti. Anong pamamaraan sa paglinang ng konsiyensiya ang inilalapat ni John Lloyd.
 - a. Sanayin ang sarili na pinakikinggan at sinusunod ang konsiyensiya
 - b. Ipagpaliban muna ang pasya o kilos kung may pag-aalinlangan at agam-agam.
 - c. Isabuhay ang mga moral na alituntunin. Nalilinang ang konsiyensiya sa pamamagitan ng pagsasabuhay ayon sa tamang alituntunin
 - d. Pag-aralan ang mga moral na alituntunin upang maging sensitibo ang konsiyensiya sa pagkilala sa mabuti at masama.
2. Ano ang maitutulong ng pag-iwas ng tao sa paggamit ng maling konsiyensiya?
 - a. Maiiwasan ang landas na walang katiyakan
 - b. Masusugpo ang paglaganap ng kasamaan
 - c. Makakamit ng tao ang kabanalan
 - d. Wala sa nabanggit
3. Hindi pare-pareho ang dikta ng konsiyensiya ng bawat tao. Ang pahayag ay:
 - a. Tama, dahil nakabatay ito sa edad at kakayahan ng isip ng tao
 - b. Mali, dahil iisa lamang ang pamantayan na nararapat na sinusunod ng lahat ng tao.
 - c. Mali, dahil pare-pareho tayong tao na nakaaalam ng tama at mali, mabuti o masama
 - d. Tama, dahil nagkakaiba-iba ang karanasan, kinalakihan, kultura at kapaligiran ng tao.
4. Sobra ang sukli na natanggap ni Melody nang bumili siya ng pagkain sa isang restawran. Alam niyang kulang na ang kanyang pamasahé pauwi sa kanilang bahay ngunit isinauli pa rin niya ang sobrang pera. Anong uri ng konsiyensiya ang ginamit ni Melody?
 - a. Tamang konsiyensiya
 - b. Purong konsiyensiya
 - c. Maling konsiyensiya
 - d. Mabuting konsiyensiya
5. Ang likas na Batas-Moral ay hindi imbensyon ng tao, ito ay natutuklasan lamang. Ito ay pangkalahatang katotohanan na may makatwirang pundasyon. Anong katangian ng likas na Batas-Moral ang tinutukoy sa pangungusap?
 - a. Obhektibo
 - b. Unibersal
 - c. walang hanggan
 - d. di nagbabago

6. Maaring maging manhid ang konsiyensiya ng tao. Ang pahayag ay:
 - a. Mali, dahil hindi ito ang kalikasan ng tao.
 - b. Mali, dahil kusang gumagana ang konsiyensiya ng tao sa pagkakataon na ito ay kailangan
 - c. Tama, dahil maihahalintulad ito sa damdamin ng tao na maaaring maging manhid dahil sa patuloy na pagsasanay
 - d. Tama, dahil kung patuloy na babalewalain ng tao ang dikta ng konsiyensiya magiging manhid na ito sa pagkilala ng tama.
7. Ano ang bunga ng pagsunod sa tamang konsiyensiya?
 - a. Mapalalaganap ang kabutihan
 - b. Makakamit ng tao ang tagumpay
 - c. Maaabot ng tao ang kanyang kaganapan
 - d. Mabubuhay ang tao nang walang hanggan
8. Ang likas na Batas-Moral ay nakapangyayari sa lahat ng lahi, kultura sa lahat ng lugar at sa lahat ng pagkakataon. Ito ay nangangahulugan na ang likas na batas na moral ay:
 - a. Obhektibo
 - b. Unibersal
 - c. walang hanggan
 - d. di nagbabago
9. Ang mga sumusunod ay katangian ng konsiyensiya **maliban** sa:
 - a. Sa pamamagitan ng konsiyensiya, nakikilala ng tao na may mga bagay siyang ginawa o hindi ginawa.
 - b. Sa pamamagitan ng konsiyensiya, nakikilala ng tao ang tamang bagay na dapat gawin at masamang dapat iwasan.
 - c. Sa pamamagitan ng konsiyensiya, nahuhusgahan kung ang bagay na ginawa ay nagawa nang maayos at tama o nagawa nang di maayos o mali.
 - d. Sa pamamagitan ng konsiyensiya, nahuhusgahan ng tao kung may bagay na dapat siyang ginawa subalit hindi niya ginawa o hindi niya dapat isagawa subalit ginawa.
10. Ang pagbebenta ng *pirated na CD* sa mga *mall* ay malaki ang naitutulong sa mga tao dahil mas nakatitipid kaysa bumili ng orihinal na kopya. Halos lahat ng tao ay ito na ang hinahanap sa kasalukuyan kung kaya lumalaki na ang negosyong ito at marami ang natutulungan. Ang sitwasyong na ito ay nagpapatunay na:
 - a. May mga pagkakataon na ang paghuhusga ay nararapat na ibatay sa benepisyo o tulong sa taong nagsasagawa ng kilos.
 - b. Ang masamang pamamaraan sa pagkamit ng layunin ay mababale-wala kung ang layunin ay mabuti at tama.
 - c. Ang isang bagay na mali ay maaring maging tama kung ito ay nakatutulong sa mas nakararami.
 - d. May mga kilos na nagmumukhang tama at normal dahil sa dami ng gumagawa nito.



PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Panuto: Tuklasin mo ang paraan ng iyong gagawing pagpili sa sitwasyong ito. Pag-aralan ang *case study* sa ibaba. Ano ang iyong gagawin kung ikaw ay nahaharap sa ganitong sitwasyon? Piliin ang iyong gagawin sa apat na pagpipilian at sagutin ang mga tanong pagkatapos. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Naiwan kang mag-isa sa inyong silid-aralan. May nakita kang pitaka sa ibabaw ng mesa. Nang tingnan mo, naglalaman ito ng dalawang libong



Sa apat na pagpipiliang gagawin, tukuyin mo kung ito ay tama o mali. Pangatuwiranang ang iyong naging sagot, isulat ito sa espasyo para sa paliwanag. Gawing gabay ang ilustrasyon sa ibaba.

Hahayaan ko lang ito sa mesa tutal hindi naman ito sa akin.

() TAMA () MALI

Ibibigay ko ito sa kklase ko na nagmamay-ari nito.

() TAMA () MALI

Kukunin ko ito para may ipambili kami ng gamot para sa tatay ko.

() TAMA () MALI

Ituturo ko ito sa kasama ko para siya ang sasabihin kong kumuha

() TAMA () MALI



Matapos ang gawain, sagutin mo ang sumusunod na tanong na ito sa iyong kuwaderno :

1. Alin sa apat na sitwasyon ang sinagutan mong tama? Bakit mo nasabing ito ay tama?

2. Alin sa mga ito ang may sagot kang mali? Bakit mo nasabing ito ay mali?

3. Paano mo nalaman ang tama o mali sa sitwasyong ito?

Araw-araw gumagawa ka ng maraming pagpapasya mula paggising mo sa umaga. Ang ilan sa mga desisyong ito ay pangkaraniwan lamang tulad ng damit na isusuot o kulay ng sapatos na gagamitin, subalit may mga desisyong nakasalalay ang iyong pagkatao at nakaaapekto sa iyong kapwa. Kaya't nangangailangan ito ng malalim na pag-iisip.

Muling balikan ang sitwasyon at ang apat na pagpipilian sa ilustrasyon sa itaas, ano ang iyong gagawin kung ikaw ang nasa ganitong kalagayan? Alin sa apat na kilos ang iyong pipiliing gawin? Ipaliwanag.

Kung ako ang nasa kalagayan ng mag-aaral na nakakita ng pitakang naglalaman ng pera _____

Ano ang nakatulong sa iyo sa paggawa ng desisyong ito?


Ano ang pinagbatayan mo para sabihing tama o mali ang isang kilos?



PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Marahil naririnig mo ang payo na, “Gawin mong gabay ang iyong **konsiyensiya**”, sa tuwing nahaharap ka sa isang mahalagang pagpapasya. Maraming paniniwala ang nakakabit sa salitang ito, gayundin ang iba’t ibang pakahulugan dito. Ikaw, ano ang pakahulugan mo sa salitang ito?


- Isulat mo sa mga kahon sa ibaba ang mga salitang nagbibigay-kahulugan sa salitang konsiyensiya. Gabay mo ang halimbawa sa ibaba.



- Maghanap ng isang kaibigan, pinsan o kaya'y kapatid na nakauunawa ng tungkol sa konsiyensiya. Gawin ninyo ang Think-Pair-Share. Ito ay ang pagpili ng kapareha upang magbahaginan ng sariling karanasan, insidente o pangyayari kung saan naranasan ninyo ang gawain ng konsiyensiya sa inyong buhay.
- Magpalitan ng pagbabahagi ng pangyayari.
- Pagkatapos nito, sagutin ang mga tanong sa iyong journal, gamit ang pormat sa ibaba.

Mga Tanong:

1. Saan nagmula ang pananaw mo ukol sa konsiyensiya?
2. Batay sa naging karanasan, ano ang natuklasan mo tungkol sa konsiyensiya?
3. Paano ka nagabayan ng konsiyensiya sa mga pasya at kilos mo?
4. Mabisa bang gabay ang konsiyensiyang taglay mo? Patunayan.



Noong ikaw ay bata pa, ang pagpapasiya ay ginagawa ng iyong mga magulang para sa iyo. Sa pagdagdag ng iyong edad at kamalayan, ikaw na ang gumagawa ng pagpapasiyang ito para sa iyong sarili. Sa bahaging ito, subukin mong gumawa ng sariling pagpapasya.

Pag-aralan ang sumusunod na sitwasyon at gumawa ng sariling pagpapasiya. Isulat ang iyong pasiya at paliwanag kaugnay nito, sa iyong kuwaderno.

Kaso 1

Ang iyong kaklase at matalik na kaibigan na si Adel ay nagtapat sa iyo na lalayas siya sa bahay nila dahil sa problema sa kanilang pamilya. Dahil sa matalik kayong magkaibigan, ipinagkatiwala niyang ipagtapat sa iyo kung saan siya pupunta. Subali't mahigpit ang bilin niya na huwag itong sasabihin sa iba lalo na sa kaniyang mga magulang. Kinabukasan, pumunta ang nanay niya sa inyo at humihingi sa iyo ng tulong. Ano ang gagawin mo?

Kaso 2

Mula sa natutunan mo sa inyong leksiyon tungkol sa kalinisan ng kapaligiran, nalaman mo ang suliranin sa basura at mga epekto nito sa sambayanan. May babala sa inyong barangay na nagtatakda ng parusa sa mga taong mahuhuling nagtatapon ng basura sa hindi itinakdang lugar na tapunan nito.

Isang gabi na nagpapahangin ka sa labas ng inyong bahay, nakita mo ang matalik na kaibigan ng iyong ama na nagtapon ng basura sa hindi itinakdang lugar na tapunan. Ang ama mo ang kapitan ng inyong barangay. Ano ang gagawin mo?

Pag-isipan at sagutin mo ang tanong na ito:

1. Saan ibinabatay ng iyong konsiyensiya ang kaniyang paghuhusga kung tama o mali ang isang kilos?
2. Paano ka nakasisigurong tama ang paghuhusga nito?

Malaki ang papel na ginagampanan ng iyong konsiyensiya sa buhay mo. Dito nakasalalay ang paghubog ng iyong pagkatao dahil ito ang humuhusga sa kilos na iyong pinipiling gawin. Kung ang kilos mo ay nakadepende sa paghusga ng konsiyensiya, saan nakadepende ang konsiyensiya sa paghuhusga nito?

Kawili-wiling malaman ang sagot sa tanong na ito. Tunghayan sa susunod na bahagi ng modyul na ito.



PAGPAPALALIM

ANG KAUGNAYAN NG KONSİYENSIYA SA LIKAS NA BATAS-MORAL

Naaalala mo pa ba noong ikaw ay bata pa? Ano ang sinasabi ng iyong ama at ina, o ng iyong lolo at lola sa tuwing gumagawa ka ng mabuti o ng masama? Ayon sa kanila, may dalawang katauhan sa iyong tabi, isa sa iyong kanan at isa sa kaliwa. Pareho silang nagsisikap na impluwensiyahan ka na pumili sa mabuti o masama na dapat mong gawin sa isang sitwasyon. Ayon sa kanila, kapag pinili mo ang mabuti, sinusunod mo ang katauhan na nasa iyong kanan. Kapag pinili mo ang masama, sinusunod mo ang katauhan na nasa iyong kaliwa.



Ngayon naman, marahil naririnig mo ang mga katagang: “*Malinis ang konsiyensiya ko*” o kaya naman “*Hindi maatim ng aking konsiyensiya...*”

Ano nga ba ang konsiyensiya?

KNOWLEDGE



Ang tao ay biniyayaan ng kakayahan na kumilala ng mabuti o masama. Ang kakayahang ito ay tinatawag na konsiyensiya. Ang salitang konsiyensiya ay mula sa salitang Latin na *cum* ibig sabihin ay “with” o mayroon at *scientia*, na ibig sabihin ay “knowledge” o kaalaman. Samakatuwid, ang konsiyensiya ay nangangahulugang “with knowledge” o may kaalaman. Ipinahihiwatig nito ang kaugnayan ng kaalaman sa isang bagay; sapagkat naipakikita ang paglalapat ng kaalaman sa pamamagitan ng kilos na ginawa.

Ang paglalapat ng kaalaman ay maaaring magawa sa pamamagitan ng sumusunod na paraan, ayon kay Santo Tomas de Aquino:

- a. Sa tulong ng konsiyensiya, nakikilala ng tao na may bagay siyang ginawa o hindi ginawa. Halimbawa nito, iniwan sa pangangalaga mo ang iyong nakababatang kapatid dahil umalis ang iyong ina. Ngunit sinabayan mo ang pag-aalaga ng panonood ng telebisyon. Dahil dito,

nahulog ang kapatid mo. Nagkaroon ito ng gasgas sa braso. Pagdating ng iyong ina, hindi lang pala gasgas ang tinamo ng iyong kapatid, nakita ng nanay mo may bukol din ito sa noo. Nang tanungin ka, sinabi mong napadikit lang sa dingding kaya't nagkaroon ng gasgas, subali't di mo alam kung bakit may bukol ito. Hindi mo man aminin ang iyong ginawa at itanggi ang katotohanan, makumbinsi mo man ang iba at ika'y paniwalaan, ang iyong konsiyensiya ay nakaaalam ng tunay na nangyari. Ang konsiyensiya ay tumatayong testigo sa pagkakataong ito sapagkat nagpapatunay ito sa kilos na ginawa o hindi ginawa ng tao.


- b. Sa pamamagitan ng konsiyensiya, nahuhusgahan ng tao kung may bagay na dapat sana'y isinagawa subalit hindi niya ginawa o hindi niya dapat isinagawa subalit ginawa. Sa pagpapatuloy ng halimbawa sa itaas, sa iyong pag-iisa hindi ka mapakali, nararamdaman mong dapat mong sabihin sa iyong ina ang tunay na nangyari sa iyong kapatid. Ang konsiyensiya sa sitwasyong ito ay pumupukaw sa tao upang magpaalala ng dapat at hindi dapat gawin.



- c. Gamit ang konsiyensiya, nahuhusgahan kung ang bagay na ginawa ay nagawa nang maayos at tama o nagawa nang di maayos o mali. Halimbawang binale-wala mo ang bulong ng konsiyensiya na sabihin sa iyong ina ang tunay na pangyayari, hindi na natahimik ang iyong kalooban. Mas tumindi pa ang pagkabagabag nito lalo na nang nilagnat ang kapatid mo. Kaya't sinabi mo ang totoong nangyari sa iyong ina. Napagalitan ka man subali't nawala ang iyong pag-aalala at nakadama ka ng kapayapaan ng kalooban. Sa kalagayang ito, ang konsiyensiya ay mararamdamang nagpapahintulot, nagpapatang o maaaring nagpapahirap sa tao. Ang konsiyensiya ang bumabagabag sa tao kapag gumawa siya ng masama. Ito ang tinutukoy ng katagang "hindi ako matahimik, inuusig ako ng aking konsiyensiya".

Ipinakikita dito na ang konsiyensiya ay nakakabit sa isip ng tao; kaya't ito ay kakayahan ng isip na maghusga ng mabuti at masama. Ang konsiyensiya ang batayan ng isip sa paghuhusga ng tama o mali. Paano nga ba nalalaman ng konsiyensiya ang tama at mali? Ibinabatay ng konsiyensiya ang pagsukat o paghusga sa kilos sa obhektibong pamantayan ng Likas na Batas-Moral.

Ang **Likas na Batas-Moral** ay ibinigay sa tao noong siya ay likhain. Ito ay sa dahilang nakikibahagi siya sa karunungan at kabutihan ng Diyos. Sa pamamagitan ng batas na ito, ang tao ay may kakayahang makilala ang mabuti at masama. Dahil sa kalayaan, ang tao ay may kakayahang gumawa ng mabuti o masama. Nakaugat ito sa kanyang malayang kilos-loob dahil ang pagtungo sa kabutihan o sa kasamaan ay may kamalayan at kalayaan.



Hindi kailangan ng isang tao na pumasok sa paaralan upang matutuhan o malaman ang batas na ito. Nakaukit ito sa pagkatao ng isang indibidwal kaya't ang unang prinsipyo nito ay: Likas sa tao na *dapat* gawin ang mabuti at iwasan ang masama.

Ang tao ang natatanging nilalang na nararapat tumanggap ng batas mula sa Diyos. Ito ay dahil kailangan niyang pamahalaan ang kanyang kilos sa pamamagitan ng tamang paggamit ng kanyang kalayaan at kilos-loob.

Ang Likas na Batas-Moral ay likas sa tao dahil sa kanyang kalayaan. Kaya't ang walang kalayaan ay di sakop ng batas na ito. Nakasaad sa batas na ito ang dapat gawin at di dapat gawin ng tao; kaya't ito ang gumagabay sa kilos ng tao. Layon ng batas-moral na pagkalooban ang tao ng kinakailangang batayan upang makagawa siya ng *tamang* pasya at kilos. Higit sa lahat, layunin ng batas na ito ang kabutihan ng tao. Ang tao ang iisang nilikha na maaaring gumawa ng masama: ang sumira ng kapwa at sumira ng kanyang sarili. Ito ang dahilan kung bakit ipinagkaloob ang Likas na Batas-Moral. Maiiwasang gawin ng tao ang masama kung susundin niya ang batas na ito.

Narito ang mga Katangian ng Likas na Batas-Moral:

- a. *Obhektibo* – Ang batas na namamahala sa tao ay nakabatay sa katotohanan. Ito ay nagmula sa mismong katotohanan – ang Diyos. Ang katotohanan ay hindi nililikha; kaya hindi ito imbensiyon ng tao. Ito ay natutuklasan lamang ng tao. Pangkalahatang katotohanan ito na may makatuwirang pundasyon. Naaayon sa realidad ito at hindi nakabatay sa tao. Hindi ito naiimpluwensiyahan ng anumang bagay lalo na ng pagtingin ng tao rito. Palagi itong umiiral dahil hindi ito naapektuhan, kilalanin man ito ng tao o hindi.
- b. *Pangkalahatan (Unibersal)* – Dahil ang Likas na Batas-Moral ay para sa tao, sinasaklaw nito ang lahat ng tao. Nakapangyayari ito sa lahat ng lahi, kultura, sa lahat ng lugar at sa lahat ng pagkakataon. Ito ay dahil nakaukit ito sa kalikasan ng tao; kaya't ito ay nauunawaan ng lahat at ito ay katanggap-tanggap sa lahat ng tao.
- c. *Walang Hanggan (Eternal)* – Ito ay umiiral at mananatiling iiral. Ang batas na ito ay walang hanggan, walang katapusan at walang kamatayan dahil ito ay

permanente. Ang kalikasan ng tao ay permanente kaya't ang batas na sumasaklaw sa kanya ay permanente rin. Ito ay totoo kahit saan at kahit kailan.

- d. *Di nagbabago (Immutable)* – Hindi nagbabago ang Likas na Batas-Moral dahil hindi nagbabago ang pagkatao ng tao (nature of man). Maging ang layon ng tao sa mundo ay hindi nagbabago. Sa kabila ng pagkakaiba-iba ng kultura, ang Likas na Batas-Moral ang nagbibigkis sa lahat ng tao. Ito rin ang nagpapatupad ng iisang alituntunin para sa lahat.

Ayon kay Lipio, binibigyang-direksiyon ng batas-moral ang pamumuhay ng tao. Sinusunod niya ang batas-moral upang magawa ang mabuti, magkaroon ng paggalang sa kapwa at makipagtulungan sa mga taong binigyan ng kapangyarihang



pangalagaan ang kapakanan ng lahat. Subali't hindi nangangahulugang ang tao ay natatakpan ng mga batas na dapat niyang sundin araw-araw, bagkus, kailangan niyang gawin ang tama ayon sa kanyang pagkatao. Samakatuwid, ang konsiyensiya ay ang personal na pamantayang moral ng tao. Ito ang kakayahang isagawa ang malalawak na pangkalahatang batas-moral sa pamamagitan ng sariling kilos. Ito ang ginagamit sa pagpapasiya kung ano ang tama at kung ano ang mali sa

kasalukuyang pagkakataon.

Halimbawa, bagama't isang obligasyon ang pagsisimba, may pagkakataong hindi makadalo ang isang tao dahil may tungkulin siyang alagaan ang isang kasapi ng pamilya na maysakit. Ito ang sitwasyon na walang katapat na pangkalahatang batas para matugunan. Ang kailangan dito ay personal na pagpapasiya kung saan ginagamit ng tao ang kaniyang konsiyensiya. Kailangan lagi ang isang paghatol sa pagsasagawa ng isang pamantayan o pagtupad sa batas-moral at dito kailangan ang konsiyensiya. Subali't, kung ang paghatol ay hindi naaayon sa Likas na batas-moral, ang konsiyensiya ay maaari pa ring magkamali. Maaaring magkaroon ng kalituhan kung anong panuntunan ng kilos ang gagamitin. Maaari ring magkamali sa paraan ng paggamit ng panuntunang ito. Dahil dito, ang konsiyensiya ay maaaring uriin bilang tama at mali ayon sa Likas na Batas-Moral (Esteban, 1990).

Uri ng Konsiyensiya

1. **Tama.** Ang paghusga ng konsiyensiya ay tama kung lahat ng kaisipan at dahilan na kakailanganin sa paglapat ng obhektibong pamantayan ay naisakatuparan nang walang pagkakamali. Tama ang konsiyensiya kung hinuhusgahan nito ang tama bilang tama at bilang mali ang mali (Agapay,).

Halimbawa, inutusan kang bumili ng tinapay isang araw. Napansin mong sobra ng dalawampung piso ang sukling ibinigay sa iyo ng tindera.

Nang araw ring iyon hindi ka binigyan ng baon ng iyong ina dahil kulang ang kinita ng iyong ama sa pamamasada. Wala ka mang baon subali't isinauli mo ang sobrang sukli na ibinigay sa iyo. Katuwiran mo, hindi sa iyo ang pera kaya't nararapat na ito ay isauli mo.

2. **Mali.** Ang paghusga ng konsiyensiya ay nagkakamali kapag ito ay nakabatay sa mga maling prinsipyo o nailapat ang tamang prinsipyo sa maling paraan. Ayon pa rin kay Agapay, mali ang konsiyensiya kung hinuhusgahan nito ang mali bilang tama at ng tama ang mali. Gamit pa rin ang halimbawa sa itaas. Naisip mo na biyaya sa iyo ang sobrang sukli dahil nagkaroon ka ng baon sa araw na iyon. Katwiran mo pa, hindi mo naman ginusto na magkamali ang tindera sa pagsusukli. Hindi masama na itinago mo ang pera nagpasalamat ka pa dahil nagkamali ang tindera.

Sa pamamagitan ng tamang uri ng konsiyensiya kung gayon, naisasagawa ang pangkalahatang pamantayang moral sa pang-araw-araw na buhay. Ito ang personal na pamantayang ginagamit ng tao upang suriin ang iniisip, salita at gawa ayon sa Likas na Batas-Moral na siya namang batayan upang malaman ang mabuti at masama sa natatanging sitwasyon.

Itinuturing ang konsiyensiya bilang batas-moral na itinanim ng Diyos sa isip at puso ng tao. Sa pamamagitan ng konsiyensiya nakagagawa ang tao ng mga pagpapasiya at nasusunod ang batas-moral sa kaniyang buhay. Dahil dito, ang konsiyensiya ang pinakamalapit na pamantayan ng moralidad. Sinusuri nito ang kilos kung ito ay tama o mali. Ang konsiyensiya ay likas sa tao upang maghusga sa mabuti o masama na maaaring gawin. Taliwas sa komersiyal ng sabon o sa katauhan na nasa kanan at kaliwang bahagi ng tao, ang paghuhusga ng konsiyensiya ay hindi nagmumula sa labas ng tao. Ang tao mismo ang naghuhusga ng mabuti o masama na kaniyang gagawin gamit ang kaniyang **konsiyensiya**.

May pagkakataon na inaakala ng tao na ang maliit na bagay ay hindi nagkakaroon ng malaking epekto sa kanyang pagkatao. Ito ang nagaganap sa kaniyang konsiyensiya nang hindi niya namamalayan. Karaniwang sinasabi ang mga katagang: *maliit na bagay lang naman, ngayon lang o minsan lang* upang pangatwiran ang maling ginawa. Kung patuloy na babale-walain ng tao ang kaniyang konsiyensiya, darating ang pagkakataon na ito ay magiging manhid sa pagkilala ng tama.


Epekto nito, ang tao ay maaaring maging katulad ng hayop sa kanyang pagpapasya at pagkilos.

Tayahin natin ang iyong pag-unawa

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

- Saan dapat ibatay ng tao ang kanyang gagawing pagpapasya at pagkilos? Pangatwiranan?
- Bakit natatangi sa tao ang Likas na Batas-Moral?
- Saan dapat nakabatay ang pagkahubog ng konsiyensiya? Ipaliwanag.
- Paano nauugnay ang Likas na Batas-Moral sa konsiyensiya ng tao? May tao bang walang konsiyensiya? Ipaliwanag ang ibig sabihin nito?

Anong konsepto aang naunawaan mo mula sa babasahin. Sagutin ito sa iyong kuwaderno gamit ang *graphic organizer*.



Naging malinaw ba para sa iyo ang mga konseptong tinalakay tungkol sa konsiyensiya ng tao? Nawa'y naging malinaw sa iyo ang tamang paraan ng paggamit ng kaloob na ito sa iyo ng Diyos na pakikilingan mo sa panahon ng iyong pagpili. Hangad kong magiging matalino ang iyong pagpili gamit ang iyong konsiyensiya upang mas maging kapakipakinabang ang iyong gagawing pagpapasya at masisigurong sinusunod mo ang Likas na Batas-Moral.



PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Naipaliwanag sa iyo ang kaugnayan ng konsiyensiya sa Likas na Batas-Moral mula sa babasahin. Sa bahaging ito ng aralin, ilalapat mo ang mga natutuhan mong konsepto tungkol sa Konsiyensiya sa pang-araw-araw mong buhay.

Pagganap

Panuto:

- Basahin at unawain ang sitwasyon sa ibaba. Suriin ito sa pamamagitan ng pagkilala sa sasabihin o paghuhusga ng konsiyensiya sa sitwasyong ito.
- Isulat ito sa unang hanay o kolum.
- Kilalanin din ang pinagbatayan ng konsiyensiya sa paghusga nito.
- Isulat ito sa ikalawang hanay o kolum.
- Gabay mo ang naunang sitwasyon bilang halimbawa.

Halimbawa:

Sitwasyon:

Naiwala mo ang perang ibinigay ng tatay mo na pambayad sa proyekto ninyo. Natagalan bago ka nabigyan dahil nahirapan siyang kitain ang perang iyon dahil inuna ang pangangailangan ninyo sa araw-araw. Mahigpit niyang bilin na ibayad mo ito agad.

Paghuhusga ng Konsiyensiya	Batayan ng Paghuhusga (Likas na Batas-Moral)
Sabihin sa Tatay ang nangyari. Tumulong na makagawa ng paraan upang makabayad sa proyekto.	Kailangang pahalagahan ang katotohanan, kaya't masama ang magsinungaling.

Simulan mo sa bahaging ito:

Sitwasyon 1:

Alam na alam ni Amy ang ginagawa ng kaniyang mga kaklase na pagkokopyahan sa test. Hindi sila nahuhuli ng kanilang guro. Hindi nakapag-aral si Amy para sa pagsusulit sa Matematika sa araw na ito, kaya't naisip niyang gawin din ang ginagawa ng kaniyang mga kaklase na mangopya.

Paghuusga ng Konsiyensiya	Batayan ng Paghuusga (Likas na Batas-Moral)

Sitwasyon 2:


Malaki ang tiwala ng mga magulang ni Penny sa kaniya. Kahit malayo ang bahay nila sa mataas na paaralan pinayagan siya na tumira malapit sa paaralan sa kanilang bayan. Tuwing Biyernes ng hapon siya umuwi sa kanilang lugar at bumabalik sa inuupahang bahay tuwing Linggo ng hapon. Isang araw, niyaya si Penny ng kaniyang mga kaklase na mag-inuman sila. Hindi naman daw siya mapapagalitan dahil hindi naman malalaman ng kaniyang magulang.

Paghuhusga ng Konsiyensiya	Batayan ng Paghuhusga (Likas na Batas-Moral)

Pagninilay

Sumulat ng pagninilay tungkol sa natuklasan mong kaugnayan ng konsiyensiya sa

Likas na Batas-Moral. Gawin ito sa iyong journal.



Pagsasabuhay

Dahil ang konsiyensiya ay nakabatay sa Likas na Batas-Moral, mahalagang sinasanay mo ang iyong sarili na gawing gabay ang iyong konsiyensiya.

Panuto:

Sa mga ginawa mong pasya sa nakaraan, alin sa mga ito ang nais mong baguhin at paunlarin upang sundin ang tamang paghuhusga ng konsiyensiya. Pumili ng pauunlarin mula sa sumusunod na kategorya:

- ♣ Pagtupad sa gawaing-bahay
- ♣ Pakikipag-ugnayan sa kapatid
- ♣ Uri o paraan ng pakikipagkaibigan
- ♣ Pakikipag-ugnayan sa magulang
- ♣ Paggawa ng gawain sa paaralan

Gawin ang “Kontrata ng mga Pasya at Kilos na Pauunlarin Ko”. Gawing gabay ang unang halimbawa kung paano ito gagawin.

Kung	Ang pasya o kilos na kailangang baguhin
Damdamin ko	Damdamin ko sa pasya o kilos
Kaya	Ang dapat kong gawin tungo sa kabutihan

Halimbawa:

	Linggo	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado
Kung	Naglalaro ako ng computer games tuwing bago gawin ang homework ko.						
Damdamin ko	Nalulungkot ako dahil naging pabaya ako. Nagsisisi ako dahil wala akong maisumiteng homework kinabukasan.						
Kaya	Uunahin ko ang paggawa ng homework bago maglibang tulad ng paglalaro ng computer games.						

Ipinangangako kong tutuparin ang mga tinukoy kong pagbabago sa loob ng isang linggo.

Lagda ng Mag-aaral
(Tagatupad ng Kontrata)

Lagda ng Kapatid o Kaklase na
Sumubaybay sa Tagatupad

Lagda ng Magulang

Magaling! Natapos mo na naman ang isang mahalagang paksang dapat mong maunawaan at pagsumikapang patuloy na ipamuhay. Ipagpatuloy mong gamitin ang kakayahan mo upang palagi mong sundin ang gabay ng iyong konsiyensiya.

Mga Kakailangang Kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)

Mga Sanggunian:

- Agapay, Ramon B. (1991). *Ethics and the Filipino: A Manual on Morals for Students and Educators*. Mandaluyong City. National Book Store
- Esteban, Esther J. (1990). *Education in Values: What, Why and for Whom*. Manila: Sinag-tala Publishers, Inc.
- Institute for Development Education Center for Research and Communication (1992). *Perspective: Current Issues in Values Education 4*. Manila: Sinag-tala Publisher
- Quito, Emerita S. (2008). *Fundamentals of Ethics*. Manila: C & E Publishing Inc.
- Crisostomo, Rosar. (2004) nagsalin sa Filipino. *Konsiyensiya para sa mga Katolikong Pilipino*. Mandaluyong City. National Book Store
- Kawanihan ng Edukasyon Sekundarya, Kagawaran ng Edukasyon. 2010. *Gabay sa Pagtuturo sa EP para sa 2010 Kurikulum ng Edukasyon Sekundarya (SEC)* Pasig City: Awtor
- *Conscience* (n.d.) Retrieved November 21, 2009 from <http://www.newworldencyclopedia.org/entry/Conscience>
- *Conscience* (n.d.) Retrieved November 24, 2009 from www.gospelped/ar.com/articles/christian%20Life/moralaw.html
- *Conscience* (n.d.) Retrieved November 24, 2009 http://www.rosmini-in-english.org/Conscience/Book_1/CS_Bk01Ch02.htm

Annex

EP I Yunit 2, Modyul 6: ANG KAUGNAYAN NG KONSİYENSIYA SA LIKAS NA BATAS-MORAL

III. Paunang Pagtataya

- | | |
|------|-------|
| 1. d | 6. d |
| 2. a | 7. c |
| 3. d | 8. b |
| 4. a | 9. b |
| 5. a | 10. d |

IV. Paglinang ng Kaalaman, Kakayahan at Pag-unawa Mga Mungkahing Paliwanag:

Kaso 1 - Dahil menor de edad ang kaibigang si Adel, may obligasyong moral at legal ang kanyang ina upang pangalagaan siya. Kailangang sabihin sa kaniya kung saan matatagpuan si Adel sapagkat ang ina niya ang taong may karapatang malaman kung nasaan siya. Ngunit ipaliliwanag din sa kaniya ang alam na dahilan ng paglalayas ni Adel upang tulungan silang magkasundo.

Kaso 2 – Ipaalam ko sa aking ama upang mapagsabihan niya nang

sarilinan ang kanyang matalik na kaibigan na huwag nang uulit sa kaniyang ginawa.

V. Pag-unawa sa Babasahin o Bahaging Pagpapalalim (*Graphic Organizer*)

Ang Likas na Batas-Moral ang pinagbabatayan ng paghuhusga ng konsiyensiya na gawin ang mabuti at iwasan ang masama sapagkat may kamalayan at kalayaan ang pagtungo sa KABUTIHAN.

(Ilan lamang ito sa maaaring maging sagot.)

Mabuting Kilos:

1. Sundin ang payo ng mga magulang.
2. Gawin ang takdang-aralin at mga proyektong nakatakda sa tamang oras.
3. Sundin ang mga alituntunin na ipinatutupad ng pamayanan.

Masamang Kilos:

1. Pag-iimbento ng dahilan para payagang lumabas ng bahay upang makapaglaro ng computer games.
2. Pagti-text habang nagtuturo ang guro.
3. Pagpapakawala ng aming aso tuwing umaga upang dumumi sa kalsada.

Edukasyon sa Pagpapakatao 7

Ikalawang Markahan

Modyul 7: KALAYAAN



Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?

Malaya ka! Hindi ka isang *puppet* o robot na sinusugian upang gumalaw. Hindi sunud-sunuran sa idinidikta ng iba. Dahil ikaw ay natatangi sa ibang nilikha, ikaw ay may isip at kilos-loob kaya't may kakayahang gumawa ng sariling pagpapasya para sa sarili. Upang magamit ang iyong isip at kilos-loob sa pagpapaunlad ng iyong pagkatao ipinagkaloob din sa iyo ang iyong kalayaan. Paano mo ginagamit ang iyong kalayaan? Tugma kaya ito sa layunin kung bakit ito ipinagkaloob sa iyo?



Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- i. Napangangatuwiran kung bakit hindi tunay na malaya ang mga taong nakapiit sa sariling bisyo, maling pananaw, magulong buhay
- j. Nakapagbibigay-puna sa sariling mga gawi na nakaaapekto sa paggamit ng kalayaan
- k. Nahihinuha na likas sa tao ang malayang pagpili sa mabuti o sa masama; ngunit ang kalayaan ay may kakambal na pananagutan para sa kabutihan
- l. Naipamamalas ang paggamit ng kalayaan sa pagpili ng mabuti at napananagutan ang pagpili sa masama

Narito ang mga pamantayan ng pagtataya ng output mo sa letrang d:

- f. May paglalarawan ng mga karanasan sa malayang pagpapasya
- g. May pagpapakita ng mga resulta ng malayang pagpapasya na naging maganda ang bunga
- h. May pagpapakita ng mga resulta ng malayang pagpapasya na hindi naging maganda ang bunga at napanagutan ang pagpili sa kilos
- i. May pagninilay sa tanong na "Ako Ba Ay Malaya"?



Paunang Pagtataya

1. Ang sumusunod na kilos ay nagpapakita ng mapanagutang paggamit ng kalayaan **maliban** sa:
 - a. Inilaan ni Anthony ang malaking bahagi ng kanyang buhay upang mapalawak ang kanyang kaalaman at karunungan, alam niyang malaking bagay ang magagawa nito upang maiahon niya ang kanyang pamilya sa kahirapan at upang maibahagi niya sa lahat ang kanyang mga kakayahan.
 - b. Nasaktan ni Rebecca ang kanyang ina dahil sa kanyang pagsisinungaling dito. Inihanda niya ang kanyang sarili sa magiging reaksiyon ng kanyang mga kapatid sa kanyang ginawa. Dahil dito siya na mismo ang gumawa ng paraan upang itama ang kanyang pagkakamali kahit pa ito ay nangangahulugan na siya ay mapapahiya at masasaktan.
 - c. Nasaksihan ni Rupert ang ginawang panloloko ng kanyang kapatid sa kanyang mga magulang. Ang alam ng mga ito, pumapasok siya araw-araw sa paaralan ngunit sa halip nagpupunta ito sa computer shop kasama ang mga barkada. Dahi alam niyang labis na mapagagalitan ang kanyang kapatid hindi niya ito sinabi sa kanyang magulang dahil ayaw niyang ito ay mapagalitan o masaktan.
 - d. Hindi lingid sa kaalaman ni Rachelle ang katiwalian na nagaganap sa loob ng kanilang kompanya. Saksi siya sa pandarayang ginagawa ng kanyang matalik na kaibigan sa report ng kinita ng kompanya. Sa kabila ng pakiusap nito na manahimik na lamang siya ay sinabi pa rin niya ito sa kanyang boss na naging dahilan ng pagkatanggal ng kanyang kaibigan sa trabaho at pakakaroon ng kaso sa hukuman.
2. Ang sumusunod ang palatandaan ng mapanagutang paggamit ng kalayaan **maliban** sa:
 - a. Nakahandang harapin ang anumang kahihinatnan ng mga pagpapasya
 - b. Naisasaalang-alang ang kabutihang pansarili at kabutihang panlahat
 - c. Hindi sumasalungat ang kilos sa likas na batas-moral
 - d. Naibabatay ang pagkilos sa kahihinatnan nito
3. Ayon kay Sto. Tomas de Aquino ang kalayaan ay katangian ng kilos-loob na itakda ng tao ang kanyang kilos tungo sa maaaring hantungan at ang paraan upang makamit ito. Ito ay nangangahulugang:
 - a. Ang kalayaan ng tao, katulad ng kilos-loob ay nakabatay sa dikta ng isip.
 - b. Malaya ang taong gamitin ang kanyang kilos-loob upang pumili ng partikular na bagay o kilos.

- c. Ang hantungan ng kilos ay itinatakda ng tao batay sa kaniyang pagiging mapanagutan sa paggamit ng kanyang kalayaan
 - d. Lahat ng nabanggit
4. Ang kalayaan ng tao ay nakasalalay sa kanyang _____.
 - a. Isip b. dignidad c. Kilos-loob d. Konsiyensiya
 5. Nakilahok sa isang pag-aalsa laban sa pamunuan ng kompanyang kaniyang pinagtatrabahuhan. Nangyari ito dahil sa hindi makataong pagtrato ng mayari ng kompanya sa lahat ng mga empleyado. Dahil dito, siya at ang ilan pang mga kasama na itinuturing na pinuno ng mga manggagawa ay hinuli at ikinulong. Sa sitwasyong ito, nawala ang kanyang _____.
 - a. Karapatang pantao c. Panloob na kalayaan
 - b. Dignidad bilang tao d. Panlabas na kalayaan
 6. Bakit mahalagang hayaan ng isang magulang ang kanyang anak na sumubok, pumili at magpasya para sa kanyang sarili?
 - a. Ito ang magbibigay sa kanila ng mga karanasang maaari nilang gamiting gabay sa mga isasagawang pagpapasya sa hinaharap
 - b. Ang pagkakataong ibinibigay ng magulang ang magtuturo sa mga anak na sumunod mula sa pag-unawa at pagmamahal at hindi sa pamimilit.
 - c. Maiiwasan ang pagrerebelde ng isang anak dahil sa labis na pagnanais ng magulang na magabayan ang kanyang anak patungo sa tamang landas.
 - d. Ang pagiging malaya sa pagpapasya ng isang anak ay maaaring magdulot ng sakit dahil sa pagkakamali ngunit dito sila natututo ng mahalagang aral.
 7. "Ang tunay na kalayaan ay ang paggawa nang mabuti." Ang pangungusap ay:
 - a. Tama, dahil ang tao ay nilikha ng Diyos na taglay ang likas na kabutihan.
 - b. Tama, dahil ang tunay na kalayaan ay mapanagutan kaya't inaasahang ito ay gagamitin sa paggawa nang naaayon sa kabutihan.
 - c. Mali, dahil ang tunay na kalayaan ay ang paggawa ng mabuti ayon sa paghuhusga ng tao
 - d. Mali, dahil magkakaroon lamang ng kabuluhan ang kalayaan kung malayang magagawa ng tao ang mabuti at masama
 8. Ano ang nagbibigay hugis o direksiyon sa kalayaan?
 - a. Isip b. konsiyensiya c. batas-moral d. dignidad
 9. Ang kalayaan ng tao ay hindi lubos. Ang pangungusap na ito ay nangangahulugang:
 - a. Magiging malaya lamang ang tao kung ang kanyang ginawa ay kabutihan.
 - b. Ang kalayaan ng tao ay nagtatapos sa kanyang paglabag sa likas na batas-moral

- c. Hindi ganap na malaya ng tao, hindi siya maaaring mamili batay lamang sa kanyang nais
 - d. Lahat ng nabanggit
10. Ayon kay Fr. De Torre, ang tao ay walang kakayahang gawin palagi ang anumang kanyang naisin. Ang pangungusap ay:
- a. Tama, dahil hindi ganap ang tao
 - b. Tama, dahil maraming bagay ang nais mangyari at gawin ang tao subalit hindi niya magawa ang mga ito
 - c. Mali, dahil taliwas ito sa tunay na kahulugan ng kalayaan
 - d. Mali, dahil magagawa ng tao ang maraming bagay sapagkat mayroon siyang isip at kilos-loob



PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Isang hindi pangkaraniwang nilalang na bahagi ng alamat ng mga Arabo ang Genie. Sa mga palabas ngayon, ipinakikita na ang Genie ay gumaganap bilang isang nilalang na may taglay na kapangyarihang magbigay ng tatlong kahilingan. Halimbawa, nagkaroon ka ng pagkakataon na humiling, ano ang iyong hihingiin?



Panuto: Ano ang magiging tugon mo sa tanong ng Genie? Punan ang patlang ng iyong sagot sa sumusunod na tanong: Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.

1. Isulat ang iyong tatlong kahilingan.
2. Isulat ang dahilan kung bakit ang mga ito ang iyong hiling.
3. Ang hiling mo ba ay maisasakatuparan kahit walang magic?
4. Paano ito mangyayari? Ano ang gagawin mo upang makamit ito?
5. Ano ang hindi mo gagawin upang makamit ito?
6. Ano ang taglay mo upang makamit ang iyong hiling kahit walang magic?

Mga Kahilingan

1. _____
2. _____
3. _____



Dahilan

1. _____
2. _____
3. _____




Mangyayari Ba Kahit Walang Magic?

1. _____
2. _____
3. _____

Gagawin Ko Upang Makamit ang Hiling


1. _____
2. _____
3. _____



Hindi Ko Gagawin Upang Makamit ang Hiling

1. _____
2. _____
3. _____





Ano ang kakayahang taglay mo upang makamit ang iyong hiling nang hindi nakadepende sa magic?

Ang nangyayari sa buhay ng tao ay hindi *magic*. Dulot ito ng mga pagpapasya na ginagawa ng tao sa kaniyang buhay at ang kaniyang pagsisikap na makamit ito.

Kabilang ba sa iyong kakayahang taglay ang kalayaang piliin ang kilos na gagawin upang makamit ang iyong ninanais?



PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Panuto: Ano ang kalayaan para sa iyo? Suriin ang sumusunod na larawan. Tukuyin kung alin sa mga ito ang nagpapakita ng pagkakaroon ng kalayaan at alin sa mga ito ang walang kalayaan. Isulat ang letra ng larawan na nagpapakita ng kalayaan sa unang hanay. Isulat din ang letra ng larawan na nagpapakita ng kawalan ng kalayaan. Sundan ang pormat na ito:

Nagpapakita ng Kalayaan	Nagpapakita ng Kawalan ng Kalayaan

A. Paggawa ng gawaing-bahay



B. Pag-inom ng alak



C. Bayanihan



D. Maagang pakikipag-relasyon sa kabaligtarang kasarian



E. Pakikipag-away



F. Pag-aaral ng leksiyon



G. Paninigarilyo



H. Kahirapan



I. Masayang pamilya



Sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

5. Bakit mo nasabing may kalayaan sa mga larawan sa unang hanay?
6. Bakit mo nasabing walang kalayaan sa mga larawan sa ikalawang hanay?
7. Ano ang ipinakikita nitong kahulugan ng kalayaan?

May bago ka bang natuklasan tungkol sa kalayaan?

Ngayon naman, pag-aralan ang mga sitwasyon na karaniwang ginagawa ng ilang nagdadalaga at nagbibinatang katulad mo. Suriin kung naipamumuhay nila ang kanilang pagkakaroon ng kalayaan.

Pag-aralan ang sumusunod na sitwasyon, masasabi mo bang may kalayaan sa mga ito? Sa bawat sitwasyon sa unang hanay, sabihin kung may kalayaan o wala sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (✓) kung mayroon o ekis (x) kung wala, sa ikalawang kolum. Isulat ang iyong patunay sa iyong sagot, sa ikatlong kolum.

SITWASYON	MAY KALAYAAN O WALA	PATUNAY
1. Pagbibisyo (pagsusugal, pagsisigarilyo, pag-inom ng alak, pagkalulong sa droga)		
2. Maagang pag-aasawa o pagbubuntis		
3. Pagpapabaya sa pag-aaral (hindi gumagawa ng project, o naghahanda ng takdang-aralin, etc.)		
4. Pagrerebelde sa magulang		
5. Pagsama sa maling barkada		

Ano ang nahinuha mong kahulugan ng kalayaan mula sa gawaing ito? Isulat ito sa iyong kuwaderno.

Isang mahalagang biyaya kasunod ng buhay na ipinagkaloob sa tao, ay ang biyaya ng kalayaan upang pamahalaan ang buhay na ito. Malaking hamon sa iyo ang pag-unawa sa tunay na kahulugan ng kalayaan na ipinagkaloob sa tao. Tama ba ang pakahulugan mo sa salitang ito? Tama ba ang paraan ng paggamit mo rito?

Sa susunod na bahagi ng modyul na ito, unawain mo ang tunay na kahulugan ng kalayaang taglay mo.



PAGPAPALALIM

KALAYAAN

May mga kabataang nag-aakala na ang kalayaan ay kapangyarihan na gawin ang anumang naisin ng tao. Kung susuriin ayon kay de Torre, ang tao ay walang kakayahang gawin palagi ang anumang kanyang naisin. Maraming bagay ang nais niyang mangyari at gawin subalit hindi niya magawa ang mga ito. Nais ng taong hindi magkasakit, hindi tumanda, manatiling buhay, malaman ang lahat ng bagay – ngunit wala siyang kalayaan upang magawa ang mga ito.



Kung ganoon, ano nga ba ang tinutukoy na kalayaan ng tao?



Sa kabila ng limitasyong ito ng kalayaan ng tao, ang tao ay tunay na malaya sa kanyang pagpili o pagpapasya.

Binigyang-kahulugan ni Santo Tomas de Aquino ang kalayaan bilang “katangian ng kilos-loob na itakda ng tao ang kanyang kilos tungo sa kanyang maaaring hantungan at ang paraan upang makamit ito”. Nangangahulugan ito na malaya ang taong gamitin ang kanyang kilos-loob upang pumili ng partikular na bagay o kilos. Ang tao ay nagtatakda ng kanyang kilos para sa kanyang sarili. Walang anumang

puwersa sa labas ng tao ang maaaring magtakda nito para sa kanya. Maaari siyang mahikayat, maganyak o maakit subalit hindi maaaring puwersahin o pilitin. Subalit ang kalayaang ito ay hindi tumutukoy sa kalayaan upang piliin ng tao ang kahihinatnan ng kanyang pagpili. Hindi sakop ng kanyang kalayaan ang likhain ang kahihinatnan ng kanyang piniling kilos. Halimbawa, malaya ang isang mag-aaral na piliing magbarkada kaysa mag-aral ng leksiyon, subalit hindi siya malaya sa maaaring kahihinatnan nito. Hindi maaaring mataas pa rin ang kanyang marka sa kabila ng kanyang piniling gawin. Hindi malaya ang tao na piliin ang kahihinatnan ng kilos na kanyang pinili. Samakatuwid, ang kalayaan ay hindi lubos, at ito ay may limitasyon. Ang limitasyong ito ay itinakda ng Likas na Batas-Moral. Ipinaliwanag ni Sr. Felicidad C. Lipio ang kaugnayan ng kalayaan sa batas na ito katulad ng kaugnayan ng dalampasigan sa baybay-dagat. Ang dalampasigan ang nagbibigay hugis sa tubig at ang siyang nagbibigay hangganan dito. Gayundin, ang Likas na Batas-Moral ang nagbibigay-hugis sa paggamit ng

tunay na kalayaan at nagtatakda ng hangganan nito. Ang batas-moral kung gayon ay alituntuning kailangang sundin na nagbibigay-hugis at direksiyon sa kalayaan.

URI NG KALAYAAN

May dalawang uri ng kalayaan:

1. *Panloob na Kalayaan.* Ayon sa obserbasyon ni Santo Tomas de Aquino, nakasalalay sa kilos-loob ng tao ang kanyang kalayaan. Tinutukoy ng Panloob na Kalayaan ng kilos-loob ang:

- a) kalayaang gumusto (freedom of exercise) – ito ang kalayaang magnais o hindi magnais
- b) kalayaang tumukoy (freedom of specification) – ito naman ang kalayaan upang tukuyin kung alin ang nanaisin

Sa babalang ito halimbawa, “Bawal ang Maligo Rito”. Ang iyong kilos-loob ay malayang magnais o hindi magnais na sundin o kaya bale-walain ang babala. Sakaling nagpasya ang kilos-loob na sundin ang sinasabi ng babala, malaya nitong tukuyin kung ano ang nanaising gawin bilang kapalit sa planong paliligo. Nanaisin niya marahil ang magpiknik na lamang sa dalampasigan, lumipat ng ibang lugar o umuwi na lang.



Walang maaaring magtanggali ng panloob na kalayaan ng tao. Hindi ito maipagkakait, makukuha o maaalis sa kanya.

2. *Panlabas na Kalayaan.* Ito ang kalayaan upang isakatuparan ang gawain na ninais ng kilos-loob. Naiimpluwensiyahan ng mga panlabas na salik ang kalayaang ito. Maaaring mabawasan o maalís ang kalayaang ito sa pamamagitan ng puwersa sa labas ng tao. Kapag ang tao ay ikinulong, mawawala ang kanyang panlabas na kalayaan.

Halimbawa ng panlabas na kalayaan ay ang politikal, propesyonal at akademikong kalayaan. Nakapaloob sa politikal na kalayaan ang kalayaang pumili ng sasaliang samahang politikal, bumoto o pumili ng taong mamumuno. Ang akademikong kalayaan halimbawa ay ang kalayaang pumili ng paaralang papasukan at kursong kukunin sa kolehiyo. May kalayaan ang mga propesyonal na gampanan ang kanilang tungkulin ayon sa sariling pamamaraan subalit hindi taliwas sa mga panuntunan.

Ayon kay Esther Esteban (1990), ang konsepto ng kalayaan ay nangangahulugan na nagagawa o nakakayang gawin ng tao ang nararapat upang makamit ang pinakamataas at pinakadakilang layunin ng kanyang pagkatao.

Malaya ang taong linangin ang kanyang sarili at paunlarin ito.



Ang kalayaan ng tao ay nakabatay sa pagsunod sa Likas na Batas-Moral. Ang tunay na kalayaan ay masusumpungan sa pagsunod sa batas na ito. Sa bawat batas na nauunawaan at sinusunod ng tao, mas nadaragdagan ang kanyang kalayaan. Bakit nga ba pinayagan ng Diyos na maging malaya ang tao na tanggapin o suwayin ang Kanyang batas? Bakit hinahayaan ng

isang magulang ang kanyang anak na sumubok, pumili at magpasya para sa kanyang sarili? Ito ay sa dahilang umaasa ang Diyos o maging ang magulang ng pagsunod mula sa pag-unawa at pagmamahal hindi dahil sa pinilit at pagsunod na may takot.

Dahil dito, ang kalayaan ng tao ay palaging may kakambal na pananagutan. Ang tao ay kailangang maging mapanagutan sa anumang kilos at pagpapasyang gagawin. Paano mo malalaman kung naging mapanagutan ka sa paggamit ng kalayaan? Narito ang ilang palatandaan ayon kay Esteban (1990):

1. Kung naisaalang-alang mo ang kabutihang pansarili (personal good) at ang kabutihang panlahat (common good). Halimbawa, ginagamit mo ang kalayaan upang malampasan ang mga balakid sa pag-unlad ng ating pagkatao. Ang maging malaya sa kamangmangan, kahirapan, katamaran, kasamaan ay ilan sa mga ito. Itinatalaga rin ang kalayaan para sa ikabubuti ng kapwa katulad ng pakikilahok sa mga proyektong pampamayanan o maging sa pagtatanggol sa mabubuting adhikain.
2. Kung handa kang harapin ang anumang kahihinatnan ng iyong pagpapasya. Ang bawat kilos o pagpapasya ay may katumbas na epekto, mabuti man o masama. Hindi lamang sapat na harapin ang kahihinatnan ng pasiya o kilos kundi ang gamitin ang kalayaan upang itama ang anumang pagkakamali.
3. Kung ang iyong pagkilos ay hindi sumasalungat sa Likas na Batas-Moral. Ang Likas na Batas-moral ay ibinigay sa tao noong siya'y likhain. Nakasaad sa mga batas na ito ang dapat gawin at di dapat gawin ng tao. Ang mga batas na ito ang siyang batayan sa pagsasaalang-alang sa pagkilala ng kabutihang pansarili at kabutihang panlahat.

Bagamat may kalayaang pumili ang tao dahil sa kanyang kilos-loob, ang tao ay may kamalayan, kaya siya ay may kakayahang magsuri at pumili ng nararapat. Siya ay may moral na tungkulin na piliin ang ayon sa moral na batayan. Ang kalayaan ng kilos-loob ay bahagi ng ating ispiritwal na aspekto ng ating pagkatao. Bigay ito ng Diyos sa tao upang malaya niyang mahubog ang kanyang pagkatao. Ang tunay na kalayaan ay mapanagutan kaya't inaasahang ito ay gagamitin sa paggawa nang naaayon sa kabutihan. Ang tunay na kalayaan ay ang paggawa ng mabuti.


Ang tunay na
KALAYAAN ay
ang paggawa ng
kabutihan

Tayahin natin ang iyong pag-unawa

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

- e. Paano maipamamalas ang tunay na kalayaan?
- f. Bakit kailangang may hangganan ang kalayaan ng tao?
- g. Paano naging malaya ang taong gumagawa ng mabuti?

Anong konsepto ang naunawaan mo mula sa babasahin. Sagutin ito sa iyong kuwaderno gamit ang *graphic organizer*.



Naging malinaw ba para sa iyo ang mga konseptong tinalakay tungkol sa kalayaan ng tao? Nawa'y naging malinaw sa iyo ang tamang paraan ng paggamit ng kaloob na ito sa iyo ng Diyos. Hangad kong magiging matalino at maingat ka sa iyong paggamit ng kalayaan. Ang unang hakbang sa landas na pinili mong tahakin ay nangangahulugang pagpili ng kahihinatnan nito.

Ano ang gagawin mo kung hindi mo gusto ang dulo ng daan?



PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

“Kung anong itanim ay siya ring aanihin.” “ Ang mangga ay hindi maaaring mamunga ng santol.” Ilan lamang sa kilalang kasabihan tungkol sa paraan ng paggamit ng tao ng kaniyang kalayaan. Sa bahaging ito ng aralin, ilalapat mo ang mga natutuhan mong konsepto tungkol sa kalayaan sa pang-araw-araw mong buhay.

Pagganap

Panuto:


- Basahin at unawain ang sitwasyon sa ibaba. Suriin ito sa pamamagitan ng pagkilala sa maaaring kahihinatnan ng kilos sa bawat sitwasyon.
- Isulat sa unang kolum ang agarang epekto o kahihinatnan ng kilos.
- Isulat din sa ikalawang kolum ang pangmatagalang epekto ng kilos.
- Gabay mo ang naunang sitwasyon bilang halimbawa.

SITWASYON	AGARANG EPEKTO	PANGMATAGALANG EPEKTO
Halimbawa: Kapag tinanggihan ko ang alok ng kaibigan kong sumama sa kaniya para magsugal.	Halimbawa: -hindi masasayang ang pera ko. -hindi ako matututong magsugal. - hindi niya na ako yayain ulit sa susunod.	Halimbawa: - hindi ako magugumon sa sugal. - makapagtatapos ako ng pag-aaral
Kapag tumutulong ako sa gawaing bahay.		

SITWASYON	AGARANG EPEKTO	PANGMATAGALANG EPEKTO
Kapag hindi ko ginawa ang aking mga takdang-aralin.		
Kapag maaga akong nakipagrelasyon sa kabaligtarang kasarian.		
Kapag nag-aral ako ng leksiyon araw-araw.		
Kapag pinagbigyan ko ang alok ng kaibigan kong manood ng pornograpiya.		

Pagninilay

Sumulat ng pagninilay tungkol sa natuklasan mong tunay na kahulugan ng kalayaan. Sagutin ang mga tanong na: Ano ang nabago sa aking pananaw tungkol sa kalayaan? Paano ko maipakikita ang pagpapahalaga ko sa kalayaang taglay ko? Gawin ito sa iyong journal.



Pagsasabuhay

Ang paggamit ng kalayaan ay may kakambal na pananagutan. Bagama't hindi perpekto ang tao kaya't siya ay nagkakamali sa ilang pagpapasya. Subali't dahil sa kalayaan, maaari niyang baguhin at paunlarin ang kaniyang pagpapasya at ang kaniyang pagkatao.

Panuto:

Sa mga ginawa mong pasya sa nakaraan, alin sa mga ito ang nais mong baguhin at paunlarin upang masigurado mong ginagamit mo ang iyong kalayaan sa tamang paraan? Gawin ang “ Kalayaan Ko, Kabutihan Ko” sa pamamagitan ng pagtatala ng mga kilos na nais mong baguhin o paunlarin. Banggitin din ang naging epekto nito sa iyong pagkatao o sa kapwa. Ang gagawin mo upang mapaunlad o baguhin ang kilos. Itala rin ang mga araw ng pagsasagawa nito at ang epekto o resulta nito.

Kilos Na Nais Kong Baguhin/ Paunlarin	Naging Epekto sa Pagkatao/ Kapwa	Gagawin Kong Pagbabag o	Lunes	Martes	Miyerkoles	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo	Epekto sa Pagkatao/ Kapwa
Halimbawa: Pagsagot nang pabalang sa aking mga magulang.	Naging walang respeto hindi lang sa magulang kundi pati sa ibang tao.	Pipiliin ko na ang mga salitang gagamitin ko sa pakikipag-usap sa aking magulang. Magiging mahinahon .	x	✓	✓					Naging magalang at mapagtimpi sa sariling emosyon.

Binabati kita sa pagsisikap mong maging mapanagutan sa paggamit ng iyong kalayaan. Hangad ko ang patuloy na pagsasagawa at pagsasabuhay ng gawain hindi lamang sa loob ng isang linggo kundi sa buong buhay mo.

Mga Kakailangang Kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)

Mga Sanggunian:

- De Torre, Joseph M. *Christian Philosophy*. Manila: Sinag-tala Publisher(1980).
- Esteban, Esther J. *Education in Values: What, Why and for Whom*. Manila:Sinag-tala Publishers, Inc. (1990).
- Institute for Development Education Center for Research and Communication. *Perspective: Current Issues in Values Education 4*. Manila: Sinag-tala Publisher (1992).
- Lipio, Felicidad C. *Konsiyensiya para sa mga Katolikong Pilipin*.NB.Manila.(2004)
- Quito, Emerita S. *Fundamentals of Ethics*. Manila: C & E Publishing Inc. (2008).
- Kawanihan ng Edukasyon Sekundarya, Kagawaran ng Edukasyon. 2010. *Gabay sa Pagtuturo sa EP para sa 2010 Kurikulum ng Edukasyon Sekundarya (SEC)* Pasig City: Awtor
- *Philosophy of Freedom* (n.d.) Retrieved June 20, 2009 from [http://en.wikipedia.org/wiki/Philosophy of Freedom](http://en.wikipedia.org/wiki/Philosophy_of_Freedom)
- *Freedom (philosophy)* (n.d.) Retrieved June 20, 2009 from <http://en.wikipedia.org/wiki/Freedom>

Annex

EP I Yunit 2, Modyul 7: KALAYAAN

VI. Paunang Pagtataya

1. c
2. d
3. b
4. c
5. d
6. b
7. b
8. c
9. a
10. b

VII. Pag-unawa sa Babasahin o Bahaging Pagpapalalim (*Graphic Organizer*)

Likas sa tao ang malayang pagpili sa mabuti o masama ngunit ang kalayaan ay may kakambal na pananagutan para sa kabutihan.

Edukasyon sa Pagpapakatao 7

Ikalawang Markahan

Modyul 8: ANG DIGNIDAD NG TAO



Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?

Mulat ba ang iyong mga mata sa mga nangyayari sa iyong paligid? Iba't ibang uri ng tao ang iyong nakikita sa bawat araw at may iba't ibang katayuan sa buhay. May mayaman, may mahirap, may labis ang katalinuhan, mayroon namang hirap na hirap sa pag-unawa ng mga aralin sa paaralan. Marahil, katulad ng ibang tao, mayroon ka ring mga tanong sa iyong isip. Kung talagang may dignidad ang tao bakit hindi pantay-pantay ang tao sa mundo? Bakit may naaapi? Nanatili na lamang bang walang kasagutan ang mga tanong na ito o ikaw ba ay may ginagawa upang mahanap ang mga kasagutan sa mga tanong na ito? Makatutulong sa iyo ang araling ito upang masagot ang ilan sa iyong mga tanong. Nakahanda ka na ba?

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- a. Napatutunayan na ang bawat tao ay may dignidad anuman ang kanyang kalagayang panlipunan, kulay, lahi, edukasyon at relihiyon
- b. Nakabubuo ng mga paraan upang mahalín ang sarili at kapwa na may pagpapahalaga sa dignidad ng tao
- c. Napatutunayan na ang (a) paggalang sa dignidad ng tao ay ang nagsisilbing daan upang mahalín ang kapwa tulad ng pagmamahal sa sarili at (b) ang paggalang sa dignidad ng tao ay nagmumula sa pagiging pantay at magkapareho nilang tao.
- d. Naisasagawa ang pagtulong sa kapamilya, kaibigan o kakilala na iangat ang pagpapahalaga sa kanyang sarili

Narito ang mga pamantayan ng pagtataya ng output mo sa letrang b:

- a. May patunay na nangangailangan ng tulong ang kapamilya, kaibigan o kakilala
- b. Naghanda ng mga tiyak na hakbang sa pagsasagawang paggabay o pagtulong
- c. May mga patunay ng pag-unlad sa konsepto sa sarili ng kapamilya, kaibigan o kakilala
- d. Naitala ang lahat ng mga karanasan o pangyayari sa isang *diary*



PAUNANG PAGTATAYA

Basahing mabuti ang mga tanong at pangungusap at piliin ang pinakaangkop na sagot. Isulat ang letra ng napiling sagot sa iyong kuwaderno

1. Bakit nilikhang *hindi* pantay-pantay ang lahat ng tao sa mundo?
 - a. Matututo tayo ng pagpapakumbaba at pagpapaubaya.
 - b. Mabibigyan pa ng pagkakataon ang tao na maunawaan ang halaga ng talento at kakayahan na biyaya ng Diyos sa iilang tao.
 - c. Makikilala natin ang pagkakaiba sa antas ng lipunan upang maturuan tayong magsikap at magpunyagi para sa pag-unlad ng ating pagkatao.
 - d. Mauunawaan ng tao na kailangan niya ang kanyang kapwa dahil sa kanila natin matatanggap ang ating mga pangangailangang materyal at espiritwal.
2. Saan nagkakapantay-pantay ang mga tao?
 - a. Sa paningin ng Diyos at ng lipunan
 - b. Sa pagmamahal ng kani-kanilang pamilya
 - c. Sa kanilang dignidad bilang tao at ang karapatan na dumadaloy mula rito
 - d. Sa pagdating ng huling yugto ng kanyang buhay sa daigdig
3. Ang sumusunod ay mga pananagutan ng tao batay sa kanyang dignidad *maliban* sa:
 - a. Igalang ang sariling buhay at buhay ng kapwa.
 - b. Isaalang-alang ang kapakanan ng kapwa bago kumilos.
 - c. Maging pantay sa pakikitungo sa lahat ng tao sa lahat ng pagkakataon
 - d. Pakitunguhan ang kapwa ayon sa iyong nais na gawin nilang pakikitungo sa iyo.
4. Paano maipakikita ang pagkilala at pagpapahalaga sa dignidad ng isang tao?
 - a. Pahalagahan ang tao bilang tao hangga't siya ay nabubuhay.
 - b. Ibigay ang bahagi ng sarili sa kapwa kahit hindi pa ito kakilala.
 - c. Maging tapat sa lahat ng ginagawa para sa kapwa at sa pakikitungo sa mga ito.
 - d. Maglaan ng panahon upang iparamdam sa malapit na kapwa ang pagmamahal at pagpapahalaga.
5. Sino ang *hindi* tunay na nagpapakita ng paggalang sa dignidad ng kanyang kapwa?
 - a. Isang negosyante na nagbibigay ng malaking halaga bilang puhunan ng isang empleyado na tumatanda na
 - b. Isang pilantropong laging nakahandang magbigay ng tulong sa kapwa na nangangailangan ng kanyang tulong
 - c. Isang politikong labis ang katapatan sa kanyang panunungkulan sa pamahalaan
 - d. Isang taong may pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba

6. Dapat tumulong ang lipunan upang maiangat ang dignidad ng lahat ng tao dahil sa lipunan ito nagmumula. Ang pangungusap ay:
 - a. Tama, dahil itinatadhana ng saligang batas ang paggalang sa pagkakapantay-pantay ng lahat ng tao sa lipunan.
 - b. Tama, dahil ang tunay na diwa ng pagiging isang bansa ay nasa pagkilala sa karapatan at dignidad ng lahat ng tao.
 - c. Mali, dahil sa Diyos nagmumula ang dignidad ng tao.
 - d. Mali, dahil kailangang igalang ng mamamayan ang katayuan ng mga tao na mas mataas ang katungkulan sa pamahalaan.
7. Kailan maaaring mawala ang dignidad ng isang tao?
 - a. Kapag siya ay naging masamang tao
 - b. Sa sandaling nalabag ang kanyang karapatang pantao
 - c. Sa oras na niyapakan ng kapwa ang kanyang pagkatao
 - d. Wala sa nabanggit
8. Paano mapananatili ang mataas na antas ng dignidad ng tao?
 - a. Kumilos bilang kagalang-galang na indibidwal.
 - b. Panatilihin ang kabutihan sa sarili at sa kapwa upang laging makuha ang paggalang ng kapwa.
 - c. Palaging iangkop ang sarili sa pangkat na kinabibilangan upang maging karapat-dapat sa kanilang pagkilala.
 - d. Isabuhay ang pagpapahalaga hindi sa kung anong ari-arian mayroon kundi sa karangalan bilang tao.
9. Ano ang pinakamahalagang maitutulong ng pagkakaroon ng dignidad sa tao?
 - a. Magiging malaya ang tao na ipakita ang kanyang totoong sarili.
 - b. Mapananatili ang damdamin ng pagmamalaki sa lahat ng tao.
 - c. Masisiguro na magagawa ng tao ang lahat ng kanyang nais nang walang pag-aalinlangan.
 - d. Ang lahat ay nagkakaroon ng karapatan na umunlad sa paraang hindi makasasakit o makasasama sa ibang tao.
10. Paano mo matutulungan ang isang pulubi na maiangat ang kanyang dignidad bilang tao?
 - a. Palagi siyang bigyan ng pagkain at pera sa araw-araw.
 - b. Tulungan siyang hanapin ang kanyang pamilya upang may mag-aruga sa kanya.
 - c. Humanap ng isang institusyon na maaaring kumalinga sa kanya at mabigyan siya ng disenteng buhay.
 - d. Lapitan siya at kausapin sa araw-araw upang maitaas ang kanyang konsepto sa kanyang sarili.



PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Tunghayan ang mga kasunod na larawan. Tukuyin ang ipinahahayag ng bawat isang aytem sa letrang a, b, at c tungkol sa larawan. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno. Gabay mo ang unang bilang.

- Madalas na katawagan sa kanila ng mga tao
- Ang iyong damdamin kapag nakakikita ka ng mga tao na tulad niya sa kalye
- Paraan ng pakikitungo sa kanila ng mga tao

1.



- Pulubi
- Naaawa
- Pinandirihan, nilalayuan, iniwasan

2.



- _____
- _____
- _____

3.



- _____
- _____
- _____

4.



- _____
- _____
- _____

5.



- a. _____
- b. _____
- c. _____

6.



- a. _____
- b. _____
- c. _____

Ano ang iyong naging damdamin matapos gawin ang gawain? Ano ang iyong natuklasan tungkol sa iyong sarili? Inaasahan na pagkatapos ng gawaing ito, lubos mo nang naunawaan ang maaaring maging damdamin ng kapwa kung makikita niya ang iba't ibang paraan ng pakikitungo mo sa iba't ibang uri ng tao.


Ano ang maaaring dahilan kung bakit iba-iba ang iyong pakikitungo sa iba't ibang uri ng tao?

Gawain 2

Nakita natin sa katatapos na gawain ang iba't ibang katayuan ng tao sa lipunan. At nakita mo rin na naiiba ang pakikitungo sa kanya ng kanyang kapwa dahil sa kanyang katayuan o estado sa buhay. Ano nga ba ang kanilang pagkakaiba? Saang aspekto kaya sila nagkakatulad? Tutuklasin ito sa susunod na gawain.

Mag-isip ka ng dalawang magkaibang katayuan ng tao sa buhay na iyong nasasaksihan sa iyong paligid(hal., mayaman at mahirap).Suriin mo ang kanilang

pagkakatulad at pagkakaiba sa pamamagitan ng *Venn Diagram*. Ang *Venn Diagram* ay ginagamit upang ipakita ang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawa o higit pang bagay. May nakahandang halimbawa para sa iyo. Gawin ang iyong sariling *Venn Diagram* sa iyong kuwaderno.



Matagumpay mo bang nagawa ang iyong *Venn Diagram*? Ngayon naman ay sagutin mo ang sumusunod na tanong. Isulat mo ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang nakita mong pagkakaiba ng dalawang tao na may magkaibang katayuan sa buhay? Ipaliwanag.
2. Ano naman ang kanilang pagkakatulad? Ipaliwanag.
3. Sa pagitan ng kanilang pagkakaiba at pagkakatulad, alin sa iyong palagay ang higit na dapat na pagtuunan ng pansin at pagpapahalaga? Ipaliwanag.
4. Ano ang ipinahihwatig nito sa iyo?



PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Marahil ay naging malinaw sa iyo ang mga natatanging katangian ng tao. Ipinahihwatig nito sa atin na ang lahat ng tao ay nilikha ng Diyos ayon sa Kaniyang wangis at nakatatanggap nang pantay na pagtingin at pagmamahal mula sa Kaniya. Walang sinuman ang maaaring mag-alinlangan dito. Ngunit ganito rin ba ang ating turing sa ating kapwa? Ikaw ba ay masasabingmay paggalang sa dignidad ng iyong kapwa? Sa susunod na gawain, sasagutin mo ang tanong na:

Ano ang kailangan kong ibigay sa aking kapwa bilang patunay na iginagalang ko ang kaniyang dignidad?

Gawain 1

Panuto: Itala mo ang iyong sagot sa mga kamay na nasa ibaba. Gabay mo ang unang bilang.

1 pantay
na
pagtingin

4

2

5

3

6

Kumusta? Nahirapan ka ba sa gawain? Matutulungan kang suriin ang iyong mga isinulat sa pamamagitan ng pagsagot mo sa sumusunod na tanong:

1. Sa iyong pagsusuri sa iyong buhay, naibibigay mo ba *talaga* sa iyong kapwa ang iyong mga itinala? Bakit? Bakit hindi?
2. Kung ikaw ang nasa katayuan ng iyong kapwa, ano ang magiging damdamin mo kung hindi iginagalang ang iyong dignidad bilang tao? Ipaliwanag.
3. Sa iyong, palagay, makatarungan bang matanggap ng iyong kapwa ang iyong mga itinala? Pangatwiran.
4. Ano ang maitutulong ng pagsasagawa ng mga bagay na ito para sa iyong sarili at sa iyong kapwa?
5. Bakit kailangang pahalagahan mo ang iyong kapwa?
6. Bakit mahalagang makatanggap ka ng pagpapahalaga mula sa iyong kapwa?

Marahil sa pagkakataong ito ay tunay mo nang nadama at naunawaan ang damdamin ng iyong kapwa kapag bumababa ang kanilang dignidad dahil sa maling turing sa kanila ng kanilang kapwa. Sa paraang ito mas magiging mulat ang iyong mga mata sa mga nangyayari sa iyong paligid.

Gawain 2

Tayahin mo ang iyong kakayahang gumalang at magpapahalaga sa dignidad ng iyong kapwa.

Panuto: Tunghayan ang sumusunod na larawan. Suriin mo ang mga ito at sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Ang mga larawan bang ito ay gumagalang at nagpapahalaga sa pagkatao ng tao? Pangatwiranan.

2. Ano ang pagkakatulad ng mga larawang ito?

3. Ano ang ipinahihiwatig ng mga larawang ito tungkol sa pagiging tao?

4. Kung ang lahat ng mga ito ay nangyayari sa isang lipunan, anong paglalarawan ang maaari mong maibigay ukol sa lipunang ito?

5. Batay sa mga larawang ito, anong mga pahayag ang iyong mabubuo tungkol sa dignidad ng tao?

PAGPAPALALIM



Sa bahaging ito, higit na mapalalalim ang iyong pag-unawa sa iyong tungkulin na igalang ang iyong kapwa. Makatutulong ang babasahing inihanda sa ibaba upang maunawaan mo ang kahulugan ng salitang *dignidad*. Higit na mabibigyan ng malalim na kahulugan at kabuluhan ang iyong mga natutuhan mula sa mga nagdaang gawain kung uunawain mo nang mabuti ang babasahin.

PANTAY NA PAGKILALA SA DIGNIDAD, SA KAPWA AY IBIGAY

“Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin ng iba sa iyo.” Kung ano ang makasasama sa iyo, makasasama rin ito sa iyong kapwa. Kung ano ang makabubuti sa iyo, makabubuti rin ito sa kaniya. Bakit nga ba kaibigan? Sapagkat siya ay iyong kapwatao. Magkatulad ang inyong pagkatao bilang tao. Ito ang tunay na mensahe ng gintong aral (*Golden Rule*). Kinikilala nito ang karapatan ng bawat indibidwal sa paggalang ng kanyang kapwa. Hindi nga ba’t ito rin ang utos ng Diyos sa tao? Sinabi niyang “Mahalin mo ang iyong kapwa katulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili.” Nangangahulugan ito ng pagkilala sa dignidad na taglay ng lahat ng tao. Nilikha ng Diyos ang lahat ng tao ayon sa Kaniyang wangis. Ibig sabihin, ayon sa Kaniyang anyo, katangian at kakayahan. Samakatuwid, ang dignidad ng tao ay nagmula sa Diyos; kaya’t ito ay likas sa tao. Hindi ito nilikha ng lipunan at ito ay pangkalahatan, ibig sabihin, taglay ng lahat ng tao.

Ngunit, marahil tatanong mo ang iyong sarili, “Bakit may pagkakaiba ang tao? Bakit may taong mayaman? Bakit may mahirap? Bakit magkakaiba ang kanilang edad, kasanayang pisikal, intelektuwal at moral na kakayahan, ang benepisyong natatanggap mula sa komersiyo, at ang pagkakabahagi ng yaman? Maging ang talento ng tao ay hindi pantay-pantay na naibahagi. Sa kaniyang kapanganakan, hindi ibinigay sa tao ang lahat ng kaniyang pangangailangan para sa pag-unlad ng kaniyang materyal o pangkatawan at pang-espirtwal na buhay. Ipinahihiwatig nito na kailangan natin ang ating kapwa. Kasama ito sa plano ng Diyos, na tunay na nagnanais na matanggap ng bawat indibidwal ang kaniyang mga pangangailangan mula sa kaniyang kapwa. Inaasahan Niya na yaong nabiyayaan ng mga natatanging talento at kakayahan ay magbabahagi ng mga biyayang ito sa mga taong nangangailangan ng mga ito. Ang ganitong mga pagkakaiba ang humihikayat sa tao na isabuhay ang pagiging mapagbigay at mabuti. Ang nais ng Diyos ay yakapin ng tao ang pagbabahagi ng mga biyaya at regalo na natanggap ng bawat tao mula sa Kaniya.

Saan ngayon nagkakaroon ng pagkakapantay-pantay ang tao? Ang pagkakapantay-pantay ng tao ay nakatuon sa kaniyang dignidad bilang tao at ang karapatan na dumadaloy mula rito.

Ano ba ang dignidad? Ang dignidad ay galing sa salitang *Latin* na *dignitas*, mula sa *dignus*, ibig sabihin “karapat-dapat”. Ang dignidad ay nangangahulugang pagiging karapat-dapat ng tao sa pagpapahalaga at paggalang mula sa kaniyang kapwa. Lahat ng tao, anuman ang kaniyang gulang, anyo, antas ng kalinangan at kakayahan, ay may dignidad.

May mga katangian ang tao na nagpapabukod-tangi sa kaniya kung ihahalintulad sa ibang nilikha. Sapagkat mayroon siyang isip na nagbibigay sa kaniya ng kakayahang umunawa ng konsepto, mangatuwiran, magmuni-muni at pumili nang malaya. May likas na kakayahan siyang hubugin at paunlarin ang kaniyang sarili gamit ito. Hindi man agad nagagamit ng ilan ang kakayahang ito katulad ng mga bata, ang pagiging bukod-tanging tao ang mabigat na dahilan ng kaniyang dignidad. Kung kaya wala itong pinipili, hindi ito para lamang sa iilan. Sabi nga ni Papa Juan Pablo II para sa mga magsasaka at manggagawang Pilipino, “May karapatan kayong mamuhay at pakitunguhan kayo nang naaayon sa inyong dangal bilang tao; at kasabay nito, may karampatang tungkulin din kayo na makitungo sa kapwa sa ganito ring paraan...”

Dahil sa dignidad, lahat ay nagkakaroon ng karapatan na umunlad sa paraang hindi makasasakit o makasasama sa ibang tao. Nangingibabaw ang paggalang at pakikipagkapatiran, dahil sa mata ng Diyos, pantay-pantay ang lahat. Samakatuwid, kailangan mong tuparin ang iyong tungkulin na ituring ang iyong kapwa bilang natatanging anak ng Diyos na may dignidad. Mapangangalagaan ang tunay na dignidad ng tao sa pamamagitan ng pagtingin sa bawat tao na kaugnay ng Diyos. Nakasalalay ang ating tunay na dangal sa katotohanang tinatawag tayo upang makapiling ang Diyos.

Ayon kay Propesor Patrick Lee, ang dignidad ang pinagbabatayan kung bakit obligasyon ng bawat tao ang sumusunod:

1. *Igalang ang sariling buhay at buhay ng kapwa.* Halimbawa, sa kabila ng kahirapan sa buhay, hindi gagawin ng isang tao ang magbenta ng sariling laman o magnakaw na nagpapababa ng sariling pagkatao. Sa kabilang dako, kailangan mong tandaan na ang iyong kapwa ay hindi dapat gamitin para sa sariling kapakinabangan.
2. *Isaalang-alang ang kapakanan ng kapwa bago kumilos.* Karaniwang naririnig mula sa matatanda na bago mo sabihin o gawin ang isang bagay ay

makasampu mo muna itong isipin. Ano ang magiging epekto sa iba ng iyong gagawin? Nararapat pa ba itong gawin o hindi na?

3. *Pakitunguhan ang kapwa ayon sa iyong nais na gawin nilang pakikitungo sa iyo.* Ang prinsipyong ito ay nagpapatunay na anumang gawin mo sa iyong kapwa ay ginagawa mo rin sa iyong sarili. Ang paggalangsa karapatan ng iyong kapwa, pagmamahal, pagpapahalaga sa buhay, kapayapaan, katotohanan ay ilan sa mga pagpapahalaga tungo sa mabuting pakikipag-ugnayan. Ang mga ito rin ang nararapat na ipakita mo sa iyong kapwa.

Paano mo maipakikita ang pagkilala at pagpapahalaga sa dignidad ng isang tao?

Una, pahalagahan mo ang tao bilang tao. Ibig sabihin, hindi siya isang bagay o behikulo upang isakatuparan ang isang bagay na ibig mangyari. Lalong hindi dahil siya ay nagtataglay ng mga katangiang mapakikinabangan. May ilang mga taong nagiging makasarili na ang tingin sa tunay na saysay o halaga ng kaniyang kapwa ay batay sa pakinabang na maaari nilang makuha mula rito. Maraming kompanya na binabale-wala na lamang ang maraming taong serbisyo ng kanilang mga empleyado sa dahilang hindi na sila kasimproduktibo at epektibo noong sila ay bata pa at malakas. Hindi nawawala ang pagiging tao at ang kaniyang dangal dahil sa pagtanda. At lalo't higit hindi sila katulad ng isang bagay na basta na lamang itatapon at isasantabi kung luma na at wala nang pakinabang. Wala man siyang tinapos na kurso, siya man ay bata o matanda o may espesyal na kondisyon, ay nararapat na igalang.

Ikalawa, ang paggalang at pagpapahalaga sa dignidad ng tao ay ibinibigay hangga't siya ay nabubuhay. Dapat ay patuloy mong isinasaalang-alang at hinahangad ang lahat ng makabubuti para sa iyong kapwa. Halimbawa, ang pagmamahal ng anak sa magulang ay dapat walang pasubali o walang hinihintay na kapalit (*unconditional*). Hindi nararapat na mabawasan ang paggalang ng anak sa kaniyang mga magulang kapag ang mga ito ay tumanda na at naging mahina.

Mahalagang iyong isaisip at isapuso: Ang tao ang pinakabukod-tangi sa lahat ng nilikha ng Diyos dahil sa taglay niyang isip at kilos-loob. Nakatatanggap tayo ng labis-labis na biyaya, pagmamahal at pagpapahalaga mula sa Kaniya. Kung minsan bulag tayo sa katotohanang ito kung kaya nakararamdam tayo ng kakulangan. Hinahanap natin sa ating sarili ang lahat ng ating nakikita sa ating kapwa. Sa ganitong paraan, inaakala natin na tayo ay napagkakaitan. Ang lahat ng materyal na bagay ay sa lupa lamang, hindi natin dapat na inuubos ang ating panahon at pagod sa mga bagay na ito. Ang di matinag na karangalang taglay ng tao ay ang pinakamahalagang ari-arian ng isang tao. Nagmumula ang kahalagahang ito hindi sa anumang "mayroon" ang isang tao kung hindi *ano* siya bilang tao. Kung ang lahat ng tao ay mabibigyang-linaw ukol sa bagay na ito, hindi na magiging mahirap ang

pagpapanatili ng mataas na antas ng dignidad ng bawat tao sa anumang uri ng lipunan. Kailangan mo ng tulong mula sa iyong sarili, sa iyong kapwa at sa Diyos upang maisagawa ito. Sa ganitong paraan, muli nating maaalala na tayo ay ANAK ng DIYOS.




Nakalilibang magbasa hindi ba? Higit sa lahat, lumalawak ang iyong kaalaman lalong-lalo na ng tungkol sa buhay. Napakamakabuluhan ng nilalaman ng natapos na babasahin. Napakagandang gabay ito para sa pang-araw-araw na pamumuhay. Pagtibayin natin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong at pagsasagawa ng ilang mga gawain.

TAYAHIN ANG IYONG PAG-UNAWA

1. Ano ang dahilan ng pagkakaiba-iba ng tao sa mundo?
2. Sa paanong paraan nagkakatantay-tantay ang tao?
3. Paano mo maipakikita ang pagkilala at pagpapahalaga sa dignidad ng tao?
4. Bakit mahalaga ang pagkilala at pagpapahalaga sa dignidad ng tao?

Paghinuha ng Batayang Konsepto




Pagtataya sa mga Natutuhan

A. Sagutin mo ang sumusunod at isulat sa iyong kuwaderno ang iyong mga sagot.

1. Ilarawan mo ang isang bansa kung mananatiling hindi mapangangalagaan ang dignidad ng mga taong maliliit sa lipunan.

2. Paano ka makatutulong upang mapangalagaan ang dignidad ng iyong kapwa? _____

B. Gamit ang *concept map*. Isulat ang iba't ibang kaugnay na konsepto ng DIGNIDAD. Pag-ugnayin sa pamamagitan ng arrow ang magkakaugnay na konsepto. Nasa ibaba ang isang halimbawa ng magiging pormat ng gawain. Gawin ito sa iyong kuwaderno.



C. Ang ating pamahalaan ay naglulunsad ng mga programang kumikilala at makapagpapaangat ng dignidad ng tao. Magsagawa ng pagsasaliksik at magtala ka ng 2-3 programa ng pamahalaan na kumikilala sa dignidad ng lahat ng tao at ng mga napababayaang sektor ng lipunan (*marginalized*). May inihandang halimbawa sa ibaba. Gawin ang gawain sa iyong kuwaderno.

Programa/Proyekto	Layunin	Paano nito naiangat ang dignidad ng tao
<i>Special Education</i>	Upang bigyan ng pantay na pagkakataong makapag-aral ang mga taong may kapansanan	Naitatanim sa isip ng mga batang may espesyal na pangangailangan at sa kanilang mga magulang na kinikilala ng pamahalaan ang kanilang kahalagahan bilang bahagi ng lipunan.
1.		
2.		
3.		

Ngayon ay napagtibay mo na ang iyong kaalaman tungkol sa DIGNIDAD. Mayroon ka nang kahandaan upang mailapat mo ang iyong mga natutuhan sa iyong pang-araw-araw na buhay. Ito ang tunay na pagsubok, ang pagharap sa totoong buhay. Handa ka na ba?



PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Dahil naging malinaw na sa iyo ang konsepto ng DIGNIDAD, bibigyang-katuturan na ito sa pamamagitan ng paglalapat nito sa sariling buhay. Laging tandaan na walang kabuluhan ang pagkatuto kung ito ay mananatili lamang sa isip at hindi isasapuso. May mga gawain sa ibaba na inihanda para sa iyo. Handa ka na ba?

Pagganap


Makikita sa ibaba ang isang *DIGNITY BAROMETER*.

D
I
G
N
I
T
Y

B
A
R
O
M
E
T
E
R

1. Tayahin kung ano ang estado ng iyong sariling dignidad sa kasalukuyan. Isa (1) ang pinakamababa at sampu (10) ang pinakamataas.
2. Batay sa iyong ginawang pagtataya sa iyong sarili, sagutin ang tanong na: *Ano ang aking nararapat na gawin upang maging karapat-dapat sa pagpapahalaga at paggalang ng aking kapwa?*
3. Gawin mong malikhain ang iyong presentasyon sa gawaing ito. May inihandang halimbawa sa ibaba para sa iyo.

*Pagpapahalaga at
Paggalang ng Kapwa*



Kumusta kaibigan? Nag-enjoy ka ba? Napagtagumpayan mong muli ang nagdaang gawain. Gamitin mong gabay ang gawaing ito sa araw-araw, maging paalala sana ito sa iyo sa bawat araw ng iyong tungkulin para sa iyong sarili at sa iyong kapwa.

Pagninilay

Ano ang pakiramdam mo nang natapos mo ang gawain? May mga bago ka na naman bang natuklasan tungkol sa iyong sarili? Isulat mo sa iyong *journal* ang mga sagot mo sa sumusunod upang magamit mong batayan sa pagharap sa iba pang mga hamon na darating sa iyong buhay.

Ang Aking Natutuhan tungkol sa Pagpapahalaga sa Dignidad ng Aking Kapwa	Mga dapat kong gawin bilang taong may dignidad:
1.	1.
2.	2.
3.	3.
Mga paraan upang mapaunlad ko ang pakikipag-ugnayan sa aking kapwa:	Mga dapat kong iwasang gawin bilang taong may dignidad:
1.	1.
2.	2.
3.	3.

Pagsasabuhay

Matapos na mapalawak mo ang iyong kaalaman at kakayahan tungkol sa dignidad, lalabas ka na sa iyong kapwa. Hindi sapat na naiangat mo ang sarili mong dignidad, kailangang makatulong ka upang maiangat ang dignidad ng iyong kapwa. Ito ang nagbibigay ng kabuluhan sa buhay ng tao. Kung kaya, gagawin mo sa bahaging ito ang gawaing: *DIGNIDAD NG KAPWA KO, IAANGAT KO*.

1. Pumili ka ng sinuman sa pamilya, sa iyong mga kaibigan o hindi mo man kakilala sa pamayanan na sa iyong palagay ay mababa ang pagtingin o tiwala sa kaniyang sarili. Narito ang ilan sa mga palatandaan ng taong may mababang pagtingin sa kanyang sarili:

- a. Hindi tiyak sa patutunguhan ng kanyang buhay.
- b. Maraming nakikitang pagkakamali sa kanyang buhay at sa ibang tao. Maraming mga negatibong palagay at paghuhusga.
- c. Hindi nakalilimot sa mga nagdaang karanasan na pinaniniwalaang dahilan kung bakit hindi na siya maaaring magpatuloy mabuhay nang masaya.
- d. Pinapahirapan o sinasaktan nang madalas ang kanyang sariling kalooban at mahirap na magpatawad sa sarili at sa kapwa.
- e. Hindi nakikita ang saya o galak sa anumang kanyang ginagawa.
- f. Tinitingnan ang sarili na higit mababa kumpara sa ibang tao.

2. Kausapin mo siya at tulungang maiangat ang kaniyang pagpapahalaga sa sarili.
3. Ilapat mo ang mga hakbang na iyong natutuhan mula sa babasahin.
4. Huwag kang mapapagod hangga't hindi mo siya nakikitaan ng palataandaan ng pag-angat ng kaniyang pagpapahalaga sa kaniyang sarili.
5. Isulat sa isang *diyaryo journal* ang lahat ng mga pangyayari sa bawat araw na ikaw ay nakikipag-usap sa kaniya at itala mo rin ang pag-unlad sa bawat araw na iyong nakikita sa kaniya.
6. Kapag napagtagumapayan mo ito, nakatulong ka na sa kapwa mo, Madaragdagan pa ang iyong tunay na kaibigan.

Binabati kita! Muli mo na namang natapos ang isang modyul. Naniniwala akong dahil sa mga kaalaman, kakayahan (skills), batayang konsepto at pagganap na natutuhan mo sa modyul na ito, handang-handa ka na para sa susunod na modyul. *Binabati kita!*

Mga Sanggunian:

Compendium of the Social Doctrine of the Church. Word and Life Publishing. (2004).
Esteban, Esther J. *Education in Values: What, Why and for Whom*. Manila:Sinag-tala Publishers, Inc.(1990).

Johann Gottlieb Fichte, translated by Adolph Earnst Kroeger. *The Dignity of Man*(n.d.) Retrieved January 9, 2010 from
http://en.wikisource.org/wiki/The_Dignity_of_Man

Lee, Patrick. *Human Dignity* (n.d.) Retrieved January 9, 2010 from
http://www2.franciscan.edu/plee/human_dignity.htm

Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya, Kagawaran ng Edukasyon. 2010. *Gabay sa Pagtuturo sa Edukasyon sa Pagpapahalaga para sa 2010 Kurikulum ng Edukasyon Sekundarya (SEC)*. Pasig City: Awtor

Hartwell F. *What Is Low Self-Esteem? - Do You Have Any Of These 7 Indicators of Low Self-Esteem?* Retrieved from <http://ezinearticles.com/?What-Is-Low-Self-Esteem?---Do-You-Have-Any-Of-These-7-Indicators-of-Low-Self-Esteem?&id=5377225> on October 6, 2011

Mga Larawan:

Hinango noong May 17, 2011

- <http://www.treklens.com/gallery/photo100121.htm>
- <http://great-heart.blog.friendster.com/>
- <http://gosmellthecoffee.com/files/2010/03/down.jpg>
- <http://filipinolifeinpictures.wordpress.com/category/children/>
- http://www.bcompletesports.com.au/Corporate_products.html
- <http://diamond702.glogster.com/bullying/>
- <http://acox0816.blogspot.com/>
- <http://violenceagainstwomen2011.blogspot.com/2011/07/wife-beating-silent-crime.html>
- <http://3cursa.wikispaces.com/7+Unit+7+slavery>
- <http://indepthafrika.com/wp-content/uploads/2010/11/africa-ethiopia-aid.jpg>

Karagdagang Pahina

Sagot sa mga Pagtataya:

A. Paunang Pagtataya

1. d
2. c
3. d
4. c
5. a
6. c
7. b
8. d
9. d
10. a

B. Pagtataya ng mga Natutuhan: Mga Kaalaman (knowledge)

1. Ginawang magkakaiba ng Diyos ang mga tao dahil nais ng Diyos na matanggap natin ang ating mga pangangailangan mula sa ating kapwa. Nais niya na kailanganin natin ang ating kapwa para sa ating kaganapan dahil nilikha Niya tao bilang mga panlipunang nilalang.
2. Masisiguro kong napahahalagahan at naigagalang ko ang aking kapwa kung kikilalanin at igagalang ko siya bilang tao at hindi isang bagay o kasangkapan na aking gagamitin para sa aking kapakanan at lagi akong maghahangad ng para sa kaniyang kabutihan.
3. Kapag nakakita ako ng taong kaaba-aba ang kalagayan sa lansangan, dapat na ilagay ko ang aking sarili sa kanyang katayuan upang lubos kong maunawaan ang kanyang damdamin at matugunan ang kanyang tunay na pangangailangan.

C. Pagtataya ng mga Natutuhan: Mga Kakayahan (Skills)

1. Hindi. Ang tao ay nararapat na ituring bilang tao. Hindi dapat na sinasaktan o inaapi ang kapwa. Dapat na kinikilala at iginagalang ang kaniyang pangunahing karapatan.
2. Lahat ng mga nasa larawan ay biktima ng pang-aapi o deskriminasyon sa lipunan. Lahat sila ay natatapakan ang dignidad bilang tao.
3. Ang pagiging tao ay hindi lamang pag-iisip para sa sariling kapakanan at kabutihan. Kailangang kilalanin ng tao ang kanyang kapwa bilang katulad niyang tao na nangangailangan ng paggalang at pagpapahalaga.
4. Ang lipunan ay iiral na puno ng pang-aapi at deskriminasyon, hindi ito magiging masaya, matiwasay at maunlad. Hindi magkakaroon ng kapayapaan ang puso ng lahat ng tao dahil namamayani ang takot na maapi ng kaniyang kapwa.

5. Ang dignidad ng tao ay nangangahulugang pagiging karapat-dapat ng tao sa pagpapahalaga at paggalang mula sa kaniyang kapwa.

D. Pagtataya ng mga Natutuhan: Pag-unawa


A.

1. Mamayani ang malalakas at mananatiling api ang mahihina. (Might is right).
2. Pahahalagahan ko at igagalang ang tao bilang tao na siyang nararapat para sa lahat.

B. Mga kaugnay na konsepto

1. Karapatan
2. Paggalang
3. Pagpapahalaga
4. Pagkakapantay-pantay
5. Pagkatao
6. Pagmamahal
7. Pagkilala sa tao bilang tao

E. Paghinuha sa Batayang Konsepto



Ang *EU* na dapat mahinuha: Ang paggalang sa dignidad ng tao ay ang nagsisilbing daan upang mahalin ang kapwa tulad ng pagmamahal sa sarili.

Ang paggalang sa dignidad ng tao ay nagmumula sa pagiging pantay at magkapareho nilang tao.

F. Pagtataya ng mga Natutuhan: Produkto o Pagganap (batay sa mga pamantayan)

Mga Kraytirya ng pagtataya ng output:

- a. May patunay na nangangailangan ng tulong ang kapamilya, kaibigan o kakilala
- b. Naghanda ng mga tiyak na hakbang sa pagsasagawang paggabay o pagtulong
- c. May mga patunay ng pag-unlad sa konsepto sa sarili ng kapamilya, kaibigan o kakilala
- d. Naitala ang lahat ng mga karanasan o pangyayari sa isang *diary*

Modyul 9: KAUGNAYAN NG PAGPAPAHALAGA AT BIRTUD



Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?

Sa bawat araw na dumaraan, maraming pagpili ang ginagawa ng tao. Kung anong damit ang isusuot, kung papasok ba o hindi sa paaralan, kung isasauli ang sobrang sukli sa binili sa tindahan at marami pang iba. At sa iyong mga pagpili, mahalagang mahasa ang kakayahan na maging maingat bago isagawa ang anumang kilos. Kasama sa bawat pagpapasiya sa araw-araw ay ang mamili sa pagitan ng TAMA at MALI, MABUTI at MASAMA. Ano ba ang kailangan mo upang matuto kang mamili sa pagitan ng mga bagay na ito? Makatutulong ang aralin na ito upang masagot mo ang tanong na ito.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- a. Naipaliliwanag ang pagkakaiba at pagkakaugnay ng birtud at pagpapahalaga
- b. Nakikilala (a) ang mga birtud at pagpapahalaga na isasabuhay (b) ang mga tiyak na kilos na ilalapat sa pagsasabuhay ng mga birtud at pagpapahalaga
- c. Napatutunayan na ang paulit-ulit na pagsasabuhay ng mga mabuting gawi batay sa mga moral na pagpapahalaga ay patungo sa paghubog ng mga birtud (acquired virtues)
- d. Nailalapat sa pang-araw-araw na buhay ang mga tiyak na hakbang sa pagsasabuhay ng mga birtud

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

- a. May malinaw na listahan ng mga pagpapahalaga at birtud na lilingin sa sarili
- b. May pag-aakma ng kilos sa pagpapahalaga tungo sa paglinang ng birtud
- c. May mga palatandaan na nagpapakita ng pag-unlad sa pagsasabuhay ng birtud
- d. May kalakip na mga paliwanag at patunay ng pagsasabuhay
- e. Patuloy na naitala ang pagsasabuhay sa loob ng 2 linggo



Paunang Pagtataya

Panuto: Basahing mabuti ang mga tanong o pangungusap sa bawat bilang. Isulat ang titik ng pinakaangkop na sagot. Sagutan ito sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang moral na birtud na gumagamit ng kilos-loob upang ibigay sa tao ang nararapat para sa kanya: sino man o ano man ang kanyang katayuan sa lipunan?
 - a. Karunungan
 - b. katarungan
 - c. kalayaan
 - d. katatagan
2. Si Kryshna ay nagsisimula ng magdalaga, dumarating na ang pagkakataon na nagpapaalam siya sa kanyang magulang na gagabihin sa pag-uwi sa bahay dahil may mga proyektong kailangang gawin kasama ang kanyang mga kaklase. Kinausap ito nang mabuti ng kanyang magulang upang sabihin na papayagan ito ngunit kailangang makauwi sa itinakdang oras. Kapag hindi niya ito nagawa ay hindi na siya muling papayagan ng kanyang mga magulang. Anong mahalagang aral ang itinuturo sa kanya ng kanyang mga magulang?
 - a. Ang halaga ng pagsasabuhay ng mga birtud
 - b. Ang halaga ng pagtataglay ng moral na integridad
 - c. Tamang paggamit ng kanyang konsensya sa paghuhusga
 - d. Pag-unawa na ang kalayaan ay may kakambal na responsibilidad
3. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang hindi totoo tungkol sa halaga (values)?
 - a. Ito ay nagmula sa salitang Latin na valore
 - b. Ito ay obheto ng ating intensyonal na damdamin.
 - c. Ito ay nababago depende sa tao, sa lugar at sa panahon.
 - d. Ito ay nangangahulugang pagiging matatag o malakas at pagiging makabuluhan.
4. Alin sa mga sumusunod na pahayag ukol sa Halagang Pangkultural/Panggawi ang hindi totoo?
 - a. Ito ay halagang nagmula sa loob ng tao.
 - b. Ito ay mga mithiin na tumatagal at nananatili
 - c. Halimbawa nito ay ang pansariling pananaw, opinion, ugali o damdamin.
 - d. Ito ay may layuning makamit ang mga dagliang pansarili o pampangkat na tunguhin
5. Ano ang pinakanatural at pinakamahalagang tagapagpaganap ng pagpapahalaga?
 - a. Pamana ng Kultura
 - b. Mga Kapwa Kabataan
 - c. Pamilya at Pag-aaruga sa anak
 - d. Guro at Tagapagturo ng relihiyo

6. Tukuyin kung alin sa mga sumusunod na pangungusap ang TAMA.
 - a. Kapag hindi nagtagumpay ang isang tao sa pagtugon sa isang halaga hindi lang ang halaga ang nasisira kundi pati ang taong hindi tumutugon dito.
 - b. Kahit pa napababayaang ng isang tao ang kanyang katawan at kalusugan dahil sa pagtulong sa kapwa nanatili pa ring mabuti ang kanyang gawain
 - c. Ang sino man, bata man o matanda ay may sapat ng kakayahang bumuo ng kanyang sariling pagkatao at magkamit ng mataas na antas ng halaga.
 - d. Lahat ng nabanggit

7. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang *hindi totoo* tungkol sa birtud?
 - a. Ang birtud ay laging nakaugnay sa pag-iisip at kilos ng tao.
 - b. Ang salitang birtud ay galing sa salitang Latin na *virtus* o *vir*.
 - c. Ang birtud ay natural lamang na taglay ng lahat ng nilikha ng Diyos.
 - d. Ang gawi ay bunga ng paulit-ulit na pagsasakilos na nakamit dahil sa pagsisikap.

8. Masasabi lamang na tunay na naging epektibo ang edukasyon sa pagpapahalaga sa tahanan kung:
 - a. tunay na nabubuo ang magandang relasyon ng magulang at ng kanilang mga anak
 - b. nasiguro ng magulang na ang lahat ng kanilang mga anak ay matagumpay na naisasabuhay ang parehong halaga na kanilang itinuro
 - c. walang sino man sa kanilang mga anak ang hindi naisasabuhay ang pagiging maingat sa kanilang mga paghuhusga
 - d. lahat ng nabanggit

9. Sa paanong paraan nagkakaroon ng kaugnayan ang halaga at birtud?
 - a. May kaugnayan ang halaga at birtud dahil pareho lamang itong naghahangad ng kabutihan para sa tao.
 - b. Kung nakikita ng tao na ang isang birtud ay may malaking tulong sa kanyang pagkatao pagyayamanin niya ito at pahahalagahan.
 - c. Kung nakikita ng tao na ang isang bagay ay mahalaga tutukuyin niya ang angkop na birtud na mas makapagpapayaman dito.
 - d. Matatawag lamang na mahalaga ang isang bagay kung ito ay ginagabayan ng lahat ng mga birtud.

10. Ang mga sumusunod ay katangian ng ganap na halagang moral *maliban* sa:
 - a. Ito ay nagmumula sa labas ng tao.
 - b. Ito ay pangkalahatang katotohanan na tinatanggap ng tao bilang mabuti at mahalaga.
 - c. Ito ay maaaring pansariling pananaw ng tao o kolektibong paniniwala ng isang pangkat ng tao
 - d. Ito ay ang mga prinsipyong etikal na pinagsisikapang makamit ng tao at mailapat sa kanyang pag-araw-araw na buhay.



PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

unang modyul, nabasa o napanood mo ang kuwentong Alice's Adventure in Wonderland ni Lewis Carroll. Bagama't pambata ang kuwento, kapupulutan ng aral ang mensahe nito lalo na kung makikita mo ang iyong sarili sa situwasyon o pangyayari sa kuwento. Sadyang kawili-wili ang magbasa. Matataya mo sa bahaging ito ang iyong kakayahang magsuri kung ano ang kahalagahan ng pagpili ng kilos na gagawin at ang kaugnayan ng pagpapahalagang taglay ng tao sa pagpiling ito.

Ang kuwento ng Alice's Adventure in Wonderland ay kuwento ng isang batang babae na napunta sa lugar ng pantasya at nagkaroon ng maraming karanasan mula sa kanyang paglalakbay. Bahagi ng kuwentong ito ang pagharap ni Alice sa pusang si

Cheshire upang magtanong nang ang kanyang tinatahak na daan ay nagsanga. Tunghayan mo ang usapang ito ng dalawa.

<http://www.alice-in-wonderland.net/alice2a.html>, hinango Jan. 4, 2012

“Maaari mo bang ituro sa akin ang daan na nararapat kong tahakin mula rito?”



tanong ni Alice sa pusang si Cheshire.

“Depende iyan sa nais mong puntahan at nais mong marating.” Tugon ng pusa.

“Wala naman akong partikular na lugar na nais puntahan.” Ani Alice

Kumusta? Naunawaan mo ba ang bahaging ito ng kuwento? Ngayon sagutin mo ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno. Pumili ng isang kaibigan o kapamilya na maaari mong makausap upang ibahagi sa kanya ang iyong sagot. Hayaan din siyang magbigay ng kanyang opinyon o sagot sa parehong mga tanong.

Mga Tanong:

6. Bakit kailangang pumili ni Alice?
7. Bakit kailangang may pagbabatayan kung alin ang pipiliin?
8. Ano ang magiging kahihinatnan kung patuloy na maglalakbay si Alice na walang siguradong patutunguhan?
9. Bilang isang kabataan, anong pagpipili ang karaniwan mong ginagawa?
10. Ano ang pinagbabatayan mo ng iyong pagpili?
11. Ano ang kaugnayan ng pagpapahalaga ng tao sa kanyang pagpili? Ipaliwanag.

Ano ang natuklasan mo sa pag-uusap na ito?
Kawili-wili hindi ba? Hindi ka lang basta't nakikipagkuwentuhan dahil may saysay ang inyong pinag-uusapan. Higit pa dito nalilintang din ang inyong magandang ugnayan bilang magkapamilya o magkaibigan.



PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Nais mo bang malaman ang karanasan ng isang kabataang katulad mo? Sa naunang gawain, sinubukan mong kilalanin ang kahalagahan ng pagpili at ang pagkakaroon ng batayan sa pagpili ng kilos na gagawin; gayundin ang kaugnayan ng taglay na pagpapahalaga ng isang tao sa pagpiling ito. Sa bahaging ito, tutuklasin mo kung ano ang pinahahalagahan ng tauhan sa kuwentong iyong babasahin. Alamin mo din kung ano ang nalinang sa kanyang pagkatao makamit lamang ang kanyang pinahahalagahan. Handa ka na ba?

Ang Aking Pinahahalagahan at Nalinang na Birtud



Pitong magkakapatid sina Joven. Gumagawa ng banig ang kanyang ina samantalang walang permanenteng trabaho ang kanyang ama dahil sa karamdaman nito. Dahil sa kahirapan hindi sila nakapagpagawa ng isang disenteng bahay. Tagpi-tagpi ang dingding nito, bagamat yero ang bubong ay may mga butas. Masikip para sa siyam na tao ang maliit na espasyo ng bahay na nagsisilbing sala, kusina, kainan at tulugan ang buong kabahayan. Sa gabing maulan, magugulantang ang pamilya sa buhos ng ulan sa kanilang higaan kaya't inuumaga silang nakaidlip nang nakaupo habang nakapayong at kalong ang nakababatang kapatid.

Sa umagang may pasok sa eskuwelahan, bagama't hindi siya napakaaga hindi naman siya nahuhuli mula sa isa at kalahating kilometrong paglalakad mula sa kanilang bahay hanggang sa eskuwelahan. Malinis siyang manamit kahit pa nag-iisa lamang ang kanyang pantalon at polo na pangpasok na kailangan niyang labhan sa hapon upang magamit niya kinabukasan. Ipinagpapasalamat niya na mayroon siyang isang pares ng sapatos na bigay ng kaibigan ng kanyang ama. Sa tanghalian, nakakaraos ang kanyang pagkain mula sa tirang baon ng kanyang mga kaklase na ibinabahagi sa kanya.



Sa kabila nang lahat ng ito, masayahin, masigla at puno ng buhay si Joven. Matalino, nangunguna sa talakayan, matataas ang marka at magaling na pinuno. Hindi mababakas sa kanya na pinagdaraan niya ang mga sakripisyong nabanggit dahil sa kanyang positibong pagtingin sa buhay. Dahil sa angking talino sa pagguhit, binabayaran siya ng kanyang mga kamag-aral sa *drawing* na pinapagawa nila. Dahil matalino, nagpapaturo ang mga anak ng kanilang kapitbahay sa kanilang mga aralin at inaabutan siya ng mga magulang nila ng kaunting halaga. Sampung piso man ito o limampung piso, ibinibigay niya ito sa kanyang ina pandagdag sa kanilang gastusin. May mga araw na walang pasok na kailangan niyang magmaneho ng *Sikad-sikad* (pedicab na de padyak) para matulungan ang pamilya at matustusan ang ilang pangangailangan sa pag-aaral nilang magkakapatid. Niyaya din siya ng

kanyang mga kaibigan sa ilang mga lakaran subali't mas pinipili niya ang makauwi agad at makatulong sa kanyang ina at magawa ang mga gawain.

Ang liwanag na tumatagos mula sa siwang ng kanilang dingding na nagmumula sa ilaw ng kanilang kapitbahay ang tanging tanglaw nila sa gabi. Wala man silang mesa at upuan, hindi ito sagabal sa kanyang pag-aaral. Kahit minsan hindi siya pumasok ng klase nang hindi gawa ang takdang aralin at walang proyekto. Ang poste ng ilaw sa kalyeng malapit sa kanilang bahay ang naging saksi ng kaniyang pagpupursigi.

Mga Tanong:

1. Ano ang pinahahalagahan ni Joven sa buhay na nais niyang abutin?
2. Ano-ano ang kanyang mga pinagdaanan sa buhay na makahahadlang sa kanya sa pag-abot nito?
3. Ano-ano ang ginawa niya upang malampasan ito?
4. Ano ang nalinang sa kanyang pagkatao dahil dito?
5. Paano nagkakaugnay ang pinahahalagahan ng tao sa kilos o gawain niya?

Gamitin mo ang tsart sa ibaba sa pagsagot sa mga tanong na ito.

Pinahahalagahan:		
Mga Sagabal:	Paraang ginawa upang malampasan:	Gawi na nalinang:
Kaugnayan ng pinahahalagahan at gawi na taglay:		

Katulad ni Joven, ikaw din ay may pinahahalagahan sa buhay na nais makamit. Ang iyong pagsisikap sa pagkamit nito ay makatutulong sa paglinang ng iyong mabuting gawi. Walang duda, kaya mong patuloy na maging mabuting tao!




PAGPAPALALIM

BIRTUD (*VIRTUE*) AT PAGPAPAHALAGA

Gusto mo bang maging tunay na mabuting tao?
Malaki ang maitutulong ng babasahing ito para sa iyo.

Masisiguro lamang ng isang guro sa matematika na tunay na naunawaan ng kaniyang mag-aaral ang itinuturo niyang aralin kung masasagot nila nang tama ang mga pagsusulit at mga pagsasanay sa pisara nang paulit-ulit. Sa ganito maiihalintulad ang tagumpay ng pagtuturo ng pagpapahalaga. Magiging makabuluhan lamang ang pagtuturo ng pagpapahalaga kung ito ay nailalapat sa pang-araw-araw na buhay sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng mga birtud (*virtue*). Ano ba ang *virtue*?



Ang *virtue* ay galing sa salitang Latin na *virtus* (*vir*) na nangangahulugang “pagiging tao”, pagiging matatag at pagiging malakas. Ito ay nararapat lamang para sa tao. Kung kaya, hindi natin maaaring sabihin ang “*virtue* ng anumang hayop” dahil ang isang hayop ay walang kakayahan na ng anumang *virtue*. Ito ay dahil tanging tao lamang ang biniyayaan ng Diyos ng isip at kilos-loob. Ang tao ay may magkakatulad na isip ngunit hindi tayo magkakatulad ng kaalaman. Mayroon tayong magkakatulad na kilos-loob ngunit magkakaiba ng taglay na *virtue*. Mahalagang maunawaan na ang *virtue* ay laging nakaugnay sa pag-iisip at pagkilos ng tao.



Ang birtud ay hindi taglay ng tao sa kaniyang kapanganakan. Kung pagmamasdan ang isang sanggol ay makikita ang kaniyang kawalang malay sa mundo. Hindi siya mabubuhay nang walang ibang taong magbabantay at tutugon sa kaniyang mga pangangailangan. Wala pa siyang kakayahang mag-isip

at mangatuwiran, magpasiya at kumilos. Ngunit sa paglipas ng panahon, unti-unting nakikita ang pagbabago at pag-unlad sa kanyang paglaki. Ang mga ito ay dahil sa gawi (*habit*). Ang *habit* o gawi ay mula sa salitang Latin na *habere* na nangangahulugan *to have* o magkaroon o magtaglay.

Ang gawi ay bunga nang paulit-ulit na pagsasakilos o pagsasagawa ng isang kilos. Makakamit lamang ito kung lalakipan ng pagsisikap. Dahil ito ay dumadaan sa mahabang proseso at pagsisikap ng tao, hindi ito mawawala sa isang iglap lamang. Ito ay magiging isang permanenteng katangian na magtutulak sa tao na kumilos nang hindi lamang puno ng kasanayan kundi may kalakip na kawilihan at kasiyahan. Ang gawi ang unang hakbangsa paglinang ng birtud. Kaya ayon kay Aristotle, kailangang gumawa ang tao ng makatarungang kilos dahil sa pamamagitan nito magiging makatarungan ang tao. Mahalagang malinang ang mabuting gawi upang masanay ang tao sa paggawa ng mabuting kilos. Subali't ang birtud ay hindi simpleng nakasanayang kilos, sapagka't ang kondisyong ito ay lumalabas na hindi pinag-iisipan, nangyari na lamang ang kilos dahil sanay na ang tao na ito ang ginagawa. Ang paulit-ulit na pagsasagawa ng kilos ay tulong upang malinang ang birtud subali't ang birtud ay nangangailangan ng pagpili, pag-unawa at kaalaman. Nangangahulugan ito ng pagkilos nang may kamalayan. Ang birtud ay pagpapasiyang kumilos at hindi bagay na nakakabit sa tao at awtomatikong lumalabas sa kilos ng tao. Samakatuwid, ang birtud ay hindi lamang kinagawiang kilos kundi kilos na pinagpasyahang gawin ayon sa tamang katuwiran. Nakabatay ito sa pagpipili gayundin sa paglinang sa kakayahang gumawa ng tamang pagpapasya sa hinaharap. Halimbawa, ang isang matapat na tao na nagpasyang huwag kumuha ng hindi sa kanya, ay hindi resulta ng kanyang ginawa sa nakaraan, kundi isang pasya o desisyon sa kasalukuyan na maging matapat. Kaya nga ang birtud ay hindi hiwalay sa isip at kilos-loob, nangangahulugan ito na ang birtud ay pagpapasyang gawin ang tama, na may tamang katuwiran at sa tamang pamamaraan.

Ang
Birtud
ay hindi lamang
kinagawiang kilos
kundi kilos na
pinagpasyahang gawin
ayon sa tamang
katuwiran.

Ang birtud ay bunga ng mahaba at mahirap na pagsasanay. Bilang tao kailangan nating makamit ang dalawang mahalagang kasanayan:

1. Ang pagpapaunlad ng kaalaman at karunungan na siyang gawain ng ating isip. Ito ay makakamit sa pamamagitan ng paghubog ng mga intelektwal na birtud.
2. Ang pagpapaunlad ng ating kakayahang gumawa ng mabuti at umiwas sa masama na siyang gawain ng ating kilos-loob. Ito ay makakamit sa pamamagitan ng paghubog ng mga moral na birtud.

DALAWANG URI NG BIRTUD

1. Intelektuwal na Birtud



Ang mga intelektuwal na birtud ay may kinalaman sa isip ng tao. Ito ay tinatawag na *gawi ng kaalaman (habit of knowledge)*. Sa buhay ng tao, naglalaan tayo ng mahabang panahon sa pagpapayaman ng ating isip. Kung kaya, mahalagang malaman natin ang wastong pamamaraan sa pagsasagawa nito upang hindi tayo magsayang ng pagod, salapi at panahon. Maaari mong gamiting gabay ang sumusunod na pamamaraan:

- a. Paghahanap ng kaalaman upang makaalam tungo sa paggawa nang may kasanayan na magagawang perpekto lamang sa tulong ng pag-unawa (*understanding*), agham (*science*), karunungan (*wisdom*)
- b. Paggamit ng kaalamang nakalap sa mga pagpapasya at kilos na maaaring mapagyaman sa tulong ng sining (*art*) at maingat na paghusga (*prudence*)

Mga Uri ng Intelektuwal na Birtud

1. **Pag-unawa (*Understanding*)**. Ang pag-unawa ang pinakapangunahin sa lahat ng birtud na nakapagpapaunlad ng isip. Ito ay nasa buod (*essence*) ng lahat ng ating pag-iisip. Kung hindi ginagabayan ng pag-unawa ang ating pag-iisip na matuto, walang saysay ang ating isip. Ito ang dahilan kung bakit ibinigay ito sa atin bilang biyaya na taglay natin habang tayo ay unti-unting nagkakaisip. Ang pag-unawa ay kasing kahulugan ng isip.



Tinatawag ito ni Santo Tomas de Aquino na *Gawi ng Unang Prinsipyo (Habit of First Principles)*.

2. **Agham (*Science*)**. Ito ay sistematikong kalipunan ng mga tiyak at tunay na kaalaman na bunga ng pagsasaliksik at pagpapatunay. Matatamo natin ito sa pamamagitan ng dalawang pamamaraan:

- a. Pilosopikong pananaw – Kaalaman sa mga bagay sa kaniyang huling layunin (*last cause*) o sa kaniyang kabuuan. Isang halimbawa ay ang pag-aaral ukol sa tao, sa kanyang kalikasan, pinagmulan at patutunguhan
- b. Siyentipikong pananaw – Kaalaman sa mga bagay sa kaniyang malapit na layunin (*proximate cause*) o sa isang bahagi nito.



Halimbawa, pag-aaral bayolohikal na bahagi ng tao; o sa kaniyang kilos, kakayahan, kapangyarihan at iba pa.

3. **Karunungan (Wisdom).** Masasabi lamang na naaabot na ng kaisipan ng tao ang kaniyang kaganapan kung ito ay nagamit sa paggabay ng birtud ng karunungan. Ito ang pinakawagas na uri ng kaalaman. Ito ang pinakahuling layunin ng lahat ng kaalaman ng tao. Ito rin ang itinuturing na agham ng mga agham. Sinabi ni Santo Tomas de Aquino: “Napakaraming sangay ng siyensya at napakarami ng mga bagay na maaaring malaman ng tao ngunit nag-iisa lamang ang karunungan.” Ang karunungan ang nagtuturo sa tao upang humusga ng tama at gawin ang mga bagay na mabuti ayon sa kaniyang kaalaman at pag-unawa. Ito ang nagtutulak sa tao upang maunawaan ang bunga o kalalabasan (consequence) ng lahat ng pananalita at kilos bago ito sabihin at isagawa.



4. **Maingat na Paghuhusga (Prudence).** Ang mga birtud na natalakay ay may natatanging layunin na pagyamanin ang isip sa pamamagitan ng impormasyon na kinalap upang makaalam. Ang maingat na paghuhusga ay isang uri ng kaalaman na ang layunin ay labas sa isip lamang ng tao. Taglay natin ito hindi lamang upang tayo ay makaalam, kundi upang mailapat ang anumang nakalap na karunungan sa kilos. Ito ay may layuning sabihin sa ating sarili kung paano kumilos nang tama o wasto.



Ang maingat na paghuhusga ang nagbibigay-liwanag at gumagabay sa lahat ng ating mabuting asal o ugali. Sinasabi nga na sa tunay na esensya ng buhay, mas mahalaga ang maging mabuti kaysa maging malusog, mayaman at matalino. Ito ang pinakamahalaga at pinakamakabuluhan sa lahat ng mga intelektwal na birtud kaya't tinatawag itong “praktikal na karunungan” (*practical wisdom*).

Masasabing nailalapat ng tao ang maingat na paghuhusga kung ang isip ay nakakalap ng tamang kaalaman at ginagamit ito bilang gabay sa kaniyang moral na kilos.

Ang buhay ng tao ay puno ng mga pagsubok. Kailangan ng tao ng kahandaan upang harapin at malampasan ang mga ito. Ang maingat na paghuhusga ang magbibigay sa tao ng kahandaang ito. Layunin nito ang humusga kung ano *ang dapat* at *hindi dapat* isagawa sa anumang sitwasyon

o pagkakataon. Ito ang tunay na karunungan ng isang taong na nagpapakabuti. Ayon kay Santo Tomas de Aquino, “Ang gawi ng maingat na paghuhusga ay ang pagtingin sa lahat ng panig; pag-alala sa nakaraan, pag-unawa sa kasalukuyan at pagtanaw sa hinaharap, upang makakalap ng datos bago isagawa ang anumang pagpapasiya.

5. **Sining (Art).** Kung ang maingat na paghusga ay wastong paghusga tungkol



sa mga bagay na *dapat isagawa*, ang *sining* ay tamang kaalaman tungkol sa *mga bagay na dapat gawin*. Kung ang maingat na paghuhusga ay nagtuturo sa atin ng *tamang asal*, ang *sining* ang nagtuturo sa atin upang lumikha sa *tamang pamamaraan*. Ang *sining* ay paglikha, ito ay bunga ng katuwiran. Anuman ang nabuo sa isip ay inilalapat sa paglikha ng bagay. Ang *sining* ay maaaring gamitin sa paglikha ng anumang may ganda, katulad ng obra ng isang pintor, awit ng isang kompositor at tula ng isang makata. Ito rin ay maaaring gamitin sa paglikha ng mga bagay na may kapakinabangan tulad ng

pagtatayo ng mga bahay, gusali, tulay, daan at marami pang iba. Ngunit anumang likhang *sining* ay dapat na naisagawa nang maayos at puno ng kasanayan. Palaging binibigyang-diin ni Santo Tomas de Aquino na, “Ang isang “artista” ay hindi pupurihin dahil sa panahon at pawis na kaniyang inilapat sa kaniyang gawa kundi sa *kalidad* ng bunga ng kaniyang pagsisikap.

2. Moral na Birtud

Ang mga moral na birtud ay may kinalaman sa pag-uugali ng tao. Ito ay ang mga gawi na nagpapakabuti sa tao. Ito rin ay ang mga gawi na nagtuturo sa atin na iayon ang ating ugali sa tamang katuwiran. Ang lahat ng mga moral na birtud ay may kaugnayan sa kilos-loob. May apat na uri ang moral na birtud.

1. **Katarungan (Justice).** Upang magkaroon ng tunay na kabuluhan ang isang kilos, ito ay nararapat na nagmula sa kilos-loob o may pahintulot nito. Ang isang kilos ay maaari lamang purihin o sisihin kung ito ay naisagawa nang malaya. Halimbawa, hindi mo maaaring sisihin ang isang tinedyer na nanakit ng isang mag-aaral kung siya ay pinilit at tinakot ng ibang tao upang gawin ito. Ang kilos-loob ang may pangkalahatang impluwensiya sa moral na kilos. Kailangan itong magabayang ng birtud ng *katarungan* upang maging handa ito sa lahat ng pagkakataon na gumawa nang tama.



Ang katarungan ay isang birtud na gumagamit ng kilos-loob upang ibigay sa tao ang nararapat lamang para sa kanya, sinuman o anuman ang kaniyang katayuan sa lipunan. Ang lahat ng tao ay mayroong mga karapatan na nararapat igalang. Ang katarungan ang nagtuturo sa atin upang igalang at hindi kailanman lumabag sa mga karapatan. May kaugnayan ito sa ating tungkulin sa Diyos, sa ating sarili at sa ating kapwa.

2. **Pagtitimpi (*Temperance or Moderation*)**. Nabubuhay ang tao sa isang mapanuksong mundo. Maraming inihahain ang mundo sa ating harapan na maaaring maging dahilan upang magtalo ang ating pagnanasa at katuwiran. Halimbawa, kung *overweight* ka na, makatuwiran na iwasan mo ang mga pagkaing matamis o mataas ang *calories*. Kailangang mangibabaw ang katuwirang ito kaysa ang pagnanasang kumain ng ganitong pagkain. Kinakailangan na malakas ang pagtitimpi o kontrol sa sarili. Kung hindi ito mapagtatagumpayan, mababale-wala ang anumang pagsisikap na maging mabuti. Ang pangunahing kailangan ay moderasyon. Nakikilala ng isang taong nagtataglay ng pagtitimpi ang bagay na makatuwiran at ang bagay na maituturing na luho lamang. Ginagamit niya nang makatuwiran (ibig sabihin nang naaayon sa totoo at matuwid na prinsipyo) ang kaniyang isip, talento, kakayahan, hilig, oras at salapi.
3. **Katatagan (*Fortitude*)**. Ang buhay sa mundo ay puno ng mga suliranin at pagsubok. Kung minsan, sa tindi ng ating mga pinagdaraan, nanghihina na ang ating loob at nawawalan tayo ng pag-asa. Kung kaya, mahalagang taglay natin ang birtud na maglalayo sa atin sa ganitong damdamin: ang birtud ng katatagan. Ito ay ang birtud na nagpapatatag at nagpapatibay sa tao na harapin ang anumang pagsubok o panganib. Ginagamit ito ng tao bilang sandata sa pagharap sa pagsubok o panganib sa buhay. Ito rin ang birtud na nagtuturo sa ating paninindigan ang pag-iwas sa mga tuksong ating kinakaharap sa araw-araw. Nagsisilbi itong pananggalang ng tao upang iwasan ang mga tuksong ito.
4. **Maingat na Paghuhusga (*Prudence*)**. Ito ang tinuturing na ina ng mga birtud sapagkat ang pagsasabuhay ng ibang mga birtud ay dumadaan sa maingat na paghuhusga. Ang birtud na ito ay parehong intelektuwal at moral na birtud.

Ngayong naunawaan mo na ang kahulugan ng birtud, unawain mo naman ang kahulugan ng pagpapahalaga sa pagpapatuloy ng babasahing ito. Lubos mong maunawaan ang kaugnayan ng pagpapahalaga at birtud sa tulong nito.

Kahulugan at Uri ng Pagpapahalaga

Ang pagpapahalaga o (*values*) ay nagmula sa salitang Latin na *valore* na nangangahulugang pagiging malakas o matatag at pagiging makabuluhan o pagkakaroon ng saysay o kabuluhan. Mula sa ugat ng salitang ito, mahihinuha natin na ang isang tao ay kailangang maging malakas o matatag sa pagbibigay-halaga sa anumang bagay na tunay na may saysay o kabuluhan. Halimbawa, mapapahalagahan ang pag-aaral kung paglalaanan ito ng ibayong pagsisikap at pagtitiyaga na may kalakip na sakripisyo. Hindi kailanman maaangkin ang pagpapahalagang ito kung hindi tayo magiging matatag o malakas sa aspetong pisikal, pangkaisipan o emosyonal.

Ang bawat tao ay maaaring may iba't ibang pakahulugan sa salitang *pagpapahalaga*. Para sa isang mamamayan na inilalaan ang kaniyang malaking panahon sa paghahanapbuhay upang kumita, ang pagpapahalaga para sa kaniya ay maaari lamang niyang ihalintulad sa *halaga* ng piso laban sa dolyar. Kung ang tatanungin naman ay isang magulang, ang *pagpapahalaga* ay mga mithiin at mga birtud na nais nilang ituro sa kanilang mga anak.

Ayon naman sa mga sikolohista, ang *pagpapahalaga* ay anumang bagay na kaibig-ibig, kaakit-akit, kapuri-puri, kahanga-hanga at nagbibigay ng inspirasyon, magaan at kasiya-siya sa pakiramdam, at kapaki-pakinabang. Ito ay naghihikayat at gumagabay para pumili at gawin ang partikular o tiyak na layunin para sa ikauunlad at ikabubuti ng indibidwal. Halimbawa nito ay ang ilang mga personal na halaga tulad ng positibong pagtanggap sa sarili, katapatan sa sarili, pagiging masunurin, katanyagan, kalinisan ng puri, dangal, simpleng pamumuhay at iba pa.

Ayon sa tradisyon, ang halaga ay tumutukoy sa saligan o batayang kilos o gawa at sa ubod ng paniniwala. Sa karaniwang tao, tumutukoy ito sa isang bagay na mahalaga sa buhay. Ito ay tumutukoy rin sa anumang *mabuti*. Ang mabuti ay ang mga bagay na hinahangad at pinaghihirapang makamit

*ang pagpapahalaga ay obheto
ng ating intensyonal na
damdamin.*

Mauunawaan natin ang
pagpapahalaga sa pamamagitan ng
pagdama dito.

na hindi nakapipinsala o nakasasakit sa ating sarili at sa kapwa. Ang mga halimbawa nito ay paggalang sa matatanda, pagiging makapamilya, dangal at puri, kasiyahan sa mga kaibigan, paggalang sa buhay, pagsunod sa magulang at iba pa.

Ayon kay Max Scheler (Dy M., 1994), ang *pagpapahalaga* ay obheto ng ating intensyonal na damdamin. Mauunawaan natin ang *pagpapahalaga* sa pamamagitan ng pagdama dito. Hindi ito naghihintay ng katuwiran upang lumitaw sa ating buhay. Ang *pagpapahalaga* ay hindi iniisip; ito ay dinaramdam. Hindi ito obheto ng isip kundi obheto ng puso. Ang ating isip ay bulag sa *pagpapahalaga*; tulad ng ating mata na bingi sa ingay at ng ating tainga na bulag sa kulay. Ngunit hindi ito nangangahulugan na hindi na natin mapag-iisipan ang halaga. Kapag ito ay pinag-iisipan na nang mabuti, hindi na ito sa *pagpapahalaga* bilang *pagpapahalaga* kundi ang konsepto na ng *pagpapahalaga*. Sinasabi ni Scheler na ang *pagpapahalaga* ang nagbibigay ng kabuluhan o kalidad sa buhay ng tao. Narito ang mga katangian ng pagpapahalaga:

- a. *Immutable* at *objective*. Ibig sabihin, hindi nagbabago ang mga *pagpapahalaga* dahil ang mga ito, lalo na ang nasa higit na mataas na antas, ay mga kalidad kung saan nakasalalay ang pagkatao. Halimbawa, ang *pagpapahalaga* ng kalusugan ay hindi nagbabago. Kung ang tao ay hindi tumugon sa *pagpapahalaga* ng kalusugan; hindi siya kumakain ng masustansiyang pagkain, hindi nag-eehersisyo o kaya'y palagiang umiinom ng alak at naninigarilyo, hindi ang *pagpapahalaga* ng kalusugan ang nasisira kundi ang *tao* mismo. Dahil ang mga gawaing ito ay magiging sanhi upang magkasakit siya.
- b. Sumasaibayo (transcends) sa isa o maraming indibiduwal. Ang pagpapahalaga ay maaaring para sa lahat o para sa sarili lamang. Halimbawa ang pagpapahalaga sa kalusugan ay para sa lahat ng tao subalit ang bokasyon na magpari o magmadre ay personal sa isang indibiduwal.
- c. Nagbibigay ng direksyon sa buhay ng tao. Ang pagpapahalaga ang nilalayong makamit ng isang tao. Sa pagsisikap na makamit ito, ang kilos ng tao ay nahuhubog at nagkakaroon ng direksiyon tungo sa pag-abot ng kanyang pagpapahalaga. Ang isang layunin ay nakabatay sa pagpapahalaga, upang makamit ang layuning ito, kailangang may partikular na balak ang tao na gawin. Halimbawa, dahil pinahahalagahan ko ang aking kalusugan nilalayo kong magkaroon ng malusog na katawan. Upang makamit ko ito balak kong uminom ng gatas araw-araw.
- d. Lumilikha ng kung anong nararapat (*ought-to-be*) at kung ano ang dapat gawin (*ought-to-do*). Halimbawa, ang *pagpapahalagang* katarungan ay dapat nariyan, buhay at umiiral. Kaya “ako” ay dapat maging

INTEGRITY
JUDGMENT
HONESTY RESPONSIBILITY
SPORTSMANSHIP RESPECT
CONFIDENCE PERSEVERANCE
COURTESY

makatarungan at kumilos nang makatarungan. Sa madaling salita, ang *pagpapahalaga* ang pundasyon ng mga obligasyon, paniniwala, mithiin at saloobin.

Mga Uri ng Pagpapahalaga

Maraming mga bagay ang maaaring pahalagahan ng tao, lalo na ng isang tinedyer. Ang pag-aaral, kaibigan, pamilya, barkada at pagmamahal ay ilan lamang sa mga bagay na maaaring maituring na mahalaga. Ngunit sa dami ng pagbabago dulot ng modernisasyon at teknolohiya, minsan ay nahihirapan na ang tinedyer na kilalanin ang tama sa mali at ang mabuti sa masama. Kaya mahalagang maunawaan niya ang *uri ng pagpapahalaga* na gagabay sa pagpili ng tama at ang mataas na antas ng *pagpapahalaga* na aangkinin at isasabuhay.

Una, Ganap na Papapahalagang Moral (*Absolute Moral Values*). Ito ay nagmumula sa labas ng tao. Ito ang pangkalahatang katotohanan (*universal truth*) na tinatanggap ng tao bilang mabuti at mahalaga. Ito ay ang mga prinsipyong etikal (*ethical principles*) na kaniyang pinagsisikapang makamit at mailapat sa pang-araw-araw na buhay. Ito ay ang mga mithiin na tumatagal at nananatili; ito ay katanggap-tanggap at makabuluhan para sa lahat ng tao anuman ang kaniyang lahi o relihiyon. Ito ang nagbubuklod sa lahat ng tao sa Diyos.

Ang mga *pagpapahalaga* tulad ng *pag-ibig*, *paggalang sa dignidad ng tao*, *pagmamahal sa katotohanan*, *katarungan*, *kapayapaan*, *paggalang sa anumang pag-aari*, *pagbubuklod ng pamilya*, *paggalang sa buhay*, *kalayaan*, *paggawa* at iba pa ay mga halimbawa ng ganap na pagpapahalagang moral. Hindi namimili ng katayuan sa buhay o lahi ang mga ito upang ating maangkin. Wala pinipiling panahon, tao, pangkat o sitwasyon ang mga ito. Likas para sa isang tao ang maglaan ng kaniyang panahon upang maangkin at maisabuhay ang mga ito.

Sa ating paghahanap ng katotohanan at kahulugan sa buhay, hindi tayo namumuhay sa mundo upang maglakbay nang walang iisang direksyon. Bagama't binigyan ang tao ng kalayaan, ang kaniyang kilos, pananaw, paniniwala at halaga ay nararapat na naaayon sa pangkalahatang katotohanan. May laya ang sinuman na angkinin ito o hindi; ngunit kailangang handa tayong tanggapin ang kahihinatnan ng pag-angkin o hindi pag-angkin ng mga ito.

Mga Katangian ng Ganap na Pagpapahalagang Moral

- e. *Obhetibo*. Ito ay naaayon kung ano ito (*what is*), ano ito noon, (*has been*) at kung ano ito dapat (*must be*). Ito ay nananahan sa labas ng isip ng tao, mas mataas sa isip ng tao at ito ay nananatili kahit pa hindi ito nakikita o iginagalang ng ilan.
- f. *Pangkalahatan*. Ito ay sumasaklaw sa lahat ng tao, kilos at kondisyon o kalagayan. Hinango mula sa Likas na Batas Moral, ito ay katanggap-tanggap sa lahat ng tao, sa lahat ng pagkakataon, at sa lahat ng kultura dahil ito ay nakabatay sa pagkatao ng tao na pangkalahatan.
- g. *Eternal*. Ito ay umiiral at mananatiling umiiral. Hindi ito magbabago kahit lumipas man ang mahabang panahon. Nagbabago ang panahon, ang paniniwala, mithiin, pangangailangan at layon ng tao ngunit hindi pa rin mababago nito ang ganap na halagang moral.

Ikalawa, Pagpapahalagang Kultural na Panggawi (*Cultural Behavioral Values*). Ito ay mga *pagpapahalagang* nagmula sa loob ng tao. Ito ay maaaring pansariling pananaw ng tao o kolektibong paniniwala ng isang pangkat kultural. Ang layunin nito ay makamit ang mga dagliang pansarili o pampangkat na tunguhin (*immediate goals*). Kasama rito ang pansariling pananaw, opinyon, ugali at damdamin. Halimbawa, kung lumaki ka sa Pilipinas kung saan may konserbatibong kultura, tiyak na maninibago ka kung maninirahan sa Europa. Dito ang mga tao ay labis na liberal. Maaaring may mga paniniwala sila na katanggap-tanggap sa kanilang lipunan ngunit hindi katanggap-tanggap sa atin.

Mga Katangian ng Pagpapahalagang Kultural na Panggawi

- a. *Subhetibo*. Ito ay pansarili o personal sa indibidwal. Ito ay ang personal na pananaw, ugali o hilig na bunga ng pag-udyok ng pandamdamin, damdamin, iniisip, motibo, karanasan at nakasanayan. Ito ay mga *pagpapahalaga* na maaaring ang kahihinatnan ay makikita lamang sa paglipas ng ilang panahon o matapos makita ang resulta o bunga.
- b. *Panlipunan (Societal)*. Ito ay naiimpluwensyahan ng *pagpapahalaga* ng lipunan - ang nakagawiang kilos o asal na katanggap-tanggap sa lipunan. Ito ay maaaring magdaan sa unti-unting pagbabago upang makaayon sa panahon at mga pangyayari.

- c. *Sitwasyonal (Situational)*. Ito ay nakabatay sa sitwasyon, sa panahon at pangyayari. Ito ay madalas na nag-uugat sa subhetibong pananaw sa kung ano ang mapakikinabangan o hindi. Ang ginagawang pagpili ay madalas na ibinabatay sa kung ano ang mas kaaya-aya, kapuri-puri, makabuluhan at tumutugma sa pangangailangan sa kasalukuyang panahon.

Sa unang tingin, iisipin natin na walang kaugnayan ang *moral* na pagpapahalaga sa *panggawing* pagpapahalaga. Kahit ang tao ay nilikha na may natural na kakayahan sa pagkiling sa mabuti at pag-iwas sa masama, mayroon pa rin siyang kakayahan na makagawa ng di moral na kilos. Dahil ito sa kaniyang taglay na kahinaan. Kung minsan, may mga nakaugalian sa lipunan na nagiging katanggap-tanggap kahit na di moral ang mga ito. Minsan inaakala ng marami na dahil tinatanggap na ang isang kilos ng lipunan, naaayon na rin ito sa moral na pamantayan. Sa buhay ng tao, saan man sa mundo, nahaharap siya sa mga personal na opinyon, motibo, kaugaliang bunga ng nakagisnang kultura at mga sitwasyon kung saan kailangan niyang mamili sa pagitan ng tama at mali. Kung kaya, hangga't ang mga pagpapahalagang kultural at panggawi ng tao ay hindi nag-uugat sa ganap na pagpapahalagang moral, laging naroon ang panganib na kaniyang suwayin ang Likas na Batas Moral. Dahil ang Likas na Batas Moral ang pundasyon, ang ugat – ang nagpapatatag sa lahat ng kultural at panlipunang pagpapahalaga sa pagpapasiya sa pagitan ng tama at mali.

Bilang isang taong nilikha ng Diyos na may isip at kilos-loob, matatag ka ba sa pagharap sa mga nagtutunggaliang impluwensiya mula sa iyong paligid?

Kaugnayan ng Pagpapahalaga at Birtud

Pagpapahalaga



Ang pagpapahalaga at birtud ang nagbibigay katuturan sa ating tunay na pagkatao, hindi ang anumang nais ng taong makamit sa kanyang sarili. Bagamat magkaiba subalit magkaugnay ang pagpapahalaga at virtue.

Dahil ang pagpapahalaga ang nagbibigay ng kabuluhan o kalidad sa buhay ng tao, kaya't ayon kay Ayn Rand, ang pagpapahalaga ay ang pinagsusumikapan ng tao na makamit. Ito ay layunin o tunguhin na nagdudulot ng kabutihan sa buhay ng tao na ninanais na maisakatuparan. Samakatuwid, ang pagpapahalaga ay tumatayang batayan, layunin at dahilan ng pangangailangang kumilos sa gitna ng

mga pagpipilian. Ang pagpapahalaga ay ang kapangyarihan na umuudyok sa tao at ang kailangan ng tao upang mabuhay.

Ang birtud ayon pa sa kanya ay ang mabuting kilos na ginagawa ng tao upang isakatuparan ang pinahahalagahan. Ito ang moral na gawi na nagbubunga sa pagkamit at pagpapanatili ng pagpapahalaga. Ito ang pinag-isipang paraan o hakbang upang makamit ang pagpapahalaga. Halimbawa, ang pagpapahalaga ng isang mag-aaral sa paglinang ng kanyang karunungan, ay nagsisikap na makamit ito. Makaranas man siya ng mga pagsubok na maaaring humadlang sa pagkamit niya nito ay magpapakatag siya at magpupursigi upang malampasan ang balakid na ito. Matututuhan niyang magtimi sa mga udyok o tukso na magpapalayo sa kanya sa pagkamit ng pagpapahalaga. Magiging maingat din siya sa paghusga ng dapat at hindi dapat gawin upang masiguro niya ang matagumpay na paglinang ng karunungan. Totoo din ito sa iba pang pagpapahalagang nais nating taglayin at isabuhay, kasabay nito ang paglinang ng ating mabuting gawi upang patuloy itong mapahalagahan. Sa ganitong paraan, nagkakaugnay ang pagpapahalaga at birtud.

Ikaw, paano mo naipakikita ang pagkakaugnay ng dalawang ito?

May bago na namang nadagdag sa iyong kaalaman. Walang katulad ang pagbabasa upang mapagyaman ang kaalaman. Mas higit na nakalalamang ang nakaaalam. At sa pagbabasa ng tekstong ito hindi lang simpleng kaalaman ang iyong nakuha kundi mga makabuluhan at makahulugang aral.

Tayain natin ang iyong pag-unawa:

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Ano ang pagpapahalaga?

1a. Bakit kailangang taglayin ito ng tao?


2. Ano ang birtud?

2a. Paano ito nalilinig sa tao?

3. Paano nagkakaugnay ang pagpapahalaga at birtud? Ipakita mo ito sa pamamagitan ng ilustrasyon.

Kaugnayan ng pagpapahalaga at birtud:

Ano ang konseptong naunawaan mo mula sa babasahin? Isulat ito sa iyong kuwaderno gamit ang *graphic organizer*





PAGSASABUHAY ANG MGA PAGKATUTO

Ngayon na ganap mo nang naunawaan ang pagpapahalaga at birtud, mahalagang suriin kung tugma ba ang iyong kinikilos o ginagawa upang maisabuhay ang birtud at tunay na mapahalagahan ang pagpapahalaga. Sa ganitong paraan masisimulan mo nang makagawian ang pagsasabuhay nito at patuloy na maging bahagi ito ng iyong pang-araw-araw na buhay.

Pagganap

“Values at Virtue Tsek”

Panuto:

Gumawa ka ng listahan ng mga itinuturing mong mahalaga sa iyo. Sundan mo ang sumusunod na hakbang:


1. Itala ang lahat na kaya mong isulat na itinuturing mong mahalaga sa iyo.
2. Mula sa mga naitala, pumili ka ng sampu.
3. Mula sa sampu, pumili ka ng limang pinakamahalaga.
4. Tukuyin ang aspeto na nais mong bigyan ng pokus sa iyong itinala na mahalaga.
5. Tukuyin din ang gawain na ginagawa mo sa kasalukuyan na tumutugma sa iyong pinahahalagahan.
6. Itala ang natuklasan sa resulta ng gawain. Maaring sundan ang halimbawa sa ibaba bilang gabay.
- 7.

Pagpapahalaga	Aspekto ng Pagpapahalaga	Gawaing Kasalukuyang Ginagawa na Tugma sa Pagpapahalaga	Natuklasan
Halimbawa:			

Pamilya	Matiwasay na ugnayan sa pamilya	Wala. Hindi ko ginagampanan ang aking tungkulin sa bahay, kaya nag-aaway-away kaming magkakapatid.	Hindi nagtugma ang aking kilos at gawain araw-araw sa pagpapahalaga ko sa ugnayan sa aming pamilya.
Diyos	Malapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos	Nagsisimba ako tuwing Linggo at nagdarasal bago matulog at pagkagising sa umaga.	Nagtugma ang aking kilos / gawi sa aking pagpapahalaga.

Pagninilay

Sumulat ka ng isang pagninilay tungkol sa natuklasan mo sa kaugnayan ng iyong pagpapahalaga at gawaing ginagawa mo araw-araw. Ilahad sa pagninilay ang ganito:



Kaibigan, ngayon ay handang-handa ka na sa pagsasabuhay ng iyong mga birtud at pagpapahalaga. Ang tanging kailangan na lamang ay ang iyong dedikasyon at paninindigan na patuloy na isabuhay ang mga ito. Marahil, iniisip mong hindi madali ang prosesong ito. Tama ka! Ngunit hindi ka dapat pigilan ng ganitong pag-iisip upang maisakatuparan mo ang iyong layunin.

Pagsasabuhay

Nais mo bang maging *tugma* ang pagpapahalaga sa iyong ginagawa at malinang ang iyong birtud? Narito ang paraan kung paano ito isasakatuparan. Sundan ang mga hakbang:

4. Tukuyin ang birtud na nais mong malinang o pagbabagong gagawin upang magtugma ito sa iyong pagpapahalaga.
5. Tukuyin din ang paraan o hakbang ng pagsasabuhay. Sa tapat ng bawat paraan ay maglagay ng pitong kolum na kakatawan sa pitong araw na mayroon sa isang linggo.
6. Lagyan ng tsek (✓) ang kolum kung naisagawa sa naturang araw ang pamamaraan na naitala at ekis (×) kung hindi. Gawin ito sa loob ng dalawang linggo. Sa ganitong paraan ay masusubaybayan kung tunay mong nailalapat ang pamamaraan upang maisabuhay ang virtue. Gamitin mong gabay ang halimbawa sa ibaba.

Virtue na Nais Malinang o Pagbabagong Gagawin upang Maging Tugma sa Pagpapahalaga	Paraan o Hakbang ng Pagsasabuhay	Araw						
		Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo
(Matiwasay na pagsasama ng pamilya)	a. Gagampanan ang gawaing nakatakda tulad ng paghugas ng							

Pagiging responsable	pinggan.							
	b. Susundin ko agad ang nag-uutos nang hindi gumagawa ng anumang pagdadahilan.							
(Malapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos) Madasalin, palasimba at paglingkod sa iba	a. Ipagpatuloy ang pagdarasal sa araw at gabi							
	b. Pagsimba sa araw ng Linggo o araw na itinakda ng aking relihiyon.							
	c. Tutulungan ko ang sinumang mangailangan ng aking tulong .							

Maligayang bati! Hinahangaan kita dahil sa iyong pagiging matiyaga sa pagtatapos ng modyul na ito. Nawa'y paghandaan mo ang susunod na aralin tungo sa landas ng iyong pagiging mabuting tao!

Mga Kakailangang Kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)

Mga Sanggunian:

- Brenan, Robert Edward.. *The Image of His Maker*. U.S.A. The Bruce Publishing Company. (1948)
- Dy, Manuel. *The Philosophy of Value, The Value of Philosophy*. (1994). Retrieved November 10, 2009 from http://crvp.org/book/Series03/III-7/chapter_i.htm.
- Esteban, Esther J. *Education in Values: What, Why and for Whom*. Manila. Sinag-tala Publishers. (1990).
- Isaacs, David. *Character Building*. Portland Oregon. Four Courts Press. (2001).
- Quito, Emerita S. *Fundamentals of Ethics*. Manila. De La Salle University Press. (1989).
- Madden, Russell. *Values and Virtues: Von Mises and Rand*. http://home.earthlink.net/rdmadden/webdocs?Values_and_Virtues.html, sinipi noong Dec. 30, 2011
- <http://www.catholiceducation.org/articles/religion/re0530.html> sinipi noong Enero 8, 2012
- <http://bestyears.com/blog?p=257>, sinipi noong Dec. 30, 2011
- <http://www.iep.utm.edu/virtue/>, sinipi noong Dec. 30, 2011
- <http://www.rosary-center.org/ll62n4.htm>, sinipi noong Enero 8, 2012

Mga Larawan:

- <http://gimmeamovement.blogspot.com/2009/10/no-tanztag.html>
- <http://youthviolence.edschool.virginia.edu/bullying/bullying-research.html>
- http://www.clipartguide.com/named_clipart_images/0511-1007-1912-4804_Boy_Doing_a_Good_Deed_Helping_an_Old_Woman_with_Her_Groceries_clipart_image.jpg
- <http://absarahmed.files.wordpress.com/2009/11/bullying.jpg>
- <http://1970samericancinematuwm.blogspot.com/>
- <http://school.discoveryeducation.com/clipart/clip/journal.html>
- http://www.picturesof.net/images_300/Vector_Illustration_Featuring_a_Man_Doing_Household_Chores_Vector_Clipart_Illustration_111021-152902-671001.jpg
- http://www.batch2006.com/imag_tabaco/06-10-18_6693.JPG
- http://sphotos.ak.fbcdn.net/hphotos-ak-snc4/hs293.snc4/40996_421850366470_552686470_5361907_1806615_n.jpg
- <http://schools.woboe.org:81/Math/PublishingImages/Math.jpg>
- http://www.heinemannclassroom.com/product/covers_lg/9780736811347.jpg


- <http://www.summerinfant.com/getmetafile/bb637bad-97fc-48ce-bcf9-f41822c014a6/Mother-s-Touch-Infant-Bath-Tub.aspx?height=600>
- <http://education.more4kids.info/UserFiles/Image/child-reading-sm.jpg>
- <http://spencerlearning.com/ images/photos/teenager-reading-book-1.jpg>
- <http://worldsstrongestlibrarian.com/wp-content/uploads/2010/03/books.gif>
- <http://www.abbottdiabetescare.co.uk/ resources/media/images/rebuild-2010/im-understanding.jpg>
- http://4.bp.blogspot.com/-lvq8vLkeRZ0/Trfx9dIpC7I/AAAAAAAAASqw/0BUN2AFIwwg/s1600/science_scientificmethod.gif
- <http://imageshack.us/photo/my-images/227/pearloystersd3.jpg/sr=1>
- http://michaelhyatt.com/wp-content/uploads/2010/05/iStock_000005734511Small.jpg
- <http://zeroidea.files.wordpress.com/2010/12/wisdom1.jpg?w=570>
- <http://oracleandtarotgoddess.files.wordpress.com/2011/04/compassion-quotes-word-cloud.jpg>
- <http://scm-l3.technorati.com/09/10/13/129/Gift-giving.jpg>
- http://thumbs.dreamstime.com/thumblarge_478/1266030519s9oI2M.jpg
- <http://www.motifake.com/image/demotivational-poster/1012/fortitude-happy-dream-crap-missile-rerun-demotivational-poster-1291686038.jpg>
- <http://mylittlegolfers.com/wp-content/uploads/2011/08/CoreValues4.jpg>
- http://www.abs-cbnglobal.com/Portals/2/images/itoangpinoy/EU/KP_Pagmamano.jpg
- <http://www.vectorstock.com/i/composite/31,12/213112/man-climbing-mountain-vector.jpg>
- <http://2.bp.blogspot.com/-jcGch6V7H3k/TapQ9EUp-CI/AAAAAAAAAOo/n2JsIIOSnal/s1600/girl-praying.gif>
- <http://aphs.worldnomads.com/safetyhub/12392/pickpocket.jpg>
- http://www.picturesof.net/ images_300/A_Little_Girl_Helping_Fold_Laundry_Royalty_Free_Clipart_Picture_090622-006359-746042.jpg
- <http://anganinag.journ.ph/files/2011/10/plant.jpg>

Modyul 10: HIRARKIYA NG PAGPAPAHALAGA



Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?

Ano-ano ba ang tinuturing mong mahalaga sa iyo? Bakit mo pinahahalagahan ang mga ito? Tama ba ang iyong mga pinahahalagahan at ang pagpapahalagang iniuukol dito? Ilan lamang ito sa mga mahahalagang katanungang pupukaw sa iyong kamalayan upang mapag-ukulan mo ng pansin ang bahaging ito ng iyong pagkatao. Mahalagang may kamalayan ka tungkol dito. Hindi sapat na nabubuhay lang tayo sa mundong ito. Kailangang malinaw din sa atin kung para saan ang buhay nating ito. Bilang isang nagdadalaga o nagbibinata, mahalagang nabubuhay ka nang makahulugan at makabuluhan.



Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- Natutukoy ang iba't ibang antas ng pagpapahalaga at ang mga halimbawa nito
- Nakagagawa ng hagdan ng pagpapahalaga batay sa Hirarkiya ng Pagpapahalaga ni Max Scheler
- Naipaliliwanag na ang pinili nating uri ng pagpapahalaga mula sa hirarkiya ng mga pagpapahalaga ay gabay sa makatotohanang pag-unlad ng ating pagkatao
- Nailalapat sa pang-araw-araw na buhay ang mga tiyak na hakbang upang mapataas ang antas ng mga pagpapahalaga tungo sa makatotohanang pag-unlad ng pagkatao

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

- May ekasaktong tala ng mga pagpapahalagang pinili at isinabuhay
- May pag-aantas ng pagpapahalagang piniling isabuhay
- May mga palatandaan na nagpapakita ng pag-unlad sa pagsasabuhay ng mataas na antas ng pagpapahalaga
- May kalakip na mga paliwanag at patunay ng pagsasabuhay

- e. Patuloy na naitala ang pagsasabuhay sa loob ng 2 linggo

Sa pagsisimula ng araling ito subukin mo ang iyong sariling sagutin ang Paunang Pagtataya. Magiging gabay mo ito sa pagtuklas ng mga bagay na kailangan mong matutuhan.



Paunang Pagtataya

Panuto: Piliin ang titik ng pinakaangkop na sagot. Sagutan sa kuwaderno.

1. Ang _____ ay tumutukoy sa pagbibigay-halaga sa mga bagay na tumutugon sa pangunahing pangangailangan ng tao at sa mga bagay na maituturing lamang ng rangya o luho.
 - a. pambuhay na halaga
 - b. pandamdang na mga halaga
 - c. ispiritwal na halaga
 - d. banal na halaga
2. Ang pagpapaunlad ng kaalaman/karunungan na siyang gawai ng ating isip ay makakamit sa pamamagitan ng paghubog ng _____.
 - a. Intelektwal na birtud
 - b. Moral na birtud
 - c. Ispiritwal na birtud
 - d. Sosyal na birtud
3. Ang mga sumusunod ay mga uri ng ispiritwal na halaga ayon kay Max Scheler, *maliban* sa:
 - a. Pagpapahalaga sa katarungan
 - b. Pagpapahalagang pangkagandahan
 - c. Pagpapahalaga sa ganap na pagkilala sa katotohanan
 - d. Pagpapahalaga sa katiwasayan ng damdamin at isipan
4. Ang pera ay nakapagbibigay ng saya sa tao ngunit maraming tao na maraming pera ngunit naghahanap pa rin ng ibang bagay na mas makapagpapasaya sa kanila. Sa paglipas ng panahon mahihinuha nila na ang pagkakaroon ng buong pamilya at mga tapat na kaibigan pala ang tunay na makapagpapasaya sa kanya. Ang halimbawang ito ay patunay sa anong katangian ng mataas na antas ng halaga?
 - a. Habang tumatagal ang halaga, mas tumataas ang antas nito
 - b. Mataas ang antas ng halaga kung ito ay lumilikha ng iba pang mga halaga

- c. Mas malalim ang kasiyahan na nadama sa pagkamit ng halaga, mas mataas ang antas nito
 - d. Mas mahirap mabawasan ang kalidad ng halaga kahit pa dumarami ang nagtataglay nito, mas mataas ang antas nito
5. Tinawag na “ordo amoris” o order of the heart ang Hirarkiya ng Halaga dahil:
- a. Ang puso ng tao ang unang dapat na pairalin sa pamimili ng pahahalagahan at hindi kailanman ang isip
 - b. Ang puso ng tao ay kayang magbigay ng kanyang sariling katwiran na maaaring hindi mauunawaan ng isip.
 - c. Ang puso ng tao ang may kakayahang magpahalaga sa mga bagay na tunay na makabuluhan samantalang ang isip ay nagpapahalaga lamang sa mga bagay na panandalian.
 - d. Lahat ng nabanggit
6. Si Renato ay hindi nakapagtapos ng pag-aaral dahil sa maagang pag-aasawa. Dahil sa ganitong kalagayan labis ang suporta na kanyang natatanggap mula sa kanyang mga magulang na naninirahan na sa ibang bansa. Dahil dito naniniwala siya na hindi na niya kailangan magtrabaho. Wala siyang ginagawa kundi ang lumabas kasama ang kanyang mga kaibigan, uminom at magsugal. Nasa anong antas ang halaga ni Renato.
- a. Pambuhay na halaga
 - b. Pandamdam na halaga
 - c. ispiritwal na halaga
 - d. banal na halaga
7. Sa kabila ng tagumpay na tinatamasa ni Henry, pinili niyang ilaan ang kanyang panahon para sa pagtulong sa mga batang lansangan. Ipinagkatiwala niya ang kanyang negosyo sa mga taong kanyang pinagkakatiwalaan at ibinabahagi niya ang kanyang yaman sa mga batang kanyang tinutulungan. Nakahanda siyang laging tumugon sa kagustuhan ng Diyos na maglingkod sa kapwa na walang hinihintay na ano mang kapalit. Nasa anong antas ang halaga ni Henry?
- a. Pambuhay na halaga
 - b. Pandamdam na halaga
 - c. ispiritwal na halaga
 - d. banal na halaga
8. Ito ay halagang may kinalaman sa mabuting kalagayan ng buhay. Pinahalagahan ito upang masiguro niya ang kanyang kaayusan at mabuting kalagayan.
- a. Pambuhay na halaga
 - b. Pandamdam na halaga
 - c. ispiritwal na halaga
 - d. banal na halaga
9. Ang mga sumusunod ay katangian ng mataas na antas ng halaga maliban sa:
- a. Mataas ang antas ng halaga kung tumatagal at hindi nababago ng panahon
 - b. Mataas ang antas ng halaga kung ito ay nagiging batayan ng iba pang halaga

- c. Mataas antas ng halaga kung ito ay nakabatay sa organismong nakararamdam nito.
 - d. Kahit dumadami pa ang nagtataglay ng halaga mahirap pa ring mabawasan ang kalidad nito
10. Walang ibang hinangad si Charmaine kundi ang makamit ang kakuntentuhan sa buhay. Sa panahon na labis na ang kanyang pagkapagod sa trabaho, naglalaan siya ng panahon upang magbakasyon upang makapagpahinga. Lagi niyang binabantayan ang kanyang pagkain na kinakain upang masiguro na napananatili niyang malusog ang kanyang pangangatawan. Nasa anong anta sang halaga ni Charmaine?
- a. Pambuhay na halaga
 - b. Pandamdam na halaga
 - c. ispiritwal na halaga
 - d. banal na halaga



PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN


Panuto: Makikita mo sa mga sumusunod na larawan ang ilang bagay na mahalaga sa tao. Ayusin mo ang mga larawan ayon sa antas ng pagpapahalaga mo dito. Simulan sa mababang halaga hanggang sa pinakamahalaga. Isulat ang iyong paliwanag kung bakit ganito ang paraan ng pagsasaayos mo ng mga larawan. Ano ang naging batayan mo sa pagpili ng larawan mula sa hindi gaanong mahalaga hanggang sa pinakamahalaga? Ilagay mo sa bilang sampo ang bagay na para sa iyo pinakamababa ang pagpapahalaga mo, pataas hanggang sa bilang isa ang pinakamahalaga. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Mga Bagay

Batayan ng Pagraranggo

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.
- 6.
- 7.

- 8.
- 9.
- 10.



Bakit kaya hindi pantay-pantay ang pagbibigay natin ng pagpapahalaga sa mga bagay? May itinuturing tayong mahalaga, mas mahalaga at pinakamahalaga. Muli mong susubukan ang pagkilala nito sa susunod pang gawain.

PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA




Bakit nga ba hindi pantay-pantay ang mga bagay? Bakit may itinuturing tayong mahalaga, mas mahalaga at pinakamahalaga? Paano ba natin nasasabing mas mahalaga ang isang bagay kaysa sa isa? Ano ba ang ating pinagbabatayan upang masabi ito? Sa bahaging ito, hahanapan mo ng kasagutan ang mga tanong na ito sa pamamagitan ng pagsusuri ng iyong pinahahalagahan.

“Pagsusuri ng Aking Pinahahalagahan”

Panuto:

1. Tukuyin mo ang iyong mga pinahahalagahan sa iyong buhay. Isulat mo ito sa isang *bond paper*. Kailangan mong sumailalim sa pagsusuri ng iyong sarili upang matukoy ang lahat ng mga ito. (Hal: pamilya kaibigan, at iba pa)
2. Kailangan mong umisip ng mga simbolong kakatawan sa mga ito. Maaari mong iguhit ang mga ito o kaya naman ay gumupit na lamang ng mga larawan sa mga lumang magasin.
3. Idikit mo ang mga larawang ito sa isang malinis na *bond paper* na nakaayos mula sa hindi gaanong mahalaga hanggang sa pinakamahalaga. Sa kaliwang bahagi ng papel magsisimula ng pagdidikit ng larawan patungo sa kanan.
4. Sa baba ng mga ito ay magsulat ka nang maikli at malinaw na paliwanag kung bakit mo pinahahalagahan ang mga ito. Ipaliwanag kung paano nagpasiya sa pagraranggo nito.

Narito ang halimbawa ng magiging larawan pagkatapos ng paggawa mo ng gawaing ito.



Halimbawa:

Natatakot ako na maimpluwensiyahan nila ako na gumawa ng masama, kaya hindi ako masyadong nakikipagbarkada.

Nasubok ba ang iyong pagkamalikhain? Nakatutuwa hindi ba? Upang mahinuha mo ang mas malalim na kahulugan ng gawain ay sagutin mo ang mga sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno.

- a. Kung papipiliin ka lamang ng apat sa iyong inilistang mga pinahahalagahan, ano-ano ang ititira mo? Ipaliwanag.
- b. Mula sa apat na ito, suriin ang antas ng pagpapahalaga mo sa mga ito sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung bakit mas mahalaga ang ikatlo kaysa sa ikaapat na pagpapahalaga. Bakit mas mahalaga ang ikalawa kaysa sa ikatlo at bakit mas mahalaga ang una kaysa sa ikalawang pagpapahalaga?
- c. Sa palagay mo, tama ba ang iyong pagpapahalaga sa mga ito? Pangatuwiran.
- d. Bakit mahalagang matutuhan ng tao ang mamili ng tamang pahahalagahan?

Siguradong may bago ka na namang natuklasan tungkol sa iyong sarili mula sa gawaing ito. Ang pagbibigay mo ng pagpapahalaga sa isang bagay ay nakaaapekto sa iyong kilos araw-araw at sa iyong pagkatao sa kabuuan. Marapat lamang na bigyan ito ng kaukulang pansin. Ipagpatuloy mong tuklasin ang mga mahahalagang kaalaman kaugnay ng hirarkiya ng pagpapahalaga.



PAGPAPALALIM

ANG MGA HIRARKIYA NG PAGPAPAHALAGA

no-ano ba ang mahalaga sa isang kabataang katulad mo? Marahil, iba-iba ang sagot mo sa tanong na ito. Maaaring *pagkain, hangin, buhay, pag-aaral, magulang o kaibigan* at marami pang ibang bagay na para sa sarili mong pananaw ay mahalaga. Hindi marahil tayo makatatagpo ng dalawang taong may magkatulad na mga pinahahalagahan, o maaaring mayroon ngunit ang paraan at antas ng pagpapahalaga sa mga ito ay nanatiling magkaiba.

Tama ba ang iyong mga pinahahalagahan? Isa pang tanong na magdadala sa iyo sa malalim na pag-iisip: tama nga bang mas bigyan ng halaga ang pera kaysa

sa pamilya? ang sarili kaysa sa kapwa? ang kapwa kaysa sa Diyos? Sa pagsagot sa ganitong mga tanong, mahalaga na maunawaan mo kung paano husgahan kung mababa o mataas ang isang *pagpapahalaga*.

Bago lubos na maunawaan ang hirarkiya ng *pagpapahalaga*, kailangan munang maunawaan kung ano ang mga pamantayan sa pagpapasiya sa antas nito. Sumulat si Max Scheler ng Limang Katangian ng Mataas na *Pagpapahalaga* (mula sa tesis ni Tong-Keun Min na “*A Study on the Hierarchy of Values*”).

Una, Mas tumatagal ang mas mataas na pagpapahalaga kung ihahambing sa mababang mga pagpapahalaga. Halimbawa, Ang paggastos ng pera upang ibili ng aklat ay mas mataas kaysa sa ipambili ito ng pagkain. Mas tumatagal ang kaalaman na makukuha sa aklat kaysa sa kasiyahan ng pisikal na katawan dahil sa pagkain. Ang pagpapahalaga ay nasa mataas na antas kung hindi ito kailanman mababago ng panahon (*timelessness or ability to endure*).

Ikalawa, mas mahirap mabawasan ang kalidad ng pagpapahalaga. Kahit pa dumarami ang nagtataglay nito, mas mataas ang antas nito. Halimbawa, ang pagpapahalaga ng materyal na bagay ay lumiliit habang nahahati ito, ngunit ang pagpapahalaga sa karunungan ay hindi nababawasan kahit pa mahati ito o ipamahagi sa napakaraming tao. Ang pagpapahalaga ay nasa mataas na antas kung sa kabila ng pagpasalin-salin nito sa napakaraming henerasyon, napananatili ang kalidad nito (*indivisibility*).


Ikatlo, mataas ang antas ng pagpapahalaga kung ito ay lumilikha ng iba pang mga pagpapahalaga. Ito ay nagiging batayan ng iba pang mga pagpapahalaga. Halimbawa, ang isang tao na nagtatrabaho sa ibang bansa na tinitii ang lungkot, pangungulila at labis na pagod upang kumita nang sapat na salapi; ginagawa niya ito upang mapagtapos sa pag-aaral ang kaniyang anak. Para sa kaniya, mas mataas na pagpapahalaga ang mapagtapos ang kaniyang anak sa pag-aaral kaysa sa kaniyang pagsasakripisyo at pagod.

Ikaapat, may likas na kaugnayan ang antas ng pagpapahalaga at ang lalim ng kasiyahanang nadarama sa pagkamit nito. Sa madaling salita, mas malalim ang kasiyahan na nadama sa pagkamit ng pagpapahalaga, mas mataas ang antas nito. Halimbawa, mas malalim ang kasiyahan ng pagsali sa isang *prayer meeting* kaysa sa paglalaro ng *basketball* (*depth of satisfaction*).

Ikalima, ang isang pagpapahalaga ay nasa mataas na antas kung hindi ito nakabatay sa organismong nakararamdam nito. Halimbawa, Si Roselle Ambubuyog ang kauna-unahang bulag na mag-aaral ng Ateneo University na nakakuha ng pinakamataas na karangalan bilang *Summa Cum Laude* sa kursong *BS Mathematics*. Hindi naging hadlang ang kaniyang kapansanan upang siya ay makatapos ng pag-aaral. Ang kaniyang pagnanais na magtagumpay sa kaniyang larangan ay higit na mataas kaysa sa kaniyang pisikal na kapansanan.

Mula sa mga nabanggit na mga prinsipyo, nabuo ni Scheler ang Hirarkiya ng *Pagpapahalaga*. Tinawag niya ito na “*ordo amoris*” o *order of the heart*. Sinasabi niyang ang ganitong hirarkiya ng *pagpapahalaga* ay hindi ganap na mauunawaan lamang ng isip. Naniniwala siyang ang “puso” ng tao ay kayang magbigay ng kanyang sariling katuwiran na maaaring hindi mauunawaan ng isip.

Ang Hirarkiya ng Pagpapahalaga ayon kay Max Scheler (Dy, M. Jr., 1994)



1. **Pandamdang na mga Pagpapahalaga** (*Sensory Values*). Itinuturing na nasa pinakamababang antas ng *pagpapahalaga*, tumutukoy ito sa mga *pagpapahalagang* nagdudulot ng kasiyahan sa pandamdang ng tao. Kasama dito ang pagbibigay-halaga sa mga bagay na tumutugon sa pangunahing pangangailangan ng tao tulad ng pagkain, tubig, damit, tirahan at iba pang teknikal na mga pagpapahalaga. Kasama rin sa mga pagpapahalagang ito ayong mga bagay na maituturing lamang na rangya o luho ng isang tao,

katulad ng mamahaling alahas, magarang sasakyan o mamahaling mga bag at sapatos na labis na hinahangad ng ilang mga tao.

2. **Pambuhay na Pagpapahalaga** (*Vital Values*). Ito ay mga pagpapahalagang may kinalaman sa mabuting kalagayan ng buhay (*well-being*). Halimbawa, mahalaga sa tao ang makapagpahinga kung siya ay pagod dahil ito ang makapagpapabuti sa kaniyang pakiramdam. Ang kumain ng masustansiyang pagkain upang matiyak na siya ay malusog at hindi magkakasakit. Mahalaga sa atin na may makausap na taong mahalaga sa atin upang mabawasan ang ating kalungkutan. Ang lahat ng nabanggit ay mga bagay na pinahalalagan ng tao upang masiguro niya ang kanyang kaayusan at mabuting kalagayan.
3. **Mga Ispiritwal na Pagpapahalaga** (*Spiritual Values*). Maituturing na mas mataas ang pagpapahalaga nito kaysa sa dalawang unang nabanggit. Ang pagpapahalagang ito ay tumutukoy sa mga *pagpapahalagang* para sa kabutihan, hindi ng sarili kundi ng mas nakararami. May tatlong uri ang *pagpapahalagang* ito ayon sa aklat na *Problems of a Sociology of Knowledge* na isinulat ni *Max Scheler*:
 - a. Mga pagpapahalagang pangkagandahan (aesthetic values)
 - b. Pagpapahalaga sa katarungan (value of justice)
 - c. Pagpapahalaga sa ganap na pagkilala sa katotohanan (value of full cognition of truth)
4. **Banal na Pagpapahalaga** (*Holy Values*). Ito ang pinakamataas sa lahat ng antas ng mga pagpapahalaga. Tumutukoy ito sa mga pagpapahalagang kailangan sa pagkamit ng tao ng kaniyang kaganapan upang maging handa sa pagharap sa Diyos. Ang pagkilos tungo sa *kabanalan* ang katuparan ng kaganapan hindi lamang ng materyal na kalikasan ng tao kundi maging ng kaniyang ispiritwal na kalikasan.

Ayon kay Scheler, ang moral na kilos ay nagaganap kung ang isang tao ay pumipili ng isang pagpapahalaga kapalit ng iba pang mga pagpapahalaga. Ang paghuhusga sa pagiging mabuti o masama ng kilos ng tao ay nakasalalay sa pagpili ng pahahalagahan. Sa mga gawaing maituturing ng sariling konsensya bilang mabuti, nakikita na mas pinipili ang mataas na pagpapahalaga kaysa sa mababang pagpapahalaga o positibong pagpapahalaga kaysa negatibong pagpapahalaga. Sa kabilang banda, maituturing na masama ang isang gawain kung mas piniling gawin ang mas mababa kaysa sa mataas na pagpapahalaga o negatibong pagpapahalaga kaysa sa positibong pagpapahalaga. Maaaring gamiting halimbawa ang paninigarilyo lalo na sa isang kabataang katulad mo. Ito ay maaaring nagdudulot ng kasiyahan sa pakiramdam at pagtanggap mula sa iba pang mga kabataan.

Ngunit maituturing bang mas mataas na pagpapahalaga ang kasiya-siyang pakiramdam at pagtanggap kaysa sa pagpapahalaga sa sariling katawan na itinuturing na templo ng Diyos? Masama ang pandaraya sa pagsusulit (*cheating*) dahil pinili ang negatibong pagpapahalaga kaysa sa positibong pagpapahalagang katapatan. Sa kabilang dako, may mga taong ibinubuwis ang sariling buhay dahil sa paglilingkod sa kaniyang kapwa na nangangailangan. Halimbawa nito ang taong sumagip sa buhay ng isang tao katulad ng batang si Rhona Mahilum na noon ay pitong taong gulang na sinagip ang mga kapatid sa nasusunog nilang bahay. Kahit nailagay ang sarili sa panganib ay nananatili pa ring mabuti ang kaniyang gawain dahil mas mataas ang pagpapahalaga sa pagtulong sa kapwa kaysa sa sarili.

Ang pananaig ng paggawa ng mabuti, na nangangahulugan ng pagpili ng mas mataas na mga pagpapahalaga, laban sa masama, ang nakapagpapataas sa pagkatao ng tao. Ayon kay Manuel Dy, hindi dapat kalimutan ang pagiging obhektibo ng pagpapahalaga. Maaaring hindi magtagumpay ang isang tao sa pagtugon sa isang pagpapahalaga; ngunit hindi nito mababago ang pagpapahalaga lalo na yaong nasa mas mataas na antas. Ngunit sa ganitong mga pagkakataon, hindi nasisira ang pagpapahalaga kundi ang taong hindi tumugon dito. Katulad na lamang ng halimbawa ng kahalagahan ng kalusugan. Hindi man ito pahalagahan ng isang kabataang patuloy na naninigarilyo, hindi niya masisira ang kahalagahan ng kalusugan kundi ang buhay niya ang kanyang sinisira dahil sa kanyang paninigarilyo.

Sa pagbuo ng pagkatao ng tao at sa pagkamit ng mas mataas na mga pagpapahalaga, mahalagang malinaw sa iyo na nakasalalay ito sa pagkakaroon ng sapat na kaalaman at kahandaan na pumili ng tama at batay sa mga moral na prinsipyo. Ikaw, nakahanda ka na ba?


Tayain natin ang iyong pag-unawa:

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Sa ano-anong antas nabibilang ang iyong mga pinahahalagahan?
2. Saan nakasalalay ang pagbuo ng pagkatao ng tao at pagkamit ng mataas na mga pagpapahalaga? Ipaliwanag.

3. Bakit mahalagang ibatay ang isasagawang pamimili ng pahahalagahan sa Hirarkiya ng Pagpapahalaga?
4. Paano mo masasabing ang isang pagpapahalaga ay mataas kaysa sa isa pang pagpapahalaga?
5. Sa gagawing kilos ng tao, bakit kailangang piliin ang pagpapahalaga na nasa mas mataas na antas kaysa sa pagpapahalaga na nasa mababang antas?

Ano ang konseptong naunawaan mo mula sa babasahin? Isulat ito sa iyong kuwaderno gamit ang *graphic organizer*.



ISABUHAY ANG MGA PAGKATUTO


Naipaliwanag sa iyo mula sa babasahin ang kahalagahan ng pagpili sa mas mataas na antas ng pagpapahalaga. Kung gagawin mo ito masisiguro mong pinipili at ginagawa mo ang mabuti. Ngayong may sapat ka nang pag-unawa sa hirarkiya ng pagpapahalaga, handa ka nang isabuhay ang prinsipyong ito sa pang-araw-araw mong buhay.

Pagganap

Bago mo gawin ang gawain sa bahaging ito, naalala mo pa ba ang kilalang kuwento ng langgam at tipaklong? Muli mong balikan ang usapan ng dalawa at suriin ang antas ng kanilang pagpapahalaga.

Pagpapahalaga ko: Mababa o mataas, negatibo o positibo?

Si Langgam at Si Tipaklong



Maganda ang panahon. Mainit ang sikat ng araw. Maaga pa lamang ay gising na si Langgam. Nagluto siya at kumain. Pagkatapos lumakad na siya. Gaya nang dati, naghanap siya ng pagkain. Isang butil ng bigas ang nakita niya. Pinasan niya ito at dinala sa kanyang bahay. Nakita siya ni Tipaklong.

Magandang umaga, kaibigang Langgam, bati ni Tipaklong, kay bigat ng iyong dala. Bakit ba wala ka nang ginawa kundi maghanap at mag-ipon ng pagkain?

Oo nga. Nag-iipon ako ng pagkain habang maganda ang panahon, sagot ni Langgam.

Tumulad ka sa akin, kaibigang Langgam, wika ni Tipaklong. Habang maganda ang panahon tayo ay magsaya. Halika! Tayo ay lumukso, tayo ay kumanta.

Ikaw na lang, kaibigang Tipaklong, sagot ni Langgam. Gaya ng sinabi ko sa iyo, habang maganda ang panahon, ako ay maghahanap ng pagkain. Ito'y aking iipunin para ako ay may makain kapag sumama ang panahon.


Lumipas pa ang maraming araw. Dumating ang tag-ulan. Ulan sa umaga, ulan sa hapon at sa gabi ay umuulan pa rin. At dumating ang panahong kumidlat, kumukulog at lumalakas ang hangin kasabay ang pagbuhos ng malakas na ulan.

Ginaw na ginaw at gutom na gutom ang kawawang Tipaklong.

1. Anong pagpapahalaga ang taglay ni langgam? Ni tipaklong?
2. Kaninong pagpapahalaga ang nasa mataas na antas? Patunayan.

Ngayon ikaw naman. Sa iyong mga pagpapahalagang binanggit sa Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan at Pag-unawa sa unahang bahagi ng modyul na ito, gawin sa iyong kuwaderno ang mga sumusunod:

1. Tukuyin mo ang iyong pagpapahalagang nabibilang sa mababang antas. Isulat ito sa unang hanay at ang nabibilang sa mataas na antas sa ikalawang hanay.
2. Gumawa ka ng sarili mong hagdan ng pagpapahalaga batay sa hirarkiya ng pagpapahalaga ni Max Scheler. Mula sa mga nakatalang pagpapahalaga sa itaas tukuyin mo kung saang antas nabibilang ang mga ito. Isulat ang mga ito sa hagdan ng pagpapahalaga gamit ang pormat sa ibaba:



Antas na maraming taglay na pagpapahalaga:	Sinasabi nito tungkol sa aking pagpapahalaga:
Antas na kaunti ang taglay na pagpapahalaga:	
Paano ko masasabing nasa mataas na antas ang aking pagpapahalaga:	Gagawin upang mapataas ang antas ng pagpapahalaga:

Pagninilay

Sa iyong journal isulat ang iyong pagninilay sa tanong na:

1. Aling antas sa iyong hagdan ng pagpapahalaga ang marami kang pagpapahalagang natukoy? Alin ang may kaunti?
2. Ano ang sinasabi nito tungkol sa iyong mga pagpapahalaga?
3. Paano mo masasabing nasa mataas na antas ang iyong mga pagpapahalaga?
4. Ano ang gagawin mo upang mapataas ang antas ng iyong pagpapahalaga?

Bagama't iba iba ang antas ng pagpapahalaga ng tao, mahalagang hamon sa atin lalo na sa iyo ang pagsasabuhay ng mas mataas na antas ng pagpapahalaga sa isang situwasyon. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagpili na gawin ang mas mataas na antas ng pagpapahalaga kaysa sa mababang antas. Kapag nagawa mo ito masisiguro mong ginagawa mo ang tama at pinipili mong gawin ang mabuti.

Pagsasabuhay

Gabayan mo ang iyong sarili sa pagpili sa mas mataas na antas ng pagpapahalaga sa pamamagitan ng pagtatala ng pagpili mo sa dalawang pagpapahalaga. Gagawin mo ito araw-araw sa loob ng dalawang linggo. Layon nitong sanayin ka na maging mapagbantay sa pagpili ng mas mataas na pagpapahalaga. Gamiting gabay ang halimbawa sa ibaba:

Sarili Ko, Gabay Ko

Petsa/Araw	Piniling Pagpapahalaga	Pinagpiliang Pagpapahalaga	Antas		Naging Damdamin
			Mababa	Mataas	
Lunes	Bantayan ang kapatid dahil may pinuntahan ang nanay ko	Makipaglaro sa barkada		✓	Nasiyahan sapagkat nag bonding kami ng kapatid ko naramdaman kong naging <i>close</i> kami sa isa't isa.
	Nag-aral ng leksyon	Manood ng paboritong teleserye		✓	Mas naunawaan ko ang aming leksyon kaya't handa ako sa pagsusulit na maaaring ibigay ng aming guro.

Muli binabati kita sa matagumpay mong pagtatapos sa araling ito.
Hangad kong higit na naunawaan mo ngayon ang kahalagahan na piliin mo ang pagpapahalaga na nasa mas mataas na antas. Patuloy mo itong gawin upang mas maging makabuluhan ang iyong pagkatao.

Mga Kakailanganing Kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)

Sipi ng kuwento ni langgam at tipaklong

Mga Sanggunian:

Dy, Manuel Jr. B. *The Philosophy of Value, The Value of Philosophy*. Retrieved November 10, 2009 from http://crvp.org/book/Series03/III-7/chapter_i.htm. (1994)

Esteban, Esther J. *Education in Values: What, Why and for Whom*. Manila. Sinag-tala Publishers. (1990).

Scheler, Max. Translated by Frings, Manfred S. Routledge & Kegan Paul Ltd. London. *Problems of a Sociology of Knowledge*. (1980) Retrieved November 4, 2009 from

<http://books.google.com/books?id=AdgOAAAAQAAJ&pg=PA14&dq=hierarchy+of+values+scheler#v=onepage&q=hierarchy%20of%20values%20scheler&f=false>

Tong Keun-Min. A Study on the Hierarchy of Values. Retrieved November 5, 2009 from <http://www.bu.edu/wcp/Papers/Valu/ValuMin.htm>

Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya. Kagawaran ng Edukasyon. 2010. Gabay sa Pagtuturo sa EP para sa 2010 Kurikulum ng Edukasyon Sekundarya (SEC) Pasig City: Awtor

<http://kapitbisig.com/philippines/tagalog-version-of-fables-mga-pabula-si-langgam-at-si-tipaklong-pabula-fable.590> retrieved January 23, 2012

Mga Larawan:

http://t2.ftcdn.net/jpg/00/14/75/37/400_F_14753715_MFUPDxYgXF5A5h9pe9ygyLjm7a7iCku.jpg, retrieved January 27, 2012

<http://3.bp.blogspot.com/-EfO2zI7F4Gg/TtuFGw5sUEI/AAAAAAAAADp4/mrpFE8vHHx8/s1600/ant-n-grasshopper.png> retrieved January 27, 2012

http://lh4.ggpht.com/_1CuUBFKRAQk/TSDQkt31qsl/AAAAAAAAACRM/tT8pRg_5mXE/Einstein%20-%20Value.JPG retrieved January 27, 2012

Modyul 11: PANLOOB NA SALIK NA NAKAIIMPLUWENSIYA SA PAGHUBOG NG MGA PAGPAPAHALAGA



Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?

Natatangi ka. Hindi mo marahil pansin, subali't taglay mo ang natatanging potensiyal na ipinagkaloob sa iyo. Ang bawat indibiduwal ay may natatanging kakayahang gumawa ng mabuti, hindi lamang para sa sarili, kundi para rin sa mundong kaniyang ginagalawan. Upang mangyari ito mahalagang sanayin mo ang iyong sarili na linangin at isabuhay ang iyong mga pagpapahalaga. Kailangan mong pagsumikapan na mabuhay kapantay ng iyong potensiyal at kakayahang taglay mo. Bakit mo ito gagawin? Sapagkat, ikaw ay isang manlalakbay at hindi isang istambay. Mayroon kang dapat gawin kaya't tuklasin mo kung ano ang nasa iyong loob na makatutulong sa pagsasagawa mo nito.



Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- Naipaliliwanag ang mga panloob na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng mga pagpapahalaga
- Nasusuri ang isang kilos batay sa isang panloob na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng mga pagpapahalaga
- Nahihinuha na ang paglalapat ng mga panloob na salik sa pang-araw-araw na buhay ay gabay sa paggawa ng mapanagutang pasiya at kilos
- Naisasagawa ang mga tiyak na hakbang na ilalapat sa pang-araw-araw na gawain at pagpapasiya na makatutulong sa paghubog ng bawat panloob na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng mga pagpapahalaga.

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

- May paglalapat na gagawin sa bawat isang salik
- May mga tiyak na hakbang sa paglalapat sa pang-araw-araw na gawain
- Nailahad nang malinaw ang hakbang na gagawin
- May patunay ng pagsasabuhay
- May kalakip na pagninilay



Paunang Pagtataya

1. Sa paanong paraan mapananatili ang moral na integridad ng isang tao?
 - a. Kung magiging matatag sa pakikibaka para sa katotohanan at kabutihan
 - b. Kung isasalooob ang mga katotohanang unibersal at halagang moral
 - c. Kung laging pananaigin ang maingat na paghuhusga ng konsensya at pagsasabuhay ng mga birtud
 - d. Lahat ng nabanggit

2. Ang paglalapat ng mga panloob na salik sa pang-araw-araw na buhay ay gabay sa paggawa ng _____.
 - a. Moral na paghuhusga
 - b. Obhektibong paglalahat
 - c. Matiwasay na pamumuhay
 - d. Mapanagutang pasya at kilos

3. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang *hindi totoo* tungkol sa konsensya?
 - a. Ito ay ang praktikal na paghuhusgang moral ng isip.
 - b. Ito ay matuloy at natural na nahuhubog batay sae dad at karanasan ng tao.
 - c. Dahil sa konsensya nalalaman agad ng tao ang mabuti at masama sa kongkretong sitwasyon.
 - d. Kung nahubog ang tao na gamitin ang kanyang tamang konsensya, napalalakas nito ang kakayahan ng tao na makabuo ng moral na paghuhusga.

4. Ang labis na kahirapan ang maaaring maging hadlang upang mapanatili o mas mapataas ang dignidad ng isang bata at maisabuhay ang mga halaga. Ang pahayag ay:
 - a. Tama, dahil ang kahirapan ang dahilan upang mabawasan ang tiwala ng isang bata sa kanyang sarili
 - b. Tama, dahil sa kahirapan ay nababawasan ang panahon ng mga magulang upang batayan at paunlarin ang halaga ng kanilang mga anak
 - c. Mali, dahil maging ang labis na karangyaan ay maaari ring maging hadlang upang maisabuhay ng isang bata ang mga halaga
 - d. Mali, dahil lahat ng mahirap ay nais na maging mabuting mamamayan ng lipunan at anak ng Diyos

5. Ang mga sumusunod ay katangian ng isang taong may moral na integridad maliban sa:
 - a. hindi nahihiyang gawin ang ano mang pinaniniwalaan niyang tama
 - b. may mataas na pagpapahalaga sa pangangalaga sa sariling kapakanan at paninindigan

- c. may tiwalang ibahagi sa ibang tao ang kanyang paniniwala na maaaring maging daan upang makahimok ng iba.
 - d. bukas at tapat sa pagbabahagi ng kanyang mga binabalak, ninanais at mga bagay na nagtutulak sa kanya upang gawin ang isang bagay
6. Ang mga sumusunod ay pamamaraan upang mahubog ang disiplina ng pansarili maliban sa:
- a. Gamitin ng lubusan ang kalayaan
 - b. Maging mapanagutan sa lahat ng kilos
 - c. Tanggapin ang kahihinatnan ng pasya at kilos
 - d. Magsikap na mag-isip at magpasya nang makatwiran
7. Para sa edukasyon ng konsensya ng isang bata mahalaga ang bahaging maaaring gampanan ng mga magulang at ng mga guro. Ang mga sumusunod ay ang mga tungkulin na maaari nilang gampanan para sa mga kabataan maliban sa:
- a. Maiparamdam sa mga bata ang paggalang sa kanilang pagiging tao.
 - b. Maging bukas sa pagtanggap sa kanilang kabuuan, sino man ang mga ito
 - c. Matulungan ang isang bata upang masuri ang lahat ng bagay na kanilang ginagawa, ninanais o hinahangad
 - d. Maging kritikal sa pagtingin sa kanilang mga pagkakamali at tiyaking ituturo sa kanila ang paraan upang ito ay maitama
8. Anong kakayahan ang mapalalakas kung mahuhubog mula sa pagkabata ang kakayahan ng isang bata na gamitin ang tamang konsensya?
- a. pagbuo ng moral na paghuhusga
 - b. pagbuo ng mabuting kalooban
 - c. pagbuo ng tamang pagpapasya
 - d. pagbuo ng matalinong paghuhusga
9. Masasabi lamang na naisagawa ang tunay na esensya ng kalayaan kung:
- a. Nakilala ang tama at mali at ibinabatay ang paghuhusga sa mga prinsipyong etikal
 - b. Sinusunod ng tao ang kanyang likas na kakayahan gawin ang tama at iwasan ang masama
 - c. A at B
 - d. wala sa nabanggit
10. Ang kalayaan ng tao ay laging may kakambal na:
- a. katarungan
 - b. responsibilidad
 - c. maingat na paghuhusga
 - d. lahat ng nabanggit



PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Panuto: Basahin ang maikling seleksiyon tungkol sa pag-unlad ng isang paru-paro mula sa pagiging isang uod. Marahil alam mo na ang prosesong ito. Marapat na muli mo itong balikan. Sagutin ang mga tanong pagkatapos nito sa iyong kuwaderno.



Ang tilas (*larva*) ay mayroong mahaba,

matabang parang uod na katawan na nababalot ng mabalahibong may stripes na balat. Ito ay dumadausdos sa lupa upang kainin ang lahat ng bagay na maaari nitong matagpuan. Sa huli, ito ay tumitihaya at bumubuo ng kukun o bahay-uod.

Sa kukun, ang tilas ay nakabitin lamang at nagaganap ang pagbabago. Lahat ng klaseng pagbabago ay nangyayari sa loob ng kukun na ito. Nagbabagong anyo ang katawan nito, tumutubo ang pakpak, nagkakahugis ang binti at iba pang bahagi nito at nagbabago rin ang kulay. Sa tamang panahon nginangatngat nito ang malaplastik na nakabalot sa kanyang katawan para makalabas sa kukun at makalipad bilang isang ganap na paru-paro. Ano –ano ang mayroon sa loob ng kukun upang maganap ang mga pagbabagong ito?



May mga salik na nakatutulong upang maganap ang mga pagbabago at maging ganap na isang magandang paru-paro ito. Mayroong iba't ibang *cells* at mayamang likido (*fluid*) sa loob nito. Ginagamit ng mga *cells* na ito ang likido (*fluid*) upang lumaki at magkaroon ng bagong anyo ng katawan. Ito ang paraan ng pagbabagong - anyo at pag-unlad ng tilas sa loob ng kukun.



1. Ano ang nangyayari sa tilas sa loob ng kukun?
2. Ano ang nakatulong upang maganap ito sa loob ng kukun? Ipaliwanag.
3. May pagkakatulad kaya ito sa tao? Pangatuwiranan.


Pag-aralan mo ang mga larawan pagkatapos ng seleksiyon at gawin ang gawain pagkatapos nito. Sundan ang panuto sa ibaba sa pagsasagawa nito.

Tunghayan mo ang mga larawan sa ibaba:

A.



B.



Hayaan ko na lang kaya ang dalawang ito na mag-away.

Hindi ko sila pwedeng pabayaan. Kailangan ko silang awatin, baka sila magkasakitan.

C.



Nelson, huwag mong sabihin sa Nanay ko na sumama ako sa kanila. Isang araw lang kami hindi makauwi. Magpapaliwanag na lang ako pagdating ko.

D.


Hindi ko pwede gawin 'yon, mag-aalala ang Nanay mo sa iyo.



E.



Matagal man pero
kailangan kong maghintay
dahil ito ang nararapat!



Bakanteng oras namin
ngayon - mas
magandang magbasa ng
aklat kaysa
makipagkuwentuhan sa
kaklase ko.



Bakit nagawa ito ng tauhan ? Upang matuklasan ito gawin mo ang mga sumusunod:

1. Punan ang hanay ng taglay na katangian ng tauhan na naging dahilan upang gawin ang kilos.
2. Tukuyin kung ito ay nagaganap sa loob o labas ng ating pagkatao. Isulat ang salitang loob kung ito ay nagaganap sa loob ng tao at ang salitang labas kung ito ay nagaganap sa labas ng tao. Sundan ang naunang halimbawa.

Larawan	Taglay na Katangian kaya nagawa ang kilos	Bahagi ng Pagkatao na may kinalaman sa kilos
---------	--	---

Loob o Labas

A. <u>Disiplina sa sarili</u> _____	<u>loob</u> _____
B. _____	_____
C. _____	_____
D. _____	_____
E. _____	_____
F. _____	_____

3. Sagutin ang mga sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:
 - a) Maaari bang maging paru-paru ang tilas kung ito ay nasa labas ng kukun? Patunayan.
 - b) Sa anong situwasyon nakakatulad ito sa tao? Ipaliwanag.

Katulad sa tilas na may salik sa loob ng kukun na tumutulong upang umunlad at maging ganap itong paru-paro, mayroon ding panloob na salik na nakaaapekto sa ating kilos at pagkatao. Ito ang mahalagang paksa na pag-uukulan mo ng iyong pag-unawa sa araling ito.



PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Paano ba isinasabuhay ng isang tao ang kanyang mga pagpapahalaga? Ano ang nag-uudyok sa kanya upang gawin ang isang pasya at kilos tungo sa pagsasabuhay ng mga pagpapahalagang ito? Pag-aralan ang tatlong *case study* sa ibaba. Tuklasin ang pagkakaiba ng kanilang kilos at ang dahilan nito.

Case Study A

Nagmaktol ang dalawang taong gulang na si Abish nang paliliguan siya ng kanyang ina. Sa patuloy na pamimilit ng kaniyang ina, nagalit siya kaya't pinagtatapon niya ang kanyang mga laruan.

Case Study B

Inagaw ni Avi, limang taong gulang na bata, ang laruan ng kanyang pinsan. Nang babawiin ito ng huli sinigawan niya ito at akmang babatuhin ng laruan nang dumating ang kanyang ina. Kaya't hindi niya itinuloy.

Case Study C

Si Chad na nasa unang taon sa hayskul ay palaging niyayaya ng kanyang mga kamag-aral na mag-cutting class subali't hindi siya sumasama. Isang araw niyaya na naman siya ng mga ito at sinabihang hindi na siya ituturing na kaibigan. Gayunpaman, hindi pa rin siya nagpadala sa pambubuyo nila.

Mga Tanong:

Sagutin ang mga sumusunod na tanong o gawain sa iyong kuwaderno:

1. Bigyang puna ang kilos ng mga tauhan sa bawat *case study*. Bigyang-paliwanag ang kanilang naging kilos sa situwasyon.

Case Study A

Case Study B

Case Study C

2. Ano-ano ang ipinakita ni Chad sa situwasyon upang magawa ang pasya at ipamuhay ang kanyang pagpapahalaga?

- a) _____
- b) _____
- c) _____

3. Ano ang dapat gawin ng isang kabataang tulad mo upang katulad ni Chad ay makagawa ka o patuloy na makagawa ng tamang pasya at kilos tungo sa pagsasabuhay ng iyong pagpapahalaga?

Mas mapapalalim ang pag-unawa mo sa gawaing ito at sa paksang tinatalakay sa pagpapatuloy mo sa pag-aaral ng modyul na ito. Higit na matutulungan ka ng inihandang babasahin upang maunawaan ang mga salik na nakaiimpluwensiya sa paglinang ng iyong pagpapahalaga.



PAGPAPALALIM

MGA PANLOOB NA SALIK NA NAKAIIMPLUWENSYA SA PAGHUBOG NG PAGPAPAHALAGA

Anak ka ng Diyos, nilikha ka ayon sa Kanyang wangis. Sabihin man ng siyensya na nagmula ka sa lahi ng mga hayop at ang turing sa iyo ay pinakamataas na uri ng hayop, alam mo sa sarili mo na iba ka sa iba pang nilikha Niya. Ipinanganak ang lahat ng tao na may kakayahan na kilalanin ang tama sa mali, ang mabuti sa masama, ang dapat sa hindi dapat; isang biyayang alam natin na natatangi para sa isang taong katulad mo. Ngunit hindi sapat na alam natin ang tama at mali, kapalit ng pagbibigay sa atin ng buhay sa mundo ay ang pananagutang buuin ang ating pagkatao at hanapin natin ang ating tunay na layunin sa ating pagkalalang. Hindi tayo nilikha ng Diyos upang panoorin lamang ang ganda ng mundo o sirain ito. Nilikha tayo ng Diyos upang hanapin ang katotohanan at gawin ang kabutihan, hindi lamang para sa ating sarili kundi pati rin sa ating kapwa, pamayanan at bansa.

Ang bawat tao sa mundo ay nagtataglay ng mga pagpapahalaga, ngunit hindi nalilintang ang mga ito sa loob lamang ng isang .

Ang bawat tao sa mundo ay nagtataglay ng mga pagpapahalaga, ngunit hindi nalilintang ang mga ito sa loob lamang ng isang magdamag. Dumadaan sa masusi at matagal na proseso ng paghubog ang mga ito. At sa prosesong ito, may mga bagay na nakaiimpluwensya sa paghubog ng mga ito. Dito sa mga impluwensyang ito nakasalalay kung anong uri ng mga pagpapahalaga ang mahuhubog sa isang tao.

May mga panloob na salik na nakaaapekto sa paghubog ng mga pagpapahalaga ng tao. Ang mga salik na ito ay matatagpuan *mismo* sa tao na nagtataglay ng pagpapahalaga.

Mga Panloob na Salik na Nakaiimpluwensya sa Paghubog ng Pagpapahalaga

- 1. Konsensiya.** Naipaunawa sa mga naunang aralin na sa pamamagitan ng konsensiya nalalaman agad ng tao ang mabuti at masama sa kongkretong sitwasyon. Ito ang batas moral na itinanim ng Diyos sa isip at puso ng tao. Ito ay ang praktikal na *paghuhusgang moral* ng isip - ang paghuhusga ng isip kung mabuti o masama ang isang kilos.

Tulad ng isang batang pumapasok sa paaralan upang turuan ng maraming mga kaalaman, tulad ng kasanayan sa pagsasagawa ng mga bagay (hal. pananahi o pagkukumpuni ng makina o sasakyan), kailangan din ng paglalaan ng panahon upang turuan o hubugin ang konsensiya. Mahalagang maunawaan ang kahalagahan ng edukasyon ng konsensiya.

Sa edad na anim o pito, nagsisimula na ang isang bata na makaunawa na ang kanyang mga kilos ay maaaring maging kalugud-lugod sa mahahalagang tao sa kaniyang paligid o hindi. Nauunawaan na niya na ang ilang mga kilos ay maaaring magdulot ng pinsala sa kanyang kapwa at sa mga bagay na nasa kanyang paligid. Dahil sa edad na ito nagsisimula nang mahubog ang kanyang kakayahang makaunawa ng katwiran at matutong mangatwiran. At sa ganito kaagang yugto, napakahalaga ng bahaging maaaring gampanan ng mga magulang at guro para sa edukasyon ng konsensiya ng isang bata. Ayon kay Esteban (1990) maaaring gampanan ng mga magulang at guro ang mga sumusunod:

- a. makatulong sa isang bata upang masuri ang lahat ng bagay na kanilang ginagawa, ninanais o hinahangad;
- b. mamulat sa kung paano inuunawa ng isang bata ang tama at mali;
- c. maging bukas sa pagtanggap sa kanilang kabuuan, anoman o sinoman ang mga ito;
- d. maiparamdam sa mga bata ang paggalang sa kanilang pagiging tao, at;
- e. maging mapagpasensya at matatag sa pagharap sa kanilang mga pagkakamali, maliit man ang mga ito o malaki, at tiyakin na lalakipan ang pagharap na ito ng malalim na pag-unawa.

Kung nahubog ka na gamitin ang tamang konsensiya mula sa iyong paglaki bilang isang nagdadalaga o nagbibinata, napalalakas ang iyong kakayahang makabuo ng moral na paghusga. Sa malalim na kakayahang ito nakasalalay ang paghubog ng tama at mataas na antas ng pagpapahalaga.

- 2. Mapanagutang Paggamit ng Kalayaan.** Marahil masaya ka sa yugtong ito ng iyong buhay dahil may mga bagay na malaya mo nang nagagawa ngayon. Namumulat ka na ngayon sa lumalawak na saklaw ng iyong kalayaan. Maaari ka na ring mamili kung gagawin mo o hindi ang isang bagay. Marahil, sinasabi mo sa iyong sarili, ito naman talaga ang kahalagahan ng kalayaan, ang kahalagahan

ng pagiging malaya. Ngunit nagagamit mo ba nang tama ang iyong kalayaan? Ano ba ang tunay na kahalagahan nito? Masasabi lamang na nagagawa ang tunay na kalayaan kung:

- (a) nakikilala ang tama at mali
- (b) sinusunod ng tao ang kaniyang likas na kakayahang gawin ang tama at iwasan ang masama (Esteban, 1990).

Ang pagnais ng taong
takasan ang

konsekuwensiya ng
kanyang kilos ay ang
pagnais na takasan ang
kalayaan.

Erich Fromm

Mahalagang maunawaan na ang kalayaan ay may kakambal na pananagutan. Akala ng ilang kabataan na dahil sa kanyang kalayaan maaari niyang gawin ang anumang naisin na walang anumang kapalit. Parang katulad sa pantasyang palabas na ang makapangyarihang bida ay biglang darating upang sagipin ang isang tauhan mula sa kahihinatnan ng kanyang ginawa o mula sa kapahamakan dahil sa kaniyang piniling kilos. Sa panahon ngayon ng mga kabataan, marami ang nagnanais ng ganitong paraan ng pagliligtas; katulad halimbawa ng isang mag-aaral na hindi nag-aral dahil piniling maglaro ng *computer* ay nagdarasal na masagot ang mga tanong sa pagsusulit, o anak na umuwi ng hatinggabi dahil sumama sa barkada nang hindi nagpapaalam ay umaasang hindi mapagalitan ng magulang.

Ayon sa sikolohistang si Erich Fromm, ang pagnais ng taong takasan ang konsekuwensiya ng kanyang kilos ay ang pagnais na takasan ang kalayaan. Sapagkat ang kalayaan ay nangangailangan ng pagiging mapanagutan. Ang salitang *kalayaan* ay tumutukoy sa kakayahang maghusga sa dalawang pagpipilian at ang pagnais na tanggapin ang kahihinatnan ng kanyang pagpili. Habang lumalaki ang kalayaan, lumalawak din ang ating pananagutan.

Dapat maunawaan ng isang tinedyer na katulad mo na mahalagang matutuhan ang mapanagutang paggamit ng kalayaan. Ito ang pangunahing kakayahang kailangan upang makapagsagawa ng tamang pagpapasyang moral at makapili ng tamang mga pagpapahalaga.

3. Pagiging Sensitibo sa Gawang Masama. Kung ang tao ay tapat sa paggawa ng tama, mag-aaalinlangan siya sa paggawa ng masama.

Ang pagtukoy sa pangkalahatang kabutihan o kasamaan ng kilos ng tao ay masusukat sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- a. layon (end) – tumutukoy sa layunin, dahilan o intensiyon ng kilos at ng gumagawa ng kilos

- b. pamamaraan (means) - ay ang mismong kilos o gawa
- c. mga pangyayari (circumstances) – konsiderasyon sa oras, lugar, paraan o ang tumutugon sa tanong na kailan, saan, paano o gaano.

Bagama't ang layon at pamamaraan ang kumikilala sa gawang mabuti at masama, ang pangyayari naman ang nagdadagdag o bumabawas ng pagiging mabuti o masama ng isang kilos. Halimbawa, ang pagkuha ni Jake ng sampong piso ni Mark na isang mayaman at palaging maraming baon ay masama kahit pa marami itong pera. Subali't kung kukunin ni Jake ang sampong piso ni Jason na kinita nito sa pagtitinda ng pandesal para mayroon siyang pananghalian pagkatapos ng klase ay mas masama. Ang sampong piso ni Mark, marahil hindi niya pansin na nawala ito dahil marami pa ang pera niya samantalang pinagpaguran ni Jason kitain ang sampong piso at hindi siya manananghalian dahil nawala ito.

Kung ang layon at pamamaraan ay pawang mabuti, matatawag na *mabuti* ang isang kilos. Ngunit kung ang isa man sa mga ito ay masama, ang kabuuan ng kilos ng tao ay maituturing na *masama* kahit pa ang dalawa dito ay mabuti. Halimbawa, nais mong tulungan ang iyong kaklase na maaaring bumagsak sa Matematika kung kaya pinakopya mo siya sa oras ng pagsusulit. Nawawalan ng halaga ang iyong layon na tumulong dahil hindi maganda ang iyong pamamaraan ng pagtulong. Hindi pa rin matatawag na tunay na mabuti ang iyong kilos.

Ang isang kilos na masama ay hindi maaaring ipagwalang-bahala. Ang kilos na katulad ng panakit ng kapwa, pisikal man o emosyonal, na nagiging paraan ng mga kabataang katulad mo upang magsaya o malibang; ang pangongopya sa pagsusulit, kahit pa tinatanggap nang “normal” na gawain ng isang nagdadalaga o nagbibinata na katulad mo; ang pagkuha ng gamit na hindi sa iyo; ang pagsisinungaling, kahit pa tinatawag mong “white lie” ay masama at hindi nararapat na ipagsawalang-bahala na lamang.

Maraming kabataan ngayon ang nawawala ang pagiging sensitibo sa gawang masama. Nakababahala ang paggawa ng masama, subalit mas nakababahala ang hindi na maramdaman ng isang tao na ang ginagawa niya ay masama. Ang nakatatakot nito ay ang pagdipensa na “mabuti” ang isang kilos na masama.

Bilang kabataan, kailangang maging mulat ka kung masama ang iyong kilos. Hindi katanggap-tanggap na dahil ang isang kilos ay madalas na ginagawa ng marami ay maituturing nang normal o hindi na dapat ikabahala.

- 4. Pagsasabuhay ng mga Birtud** (*Practice of virtues*). Masasabi lamang na naging matagumpay ang pagtuturo ng pagpapahalaga ng iyong guro o ng iyong mga magulang kung tunay mong isinasabuhay nang paulit-ulit ang iba't ibang mga birtud. Ito ang pinakamatibay na patunay na naisaloob ng isang kabataang katulad mo ang mga moral na pagpapahalaga. At kapag isinasabuhay na ang mga pagpapahalaga, nangangahulugan ito na unti-unti nang mahuhubog ang iyong kilos o gawi (attitude) na siya namang mahalaga upang mahubog ang iyong magandang ugali o asal (behavior). Ang moral na pagpapahalaga ay dapat na mailapat sa anumang mahalagang pagpapasya, aksyon o kilos. Mahalagang kasanayan din ito na makatutulong upang mapaunlad ang iyong isip, hangarin at kilos. (Haring, B., 1912)

Anomang kilos na isinasagawa nang paulit-ulit ay maaari ng maging bahagi ng pang-araw-araw na buhay. Katulad ng paggawa ng takdang aralin, magiging bahagi na ito ng mga gawain sa araw-araw kung patuloy na ginagawa. Maaari pa ngang makaramdam ng kakulangan kung ito ay hindi maisasagawa. Gayundin ang pagkakaroon ng takdang oras sa panalangin na napakahalaga sa ating kabuuang kabutihan. Magkakaroon ka ng subaybay, direksiyon at kapayapaan sa buong maghapon kung sisimulan mo ito ng panalangin sa umaga.

- 5. Disiplinang Pansarili.** Upang mahubog ang disiplinang pansarili, kailangan ng taong matutuhan ang sumusunod:
- magsikap na mag-isip at magpasiya nang makatuwiran (rational)
 - maging mapanagutan sa lahat ng kanyang kilos
 - tanggapin ang kalalabasan (consequence) ng pasya at kilos
 - gamitin nang wasto ang kanyang kalayaan

Ang paghikayat sa mga anak o mag-aaral na magkaroon ng disiplinang pansarili ay maaaring isa sa pinakamahirap na gawain (task) na maaaring isagawa ng isang magulang o ng isang guro. Ito ay dahil hindi galing sa panlabas na mga impluwensya na maaaring maidikta sa isang bata, kundi kailangang manggaling sa kanyang sariling pagnanais na ito ay isagawa. Hindi madali ang magkaroon ng pagpipigil sa sarili na gawin ang mga bagay na nakasanayang gawin o sanayin ang sarili na isagawa nang paulit-ulit ang mga birtud. Ang pagsasanay para sa disiplinang pansarili ay dapat na magsimula sa mga unang taon ng isang bata, sa paggabay ng kanyang mga magulang o mga guro. Maaaring gawin ang mga sumusunod:

- Turuan ang isang batang mamuhay sa katotohanan at sanayin ang kanyang kakayahang gamitin ang tamang katwiran.

- b. Tulungan ang isang batang ipagpaliban ang anumang paghahangad sa mga bagay na para lamang sa pansariling kasiyahan (delayed gratification).
- c. Hikayatin ang isang bata na tumanggap o umako ng pananagutan.
- d. Turuan ang isang bata na magsakripisyo at makaranas ng paghihirap na pinananatili ang dignidad at puno ng pagtitiyaga.

6. Moral na Integridad. Ang moral na integridad ay mapananatili kung magiging matatag sa pakikibaka para sa katotohanan at kabutihan. Ito ay ang pagsasalooob ng mga katotohanang unibersal at pagpapahalagang moral. Nalilining ito sa pamamagitan ng maingat na paghusga ng konsensiya at pagsasabuhay ng mga birtud.



Ang pagkakaroon ng moral na integridad, ayon kay Carter, S. (Olson, L.) ay bunga ng pagsasama ng sumusunod:

a. *Masusing Pag-iisip batay sa Moral na Pamantayan (Moral Discernment).* Ito ang kakayahan ng tao na masuri at maihiwalay ang tama sa mali. Ito ay nangangailangan ng pagmumuni sa kahulugan ng mabuti at masama at sa kung paano ito mailalapat sa sarili at sa kapwa. Kasama rin ang pagkakaroon ng kakayahan na bumuo ng konklusyon o prinsipyo mula sa pag-aaral o pagsusuri (discernment) upang makabuo ng sariling paniniwala (convictions).

Imagine
With all
your mind.
Believe
With all
your heart.
Achieve
With all
your might.

b. *Matibay na Pagkapit sa Sariling Paniniwala (Consistent Behavior).* Kung ang isang tao ay may matibay na paninindigan sa sariling paniniwala (convictions), ang lahat ng kanyang kilos ay naaayon sa mga ito. Kahit maharap siya sa iba't ibang sitwasyon sa paglipas ng mahabang panahon, kapansin-pansin na ang kanyang kilos ay nananatiling matatag na nakakapit sa kanyang sariling paniniwala.

c. *Hayagang Paninindigan (Public Justification).* Ito ang kakayahang ibahagi sa iba na ang tao ay kumikilos nang naaayon sa kanyang sariling paniniwala at ang paniniwalang ito ay bunga ng malalim na pag-iisip at matamang pagsusuri. Ang isang taong may moral na integridad ay hindi nahihiyang gawin ang anumang pinaniniwalaan niyang tama sa gitna ng mga nagtutunggaling



paniniwala. Bukas din siya at tapat sa pagbabahagi ng kaniyang mga binabalak, ninanais at mga bagay na nagtutulak o nag-uudyok sa kanya upang gawin ang isang bagay (motivations). Ang isang taong may moral na integridad ay may tiwalang ibahagi sa ibang tao ang kanyang sariling paniniwala na maaaring maging daan upang mahimok ang ilan na maniwala at makiayon.

May kasabihan na mas madaling hubugin ang isang puno habang ito ay bata pa lamang. Ang pagsasanay sa sarili na magpasya at kumilos nang mapanagutan habang bata pa lamang ay kailangan lalo na sa kasalukuyang panahon. Maraming mga pangyayari sa ating lipunan na kailangan ng katatagan at matibay na paninidigan na magpasya ayon sa *moral* na pamantayan. Maraming hamon na inihahain ang ating kapwa na kailangan ng katalinuhan, katatagan at pananagutan. Sa modernong panahon katulad ngayon, mahalagang may matibay na pundasyon ang mga pagpapahalaga. Kaya kailangan simulan mo na itong hubugin. Isa rin itong hamon para sa iyo. Tutugon ka ba?

Marami ka na namang natuklasan sa pamamagitan ng iyong binasa. Alamin mo ang lalim ng iyong naunawaan dito.

Tayain natin ang iyong pag-unawa:

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:


1. Bakit mahalagang maunawaan ang mga panloob na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng mga pagpapahalaga?

2. Ano-anong mga kasanayan ang dapat na matutuhan ng tao upang mapatibay ang pundasyon ng kaniyang mga pagpapahalaga?

3. Ano ang maitutulong ng paghubog ng mga panloob na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng pagpapahalaga sa isang tinedyer na katulad mo?

PAGHINUHA NG PAG-UNAWA

Ano ang konseptong naunawaan mo mula sa babasahin? Isulat ito sa iyong kuwaderno gamit ang *graphic organizer* na ito.



Ang paglalapat ng mga _____ sa pang-araw-araw na _____ ay gabay sa paggawa ng _____.



PAGSASABUHAY ANG MGA PAGKATUTO

Inaasahan kong naging malinaw sa iyo ang konseptong naipaliwanag sa babasahin tungkol sa mga panloob na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng mga pagpapahalaga ng tao. Mahalaga ito upang masanay mo ang iyong sarili na malinang ang iyong mga pagpapahalaga gamit ang mga salik na ito.

Sa bahaging ito ng aralin, tutulungan ka kung paano mo ito gagawin.

Pagganap

Pumili ng isa sa anim na panloob na salik na sa tingin mo ay kailangan mong bigyan ng higit na pansin at dapat paunlarin. Kilalanin ang negatibong paraan ng paggamit mo ng panloob na salik na ito. Banggitin din ang epekto sa iyo ng negatibong paggamit nito. Isulat ang mga natuklasan mo gamit ang pormat ng tsart sa ibaba. May ibinigay na dalawang halimbawa na maaari mong sundan.

Panloob na Salik	Tukuyin ang negatibong paraan ng paggamit mo sa mga panloob na salik	Ano ang naging epekto sa iyo ng kilos na ito
Halimbawa: Konsensiya	Pagbabalewala sa bulong ng konsensiya na gawin o piliin ang mabuti.	Nasasanay ang sariling hindi pinakikinggan ang sinasabi ng konsensya bilang gabay o nagiging manhid.
Disiplinang Pansarili	Inuuna ang panonood ng paboritong programa sa telebisyon kaysa sa paggawa ng gawaing bahay.	Nagiging palaasa at tamad sa paggawa ng gawaing bahay.

Ngayon ikaw naman, simulan mo sa bahaging ito. Gawin ito sa kuwaderno.

Panloob na Salik	Tukuyin ang negatibong paraan ng paggamit mo sa mga panloob na salik	Ano ang naging epekto sa iyo ng kilos na ito


Pagninilay

May halaga ba na binigyan mo ng pansin ang mga negatibong paraan ng paggamit mo ng mga panloob na salik ? Ano ang natuklasan mo kaugnay ng negatibong paraan ng paggamit ng mga ito? Ano ang epekto sa tao ng negatibong paggamit ng panloob na salik sa kilos o maging sa pagpapahalaga ng tao? Pareho kaya na nakaiimpluwensya ang negatibo o positibong paraan ng paggamit ng mga panloob na salik na ito? Isulat mo ang pagninilay na ito sa dyornal.

Dahil sa negatibo kong paggamit ng panloob na salik, natuklasan ko na:	Epekto ng negatibong paggamit sa panloob na salik:
Nahinuha ang impluwensya ng	Kongklusyon na nabuo kaugnay

Pagsasabuhay

Panuto: Tunghayan ang tsart na nasa ibaba. Punan ang bawat kahon ng mga tiyak na hakbang na iyong ilalapat sa pang-araw-araw na gawain at pagpapasiya na makatutulong sa paghubog ng bawat panloob na salik. Gabay mo ang unang kahon (konsensiya).



1. Mula sa iyong inilista, pumili ng isang paraan na gagawin mo sa isang buong linggo.

2. Itala ang paraan ng pagsasakatuparan ng gawain, petsa kung kailan ito inumpisahan at petsa kung kailan ito natapos.
3. Isulat ang iyong natutunan mula sa gawain, lagdaan at ipasa sa iyong guro.

Maaari mong gamiting gabay ang halimbawa at pormat na ito:

Paunlarang Panloob Salik	Gagawin	Pagsasagawa						
		Lunes	M	M	H	B	S	L
		Petsa ng Pagsisimula: _____ Petsa ng Pagtatapos: _____						
Halimbawa: Konsensiya	Susuriin ang aking konsensiy a bago magsaga wa ng pasya o kilos.	Niyaya ako ng kaibigan ko na maligo sa sapa. Sasama sana ako pero naalala ko na hindi alam ng magulang ko ang tungkol dito. Kaya hindi ako sumamasa sa kanya.	Dahil sa kagustuhan kong mabili ang paborito kong pagkain hindi ko ibinigay ang sukli ni Kuya nang inutusan akong bumili sa tindahan. Hindi ko rin iyo sinabi sa kanya kahit <i>nagi-guilty</i> ako.	Kinausap ko ang Kuya para sabihin ang totoong ginawa ko at nag "sorry" ako sa kanya.				
Natuklasan at natutuhan ko mula sa gawain:								
<hr/> <p style="text-align: center;">Lagda ng Mag-aaral</p>								

Muli, natapos mo na naman ang isang modyul kaya't binabati kita sa pagtagumpay mong tapusin ito! Hangad ko ang iyong lubos na pag-unawa sa kahalagahan ng mga panloob na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng mga pagpapahalaga. Hangad ko rin na maisagawa mo nang wasto ang mga hakbang na ilalapat sa pang-araw-araw na gawain upang mahubog ang mga salik na ito. Magiging kapaki-pakinabang ang natutunan mo rito sa pag-aaral mo ng susunod na modyul. Ipagpatuloy ito!

Mga Kakailangang Kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)

Mga Sanggunian:

- Cabellos, Peter (1991). *Forming the Conscience The Need for Formation and Knowledge of the Truth*. Manila. Sinag-Tala Publishers, Inc.
 - Esteban, Esther J. (1990). *Education in Value: What, Why and for Whom*. Manila. Sinag-tala Publishers.
 - Haring, Bernard (1912). *The Virtues of an Authentic Life: A Celebration of Spiritual Maturity*. Missouri. Liguori Publications
 - Olson, Leanne M. *The Relationship between Moral Integrity, Psychological Well Being and Anxiety*. Retrieved from www.charis.wlc.edu/publications/charis_spring02/olson.pdf on November 20, 2009
 - Quito, Emerita S. (1989). *Fundamentals of Ethics*. Manila. De La Salle University Press
- Wood, Robert S. *On the Responsible Self*. <http://lds.org/ensign/2002/03/on-the-responsible-self?lang=eng>

Mga Larawan:

All retrieved on January 21, 2012

<http://www.fredericpatenaude.com/images/16105994.jpg>

<http://www.child-abuses.com/wp-content/uploads/2011/05/What-can-you-do-if-you-see-someone-else-being-bullied.gif>

http://image.shutterstock.com/display_pic_with_logo/388663/388663,1252888689,6/stock-vector-people-waiting-in-line-37008550.jpg

http://profile.ak.fbcdn.net/hprofile-ak-ash2/71076_287841227157_2390084_n.jpg

<http://images.anagrammer.com/r/e/m/o/r/s/e/-/00.thumbnail.668DE-remorse.jpg>

http://spotlight.macfound.org/images/uploads/whittier_library.jpg

<http://images.dxup.multiply.com/image/yt-TnRALfhcgmyz23ru9Fw/photos/1M/300x300/63384/CDocuments-and-SettingsAdministratorMy-DocumentsMy-Picturesthumb-pagmamano.jpg?et=HLgq2ERJTr%2CbZLbmv6EdXw&nmid=0>

<http://markatosservices.files.wordpress.com/2011/02/maid-services-in-delaware.jpg>

http://3.bp.blogspot.com/_NcMdEmWmkDc/SO1BB2bsbgI/AAAAAAAAA78/4TPiGxqLqjl/s1600-R/pic%3Fid%3D4f30uSjvPMmmOGVTD70p1rOjlfhxitlZB44Lv4xQp5Fd3lg%3D%26size%3Dm

<http://images.clipartof.com/small/1064660-Clipart-Friends-Holding-A-Birthday-Girls-Cake-Royalty-Free-Vector-Illustration.jpg>

<http://images.clipartof.com/small/5657-Happy-Boy-Sleeping-In-His-Bedroom-Clipart-Illustration.jpg>

http://1.bp.blogspot.com/-sVxXH2j_KLo/TlxUdhBqail/AAAAAAAAAAk/OuFstCMifQs/s1600/mom_home.gif

http://i.istockimg.com/file_thumbview_approve/4816017/2/stock-photo-4816017-open-notebook.jpg

http://4.bp.blogspot.com/-OgJjwWgTHJs/TnegPqFfP_I/AAAAAAAAABcA/Y_-m_FQiJYA/s640/be+your+own+kind+of+beautiful.jpg

Modyul 12: PANLABAS NA SALIK NA NAKAIIMPLUWENSIYA SA PAGHUBOG NG PAGPAPAHALAGA



Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?

Abala na ang mga tao sa panahong ito. Marami ang umaagaw ng kanilang atensiyon mula paggising sa umaga hanggang sa muling pagtulog sa gabi. Dahil dito may mga bagay na nakakaligtaan ang tao na pag-ukulan ng pansin, lalo na kung sa kaniyang palagay hindi ito gaanong mahalaga.

Napapansin mo pa ba ang bukung liwayway? ang pagtubo ng mga halaman? ang magagandang bulaklak? ang patak ng ulan? Naririnig mo pa ba ang huni ng mga ibon? Namasdan mo pa ba ang paglipad ng mga paru-paro at kung gaano kaganda ng kanilang mga pakpak? Munting bagay marahil subali't nagdudulot ng saya sa damdamin.



Sa aralin ngayon, pag-uukulan mo ng pansin ang ilang bagay sa labas ng pagkatao mo na nakaaapekto sa kabuuan mo bilang tao.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- Naisa-isa ang mga panlabas na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng pagpapahalaga
- Nasusuri ang isang kilos o gawi batay sa impluwensiya ng isang panlabas na salik
- Napatutunayan na ang pag-unawa sa mga panlabas na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng mga pagpapahalaga ay nakatutulong upang maging mapanuri at mapanindigan ang tamang pasya at kilos sa gitna ng mga natutunggaling impluwensiya
- Naisasabuhay ang pagiging mapanuri at pagiging mapanindigan sa mga pasya at kilos sa gitna ng mga nagtutunggaliang impluwensiya ng mga panlabas na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng pagpapahalaga

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

- a. May natukoy na mga positibo at negatibong impluwensiya sa paghubog ng pagpapahalaga ang mga panlabas na salik
- b. May naitalang paraan ng pagtugon sa bawat situwasyon
- c. May kalalakip na pagninilay
- d. May plano ng gawain na pagpapaunlad at pagbabago sa sarili sa pagharap sa negatibong impluwensiya



Paunang Pagtataya

1. Ang mga sumusunod ay mga kasanayang maaaring maging gabay ng isang kabataan upang maiwasan ang negatibong impluwensyang dulot ng media maliban sa:
 - a. Pag-aralang pairalin nag pagtitimpi sa lahat ng pagkakataon sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng mga birtud
 - b. Suriing mabuti ang kredibilidad ng tao o kompanya at ang kanilang mga ibinabahaging palabas, produkto o patalastas.
 - c. Matutong talikuran ang tuksong dulot ng mga patalastas, mga panooring nagpapakita ng imoralidad, pagiging malabis na bulgar at minsan ay may kalaswaan
 - d. Kailangang sanayin ang iyong kaisipan upang masuri ang kalidad ang ano mang impormasyon na tatanggapin o produktong tatangkilikin at ang pagsusuri sa halaga at magiging gamit nito.
2. Mahalagang maunawaan ang mga panlabas na salik na nakaiimpluwensya sa paghubog ng halaga dahil nakatutulong ito upang:
 - a. maging ganap ang pagkatao ng tao
 - b. maging matalino sa pamimili ng salik na tagging pagkukuhanan ng mabubuting halaga na isasabuhay
 - c. maging mapanuri at mapanindigan ang tamang pasya at kilos sa gitna ng nagtutunggaliang impluwensya
 - d. maging isang mabuting huwaran ng kagandahang asal ng mga bahagi ng panlabas na salik na makaiimpluwensya sa paghubog ng halaga
3. Bukod sa tulongan ang mga isang bata upang mas mapalawak ang kanyang isipan at maunawaan ang halos walang hanggan nitong kakayahan na makakalap ng karunungan, ano ang isa sa bahaging maaaring gampanan ng guro sa paghubog ng halaga ng isang bata?
 - a. Pagtuturo sa mga mag-aaral ng katotohanan
 - b. Pagtuturo sa mga mag-aaral na magsagawa ng mga pagpapasya gamit ang kaalaman na natutuhan sa paaralan

- c. Pagtuturo sa mga mag-aaral na maging matatag sa pagpapanatili ng moral na pinsipyo sa gitna ng mga pagsubok at nagtutunggaliang mga halaga
 - d. Lahat ng nabanggit
4. Ang labis na kahirapan ang maaaring maging hadlang upang mapanatili o mas mapataas ang dignidad ng isang bata at maisabuhay ang mga halaga. Ang pahayag ay:
- a. Tama, dahil ang kahirapan ang dahilan upang mabawasan ang ng isang bata sa kanyang sarili
 - b. Tama, dahil sa kahirapan ay nababawasan ang panahon ng mga magulang upang batayan at paunlarin ang halaga ng kanilang mga anak
 - c. Mali, dahil maging ang labis na karangyaan ay maaari ring maging hadlang upang maisabuhay ng isang bata ang mga halaga
 - d. Mali, dahil lahat ng mahirap ay nais na maging mabuting mamamayan ng lipunan at anak ng Diyos
5. Ang mga sumusunod ay mga tungkulin ng pamilya sa paghubog ng mga halaga ng kanilang anak maliban sa:
- a. Ituro ang mga taong pakikisamahan at pagkakatiwalaan
 - b. Ituro ang magpahalaga hindi lamang sa sarili kundi mas higit para sa kapwa
 - c. Ituro ang mga prinsipyong moral sa pamamagitan ng kanilang pansariling kaisipan, salita at ugali
 - d. Gabayan ang isang bata na kilalanin, unawain isapuso, iangat at isabuhay ang pangkalahatang katotohanan.
6. Ang pangunahing kailangan ng isang kabataan upang hindi sila maging mahina sa paglaban sa masamang impluwensyang dulot ng iba pang mga kabataan ay:
- a. mataas na antas ng tiwala at pagkilala sa sarili
 - b. mataas na antas ng pakikihalubilo at pakikisangkot
 - c. sapat na kaalaman sa pagkilala ng masamang impluwensya
 - d. sapat na kahandaan upang humarap sa iba't ibang uri ng tao
7. Ang isa sa maituturing na dahilan kung bakit nahaharap ang isang kabataan sa malaking posibilidad na maimpluwensyahan ng kanyang kapwa kabataan ay dahil:
- a. kulang pa ang kanyang kakayahan sa paghihiwalay ng tama at mali
 - b. nais nilang maramdaman na sila ay tinatanggap at kinikilalang kabahagi
 - c. hindi naging matibay ang mga itinurong halaga ng mga magulang at guro
 - d. hindi pa sapat ang kakayahan ng mga kabataan sa paglaban sa mga negatibong impluwensya ng kapwa kabataan
8. Ang itinurong mga halaga ng mga magulang sa tahanan ay maaaring mawala sa isang iglap lalo na sa yugto ng kabataan.
- a. Tama, dahil nagiging malayo sila sa isa't isa sa yugto ng kabataan

- b. Tama, dahil maaaring mabag o ito ng mga impluwensiya ng kapwa kabataan
- c. Mali, dahil ito ay nakatanim na sa isip at puso ng mga kabataan
- d. Mali, dahil hindi makikinig ang mga kabataan sa iba maliban sa kanilang mga magulang
9. Ang magtutulak sa isang bata upang tunay na mahalín ang katotohanan at upang isabuhay ang mga halaga na itinuro sa paaralan ay sa pamamagitan ng:
- a. pagtingala sa isang gurong itinuturo at isinasabuhay ang magandang halimbawa
- b. pagtingala sa isang gurong itinuturo sa mga mag-aaral ang halaga ng pamumuhay sa magandang halimbawa
- c. pagtingala sa isang gurong hinahayaang matuto ang kanilang mga mag-aaral sa kanilang mga ipinakikitang magandang halimbawa
- d. pagtingala sa isang gurong hindi kailanman kakikitan ng pagkakamali
10. Sino ang pinakaepektibong makapagtuturo sa isang bata na isabuhay ang disiplinang pansarili?
- a. magulang b. guro c. sarili d. kaibigan



PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Panuto: Mula sa kinilala mong salik na nakaiimpluwensiya sa iyo sa itaas na gawain, isa-isahin ang mga impluwensiyang nakuha mo mula sa kanila. Magbigay ng hindi bababa sa tatlo sa bawat salik na nakaiimpluwensiya sa iyo. Ilagay din kung positibo o negatibo ang epekto ng impluwensiyang ito sa iyo. Banggitin ang patunay kung bakit nasabi mong positibo o negatibo ang impluwensiya sa iyo.

May halimbawang ibinigay na maari mong sundan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Salik	Impluwensiyang nakuha	Epekto (Positibo o Negatibo)	Patunay
Halimbawa: Pamilya	- Pagsagot ng “po” at “opo” sa tuwing ako ay makikipag-usap sa kahit na sinong nakatatanda sa akin. - Dahil may katulong kami okay lang sa	<ul style="list-style-type: none"> • Positibo • Negatibo 	<p>Nalinang ang aking pagiging magalang.</p> <p>Lahat inaasa ko sa iba ang paggawa kaya wala akong alam na gawain.</p>

	mama ko na hindi ako gumagawa ng gawaing bahay.		Minsan nagugutom ako pag ako lang mag-isa sa bahay dahil hindi ako marunong magluto.
--	---	--	--

Sagutin ang mga tanong sa iyong kuwaderno:

1. Ano ang masasabi mo sa impluwensiyang nakuha mo mula sa mga salik na iyong kinilala?

2. Mahalaga ba sa iyo ang mga impluwensiyang nakuha mo mula sa kanila? Patunayan.

Kawili-wiling gawin ang pagsusuri sa sarili hindi ba? Maraming mga bagay na kapanapanabik na matuklasan sa ating sarili.

Upang lubos mong maunawaan at maging malinaw sa iyo ang pagkakaiba ng salik na tinutukoy sa natapos mong gawain ngayon at sa panloob na salik na iyong natutuhan sa nakaraang modyul, ipagpatuloy mo ang pag-aaral sa modyul na ito.



PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Bakit ako ganito? Marahil naitanong mo ito sa iyong sarili noong minsang humarap ka sa salamin o kaya'y noong may nagawa kang hindi mo naibigan. Ano nga ba ang kahulugan ng tanong na ito? Isang katuturan ng tanong na ito ay ang pagsuri ng sarili kung paano nahubog ang isang pagkatao. Matutuklasan mo sa bahaging ito kung paano ito nagaganap.

Pamilyar ba sa iyo ang mga katagang ito sa ibaba? May nakapagsabi na ba nito sa iyo? Tunghayan mo kung ano-ano ang mga katagang ito.



Sino-sino kaya ang maaaring nagbigkas ng mga pahayag na ito?

Panuto:

- Tukuyin mo kung sino-sino ang maaaring nagsabi ng mga ito gayundin ang maaaring epekto ng kanilang pahayag sa iyo. Maaari mong sundan ang halimbawa sa ibaba. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Mga Pahayag	Sino ang nagsabi	Impluwensiya sa akin
Halimbawa: 1. Kaya mo yan, ikaw pa!	Kapwa kabataan / kaibigan	Nagpalakas ng aking loob, kaya nagawa ko nang maayos ang dapat kong gawin.

		Naging positibo ang tingin ko sa aking sarili.
2. Huwag makisali sa usapan ng matatanda		
3. Maging magiliw sa lahat!		
4. Pahalagahan ang buhay at ang lahat ng nilikha ng Diyos		
5. Ang tama ay tama, ang mali ay ituwid!		
6. Masama ang maging palapintasin		
7. Huwag kang malungkot! Nandito kami para sa iyo. Relaks ka lang!		
8. Huwag magsinungaling		
9. Maging magalang, gumamit lagi ng po at opo		
10. Maging maaga lagi		
11. Maging mabuti kang kaibigan para marami ang magmamahal sa iyo. Isa na kami doon.		
12. Magdasal ka muna bago kumain!		
13. Mag – aral kang mabuti!		
14. Mahalin ang iyong kaaway!		
15. Maging matapat sa sarili at sa kapwa		
16. Huwag mandaya!		

- Mula sa mga pahayag sa itaas, alin ang higit mong nagustuhan at nagkaroon ng malaking epekto sa iyo?
- Pumili ng isa at ipaliwanag kung bakit mo ito nagustuhan at ano ang naidulot nito sa iyo.
- Banggitin ang epekto nito sa iyo.
- Maaaring sundan ang gabay na ito:
Ang pahayag para sa akin:

Napiling pahayag:



Bakit nagustuhan :

Ang epekto ng pahayag sa
akin :

Nalaman mo sa Modyul 11 na may mga salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng mga pagpapahalaga ng tao; sa araling ito matutuklasan mo hindi lang panloob na salik ang nakaiimpluwensiya sa paghubog ng iyong pagpapahalaga kundi mga panlabas na salik din.

Inaanyayahan kita na alamin mo nang lubos ang mga panlabas na salik na ito. Higit pa dito, unawain kung paano nakaiimpluwensiya ang mga ito sa paghubog ng iyong mga pagpapahalaga. Handa ka na ba?



PAGPAPALALIM

MGA PANLABAS NA SALIK NA NAKAIIMPLUWENSYA SA PAGHUBOG NG PAGPAPAHALAGA

Ang tao ay likas na panlipunang nilikha. Bahagi ng kaniyang buhay ang pakikipag-ugnayan sa kaniyang kapwa. Nagiging ganap siyang tao sa tulong ng mga tao sa kaniyang buhay at paligid. Ang lahat ay may kani-kaniyang bahaging ginagampanan sa paghubog ng kanyang pagkatao at mga pagpapahalaga.

Kung may mga panloob na salik sa paghubog ng mga pagpapahalaga mayroon ding mga panlabas na salik (Esteban,1990). Maaaring magdulot ng magandang impluwensiya sa iyo ang mga ito; ngunit maaari ring magdulot nang hindi magandang impluwensiya kung hindi mababantayan o mapipigilan.

1. Pamilya at Paraan ng Pag-aaruga sa Anak

Ang pamilya ay hindi lamang itinuturing na pundasyon ng lipunan kundi pundasyon ng pagkatao ng isang indibiduwal. Ang magulang ang siyang binibigyan ng karapatan na itayo ang istruktura ng pag-uugali at pagpapahalaga ng kanilang mga anak. Hindi lang karapatan bagkus tungkulin at pananagutan. Kaya't sila ang nagsilbing guro sa ating tahanan, sila ang una nating nasilayan sa pagdating natin sa mundo at ang mga unang nagturo sa atin ng pagmamahal dahil sa kanilang mga halimbawa. Sa kanila natin unang naramdaman na tayo ay mahalaga; sa kanila rin natin unang natutuhan na magpapahalaga sa ating sarili sa ating kapwa. Sa kanila natin natutuhan ang pagbibigay at pagbabahagi, ang kahalagahan ng pagpapasalamat at ng dignidad, ng paggalang at pagmamahal. Tungkulin din nilang ituro ang mga prinsipyong moral sa pamamagitan ng kanilang pagsasabuhay sa mga ito sa pang-araw-araw na buhay.

Sa kabila nito, may mga nagdadalaga at nagbibinata na nagsasabi na ang ginagawa sa kanila ng kanilang magulang ay pagsupil at pagnakaw sa kanilang kalayaan. Mayroon din naman sa kanilang malawak ang pang-unawa katulad sa nagdadalagang nagkomento na “hindi siya mahal ng kanyang mga magulang , kasi

hinahayaan lamang na gawin niya anuman ang kaniyang maibigan.” Ayon kay William V. Shannon, kapag ang magulang ay hindi nagpunyaging turuan at hubugin ang pagpapahalaga ng kanilang anak ay hindi nila tinuruang maging malaya upang hubugin ng kanilang mga anak ang kanilang sarili. Bagkus ibinibigay nila sa ibang kabataan at sa media lalo na sa telibisyon, pelikula at internet ang paghubog sa kanila. Kaya’t masuwerte ka kung ikaw ay pinaaalalahanan, tinuturuan at ginagabayan, hindi ito nangangahulugang inaalisan ka ng kalayaan.

Nakikita natin ang napakalaking bahaging ginagampanan ng ating pamilya sa paghubog ng ating pagpapahalaga. Sila ang may tungkuling gabayan ang isang bata na kilalanin, unawain, isapuso, iangat at isabuhay ang tama. Ngunit hindi ito kakayanin ng mga magulang lamang, mahalagang katuwang ang mga anak sa pagkamit ng layuning ito. At saka pa lamang masasabing tunay na naging epektibo ang pagtuturo ng pagpapahalaga sa tahanan kung tunay na nabubuo ang magandang relasyon ng magulang at ng kanilang mga anak; gayundin ang ugnayan sa pagitan ng mag-asawa.

2. Guro at Tagapagturo ng Relihiyon

Katulad ng mga magulang sa tahanan, malaki rin ang bahaging ginagampanan ng guro sa paghubog ng mga pagpapahalaga. Siya ang makatutulong sa isang bata upang mas mapalawak ang kaniyang isip at maunawaan ang kaniyang kakayahang makakalap ng karunungan, upang magamit ito para lamang sa katotohanan at kabutihan. Sa paaralan natututuhan ang pagkakaroon ng kahandaan sa pagharap sa mga sitwasyon at pagsasagawa ng mga pasiya gamit ang kaalaman sa tama at mali. Dito matututuhan ang pagkakaroon ng katatagan na mapanatili ang moral na prinsipyo sa gitna ng mga pagsubok at nagtutunggaliang mga pagpapahalaga at impluwensiya ng kapaligiran. Pangmatagalan ang impluwensiya sa isang bata na mahal in ang katotohanan at isabuhay ang mga pagpapahalaga ng isang gurong nagtuturo at nagsasabuhay ng magandang halimbawa.

3. Mga Kapwa Kabataan (*Peers*)

Sa mga panahong wala sa paggabay ng mga magulang at guro ang isang bata, ang kaniyang kahalubilo ay ang kaniyang kapwa kabataan. Sa huling yugto ng pagiging bata at sa maagang yugto ng kaniyang kabataan, isa sa may malakas na impluwensiya sa isang bata ay ang kaniyang kapwa kabataan.

Dahil sa dumadaan ang isang kabataang katulad mo sa yugto ng emosyonal at panlipunang pagbabago, nagiging masidhi ang iyong pagnanais na tanggapin ka lalo na ng iyong kapwa kabataan. Nais mong maging bahagi ng isang pangkat, ang maramdaman na ikaw ay kanilang tinatanggap, ang makilalang kabahagi. Nakatutulong ito upang mas mapataas ang iyong tiwala at pagpapahalaga sa iyong sarili. Mahalaga para sa isang kabataang katulad mo ang magkaroon ng mataas na antas ng tiwala at pagkilala sa sarili. Makatutulong din ito upang hindi ka maging mahina sa paglaban sa masamang impluwensiyang dulot ng iba pang mga kabataan. Ang ilang mga batang maaaring maituturing na may mahinang personalidad ay ang mga kabataang madaling pasunurin na gawin ang anumang bagay para lamang matanggap ng pangkat. Sa kabilang dako, kung mataas ang iyong tiwala sa iyong sarili, mas madali para sa iyo ang magpasiya batay sa iyong moral na paninindigan. Sa ganitong pamamaraan, ikaw ang maaaring lider ng pangkat, ang kanilang maging halimbawa, ang kanilang magiging impluwensiya.

Kahit pa gaano kalakas ang naging impluwensiya sa iyo ng iyong magulang at mga guro, maaari pa ring mawala ang mga ito sa isang iglap dahil sa iyong mga kapwa kabataan. Kung kaya kailangan na maging labis na maingat at matatag ka na labanan ang masamang impluwensiyang maaari nilang maidulot sa iyo. Kailangang mapanatili mong matatag ang iyong moral na prinsipyo upang mapanindigan mo ang iyong mga pagpapahalaga. Kaya't ayon kay Sean Covey maaari kang magkaroon ng maraming kaibigan subali't huwag mong isentro ang buhay mo sa kanila. Hindi ito matatag na pundasyon sapagka't hindi mo sila makakasama sa habampanahon.

4. Pamana ng Kultura (*Cultural Heritage*) at Impluwensiya ng Kapaligiran o Lipunan

Habang lumalawak ang mundong ginagalawan ng isang kabataan, lumalawak din ang maaring makaimpluwensya sa paghubog ng kaniyang mga pagpapahalaga. Sa dami ng iba't ibang pagpapahalagang maaaring makita mula sa iyong lipunang ginagalawan, nararapat na taglay mo ang kahandaan upang pumili ng karapat-dapat na pagpapahalagang tutularan at isasabuhay. Tanggapin natin ang katotohanan na dahil sa pagbabagong dulot ng modernong panahon sa pamumuhay sa lipunan, may ilan na nakakalimutan ang mga moral na prinsipyo kapalit ng pag-unlad. Gayundin, sa pamumuhay sa ganitong uri ng kapaligiran ay nangangailangan ng *katatagan* sa pagkapit sa pansariling moral na pamantayan. Kailangang isaisip na ang tunay na kahalagahan ng pamana ng kultura ay ang pagkakaroon ng mataas na antas ng panlipunang pagbabago na nakamit dahil sa paghubog ng kaisipan upang humanap ng karunungan at katotohanan at sa pagsasanay ng kilos-loob na piliin ang mabuti, isabuhay ang birtud at iangat ang Batas Moral.

Halimbawa nito, ay ang nakaaalarmang pagtanggap ng mga tao sa bilihan ng boto sa panahon ng eleksiyon bilang normal na gawain. Nagiging bahagi na ito ng kultura ngayon na naipamumulat sa mga kabataan. Dahil dito naging gawain na ng mga kabataan ang bumili o magbenta ng boto sa tuwing sila ay pipili ng kapwa kabataang mamumuno sa kanila. Malaking hamon para sa iyo ang maging mapanuri at gamitin ang iyong kakayahan upang maging matatag at hindi magpapadala sa ganitong uri ng impluwensiya.

5. **Katayuang Panlipunan-Pangkabuhayan** (*Socio-Economic Background*)

Isa sa pangunahing karapatan ng tao ay ang matugunan ang kaniyang mga pangunahing pangangailangan. Kailangan niya ng sapat na nutrisyon, damit, matitirahan, gamot, pahinga, at iba pa. May malaking kaugnayan ang pagtugon sa mga pangangailangang ito sa paghubog ng pagpapahalaga ng isang bata. Subali't ayon kay Covey, may mga taong tinitingan ang mundo sa pamamagitan ng lente ng materyal na bagay. Ibig sabihin ang halaga ng tao ay nasusukat sa material na bagay na kaniyang nakamit sa buhay.

Ayon kay Esteban (1990) dalawang panlipunang pangkabuhayang kondisyon ang maaaring nagiging hadlang sa pagtuturo ng pagpapahalaga; *labis na kahirapan*, kung saan hindi nakakamit ng isang tao ang kaniyang pangunahing pangangailangan; at *labis na karangyaan*, kung saan labis ang natatanggap para sa kaniyang pansariling pangangailangan. Ang dalawang kondisyon na ito ay parehong maaaring maging hadlang upang mapanatili o mas mapataas ang dignidad ng isang bata, matiyak ang kaniyang pangkabuuang pagbabago at maisabuhay ng bata ang mga birtud. Saan ka man nabibilang sa dalawang kondisyon na nabanggit, kailangang maunawaan na dapat na panatilihin ang katatagan ng kalooban at laging panaigin ang moral na prinsipyo upang patuloy na maiangat ang antas ng moral na pagpapahalaga sa gitna ng ilang mga kondisyong katulad ng nabanggit sa unang talakay. Kailangang taglayin ang kakayahan upang ihiwalay ang tama sa mali at ang mabuti sa masama sa gitna ng kahirapan o labis na karangyaan.

Hindi masama ang pagkamit o pag asam na makamit ang mga bagay na materyal, ang mahalaga hindi rito nakasentro ang buhay mo. Ang tiwala sa sarili ay kailangang magmula sa loob ng tao at hindi nakadepende sa labas niya, mula sa kalidad ng puso at hindi sa bilang ng bagay na kaniyang pag-aari. Ayon nga sa tanong, "Kung **ako**, ay ang materyal na bagay na pag-aari ko, kapag nawala ito, sino na ako?"

6. **Media**

Sa kasalukuyang panahon, isa sa mga may pinakamalakas na impluwensiya sa isang kabataan ay ang media. Sa lungsod man ito o maliliit na mga bayan ng bansa, pilit na inaabot ng modernisasyon at ng impormasyong dala ng media. Hindi

natin maisasantabi ang magandang dulot nito para sa tao, sa mabilis na uri ng buhay, mahalagang ang tao ay nakaaalam. Ngunit sa kabilang bahagi ng kagandahan nito ay ang panganib na makaimpluwensiya sa isang bata lalo na yaong mga iresponsableng naipahahayag ng media.

Dahil sa ang mga inihahain ng media, ang isang kabataang tulad mo ay kailangang maging kritikal sa pamimili ng mga paniniwalaan at tatanggapin sa inihahain nito sa atin. Kailangan kang maging matatag at matalino sa iyong gagawing pagpapasiya at pamimili. Narito ang ilang kasanayang gagabay sa iyo sa aspetong ito (Esteban, 1990):

1. Kailangang mapalawak ang iyong kaalaman sa pangkalahatang katotohanan at Batas Moral na sumasalungat sa materyoso at makasariling hangarin ng tao sa patnubay ng mga magulang at guro.
2. Kailangang sanayin ang iyong kaisipan upang masuri ang kalidad ng anumang impormasyon na tatanggapin o produktong tatangkilikin, at ang pagsusuri sa pagpapahalaga at magiging gamit nito.
3. Pag-aralang pairalin ang pagtitimpi sa lahat ng pagkakataon sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng mga birtud.
4. Matutong talikuran ang tuksong dulot ng mga patalastas, mga panooring nagpapakita ng imoralidad, pagiging labis na pagkabalgar at minsan ay may kalaswaan na.

Kahit pa gaano katatag ang naitanim na impluwensiya ng sariling pamilya o ng guro sa paaralan, hindi maaaring maisantabi ang panganib na dala ng media upang mabago ang anumang pananaw at pagpapahalaga na mayroon ang isang kabataang katulad mo. Masyadong makapangyarihan ang tuksong dala nito upang ikaw ay sumunod o umayon. Tandaan na kailangang mas lalong manaig ang katatagan ng sariling moral na prinsipyo at pagpapahalaga. Kaya't habang hindi pa dumarating ang tuksong ito makatutulong kung gumawa ka na ng desisyon ngayon pa lang. Kapag dumating ang tuksong ito ay huwag mong babaguhin ang desisyong ito. Halimbawa, kung nagdesisyon kang hindi titikim ng alak o kaya'y manigarilyo dahil sa masamang epekto nito sa katawan ng tao, hindi mo ito babaguhin kahit ano pang pang-uudyok ang gawin sa iyo ng iba kahit pa siya ay iyong kaibigan.

Ang pagbuo ng sarili ay kailangang maisagawa nang puno ng pag-iingat at nang may katalinuhan. Kailangang maitanim sa isipan na mas mahalagang isagawa


ito sa ilalim ng paggabay ng mahahalagang tao sa iyong paligid yaong may kaalaman sa buhay moral at nagpapamalas ng kabutihan sa kanilang buhay. Ang paghubog nang wasto at mataas na antas ng pagpapahalaga ay nakasalalay sa kagalingan na piliin at gawin ang mga halimbawa mula sa mga matibay na modelong ng mga pagpapahalaga.

Tayain natin ang iyong pag-unawa:

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Bakit mahalagang maunawaan ang mga panlabas na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng pagpapahalaga?
2. Ano ang kasanayan na dapat taglayin ng tao upang matiyak na tama ang pagpapahalagang tinatanggap mula sa mga panlabas na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng mga pagpapahalaga?
3. Ano ang nararapat gawin sa mga negatibong impluwensiyang maaaring idulot ng mga panlabas na salik na ito?
4. Ano ang nararapat gawin sa mga positibong impluwensiya hatid ng mga panlabas na salik na ito?

Ano ang konseptong naunawaan mo mula sa babasahin? Isulat ito sa iyong kuwaderno gamit ang *graphic organizer*





PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Mula sa iyong nabasa, natuklasan mo na ang iyong pagpapahalaga ay nalinang sa pamamagitan ng impluwensiya ng iba't ibang panlabas na salik. Mahalagang may kamalayan ka tungkol sa mga impluwensiyang nakukuha mo mula rito upang masanay mo ang iyong sarili na maging mapanuri at magkaroon ng paninindigan sa tamang pasya at kilos.

Suriin ang mga pagpapahalaga na mayroon ka ngayon, uriin kung alin sa mga panlabas na salik ang nakaimpluwensiya nito sa iyo.

Narito kung paano mo ito gagawin.

Pagganap


Tukuyin ang mga kontribusyon ng bawat panlabas na salik sa paghubog ng iyong pagkatao. Maaring isama ang mga natutuhan at mga impluwensiya sa iyo ng bawat isa positibo man ito o negatibo. Maaaring maglista ng higit pa sa lima.



PAMILYA

Halimbawa: Pagmamahal sa kapatid

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Halimbawa: Pagkakaroon ng takot sa Diyos.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



**GURO AT TAGAPAGTURO
NG RELIHIYON**

MGA KAPWA KABATAAN



Halimbawa: Pagiging
masayahin

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____


Halimbawa: Pagiging mapagpasalamat.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



PAMANA NG KULTURA


Halimbawa: Pagiging matipid



1. _____
2. _____
3. _____
4. _____

KATAYUANG PANLIPUNAN-PANGKABUHAYAN





Halimbawa: Pagiging maluhó

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

MEDIA

Kawili-wiling gawin hindi ba? Ang dating hindi mo pinapansin ay napagtuunan mo ng atensiyon ngayon. May mga bagay pala sa iyong sarili na kailangan ng iyong masusing pagsusuri.

Higit sa anupaman o sinuman, mahalagang makilala mo nang husto ang mga bagay tungkol sa iyo. Ayon nga kay Socrates *know thyself* o “kilalanin mo ang iyong sarili”.

Pagninilay:

Naging bahagi ba ng iyong pagkatao ang mga panlabas na salik na nakaiimpluwensiya sa paghubog ng pagpapahalaga? Ano-ano ang mga pagpapahalagang nahubog sa iyo sa pamamagitan ng mga panlabas na salik na ito? Nagustuhan mo ba ang epektong dulot nito sa iyo? Upang malinang ang iyong pagpapahalaga, may nais ka bang paunlarin o baguhin sa mga ito. Paano mo ito gagawin? Isulat ang pagninilay na ito sa iyong journal o diary notebook.

Pagpapahalagang nahubog ng mga panlabas na salik	Damdamin kaugnay ng epekto
Pagpapahalagang nais paunlarin	Hakbang na gagawin:

Nagkaroon ka na ng kamalayan kung paano nakaiimpluwensiya ang mga panlabas na salik sa paghubog ng iyong pagpapahalaga. Ngayon alam mo na kung ano ang mga dapat gawin upang maprotektahan mo ang iyong sarili mula sa mga negatibong impluwensiya.

Ang hamon sa iyo ay ang pagsasabuhay nito sa araw-araw.

Pagsasabuhay:

Nasubukan mo na bang magbantay upang pangalagaan ang isang bagay? Gagawin mo ito sa iyong sarili mismo sa loob ng isang linggo. Layunin nitong tulungan ka na maging mapanuri at mapanindigan ang iyong pagpapasya at kilos sa pamamagitan ng pagbantay sa iyong magiging kilos.

Gumawa ng isang “Watchlist” na maglalaman ng mga Positibo at Negatibong Impluwensya na haharapin sa loob ng isang linggo. Itala kung ano ang ginawang pagtugon sa mga impluwensyang ito. Ang *watchlist* ay listahan ng mga bagay na babantayan at susubaybayan mo sa iyong sarili lalo na ang pagtugon sa mga impluwensiyang hinaharap mo araw-araw. Gamiting gabay ang halimbawa sa ibaba.

Araw	Panlabas na Salik	Ano ang sitwasyon / impluwensiyang ito?	Positibo	Negatibo	Tugon
Halimbawa: Lunes	Niyayang uminom ng alak sa party ng isang kaibigan	Niyayang uminom ng alak sa party ng isang kaibigan		✓	Hindi sumama dahil alam kong hindi maganda sa katawan ang pag-inom ng alak at magagalit ang aking mga magulang
Martes					
Miyerkoles					
Huwebes					

Biyernes					
Sabado					
Linggo					
Nais baguhin sa naging tugon:					
Natuklasan at natutuhan sa gawain:					

Binabati kita sa matagumpay mong pagbabantay sa mga impluwensiyang tinatanggap mo sa iyong sarili. Hangad kong patuloy mong isabuhay ang mga hakbang na natutuhan mo sa pagsuri ng mga impluwensiyang hatid ng mga panlabas na salik na ito na nakaaapekto sa iyong mga pagpapahalaga.

Mga Kakailangang Kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)

Mga Sanggunian:

- Esteban, Esther J. *Education in Values: What, Why and for Whom*. Manila. Sinag-tala Publishers. (1990).
- Covey, Sean. *The 7 Habits of Highly Effective Teens*. NY. Fireside. (1998)

Mga Larawan:

- http://media27.onsugar.com/files/2011/08/31/1/1818/18184686/577a19c8a030bead_a_picture_of_a_plant_B.jpg, January 24, 2012
- <http://www.quotednews.com/wp-content/uploads/2011/09/5a02312c6f6c4f.jpg>

Ikaapat na Markahan

MODYUL 13: MANGARAP KA!



ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Sa mga naunang modyul, nagkaroon ka ng higit na malalim na pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa pagkatao ng tao. Inaasahang ito ay makatutulong sa paggawa mo ng mga pasya patungo sa katotohanan o kabutihan; sapagkat, sa paggawa ng moral na pagpapasya kailangan mo ang malalim na pang-unawa tungkol sa isip at kilos-loob, konsensya, kalayaan, at dignidad ng tao.

Sa modyul na ito ay inaasahang gagamitin mo ang lahat ng mga pag-unawang ito upang masimulan mo na ang una sa pinakamahahalagang hakbang sa pagkakamit ng iyong mga pangarap – ang pagtatakda ng iyong mithiin.

Sa huli, inaasahang masasagot mo ang mahalagang tanong: Bakit mahalaga ang pagtatakda ng malinaw at makatotohanang mithiin?

Sa modyul na ito, inaasahang malilinig sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

- a. Nahihinuha na ang mga pangarap ay batayan ng pagpupunyagi tungo sa makabuluhan at maligayang buhay
- b. Nakapagtatakda ng malinaw at makatotohanang mithiin upang magkaroon ng tamang direksyon sa buhay at matupad ang mga pangarap
- c. Nahihinuha na ang pagtatala ng malinaw at makatotohanang mithiin ay nagsisilbing gabay sa tamang pagpapasya upang magkaroon ng tamang direksyon sa buhay at matupad ang mga pangarap
- d. Nakapaglalatap ng pansariling plano sa pagbibigay katuparan sa sariling mga pangarap at natataya ang ginawang paglalatap nito

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

- Binanggit ang mga pangarap na nais matupad
- Malinaw ang mga paraan ng pagtupad ng mga pangarap
- Natukoy ang mga taong maaaring makatulong o maging daan sa pagtupad ng mga pangarap



PAUNANG PAGTATAYA

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot sa mga sumusunod na tanong:

_____ 1. “Mas malala pa sa pagiging isang bulag ang may paningin ngunit walang tinatanaw na kinabukasan?”Ano ang higit na malapit na pakahulugan ng pahayag ni Helen Keller;

- a. Mahirap maging isang bulag
- b. Ang kawalan ng pangarap ay mas masahol sa kawalan ng paningin
- c. Hindi mabuti ang walang pangarap
- d. Hindi garantiya ang pagkakaroon ng paningin sa pagtatagumpay sa buhay

_____ 2. Ano ang kaibahan ng panaginip sa pangarap?

- a. Ang panaginip ay natatapos din kung ikaw ay magising
- b. Ang panaginip ay nangyayari lang sa isip habang natutulog
- c. a at b
- d. wala sa nabanggit

_____ 3. Ano ang kaibahan ng pagpapantasya sa pangarap?

- a. Ang pagpapantasya ay likha ng malikhaing isip
- b. Ang pagpapantasya ay panaginip ng gising
- c. Ang pagpapantasya ay ginagawa ayon sa kagustuhan ng nagpapantasya
- d. a at b

_____ 4. Ano ang kahulugan ng bokasyon?

- a. Ang bokasyon ay higit sa trabaho o propesyon o negosyo
- b. Ang bokasyon ay kalagayan o gawain na naayon sa plano ng Diyos sa atin
- c. a at b
- d. Ito ay tumutukoy sa mga gawaing hindi nangangailangan ng kapalit na sweldo o pasahod

_____ 5. Ito ay pinaka tunguhin o pinakapakay na iyong nais na marating o puntahan sa hinaharap

- a. Pangarap
- b. Mithiin

- c. Panaginip
- d. Pantasya

_____ 6. Sa pagtatakda ng mithiin, ang ibig sabihin ng SMARTA ay:

- a. S-smart, M-manageable, A-attainable, R- relevant, T- time-bound, A – action-oriented
- b. S-smart, M-measurable, A-attainable, R- refreshing, T- time-bound, A – action-oriented
- c. S-smart, M-measurable, A-attainable, R- relevant, T- time-bound, A – action-oriented
- d. S-smart, M-measurable, A-attainable, R- relevant, T- time-bound, A – affordable

_____ 7. Anu-ano ang dalawang hangganan ng pagtatakda ng mithiin?

- a. Pangmatagalan at Panghabambuhay
- b. Pangmatagalan at Pangmadalian
- c. Pangmadalian at Panghabambuhay
- d. Pangngayon at Pangkinabukasan

_____ 8. Alin ang halimbawa ng pangmatagalang mithiin?

- a. Makapasa sa Licensure Exams for Teachers
- b. Maging guro sa aming pamayanan
- c. Makatapos ng pag-aaral
- d. Maging iskolar ng bayan

_____ 9. Bakit mahalaga ang kakailanganing mithiin o *enabling goals*?

- a. Nakatutulong ang mga ito upang makamit ang itinakdang pangmatagalang mithiin
- b. Nakatutulong ito sa pagpapanatili ng tuon sa itinakdang mithiin
- c. Napapabilis nitong makamit ang itinakdang mithiin
- d. Wala sa mga nabanggit

_____ 10. Alin sa mga sumusunod ang hakbang sa pagtatakda ng mithiin?

- a. Isulat ang iyong itinakdang mithiin at ilagay ito sa ilalim ng unan
- b. Sabihin ang itinakdang mithiin sa mga kaibigan
- c. Ipagpasa Diyos ang mga itinakdang mithiin
- d. Isulat ang takdang-panahon sa pagtupad ng mithiin



PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

May pagkakaiba-iba ba ang panaginip, pantasya, at pangarap? Pag-aralan mo ang mga larawan sa ibaba.

Panuto: Tukuyin kung alin sa bawat hanay ang panaginip, pantasya at pangarap. Isulat ang sagot sa kwaderno.

a.



b.

Gawain 2: Lahat daw ng tao ay nanaginip. Lahat din ay may kakayahang magpantasya. Pero hindi lahat ng tao ay nangangarap. Ang iba kasi ay parang sumuko na sa buhay o nawalan na ng pag-asa. Ano nga ba ang pangarap?

Basahin at unawain ang liriko ng awit ng After Image Band. Maari mo itong pakinggan gamit ang CD o MP3, o sa internet.

Mangarap Ka!

After Image Band

- I. Simulan mo sa pangarap ang iyong minimithi
At ito'y iyong damhin
At itanim mo sa iyong puso at ito ay lalaki
Ikaw rin ang aani

Hayaan mong lumipad ang isip
Sa lawak ng langit
Ito'y umaawit
At ito'y nagsasabing

Koro: Mangarap ka
Mangarap ka
Dinggin ang tawag ng iyong loob
Umahon ka
Umahon ka
Mula sa putik ng iyong mundo

- II. Simulan mo sa pangarap ang iyong minimithi
At ito'y iyong dalhin

Bawat panaginip na taglay ng iyong isip
Palayain mo at ilipad tungong langit
Ang iyong tinig ay aawit

Nasiyahan ka ba sa himig ng awit?
Ngayon naman sagutin mo ang mga sumusunod na tanong:

1. Ayon sa awit, bakit mo kailangang mangarap?
Ipaliwanag
2. Ano ang ibig sabihin ng unang saknong? Ipaliwanag
3. Iugnay ang mensahe ng koro sa mga kabataang mababa ang tingin sa sarili o walang tiwala sa sarili. Ano ang hamon nito?
4. Ano ang ibig sabihin ng pahayag na: "Dinggin ang tawag ng iyong loob"? May kaugnayan ba ito sa pagsasabuhay ng moral na pagpapahalaga sa pagtupad ng iyong pangarap?
Pangatwiran.
5. Iugnay ang mensahe ng huling saknong sa tunguhin ng isip. Batay dito, ano ang konklusyong mabubuo mo tungkol sa pangarap?



PAGLINANG NG KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Basahin ang mga sumusunod na anekdota.

A. Anim na taong gulang si Maria Gennett Roselle Rodriguez Ambubuyog ng atakihin ito ng matinding hika. Sa kasamaang palad, lingid sa kaalaman ng mga doktor at magulang nito, mayroon pala siyang Steven Johnson's Syndrome (SJS). Dahil sa kondisyong ito, hindi tinanggap ng kanyang katawan ang gamot na magliligtas sa kanyang buhay, sa halip ay naging sanhi ito ng kanyang pagkabulag.



At siya'y nagsabi sa akin, Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo: sapagka't ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan. Kaya't bagkus akong magmamapuri na may malaking galak sa aking kahinaan upang manahan nawa sa akin ang kapangyarihan ni Cristo.

2 Corinto 12:9

Ayon sa kanya, maging sa murang edad na iyon, hindi niya kailanman naisip na sisihin ang Diyos sa kanyang pagkabulag o mahabag sa kanyang sarili. Para sa kanya, lahat ng mga nagyayari ay may dahilan at plano ang Diyos. Ang kanyang pilosopiya tungkol sa mga balakid na dumarating sa kanyang buhay ay ang sinasabi sa 2 Corinto 12:9; "At siya'y nagsabi sa akin, Ang Aking biyaya ay sapat na sa iyo: sapagka't ang Aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan. Kaya't bagkus Akong magmamapuri na may malaking galak sa Aking

kahinaan upang manahan nawa sa Akin ang kapangyarihan ni Cristo."

Sa kabila ng kanyang pagkabulag, ipinagpatuloy ni Roselle ang kanyang pag-aaral. Pangarap niyang makapagtapos nang may karangalan. Tinanggap niya ang pinakamataas na karangalan sa paaralan mula sa elementarya hanggang sa kolehiyo. Pinili ni Roselle na magpasalamat sa mga biyaya at ibahagi ang mga biyayang ito sa ibang tao. Siya ang kauna-unahang bulag na naging summa cum laude ng Ateneo de Manila at nagtapos ng Bachelor ng Science sa Matematika at minor sa Actuarial Science. Natamo niya ang lahat ng karangalang maaaring makamit ng isang mag-aaral sa Ateneo: ang Ateneo President's Award bilang Valedictorian ng Class 2001, ang Ateneo Vice-President's Most Outstanding Individual award para sa paglilingkod at kahusayan, ang St. Ignatius award para sa pinakamahusay na Scholar, at ang Departmental award para sa Matematika.



Itinatag ni Roselle ang *Project Roselle*, isang proyektong nagkakaloob ng mga *desktop computers*, *scanners* at *Braille printers*, maging ang *special software* tulad ng *screen readers*, *screen magnifiers* at *optical character recognition (OCR) applications* sa mga paaralang pampubliko na may mga mag-aaral na bulag. Ginawa niya ito habang nag-aaral ng kanyang *Masters Degree* sa Unibersidad ng

Pilipinas. Kabilang sa mga nabiyayaan ng proyektong ito ang *alma mater* niyang Ramon Magsaysay High School sa Manila, Quirino High School sa Quezon City at Bagong Silang High School sa Caloocan City. Habang nakabase sa Pilipinas, nagtrabaho si Roselle bilang *Consultant-Contractor* para sa *Human-Computer Interaction* at *Freedom Scientific, Inc.*, na lumilikha ng *Windows PC solutions* para sa mga taong may kapansanan sa paningin at *learning disabilities*. Tinulungan niya ang *Serotek Corporation* ng Minneapolis, Minnesota, USA, na ipakilala ang *System Access* sa mahigit na 800,000 bulag at may kapansanan sa paningin na mga Filipino. Ito ay isang mura at portable na *Windows screen reader* na maariing gamitin sa ano mang *computer* na wala nang kakailanganing instalasyon at maaring gamitin sa *computer* sa paaralan, trabaho, o maging sa mga pampublikong lugar tulad ng aklatan at *internet café*.

Sa kasalukuyan si Roselle ang *Product & Support Manager* ng *Code Factory, S.L.* sa Barcelona, Spain, na nangungunang tagapagtustos ng *screen-reading, magnification* at *Braille access solutions* para sa mga bulag at bahagyang nakakikita gamit ang *mobile devices* tulad ng *cell phones* at *personal digital assistants (PDAs)*.

Si Roselle Ambubuyog ay bahagi ng kampanaya ng Microsoft Office Icons. Ang proyektong ito ay kinabibilangan ng mga indibidwal na nakalikha ng pangalan sa kani-kanilang larangan, nagbigay- inspirasyon sa iba, at matagumpay na napakikinabangan ang teknolohiya sa kanilang mga gawain at uri ng pamumuhay.

Bilang kasapi naman ng *Asian Center for Trainers and Speakers (ACTS)*, si Roselle ay nakapagsalita na sa halos lahat ng uri ng organisasyon. Patuloy siya sa pagbibigay ng inspirasyon sa iba at pagbabahagi ng mga biyayang kanyang tinatanggap.


Sagutin ang mga tanong. Isulat sa sagutang kwaderno ang iyong mga sagot.

1. Ano ang pangarap ni Roselle? Paano natupad ang kanyang mga pangarap? Ipaliwanag.
2. Anu-anong mga katangian ni Roselle ang nagbigay daan upang siya'y magtagumpay? Pangatwiran.
3. Sapat ba ang magkaroon ka lamang ng pangarap at itinakdang mga mithiin?
4. Masasabi mo bang naayon sa plano ng Diyos ang kanyang mga mithiin? Ipaliwanag.

Ang mga pangarap ng kabataan ay batayan ng kanilang mga pagpupunyagi tungo sa makabuluhan at maligayang buhay.

B. Umuwi si Tom sa kanyang bahay na may dalang sulat mula sa mga opisyal ng paaralan. Si Tom ay may pagkabingi bunga ng isang karamdaman. Inaakala ng mga opisyal ng kanyang paaralan na mahina ang ulo niya at wala siyang kakayahang matuto.

Nang mabasa ng kanyang ina ang sulat ay nagpasya itong siya na lamang ang magturo sa anak. Dati itong guro at may mahusay na silid-aklatan sa kanilang bahay.



Nang mamatay si Tom noong 1931, ipinakita ng Amerika ang kanilang pagdadalamhati sa pamamagitan ng pagpatay ng ilaw sa kanilang mga bahay sa loob ng isang minuto. Ito ay simbolo ng kanilang na pagbibigay-halaga kay Thomas Alva Edison - ang imbentor ng bumbilya (*lightbulb*), *motion picture*, at *phonograph*. Sa kanyang buhay siya'y nakapagpa-*patent* ng 1,093 imbensyon sa Amerika. Mahusay din siyang magsulat ng mga katagang nakapagbibigay-inspirasyon.

Panuto: Sagutin ang mga tanong. Isulat sa sagutang kwaderno ang iyong mga sagot.

1. Ano sa palagay mo ang pangarap ni Thomas Edison? Patunayan.

2. Ano ang naging papel ng nanay ni Tom sa kanyang naging tagumpay? Ipaliwanag.
3. Masasabi mo bang naayon sa plano ng Diyos ang kanyang mga mithiin? Pangatwiranan.

Magbasa tungkol kay Thomas Alva Edison at sa kanyang mga naging imbensyon sa pampublikong aklatan sa inyong lugar o sa internet.



PAGPAPALALIM

Basahin at unawain ang sumusunod na sanaysay.

Mangarap Ka!

Maraming nagsasabi na libre lang raw ang mangarap. Kaya nga kung mangangarap ka, itodo mo na. Sabi nga ni Wency Cornejo sa kanyang sikat na awit, :”Mangarap ka, simulan mo sa pangarap ang iyong minimithi, at ito’y damhin; At itanim mo sa iyong puso at ito ay lalaki; Ikaw rin ang aani.”

Tiyak na may mga pangarap ka sa buhay. Ang mga pangarap na ito ay sinisimulan mo nang tuparin. Hindi nga ba’t nag-aaral ka ngayon para maabot ang mga pangarap na ito. Pero ang lahat naman talaga ng tagumpay ay nagsisimula sa pangarap. Tila nga ito isang maliit na binhi na kinakailangan ng maingat na pag-aalaga upang lumago at magbunga.

Sabi nga ni Helen Keller, isang bulag at bingi na naging matagumpay sa buhay, “Mas malala pa sa pagiging isang bulag ang may paningin ngunit walang tinatanaw na kinabukasan.” Sa pangarap nagsisimula ang lahat.

Ang pangarap ay kakaiba sa panaginip. Ang panaginip ay nangyayari lamang sa iyong isipan habang ikaw ay natutulog. Kapag nagising ka na, natatapos din ito.

Hindi rin pagpapantasya ang pangarap. Ang pantasya ay likha ng malikhaing isip. Ito ay ang pagbuo ng mga sitwasyon o pangyayari ayon sa iyong kagustuhan. Masarap ang magpantasya dahil lahat ng gusto mo ay posible. Ang pagpapantasya ay ginagamit ng marami upang takasan ang kanilang mga problema. Kaya siguro sikat na sikat ang mga telepantasya. Subalit hindi nakatutulong ang mabuhay sa pagpapantasya. Kailangan nating harapin ang ating mga suliranin at ang lahat ng mga nakababagabag na katotohanan sa mundong ating ginagalawan.

Hindi nakabubuti ang pagtakas sa suliranin. Ang tama ay ang mangarap at mag-ambisyon dahil ang pagtatamo ng mga ito ay nasa mga kamay mo. Ikaw ang timon na nagdidikta ng iyong pupuntahan, ang kapitan ng iyong sariling buhay.

Lumilipas ang panahon kaya dapat kung mayroon kang pangarap ngayon, umpisahan mo nang magplano upang maisakatuparan ito.

Tandaan mo na ang taong may pangarap ay:

1. Handang kumilos upang maabot ito.

Ang isang taong may pangarap ay handang magsumikap at magtiyaga upang marating ang mga ito. Siya ay nagtatrabaho nang lubos. Maaga siyang gumising sa umaga at ginagawa ang nakaatang na gawain para sa kanya. Hindi siya nagrereklamo kahit na nahihirapan dahil alam niyang bahagi ng pagtamo ng kanyang mga pangarap ang kumilos at magsakrippisyo. Sinusunod niya ang mga payo ng mga nakatatanda dahil alam niyang gabay ang mga ito sa pagtamo niya ng lubos na tagumpay. Hindi siya nagpapadala sa mga tukso at pambubuyo ng iba dahil may tiwala siya sa kanyang sarili at alam niyang mga balakid ito sa pagtamo ng kanyang mga pangarap.

Nasisilip mo sa iyong mga pangarap ang mga maaaring kahinatnan ng iyong mithiin sa buhay.



2. Nadarama ang higit na pagnanasa tungo sa pangarap. Lubos na nadarama ng taong nangangarap ang pagnanasang matupad ang mga ito. Kaya sa tuwing gigising siya sa umaga, masaya at positibo ang kanyang pananaw na matutupad ang kanyang mga pangarap. Hindi siya nagdududa na matutupad niya ang mga ito. Ang ibang tao, sa sobrang pagnanasa sa pagtamo ng kanilang mga pangarap ay iginuguhit o gumuguhit ng mga larawang nagpapakita ng kaganapan ng kanilang mga pangarap. Idinidikit nila ito sa pinto ng kanilang silid o malapit sa kanilang higaan upang paggising nila, ito ang inspirasyon nila sa maghapon nilang pagtatrabaho. Alam niyang hindi balakid ang kahirapan sa pagkamit ng kanyang pangarap. Alam din niyang ang kanyang mga kahinaan ay kaya niyang paglabanan upang lumutang ang lakas ng kanyang pagkatao. Kaya para sa isang taong tumira at lumaki sa estero, dapat niyang madama ang higit na pagnanasa na makamit ang kanyang mga pangarap. Para naman sa mapapalad na mayroong kabuhayan, dapat niyang gamitin ang mga ito sa mabuti niyang hangarin sa buhay.

3. Nadarama ang pangangailangang makuha ang mga pangarap.

Ang paghahangad na makuha ang mga pangarap ay lubos para sa mga taong naniniwalang kailangan nila ito sa kanilang buhay. Kaya nagsisikap sila nang lubos upang matamo nila ang mga ito. Ibayong sakripisyo ang kanilang ginagawa matupad lamang ito dahil naniniwala silang kailangan nila itong gawin. Halimbawa, ang isang ama na pumupunta sa ibang bansa upang magtrabaho ay nagsisikap na makaipon nang malaki upang maipadala sa kanyang pamilya. Alam niyang ang perang ipadadala niya ay gagamitin ng kanyang mga anak upang sila ay makatapos ng pag-aaral. Ginagawa ito ng isang ama dahil alam niyang kailangan niya itong gawin upang maganap ang kanyang pangarap na makapagtapos ng pag-aaral ang kanyang mga anak at magkaroon ng magandang buhay ang mga ito. Kaya kahit anong lungkot ang kanyang nadarama sa pagkahiwalay sa kanyang pamilya, tinitiiis niya ito at nagsasakripisyo upang matupad lamang ang kanyang pangarap.



4. Naniniwala na magiging totoo ang mga pangarap at kaya niyang gawing totoo ang mga ito.

Ang pagkakaroon ng paniniwala na matutupad ang mga pangarap ang siyang malaking kontribusyon sa pagsisikap ng tao. Dahil sa paniniwalang ito, lumalakas ang kanyang loob. Si Pinky Sebastian ang batang-batang negosyanteng nagtatag ng n ng bag ni Pinky. Naniniwala si Pinky na ang kanyang tagumpay ay hindi lamang dahil sa kanyang angking talento sa pagdidisenyo o paguhit.



Lubos ang tiwala niya na biyaya ng Diyos ang lahat ng kanyang inaaning tagumpay. Para sa kanya ang pagtulong sa kapwa ay biyayang bumabalik din sa nagbigay nito. Naniniwala siyang walang saysay ang buhay kung hindi ito gagamitin sa oagtulong sa kapwa. “Kadalasan kung ikaw ay nanalangin para sa sarilli hindi ito pinagbibigyan dahil ito’y isang gawang makasarili. Suballi’t kung mananalangin ka na gawang instrumento upang makatulong, ipagkakaloob ang iyong idinadalangin.”

Bilang tao ang katuparan ng ating pangarap ay nakatali sa ating pinipiling bokasyon. Nakasalalay dito ang pagtatamo ng tunay na kaligayahan. Hindi tunay na magiging masaya gaano ka man kayaman o katanyag pagdating ng panahon kung hindi mo isinaalang-alang ang plano ng Diyos para sa iyo. Ang bokasyon ay higit sa trabaho o propesyon o negosyo. Ang bokasyon ay kalagayan o gawain na naayon sa plano ng Diyos sa atin. Sabi nga ng iba, ito ang iyong “*calling*” sa buhay. Maaring ito ay ang pag-aasawa balang araw, pagiging relihiyoso o alagad ng Diyos sa pagmamadre o pagpapari o pagiging pastor o Imam. Ito ang iba’t ibang pamamaraan ng paglilingkod sa Diyos na naaayon sa Kanyang biyaya at grasya. Kung ikaw ay isang mabuting tao, malinaw mong madarama ang hatak ng bokasyong itinakda ng Diyos sa iyo. Sabi nga sa Ephesians 1:4: Hinirang nga Niya tayo sa kanya bago pa nilalang ang mundo upang tayo ay maging banal at walang kasalanan sa paningin Niya. Sa pag-ibig.”

Bilang tao ang katuparan ng ating pangarap ay nakatali sa ating pinipiling bokasyon. Nakasalalay dito ang pagtatamo ng tunay na kaligayahan. Hindi tunay na magiging masaya gaano ka man kayaman o katanyag pagdating ng panahon kung hindi mo isinaalang-alang ang plano ng Diyos para sa iyo.

Ang Pangarap at Pagtatakda ng Mithiin

Sa ngayon, ang unang hakbang na kailangan mong gawin ay ang pagtukoy sa iyong mga *pangarap* at pagpapasya kung alin sa mga pangarap na ito ang, sabi nga ng *After Image band*, “itatanim sa puso” bilang iyong mga *mithiin* sa buhay. Piliin mo ang pangarap na pinakamasidhi ang iyong pagnanais na matupad. Nasisilip mo sa iyong mga pangarap ang mga maaaring kahinatnan ng iyong mithiin sa buhay. Ang mga ito’y nagsisilbing isang “preview” ng isang pelikula na nakikita mo ang maaaring kabuuang palabas. Sa pamamagitan ng pangarap, tinatanaw mo ang iyong kinabukasan. Kung ganoon, kinakailangang mangarap ang tao ng kongkreto at malapit sa katotohanan. Ang pangarap na kongkreto ay paglalapat ng iyong sariling saloobin, talento, kakayahan, pagpapahalaga at naisin sa buhay. Malapit sa katotohanan ang iyong pangarap kung alam mo kung paano ito maisasakatuparan.

Kung palipat-lipat ng kurso, papalit-palit ng isip, sa huli’y walang natatapos. Ang kababagsakan mo, talunan– “you’re such a LOSER” sabi nga ng spoiled brat na si Angelina.

Ang “goal” o mithiin ay ang tunguhin o pakay na iyong nais na marating o puntahan sa hinaharap. Sa simpleng salita, ito ang nais mong mangyari sa iyong buhay balang araw. Samakatwid, ang mithiin ang magbibigay ng direksyon sa iyong buhay. Ang pagkamit nito ang magbibigay ng saysay sa iyong buhay. Kaya mahalaga ang pagiging mapanagutan sa *pagpili* ng iyong mithiin. Kailangang isaalang-alang ang kahihinatnan nito para sa iyong sarili at sa iyong kapwa. Kung maisasaalang-alang mo ang kalalabasan nito, higit na magkakaroon ng kahulugan ang iyong mithiin. Halimbawa: nais mong maging isang mahusay na doktor upang makapaglingkod ka sa mga mahihirap sa inyong pamayanan. Dahil walang klinika at doktor dito, higit na makabuluhan ang iyong mithiin. Dapat na ang landas na iyong tatahakin ay naayon sa plano ng Diyos para sa iyo. Sabi nga sa Jeremias 29:11 “Sapagkat maganda ang balak ko para sa inyo, at hindi masama. Bibigyan ko kayo ng kinabukasan at pag-asa.”

Ang mga Pamantayan sa Pagtatakda ng Mithiin

Upang magkaroon ng higit na pag-unawa sa pagtatakda ng mithiin, alalahanin ang mga sumusunod na mga praktikal na pamantayan. Sa English ang mga ito ay tinatawag na SMART A: S-specific, M-measurable, A-attainable, R-relevant, T-time-bound at A-action-oriented. Sa wikang Filipino:




Tiyak. Tiyak ang iyong mithiin kung ikaw ay nakasisiguro na ito ang iyong nais na mangyari sa iyong buhay. Isipin mo kung tuwi-tuwina ay nagbabago ang iyong mithiin. Higit na makatitipid ng panahon at yaman kung tiyak ang iyong mithiin. Halimbawa, nais mong maging isang doktor kaya kumuha ka ng kurso sa kolehiyo na patungo sa pagiging doktor. Ngunit sa simula pa lamang sa kolehiyo ay naisip mong maging Inhenyero. Lumipat ka ng kurso subalit nang kinukuha mo na ang kurso sa pagiging Inhenyero ay nagbago na naman ang iyong isip at nais mo ay maging isang Accountant. Hindi ba inaaksaya mo ang

iyong panahon at pera ng iyong mga magulang?

Nasusukat. Una, nasusukat mo ang iyong kakayahang kumuha ng kursong nais mo. Sapat ba ang iyong mga marka upang kunin ang kursong ito? Sumunod, sapat ba ang iyong perang gugulin para sa pagkuha ng kursong ito? Pangalawa, nasusukat mo ang iyong progreso sa pagsulong ng panahon patungo sa iyong mithiin. Halimbawa: nais mong maging doktor. Matataas naman ang iyong mga marka at kaya mong ipasa ang lahat ng asignatura dito. Subalit kapos ang inyong pera kaya kinailangan mong magtrabaho habang nag-aaral kaya kaunting asignatura lamang ang kaya mong kunin sa isang semestre. Marahil bago ka maging isang ganap na doktor, malala na ang pangangailangan ng inyong pamayanan o marahil mayroon ng doktor na dumating sa inyong pamayanan.



Naaabot. Ang mithiin ay makatotohanan, maaabot at mapanghamon. Halimbawa: nais mong maging doktor, makatotohanan ito para sa iyo dahil kaya mong maipasa ang lahat ng asignatura kaya ito ay maaabot at mapanghamon sa iyo. Subalit kung lubha ang inyong kahirapan at imposibleng matustusan ng iyong mga magulang ang iyong pag-aaral, medyo hindi ito makatotohanan. Ngunit kung ikaw ay pursigido, maaaring mapanghamon ito sa iyo. Nararapat ang masusi mong pagpapasya para rito. Kailangan mong isaalang-alang ang maaaring maging hamon sa iyo kung itutuloy mo ang pagkuha ng kursong ito.



Angkop. Angkop ba ang iyong mithiing maging isang doktor? Kung ang iyong layunin ay matugunan ang pangangailangan sa inyong pamayanan, angkop ito. Ngunit angkop pa rin ba ito kung ikaw ay panganay at ang iyong mga magulang at kapatid ay umaasang giginhawa ang kanilang buhay kung makatapos ka ng pag-aaral? Marahil ay kailangan mong timbangin ang bawat panig upang makita mo ang higit na mabuti para sa iyo. Marahil, kailangan mong suriin ang iyong prayoridad: ang unang mahalaga para sa iyo, sumunod ay ang pangalawang mahalaga para sa iyo.



Mabibigyan ng Sapat na Panahon. Isipin mo kung gaano katagal mo kayang matupad ang iyong mithiin. Bigyang pansin ang haba ng panahong gugulin mo bago matupad ang iyong mithiin at ang pakay mo para rito. Ang haba ng panahong gugulin sa pagtupad ng mithiin ay may kaugnayan sa perang gagastusin mo. Ang haba ng panahong gugulin mo ay may kaugnayan sa pagtupad ng iyong layunin o pakay. Halimbawa: gaano katagal maghihintay ang iyong mga mamamayan sa inyong

barangay bago ka maging ganap na doktor? O gaano katagal maghihintay ang iyong mga magulang at kapatid bago mo sila matulungan? Kailangan ng pagpapasya nang may katalinuhan.

May Angkop na Kilos. Ang pagpapahayag ng mithiin ay kailangang nasa pangkasalukuyang kilos (*present tense*). Nararapat ding ito ay mga bagay na kaya mong gawin. Iwasan ding ipahayag ito sa negatibong paraan o huwag magtakda ng mithiin upang pasakitan ang iba, gumanti sa iba o higitan ang iba. Halimbawa: nais mong maging doktor kasi mas mataas ito sa mithiin ng iyong kaklase. Huwag mo ring hangarin ang maging doktor upang yumaman at makaganti sa mga kamag-aral na kumukutya sa iyo. Huwag mo ring hangarin na maging doktor upang pagdating ng panahon maipagyayabang mo ito sa iyong mga kamag-aral. Sa madaling salita, maging positibo ang iyong mithiin upang ang kahihinatnan nito ay lubos na kaligayahan. Huwag mong kalilimutan na ang hangad ng Diyos para sa iyo ay maging mabuting tao ka at kasiya-siya sa Kanyang paningin.

Marahil lubos mo nang naunawaan ang kahulugan ng mithiin at ang mga pamantayan sa pagtatakda nito. Ngayon ay umpisahan mo ng suriin ang iyong sarili. Tanungin ang iyong sarili kung ano talaga ang iyong nais na marating, matupad at layunin sa buhay.

Ang Pangmadalian at Pangmatagalang Mithiin

Hindi lamang sapat na itakda ang mithiin kundi dapat ito ay itakda sa parehong hangganan: pangmadalian at pangmatagalan. Tandaan:

- Ang pangmadaliang mithiin (short-term goal) ay maaaring makamit sa loob ng isang araw, isang linggo, o ilang buwan lamang.
- Ang pangmatagalang mithiin (long-term goal) ay maaring makamit sa loob ng isang semestre, isang taon, limang taon o sampung taon.


Ang pangmatagalang mithiin ay karaniwang makahulugan at mahalagang mithiin. Iyon nga lamang, ang pagkamit ng pangmatagalang mithiin ay malayong hinaharap. Ang resulta, nawawala ang tuon sa pagpapanatili ng positibong pananaw na makakamit ang mithiin sa hinaharap. Ang iba ay pinanghihinaan ng loob at nagdududa na makakamit nila ang itinakdang pangmatagalang mithiin.

Dito nakatutulong ang pagtatakda ng **kakailanganin mithiin o enabling goal**. Ito ay espesyal na uri ng pangmadaliang mithiin dahil ito ay pantulong sa pagkamit pangmatagalang mithiin. Ito ay may kinalaman sa pagkamit ng pangmatagalang mithiin. Ang suportang mithiin ay tila mga hagdang bato na magagamit na panukat ng pag-usad tungo sa pagkamit ng pangmatagalang mithiin.

Ang mga hakbang sa pagkamit ng itinakdang mithiin ay nagbibigay ng direksyon at nagsisilbing gabay sa pagkamit nito.

Halimbawa, kung nais mong maging isang doktor na may sariling klinika at ikaw ay nasa unang taon sa Junior High School, kailangan mo pang maghintay ng labinlimang taon upang maging isang ganap na doktor at maaring ilang taon pa para magkaroon ng sariling klinika. Upang tiyaking hindi ka mawawalan ng pokus sa haba ng panahong dapat mong gugulin sa pag-abot ng iyong mithiin, dapat kang maglagay ng mga kakailanganing mithiin o enabling goals. Tingnan ang sumusumod na paglalarawan.

Sa pagtatakda ng pangmadalian at pangmatagalang mithiin, kailangan mo ring suriin mabuti ang mga maaaring mangyari sa bawat yugto patungo sa iyong mithiin. Halimbawa, maaari ka bang pumasok sa isang ospital kung sakaling hindi makayanan ng iyong mga magulang na ipagpatuloy ang pag-aaral mo ng medisina? Maaari ka bang makakuha ng scholarship? Ang pag-iisip ng ganito ay maaaring paraan upang maiwasan mo ang maaaring maging suliranin sa pag-abot ng iyong mithiin.



Mga Hakbang sa Pagtatakda ng Mithiin

Narito ang mga hakbang sa pagkamit ng itinakdang mithiin.

1. Isulat ang iyong itinakdang mithiin. Muli suriin ang iyong itinakdang mithiin kung ito ay tiyak, nasusukat, naaabot, mahalaga, nasasakop ng panahon at may angkop na kilos. Tayain kung ito ay tumutugon sa pamantayang ito.
2. Isulat ang takdang panahon ng pagtupad ng iyong mithiin. Isulat kung kalian mo nais matupad ang iyong mithiin. Ang pagsulat ng takdang panahon ay magbibigay sa iyo ng paalaala na kailangan mong kumilos upang matupad ang iyong mithiin.
3. Isulat ang mga inaasahang kabutihang maidudulot mula sa itinakdang mithiin at sa paggawa ng plano para rito. Ang mga inaasahang kabutihang maidudulot ang iyong magiging inspirasyon upang magsikap kang matupad

ang itinakdang mithiin. Narito ang ilan sa maaaring maging benepisyong sa pagtatakda ng mithiin at sa paggawa ng plano para rito.

- a. Kung matamo mo na ang iyong mithiin, tunay kang nagtagumpay. Magiging maligaya ka at ang iyong mga mahal sa buhay. Madarama mong naging sulit lahat ng iyong paghihirap. Maaari mo ring ilagay ang iyong sarili sa mga taong naging tagumpay kung matamo mo ang iyong mithiin sa buhay. Maraming taong nasusulat sa iba't ibang babasahin at napanood sa telebisyon ang nagtagumpay. Maaari mo ring isama ang iyong sarili sa mga ito.
- b. Sa panahon ng pagsubok sa pagtatamo ng iyong mithiin, magiging hamon ang mga benepisyong ito para sa iyo. Higit kang magiging matatag na tao at maisasabuhay mo ang mga moral na pagpapahalaga tulad ng katatagan (fortitude), pagtitimpi (temperance), katarungan (justice) at maingat na paghusga (prudence). Nagiging matatag ka sa mga suliraning susubok sa iyo sa pagkamit mo ng iyong mithiin. Isasabuhay mo ang pagtitimpi upang hindi matukso sa mga bagay na hindi makatutulong sa pagkamit ng iyong mithiin. Liwasan mo ang mga bagay na magiging aksaya at hadlang sa iyong pagtatagumpay. Magiging makatarungan ka para sa iyong sarili at sa iba dahil alam mo ang makabubuti sa iyong sarili at sa iyong kapwa. Hindi mo hahayaang masayang ang pagod at hirap mo sa buhay. Higit sa lahat, magiging maingat ka sa paghusga. Alam mong dapat kang maging isang mahusay na tao kaya dapat ang bawat pasyang gagawin mo ay makatutulong upang ikaw ay nagtagumpay.
- c. Kung nakasulat ang mithiin sa buhay, makagagawa ka ng mahusay na plano para maisakatuparan ang iyong mithiin sa buhay. Ang planong ito ay mayroong mga layunin, hakbang sa pagkamit, takdang panahon at mga bagay na iyong kailangan sa pagsasakatuparan nito. Tuwi-tuwina, maaari mong tingnan ang iyong plano upang alamin ang iyong mga natupad kumpara sa iyong itinakda. Halimbawa, batay sa iyong plano, pagdating mo ng ikalawang taon sa paaralang sekundarya, ikaw ay kabilang sa honor roll. Subalit lumipat kayo ng tahanan at sa bago mong pinasukang paaralan, hindi ka na kasama sa honor roll. Maaari mong ayusin (adjust) ang iyong plano batay sa bagong pangyayari dahil hindi mo ito ninais. Kaya nga, higit na mabuting nakasulat ang iyong plano upang makita mong maaari mo pala itong ayusin.
- d. Kung sa tuwing umaga ay nababasa mo ang iyong plano, nagkakaroon ka ng tiwala sa iyong sarili dahil alam mong mayroong direksyon ang iyong mga ginagawa sa araw-araw.

4. Tukuyin ang mga maaaring maging balakid o hadlang sa pagtupad ng iyong mga mithiin. Maaaring napakadaling magtakda ng mithiin, subalit kailangan ding isiping hindi ito ganito kadaling isakatuparan. May mga hadlang tulad ng kakulangan sa pera at distansya ng paaralan at tahanan. Kailangang tukuyin ang mga balakid upang magkaroon ng lakas ng loob na harapin ang mga ito.
5. Isulat ang mga maaaring solusyon sa mga balakid o hadlang na natukoy. Itala ang lahat ng posibleng solusyon upang ikaw ay mayroong pagpilian. Handa ka na bang itakda ang iyong mithiin?

Tayain ang Iyong Pag-unawa


Panuto: Sagutin ang sumusunod mga tanong. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

1. Tukuyin ang mga katangian ng isang taong may pangarap. Ipaliwanag.
2. Ano ang kaibahan ng pangarap sa mithiin? Ipaliwanag.
3. Paano nakatutulong ang pagtatakda ng mithiin sa pagkakamit nito? Ipaliwanag.
4. Bakit mahalaga ang mga pamantayan sa pagtatakda ng mithiin? Ipaliwanag.
5. Bakit mahalaga ang pagtatakda ng mga pangmadalian at pangmatagalang mithiin?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Matapos ang iyong naging mga pag-aaral sa modyul na ito, subukan mo muling sagutin ang kakailanganing tanong:

Bakit mahalaga ang pagtatakda ng malinaw at makatotohanang mithiin?





PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO Pagganap

Ngayon marahil ay lubos mo nang nauunawaan ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pangarap at pagtatakda ng mga mithiin. Handa ka nang magtakda ng sarili mong mga mithiin para maabot ang iyong mga pangarap.

Sa iyong kwaderno, sumulat ng iyong mga pansariling mithiin para sa:

1. pamilya
2. paaralan
3. pakikipagkaibigan
4. pamayanan
5. buhay-isperitwal

Pagsasabuhay

Nagawa mo ba?

Tayain mo ang mga ginawang pansariling mithiin kung tumutugon ang mga ito sa mga pamantayan sa pagtatakda ng mithiin.

Kopyahin sa kuwaderno ang talahanayan. Ilipat sa talahanayan ang iyong mga isinulat na mithiin. Lagyan ng tsek (✓) kung tumutugon ang mga ito sa bawat pamantayan. SMART A ba ang iyong mga isinulat na mithiin? Gabay mo ang halimbawa sa susunod na pahina.

Bawat mithiin ay lagyan mo ng katapat na tatlo o higit pang mga layunin para sa pagsasakatuparan nito o *enabling goals*.

Ang Aking Pansariling Mithiin Para sa:	Tiyak	Nasu-sukat	Naaabot	Mahalaga	May Angkop na Panahon	May Angkop na Kilos
Halimbawa:						
<u>Pamilya</u>	✓					
1. Kakain kasabay ang pamilya tuwing Lingo.	✓	✓	✓	✓	✓	✓
		✓	✓	✓	✓	✓
	✓					
2. Maglilinis ng sariling silid araw-araw.		✓	✓	✓	✓	✓
3. Magsasabi sa nanay ng "I love you" tuwing bago umalis ng bahay						
<u>Paaralan</u>						
1. Magtatanong sa guro sa tuwing may hindi naiintindihan sa aralin.	✓	✓	✓	✓	✓	✓
	✓	✓	✓	✓	✓	✓
	✓					
2. Magbabasa ng dalawang aklat na hindi batayang-aklat sa bawat markahan.		✓	✓	✓	✓	✓

Ang Aking Pansariling Mithiin Para sa:	Tiyak	Nasu-sukat	Naaabot	Mahalaga	May Angkop na Panahon	May Angkop na Kilos
3. Magliligpit ng sariling pinagkainan sa kantina sa tuwing kakain doon.						
<u>Pakikipagkaibigan</u>	✓	✓	✓	✓	✓	✓
1. Tuturuang tumugtog ng gitara anng kaibigang si Ronnie tuwing Sabado.	✓	✓	✓	✓	✓	✓
	✓	✓	✓	✓	✓	✓
2. Sasabayan sa pagkain sa kantina si Mischelle araw-araw.						
3. Sasabay kay Michael sa pagpasok araw-araw.						

Ang Aking Pansariling Mithiin Para sa:	Tiyak	Nasu-sukat	Naaabot	Mahalaga	May Angkop na Panahon	May Angkop na Kilos
<u>Pamayanan</u>						
1. Palaging magtatapon lamang ng basura sa tamang lalagyan.	✓	✓	✓	✓	✓	✓
	✓	✓	✓	✓	✓	✓
2. Tutulong sa mga gawaing pampamayan tulad ng paglilinis ng kalsada tuwing may pagkakataon.	✓	✓	✓	✓	✓	✓
3. Dadalo sa mga pagpupulong para sa mga kabataan sa baranggay tuwing may pagpupulong.						
<u>Buhay Ispiritwal</u>						
1. Magsisimba tuwing Linggo	✓	✓	✓	✓	✓	✓
	✓	✓	✓	✓	✓	✓
2. Sasapi sa choir ng simbahan at dadalo sa lahat ng pagsasanay ng grupo.	✓	✓	✓	✓	✓	✓
3. Lalahok sa						

Ang Aking Pansariling Mithiin Para sa:	Tiyak	Nasusukat	Naaabot	Mahalaga	May Angkop na Panahon	May Angkop na Kilos
taunang recollection para sa mga kabataan ng parokya.						

Ikaw naman.

Ang Aking Pansariling Mithiin Para sa:	Tiyak	Nasusukat	Naaabot	Mahalaga	May Angkop na Panahon	May Angkop na Kilos
<u>Pamilya</u>						
1.						
2.						
3.						
<u>Paaralan</u>						
1.						
2.						
3.						
<u>Pakikipagkaibigan</u>						

1.						
2.						
3.						
<u>Pamayanan</u>						
1.						
2.						
3.						
<u>Buhay Ispiritwal</u>						
1.						
2.						
3.						

Pagninilay

Ano ang iyong naging damdamin matapos ang gawain? Ipaliwanag.

Pagsasabuhay

Nagawa mo ba?

Ngayon handa ka nang gumawa ng plano ng pagsasagawa ng iyong mithiin. Kopyahin ang talahanayan sa ibaba. Ilapat ang mga nauna mong isinulat na mga mithiin at ilapat ito sa talahanayan sa kwaderno.

Ang Aking Pansariling Mithiin Para sa:	Takdang Panahon (Petsa/Ora	Mga Benepisyo/ Bunga ng Katuparan	Mga Balakid sa Katuparan ng Mithiin	Mga Paraan Upang Malampasan ang mga

	s)	ng Mithiin		Balakid
<u>Pamilya</u> 1. 2. 3.				
<u>Paaralan</u> 1. 2. 3.				
<u>Pakikipagkaibigan</u> 1. 2. 3.				
<u>Pamayanan</u> 1. 2. 3.				
<u>Buhay Ispiritwal</u> 1. 2. 3.				

Ipasa sa guro ang iyong kwaderno sa pagtatapos ng araling ito.

Mga Sanggunian:

©2001 All Rights Reserved. H&H Publishing Company, Inc.

http://www.hhpublishing.com/onlinecourses/study_strategies/BSL/motivation/E5.html, hinango noong Nobyembre 12, 2009

<http://www.indianola.k12.ia.us/high-school/guidance.html>, sinipi noong Nobyembre 12, 2009, Indianola High School | 1304 East First Avenue | Indianola, IA 50125 | 515-961-9510 | Fax: 515-961-9519, website designed & maintained by EDJE Technologies

http://www.careerliftoff.com/career_guidance.htm, © 2002 - 2007 career liftoff®, All Rights Reserved, hinango noong Nobyembre 10, 2009

<http://www.articlesbase.com/goal-setting-articles/5-ways-setting-goals-will-improve-your-life-1768259.html>, hinango noong Nobyembre 10, 2009

<http://www.istadia.com/article/robobson/2>, hinango noong Nobyembre 10, 2009

<http://www.bigsuccessx.com/dream.php>, hinango noong Nobyembre 10, 2009

Mga Larawan, hinango sa:

- www.clipartof.com/detailsclipart/42294.html, May 17, 2011
- www.thematter.wordpress.com, May 17, 2011
- www.atallook.deviantart.com, May 17, 2011
- www.defenselink.mil, May 18, 2011
- www.123rf.com, May 18, 2011
- www.easyvectors.com, May 18, 2011

Modyul 14: ANG KAHALAGAHAN NG MABUTING PAGPAPASYA SA URI NG BUHAY



ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa mga pagpapahalaga at birtud ay nagsisilbing gabay sa mapanagutang pagpapasya at pagkilos. Dahil dito, sa ikatlong markahan ay pinag-aralan mo ang kaugnayan ng pagpapahalaga at birtud. Siniyasat mo ang mga panloob na salik na nakaiimpluwensya sa paghubog ng pagpapahalaga: konsensya, mapanagutang paggamit ng kalayaan, pagiging sensitibo sa kasalanan, pagkabagabag at hiya bunga ng kasalanan, pagsasabuhay ng mga birtud, at disiplinang pansarili. Tinuklas mo ang mga panlabas na salik na nakaiimpluwensya sa paghubog ng mga pagpapahalaga: pamilya at paraan ng pag-aaruga sa anak, paaralan, kapwa kabataan, lipunan lagay ng pamumuhay at media.

Sa modyul na ito ay inaasahang gagamitin mo ang lahat ng mga pag-unawang ito upang maipamalas mo ang mga layuning pampagkatuto na inaasahan sa modyul na ito.

Sa huli'y inaasahang masasagot mo ang mahalagang tanong na: Bakit mahalaga ang mga hakbang sa pagpapasya tungo sa pagkamit sa mga mithiin sa buhay?

Sa modyul na ito, inaasahang malilinig sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

- a. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng makabuluhang pagpapasya sa uri ng buhay
- b. Nasusuri ang ginawang pahayag ng layunin sa buhay kung ito ay may pagsasaalang-alang sa tama at matuwid na pagpapasya
- c. Napahahalagahan ang matuwid at tamang pagpapasya sa pagkakaroon ng makabuluhang buhay at ganap na pagpapakatao
- d. Nakagagawa ng pahayag ng layunin sa buhay batay sa mga hakbang sa tama at mabuting pagpapasya

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

- Nailapat nang maayos ang proseso ng wastong pagpapasya
- Naglahad ng komprehensibong paliwanag sa ginawang pagpili o pagpapasya
- Ayon sa moral na batayan ang inilahad na paliwanag
- Malinaw at madaling maunawaan ang paliwanag



PAUNANG PAGTATAYA

Panuto: Isulat sa kuwaderno ang iyong mga sagot sa sumusunod na pagsusulit. Basahing mabuti ang mga panuto.

1. Piliin mo ang larawan ng itinuturing mong may mas mataas na kabutihan mula sa kasunod na mga halimbawa. Magsulat ng maikling paliwanag sa ginawang pagpili sa ibaba. Isulat sa ang sagot sa kuwaderno.



A.



B.

Ang aking napili: _____

Paliwanag:



A.



B.

Ang aking napili: _____

Paliwanag:

2. Balikan o alalahanin ang isang sitwasyon kung kailan ka gumawa ng isang mahalagang pagpapasya sa iyong buhay. Ilahad ang prosesong iyong pinagdaanan.
3. Batay sa iyong isinulat, anu-ano ang mga mahahalagang salik o batayan sa paggawa ng pasya? Ipaliwanag?
Piliin ang titik lamang ng tamang sagot.
4. Ang pakahulugan sa *moral dilemma* ayon kay Kohlberg “Ito ay mga sitwasyong nagpapahayag ng dalawang magkasalungat na posisyon na kinapapalooban ng dalawang magkaiba o nagtutunggaling pagpapahalaga. Ibig sabihin nito na:
 - a. Mahirap ang magpasya dahil ito ay nagiging sanhi ng pagtatalo ng isip tungkol sa mga iba’t ibang mga posisyon.
 - b. Ang pagpapasiya ay nababatay sa ating mga pagpapahalaga.
 - c. Ang pagpapasya ay pagpili sa maraming pamimilian.
 - d. Madali lang magpasya kung alam natin ang sarili nating mga pagpapahalaga.
5. Ang lahat ng kilos ng tao ay bunga ng proseso ng pagpapasiya. Ibig sabihin nito na:
 - a. Ang lahat ng kilos natin ay dumadaan sa isang mahabang proseso.
 - b. Ang lahat ng kilos natin ay ginagamitan ng proseso ng mabuting pagpapasiya.
 - c. Ang lahat ng ating kilos ay nababatay sa ating isip at kilos-loob.
 - d. Kailangang pinag-iisipang mabuti ang lahat ng ating kilos o ginagawa.
6. Paano maikukumpara sa chess ang proseso ng pagpapasya?
 - a. Mahirap laruin ang *chess* dahil ginagamitan din ito ng pag-iisip.
 - b. Kinakailangan ito ng panahon upang laruin.
 - c. Pinag-aaralan munang mabuti ang bawat galaw upang maging batayan ng gagawing tira.

- d. Kailangang isaalang-alang dito ang iyong mga pagpapahalaga.
7. Karaniwan na ang mga linyang “Bigyan mo pa ako ng panahong makapag-isip, “sa mga mahalagang pagpapasiyang ginagawa. Ibig sabihin nito;
 - a. Mahalagang bahagi ng proseso ng pagpapasiya ang panahon
 - b. Kinakailangan ng mahabang panahon ang pagpapasiya.
 - c. Mahirap talaga ang gumawa ng pasya
 - d. Ang balangkas ng proseso ng pagpapasiya ay nakabatay sa panahon
 8. Kahit na binigyan ng magandang pwesto sa kumpanya si Chit ng kanyang ama sa kanilang kumpanya, pinili pa rin nito ang magtayo ng sariling negosyo. Ito ang tunay na nagpapasaya sa kanya.
 - a. Nakakahiya namang mabansagang COO o Child of Owner sa isang kumpanya bagama’t ikaw ay mahusay na CEO.
 - b. Kinakailangan ding isaalang-alang ang damdamin sa paggawa ng pasya.
 - c. Mas mahalaga na masaya ang tao sapagkat maikli lamang ang buhay.
 - d. Mahalaga kay Chit ang kanyang pansariling kaligayahan.
 9. Kung nananatili sa iyo ang agam-agam dahil mayroon ka ring pakiramdam na maaari kang magsisi sa iyong pasiya, kailangan mong...
 - a. Pag-aralan muli ang iyong pasiya na may kalakip na panalangin at mas ibayong pagsusuri.
 - b. Huwag mag-agam-agam dahil hindi ka makakikilos hanggang hindi ka nakapipili.
 - c. Gawin na lamang kung ano ang magpapasiya sa iyo.
 - d. Gawin na lamang ang magpapasiya sa mas nakararami.
 10. Ang higher good ay tumutukoy sa:
 - a. Kagandahang loob sa bawa’t isa
 - b. Kabutihang panlahat
 - c. Ikabubuti ng mas nakararami
 - d. Ikabubuti ng mga mahal sa buhay

PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN



Dumating na ba sa iyong buhay ang pagkakataon na kinailangan mong mamili sa pagitan ng mga bagay na may halaga sa iyo? Ano ang iyong naging damdamin tungkol dito? Ano ang iyong ginawa? Ibahagi mo ang iyong naging karanasan gamit ang pormat sa ibaba. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Buod ng Sitwasyon <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>	<div style="display: flex; justify-content: space-around; align-items: center;"> <div style="border: 1px solid black; width: 150px; height: 30px; margin-bottom: 5px;"></div> <div style="border: 1px solid black; width: 150px; height: 30px; margin-bottom: 5px;"></div> </div> <div style="display: flex; justify-content: center; align-items: center; margin-bottom: 5px;"> <div style="border: 1px solid black; width: 150px; height: 30px; margin-right: 5px;"></div> <div style="font-size: 20px; margin-right: 5px;">↑</div> <div style="border: 1px solid black; width: 150px; height: 30px; margin-left: 5px;"></div> </div> <div style="display: flex; justify-content: center; align-items: center; margin-bottom: 5px;"> <div style="border: 1px solid black; width: 150px; height: 30px; margin-right: 5px;"></div> <div style="font-size: 20px; margin-right: 5px;">↓</div> <div style="border: 1px solid black; width: 150px; height: 30px; margin-left: 5px;"></div> </div> <div style="border: 1px solid black; width: 150px; height: 30px; margin-left: auto; margin-right: auto;"></div>	Hakbang na ginawa 1. _____ 2. _____ 3. _____ 4. _____
<div style="border: 1px solid black; padding: 5px; margin-bottom: 10px;"> Ang naging pasiya <hr/><hr/><hr/><hr/> </div> <div style="border: 1px solid black; padding: 5px; margin-bottom: 10px;"> Bakit ito ang napili? <hr/><hr/><hr/><hr/> </div> <p>Naging bunga ng ginawang pagpapasiya</p> <hr/> <hr/> <p>Mahalagang aral na napulot mula sa karanasan</p> <hr/> <hr/>		

Sagutin ang mga tanong sa iyong kuwaderno:

1. Balikan mo ang isang mabigat na sitwasyon kung saan kinailangan mong magsagawa ng pagpapasiya sa mga nagdaang taon. Ilahad ito. (Hal. Sasama sa isang kklase na mag-cutting classes.)
2. Ano-ano ang iyong pagpipilian?
3. Ano ang iyong ginawa bago nagsagawa ng pagpapasya?
4. Ano ang iyong naging pasya?
5. Ipaliwanag ang naging bunga ng iyong pasiya.
6. Isulat ang pinakamahalagang aral na iyong nakuha mula sa iyong karanasan.

May mga pangyayaring hindi natin maiiwasan na kailangan nating gumawa ng agarang pagpapasiya. Subukin ang iyong kakayahan na magpasiya sa mga sitwasyon na katulad ng nasa ibaba. Sundin ang pormat at gawin ito sa iyong kuwaderno.

a.



May nakita kang *wallet* na nahulog mula sa isang babae.

Alternatibo Blg. 1

Maaaring mangyari kapag ito ang pinili.

Alternatibo Blg. 2

Maaaring mangyari kapag ito ang pinili.

b.



Nakikiusap ang isang kaklase mo na mangongopya sa iyo ng mga sagot sa pagsusulit.

Alternatibo Blg. 1

Maaaring mangyari kapag ito ang pinili.

Alternatibo Blg. 2

Maaaring mangyari kapag ito ang pinili.

c.



Kinumbinse ka ng isang kaibigan na manigarilyo.

Alternatibo Blg. 1

Maaaring mangyari kapag ito ang pinili

Alternatibo Blg. 2

Maaaring mangyari kapag ito ang pinili

Sagutin:

1. Ano ang naging pagpapasya mo sa mga ibinigay na sitwasyon?
 - a. _____
 - b. _____
 - c. _____
2. Sa iyong palagay, tama ba ang naging mga pasya? Pangatwiranan.
3. Nakatulong ba ang ibinigay na pormat sa iyong naging pagpapasya? Ipaliwanag.
4. Bakit mahalagang tingnan natin ang maaaring kahinatnan o bunga nito bago tayo gumawa ng pasya?



PAGLINANG NG KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Gawain 1. Ang mga sumusunod ay tatlong sitwasyon na hinango sa mga *moral dilemma* ni Lawrence Kohlberg. Ito ay mga sitwasyong nagpapahayag ng dalawang magkasalungat na posisyon na kinapapalooban ng dalawang magkaiba o nagtutunggaling pagpapahalaga. Sa gawaing ito ay magkakaroon ka ng pagkakataon na pumili ng posisyon ukol sa mga isyung moral na iyong paninindigan. Sagutin ang mga tanong pagkatapos na mailahad ang bawat sitwasyon. Isulat ang iyong mga sagot sa iyong kuwaderno.

Mga Dilemma ni Lawrence Kohlberg

Dilemma Blg. 1

Si Aamir ay labing-apat na taong gulang na labis ang pagnanais na masama sa isang *camping*. Nangako sa kaniya ang kaniyang ama na papayagan siyang sumama kung siya ay makaiipon nang sapat na pera para rito. Dahil dito, labis ang naging pagsisikap ni Joe sa pagtitinda ng diyaryo. At naipon ang sapat na halagang kailangan para sa *camping* at may kaunti pang halaga na natira para panggastos para sa kaniyang sarili. Ngunit nagbago ang isip ng kaniyang ama bago dumating ang araw ng kanilang *camping*. Ang ilan sa kaniyang mga kaibigan ay nagpasiyang mangisda sa ibang lugar. Kapos ang pera ng kaniyang ama upang ipanggastos sa pangisingda. Kaya, kinausap niya si Aamir upang hingin dito ang perang kaniyang naipon para sa kaniyang *camping*. Iniisip ni Aamir na tumanggi na ibigay sa kaniyang ama ang kaniyang naipong pera.

Mga tanong:

- a. Dapat bang tumanggi si Aamir na ibigay ang kaniyang naipong pera sa kaniyang ama? Pangatwiranang ang sagot.
- b. May karapatan ba ang ama ni Aamir na hingin ang perang naipon ng kaniyang anak na si Aamir? Pangatwiranang.
- c. Ang pagbibigay ba ng perang naipon ni Aamir ay maaaring maging sukatan ng pagiging mabuting anak? Ipaliwanag ang sagot.
- d. Ang ideya ba na si Aamir ang nag-ipon ng pera ay mahalaga sa sitwasyong ito? Pangatwiranang.
- e. Nangako ang ama ni Aamir na kapag nakaipon siya nang sapat na pera ay maaari siyang sumama sa *camping*. Ang ideya ba na nangako ang ama ni Joe sa kaniya ang pinakamahalaga sa sitwasyong ito? Bakit?
- f. Sa kabuuan, bakit mahalagang tuparin ang isang pangako?
- g. Mahalaga bang tuparin mo ang isang pangako sa isang taong hindi naman gaanong kakilala at hindi na muling makikita pa? Ipaliwanag ang sagot.
- h. Ano sa iyong palagay ang pinakamahalagang bagay na dapat isaalang-alang ng isang ama pagdating sa kaniyang relasyon sa kaniyang anak? Bakit mo ito maituturing na pinakamahalaga?

Dilemma Blg. 2

Si Judy ay labindalawang taong gulang. Nangako sa kaniya ang kaniyang ina na siya ay maaaring manood sa isang konsiyerto na magaganap sa kanilang lugar. Ngunit ito ay sa kondisyong mag-iipon siya sa pamamagitan ng pag-aalaga ng bata at sa pagtitipid mula sa kaniyang baon sa tangahalian sa paaralan nang may maipambili ng tiket sa konsiyerto. Nagawa ni Judy na maipon ang perang kinakailangan at nagkaroon pa ng sobra. Ngunit nagbago ang isip ng kaniyang ina at sinabi sa kaniya na mas makabubuti kung gagastusin niya ang kanyang pera sa pagbili ng bagong damit para sa paaralan. Labis ang pagkabigo na naramdaman ni Judy. Ngunit sa kabila nito ay nagpasiya pa rin siya na ipagpatuloy ang panonood ng konsiyerto. Bumili siya ng tiket at sinabi niya sa kaniyang ina na maliit na halaga lamang ang kaniyang naipon. Nang dumating ang araw ng konsiyerto, nanood siya at sinabi sa kaniyang ina na siya ay magpapalipas buong araw kasama ang isang kaibigan. Dumaan ang isang linggo at hindi nalaman ng kaniyang ina ang kaniyang ginawa. Sinabi ni Judy ang lahat sa kaniyang nakatatandang kapatid na si Louise. Iniisip ni Louise kung ipararating ba niya sa kanilang ina ang ginawa ni Judy.

Mga Tanong:

- a. Nararapat bang sabihin ng nakatatandang kapatid ni Judy na si Louise sa kanilang ina na si Judy ay nagsinungaling tungkol sa pera o siya ba ay mananahimik na lamang? Bakit?
- b. Sa kaniyang pag-aagam-agam na sabihin ang katotohanan, iniisip ni Louise na kapatid niya si Judy. Maaari ba itong makaapekto sa kaniyang gagawing pagpapasya? Ipaliwanag ang sagot.
- c. Ang pagsasabi ba ng totoo ay may kinalaman sa pagiging isang mabuting anak? Bakit?
- d. Ang katotohanan ba na si Judy ang nag-iipon ng pera ay mahalagang konsidersayon sa sitwasyon na ito? Bakit?
- e. Nangako ang ina ni Judy na papayagan itong manood ng konsiyerto kung magtitipid siya ng pera. Ang katotohanan ba na nangako ang ina ni Judy ang pinakamahalaga sa sitwasyon na ito? Bakit?
- f. Kailangan bang may hangganan ang awtoridad ng ina sa kanyang anak? Bakit?

Dilemma Blg. 3

May dalawang magkapatid na lalaki na nasangkot sa isang malaking gulo. Nagpasiya silang iwan ang kanilang lugar at magtungo sa ibang lugar. Nangailangan din sila ng pera. Si Karl, ang mas nakatatanda, ay pumasok sa isang tindahan upang magnakaw at nakakuha siya ng sampung libong piso. Si Bob naman, ang mas nakababata, ay nagtungo sa isang retiradong lalaki na kilala sa pagiging matulungin sa mga taong naninirahan sa kanilang lugar. Sinabi niya rito na siya ay may malubhang karamdaman at kailangan ng sampung libong piso para sa kanyang operasyon. Nakiusap si Bob sa matanda na pahiramin siya ng pera at nangakong ito ay babayaran kapag siya ay ganap nang gumaling. Kahit pa hindi ganap na kilala ng matandang lalaki si Bob ay pinahiram niya ito ng pera. Si Karl at si Bob ay nakatakas na may hawak na tig-sampung libong piso.

Mga Tanong:

- a. Ano ang mas masama, ang magnakaw, katulad ng ginawa ni Karl o ang manloko ng kapwa katulad ng ginawa ni Bob? Pangatwiran ang sagot.
- b. Sa iyong palagay ano ang pinakamasama sa panloloko ng isang matanda? Bakit mo ito itinuturing na pinakamasama?
- c. Bakit masama ang pagnanakaw na tulad ng ginawa ni Karl sa isang tindahan?
- d. Ano ang halaga ng paggalang sa pag-aari ng iba?
- e. Kailangan bang gawin ng tao ang lahat upang sumunod sa batas? Bakit?

a. Kung iyong babalikan ang *dilemma* blg. 1, sa iyong palagay, ano ang bagay na magagawa nang may pananagutan ni Joe sa ganoong sitwasyon? Bakit?

b. Sa iyong pagsusuri sa *dilemma* blg. 2, ano ang masasabi mong pinakamapanagutang magagawa ni Louise sa sitwasyong iyon? Bakit?

c. Naging iresponsable ba ang matanda sa pagpapahiram ng pera kay Bob? Pangatwiran.

Batay sa mga naunang gawain, magbigay ng iyong sariling pagpapakahulugan sa mabuting pagpapasya:

Gawain 2: Basahin ang sumusunod na anekdota.

Hindi makalimutan ni Mark ang tinig ng ina nito sa telepono. “Bakit anak, bakit? Lahat ng pagsisikap ginagawa ko ay para sa iyo. Anong nangyari? Akala ko maayos ang lahat. Akala ko darating ako sa Marso para mapanood ang pagmamartsa mo sa araw ng pagtatapos mo sa haiskul...kami ng tatay mo...” Hindi na nito natapos pa ang sasabihin. Alam ni Mark na umiiyak ito sa kabilang linya. Hindi na rin niya nakayanang marinig pa ang ibang sasabihin ng ina kaya’t ibinaba na nito ang telepono.

Maayos nga ba ang lahat? Noon, noong narito pa sina Nanay at malakas pa si Tatay. Noon wala siyang pakialam anoman ang sabihin ng ibang mga kamag-aral. Madalas man siyang tuksuhin ng mga ito. Pagtawanan hindi nya ito kailangang pansinin. Nagsisikap sya sa pag-aaral para sa kanyang pamilya. Siya ang panganay kaya kailangan niyang makatapos para makatulong sa Nanay at Tatay. Mahirap lang ang buhay nila. Madalas pumapasok siya na wala ni singko sa balsa. Pinagtatawanan nila ang sapatos niyang may butas sa talampakan gayon din ang uniporme niyang puno na ng sulsi at medyo maiksi na para sa kanya. Hindi sila makabili ng bago. Pero wala sa kanya iyon. Ang mahalaga’y nakakapag-aral siya. Iyon ang laging sinasabi sa kanya ng kanyang nanay.

Ngunit nang magkasakit ang kanyang ama kinailangan nang kanyang ina ang magpunta sa ibang bansa para maghanapbuhay. Katulong sa Hongkong ang nanay niya. Mabait daw ang naging amo nito. Ilang taon na rin ang lumipas. Iba na ang lahat. May bagong telebisyon, radyo, *computer*. Bago palagi ang uniporme ni Mark. Marami siyang pera sa balsa. May *bank account* pa nga siya. Sa kanya ipinangalan ng nanay niya ang *bank account* para sa *remittance* nito. “Responsableng bata si Mark, kaya niyang pamahalaan ang mga pangangailangan ng ama at ng kapatid.” Sabi ng nanay niya sa tiyahin niya. Noon siguro yon.

“Mapilit kasi ang barkada ko tatay eh. Pwede ba kong maghanda sa birthday ko. At saka pwede ba kong bumili ng beer. Konti lang naman, konting kasayahan lang.” Ayaw sana ni Tatay, kaya lang sabi ni Nanay, hayaan na, minsan lang naman. Tutal malapit ng magdisisiyete si Mark. Ang hindi alam ng nanay nya, madalas ang inuman ng barkada. Nakakahiya kasi. Alam naman nilang may pera si Mark. Wala raw siyang pakikisama, yan ang lagi nilang sinasabi kapag tumatangi si Mark. Natatakot si Mark na mawala ang barkada. Dati-rati kasi iniwasan siya ng

mga ito. Ngayon sikat na rin siya, mula nang tanggapin siya ng barkadahan. Maraming mga kaklaseng babae nila ay humahanga kay Mark. Masarap pala ang pakiramdam ng napapansin ka, hinahangaan. Masarap ang maraming kaibigan. Masaya ang kilala ka nang halos lahat ng mga mag-aaral sa paaralan.

Masyado kasing napadalas ang gimik ng barkada. Ayon bagsak tuloy si Mark sa tatlong *subject*. Hindi siya gagrgraduate. “Okey lang yan pare, kami rin naman hindi mamartsa eh” ni Bok ang lider ng kanilang grupo. “Ayaw mo nun matagal pa tayong magkakasama. Tuloy ang ligaya.”

Dapat nga bang ikasiya iyon. Wari’y kinukurot ang kanyang puso tuwing maaalala ang tinig ng ina. Minamasdan niya ang sarili sa salamin. Siya nga ba talaga ang repleksyon sa salamin. Hindi pa huli ang lahat, wika nya sa sarili.

Sagutin:

1. Anu-ano ang mga mahahalagang pagpapasya na ginawa ng ina ni Mark kaugnay ng kanilang pamilya? Tama ba ang kanyang naging mga pasya? Ipaliwanag.
2. Ano-anong mga pagpapasya ang ginawa ni Mark para sa kanyang sarili? Mabuti ba ang kinahinatnan ng kanyang mga naging pagpapasya? Pangatwiranan.
3. Ano ang ibinunga ng mga maling pagpapasya ng ina ni Mark? Pangatwiranan.
4. Ano ang ibinunga ng mga naging pagpapasya ni Mark? Pangatwiranan.

Gamit ang sumusunod na tsart, suriin ang mga naging pasya ni Mark. Anong mga bagay ang maaaring naging mabuti ang kinahinatnan kung naging mabuti lamang ang naging pagpapasya ni Mark? Kung ikaw si Mark, ano naman ang maaaring naging pasya mo?

Mga Mahahalagang Pangyayari Sa Buhay ni Mark	Mga Naging Pasya ni Mark	Mga kinahinatnan ng Pasya ni Mark	Maaring naging pasya mo
Halimbawa:			
Ipinangalan ng	Gamitin sa	Madalas itong	Gamitin lamang

nanay ni Mark sa kanya ang <i>bank account</i> ng <i>remittance</i> nito	pansariling pangangailangan at kasiyahan ang pera	liban sa klase upang maglibang kasama ang barkada.	sa pamilya ang pera sa banko
--	---	--	------------------------------

Ikaw naman:

Mga Mahahalagang Pangyayari Sa Buhay ni Mark	Mga Naging Pasya ni Mark	Mga kinahinatnan ng Pasya ni Mark	Maaring naging pasyamo	Dahilan ng pasya

Sa kuwaderno ay isulat muli ang anekdota, ngunit gamitin ang iyong mga pasya sa halip na kay Mark. Gamitin din ang mga maaaring kinahinatnan ng iyong pasya.

Rubric sa Pagtataya ng ginawang pagsusuri:

Dimensyon	3 Pinakatama	2 Bahagyang Tama	1 Mali
Posisyong pinili	Natukoy nang malinaw ang kalalabasan ng posisyong pinili	Natutukoy ang posisyon sa moral na dilemma subalit may ilang kalalabasan ng posisyon ang hindi malinaw	Hindi malinaw ang posisyon sa moral dilemma
Batayan ng mga pahayag	Ibinatay sa Likas na Batas at Moral (Natural Moral	Ibinatay sa kultura, kinagisnang paniniwala o	Ibinatay sa nararamdaman o emosyon

	Law)	instinct	
	Ibinatay ang posisyong pinili sa tatlong palatandaan ng moral na kilos	Ibinatay ang posisyong pinili sa tatlong palatandaan ng moral na kilos subalit hindi naipahayag nang maayos	Hindi ibinatay ang posisyong pinili sa tatlong palatandaan ng moral na kilos
Kaugnayan ng mga pahayag sa dilemma	Ang mga pahayag ay nagpapamalas ng lubos na pagkaunawa sa dilemma	May ilang pahayag na walang kaugnayan sa dilema	Ang mga pahayag ay nagpapamalas ng di pagkaunawa sa dilema
Paninindigan sa posisyong pinili	Matatag ang paninindigan sa posisyong pinili	May kaunting agam-agam sa posisyong pinili	Hindi napanindigan ang posisyong pinili

Batay sa naunang gawain: Ano-ano ang mga elemento ng mabuting pagpapasya? Isulat ang sagot sa kuwaderno.

Gawain 3. Basahin ang sumusunod na talambuhay

Figaro: Kapeng Pilipino!

Si Pacita “Chit” U. Juan ang bunso sa magkakapatid na Juan. Maagang sinanay ng kanyang ama ang magkakapatid sa pagnenegsyo. Sa tanghalia’y sinusundo ang magkakapatid ng kanilang ama para mananghalian nang sabay-sabay at kung may panahon pa ay magtrabaho sa kumpanya. Maging ang mga bakasyon sa eskwela ay ginugugol nila sa pagtrabaho sa kanilang kumpanya. Doon natutuhan ni Chit ang mga kasanayan at pagpapahalaga na naging susi sa pagtatagumpay ng kanyang itinatag na negosyo. Kabilang dito ang respeto sa pagsisikap, pagtitiyaga at tamang pamamahala ng oras o panahon.



Ang tagumpay ni Chit ngayon ay bunga ng mga mahahalagang pasya na ginawa niya sa kanyang buhay. Noong una, hindi pagnenegosyo ang unang larangang sumagi sa isip ni Chit. Di tulad ng mga kapatid, ibang-iba ang direksyong nais niyang tahakin. Ang kanyang mga kapatid ay kumuha ng mga kursong kaugnay ng pagnenegosyo, samantalang siya ay nag-aral ng *Hotel and Restaurant Administration*. Hindi man niya alam noon, inihahanda na ang daan patungo sa larangang kanyang pagtatagumpayan. Nang magtapos si Chit sa kolehiyo, mayroon siyang dalawang pamimilian. Ang daang pinili ng nakatatanda niyang mga kapatid – ang tumulong sa negosyo ng pamilya; o manghiram ng puhunan sa kanyang ama at magtayo ng sarili niyang negosyo. Ito ang pasyang inaasahan sa kanilang pamilya. Hindi inaasahan ng lahat, gumawa si Chit ng isa pang pamimilian – ang mamasukan.

Nagtrabaho si Chit sa hotel na Regent of Manila upang magamit ang kanyang mga natutunan sa kolehiyo. Tulad sa ibang mga empleyado naging masipag at masaya sa kanyang pagtrabaho si Chit. Ngunit hindi pumayag ang kanyang ama na mamasukan na lamang si Chit, sa huli’y nahimok din siya na bumalik sa negosyo ng kanilang pamilya. Binigyan siya nito ng mataas na posisyon. Naging bise presidente siya para sa pangangasiwa ng kanilang kumpanya. Hindi naging masaya si Chit na siya’y nagkaroon ng mataas na posisyon ng hindi nito pinaghirapan. Gayonpaman sinamantala pa rin niya ang pagkakataon upang patuloy na matuto sa larangan ng pagnenegosyo.

Samantala, kailangan niya ring bigyang ekspresyon ang kanyang mga hilig at talento. Isa sa kanyang mga kinagigiliwang gawin ang pag-inom ng kape kasama ang mga kaibigan. Kasama ang mga ito, itinayo nila ang *coffee shops* na Figaro. Noong una'y libangan lamang ito sa kanya, ngunit nang lumaon ay naging malaking negosyo na ito na nangangailangan ng kanyang buong atensyon. Sa ngayon ay maunlad na ang negosyo niyang Figaro. May mga prankisa na rin ito sa iba't ibang rehiyon sa Pilipinas. Ngunit hindi isang negosyo lamang ang Figaro ngayon. Iniligtas ng Figaro, sa pangunguna ni Chit, ang industriya ng kape sa Pilipinas.


Pinag-aralan ni Chit ang lahat ng bagay kaugnay ng kanyang bagong negosyo, mula sa pagtanim ng kape hanggang sa namamatay nang industriya nito sa Pilipinas. Alam niyang kinakailangan niyang gumawa ng paraan upang iligtas ang kapeng barako ng Pilipinas. Itinatag niya ang Figaro Foundation noong 1998, isang pundasyong naglalayong hikayatin at tulungan ang mga magsasaka na muling bumalik sa pagtanim ng kape.

Hindi pa rin nagsasawa si Chit na magbigay ng inspirasyon sa lahat ng mga Pilipinong may hilig sa pagnenegosyo. Patuloy pa rin siya sa pag-aaral at bukas sa mga bagong oportunidad sa ating bayan. Hindi niya kailanman ipapayo ang mangibang-bayan upang makahanap ng tagumpay. Ang pagtatagumpay ay pinaghihirapan at dapat na may pinaglalaanan. Para kay Chit ang lahat ng tagumpay niya ay pakikibahagi sa pagpapaunlad ng bansa. Naniniwala siya sa husay at galing ng mga Pilipino. Ang kanyang misyon – bigyang inspirasyon at himukin ang mga Pilipino na magsasaka at kilalanin ang kanilang sariling husay upang mapagtanto nila kung gaano kadakila ang lahing Pilipino.

Sagutin:

1. Ano-ano ang mga mahahalagang pagpapasya na ginawa ni Chit sa kanyang buhay? Ipaliwanag.
2. Kung ikaw si Chit, ganito rin ba ang magiging pasya mo? Pangatwiran.
3. Bakit iniwan ni Chit ang kanyang mataas na posisyon sa negosyo ng kanilang pamilya? Ipaliwanag.
4. Sa iyong palagay, anu-ano ang mga naging dahilan ng pagtatagumpay ni Chit sa buhay? Pangatwiran.
5. Paano nakatulong sa pagtatagumpay ni Chit ang kanyang mga naging pasya sa buhay?
6. Bakit mahalaga ang mabuting pagpapasya sa ating pinapangarap na buhay? Ipaliwanag.

Ipaliwanag ang sumusunod na paglalarawan ng proseso ng mabuting pagpapasya batay sa mga natutuhan sa mga naunang gawain. Isulat sa kuwaderno ang iyong mga paliwanag.



Ano ang misyon o layunin ni Lucita “Chit” Juan sa buhay? Paano niya isinasakatuparan ang layuning ito?

Basahin ang artikulo ni Karen Flores, [abs-cbnNEWS.com](http://www.abs-cbnnews.com/business/03/03/09/chit-juan-leaving-big-boss-role-behind) sa <http://www.abs-cbnnews.com/business/03/03/09/chit-juan-leaving-big-boss-role-behind>

Gawain 4: Ang Iyong Layunin sa Buhay

Tulad ni Chit Juan, may misyon o layunin ka ba sa buhay? Tingnan ang mga sumusunod na halimbawa ng *personal mission statement*. Ano ang mga pagkakapareho ng mga ito? Ang mga pagkakaiba?

Ang kabiguan ay naging bahagi ng buhay upang tayo'y maging mapagpasalamat sa mga mumunting biyaya ng buhay.

Ang boses mo at ang bawat isa sa atin ay mahalaga.

Ang buhay ay parang pagsakay sa isang bisikleta, kailangan mong panatilihin ang iyong balanse upang makarating sa paroroonan.

Maging gabay ng iba tungo sa katotohanan.

Ang lahat ng desisyon ay mahalaga.

Huwag kakalimutan na ang Diyos ay laging nariryan para sa akin

Matutong makuntento sa biyayang kalaob sa akin.

Huwag kalimutang ngumiti.

Magtiwala sa sarili dahil ako'y nilikha ng Diyos.

- Kryshna T. Gayola
Manila Science High School

"My purpose throughout each day of my life is to express my commitment to love and cherish my family and friends, improve myself personally and professionally so that I can advance within my career, lead a successful career that I will enjoy, and take on any challenges that come my way."

--by Susana 07/29/06

Extracted from:
http://www.missionstatements.com/personal_mission_statements.html

"I live my life as a solution to humanity - travessing all nations and races: giving hope and future to the hopeless, the poor and the oppressed in and through Christ."

-- Raymond for Accra Ghana

Extracted from:

http://www.missionstatements.com/personal_mission_statements.html

I WILL... attempt to further my knowledge everyday either through taking classes, reading books, or educating experiences so I can be as intelligent and insightful as my parents.

I WILL... be a better daughter, sister, student, teammate, and friend by improving on my inferior qualities like organization, responsibility, and compassion.

I WILL... continue to exercise my body a few times a week in order to become lean and fit. This way I will have the muscle and endurance to achieve my goals and live a long, healthy life.

I WILL... find a job every summer until I begin attending college in order to at least triple my current bank account. The money I earn will be used to pay for college expenses, and left untouched otherwise...

I WILL... treasure time spent with my family and friends above everything else by putting aside time for them no matter how busy my schedule may become.

I WILL... become a respected and noted leader to those who surround me through taking charge and succeeding in difficult situations."

-- by Marissa

Extracted from: http://www.missionstatements.com/personal_mission_statements.html

Magsalliksik: (Maaaring sa *internet* o sa silid-aklatan ng inyong paaralan)
Maghandang iulat.

1. Ano ang ibig sabihin ng personal mission statement o Pahayag ng Layunin sa Buhay? Ipaliwanag.
2. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng layunin sa buhay? Ipaliwanag
3. Ano-ano ang mga pamantayan sa pagsulat ng layunin? Ipaliwanag



C. PAGPAPALALIM

Basahin ang sumusunod na sanaysay.

ANG MABUTING PAGPAPASYA

Marunong ka bang maglaro ng *chess*? O di kaya naman ay nakakapanood ka ba ng mga naglalaro nito? Kung susuriing mabuti ang paglalaro ng *chess*, mapapansin na ang sinumang naglalaro nito ay sumasailalim sa malalim na pag-iisip. Sa buong panahon ng paglalaro ng *chess* ay kinakailangan nilang mamili ng tamang piyesa na ititira at magpasiya ng gagawing tira. Pinag-aaralan munang mabuti ang bawat galaw upang maging batayan ng gagawing tira. Kailangang maging



maingat sa pagpapasiya dahil kung hindi ay magbubunga ng pagkatalo sa laro. May tuntunin na tinatawag na “*touch-move*”, nangangahulugan ito na kapag hinawakan mo ang isang piyesa ay ito na dapat ang iyong ititira, hindi na maaaring magbago ng isip kung kaya mahalagang sigurado na sa tira bago ito hawakan. Marahil nagtatanong ka, “Bakit naman biglang napasok ang *chess* sa usapan?”

Hindi ba maaari natin ihalintulad ang paglalaro ng chess sa ating mga pagpapasiya sa buhay? Ang tao ay biniyayaan ng Diyos ng isip at kilos-loob. Ito ang dahilan kung bakit binibigyan din tayo ng laya na magpasiya para sa ating sarili. Isa itong gawain na hindi maiiwasan ng sinuman sa araw-araw. Ngunit ang tanong, sapat na ba ang iyong kaalaman para magpasiya at mamili? Katulad ka ba ng isang *grandmaster* sa *chess* na laging naipananalo ang kaniyang laban? Kung hindi pa ganap ang iyong tiwala sa iyong kakayahan, makatutulong sa iyo ang babasahing ito.

Ang lahat ng kilos ng tao ay bunga ng proseso ng pagpapasiya. Nagmumula ito sa simpleng pagpapasiya katulad ng: kung anong damit ang isusuot, kung kakain ba ng hapunan, hanggang sa mga komplikadong pagpapasiya katulad ng: kung napasok ba o hindi sa paaralan, sasama ba sa kaibigan sa isang *party* nang walang paalam sa magulang o pakokopayahin mo ba ang kaibigan mo sa pagsusulit at marami pang iba. Alinman sa mga ito ay nangangailangan ng kasanayan upang makagawa ng matalinong pasiya lalo na sa mga sitwasyong moral.

Ang Proseso ng Paggawa ng Mabuting Pasya

Ang mabuting pagpapasya ay isang proseso kung saan malinaw na nakikilala o nakikita ng isang tao ang pagkakaiba-iba ng mga bagay-bagay. Mahalaga ang prosesong ito sa ating pagpili. Ang pagpili ay nangangailangan ng pagkakaroon ng pagtatangi o diskriminasyon. Ang pagpili ng paglalakad sa bangketa ay pagpili na hindi maglakad sa kalsada. Ipinapalagay, sa simpleng pagpili na ito, na alam mo ang kaibahan ng bangketa sa kalsada – kaysa, halimbawa, sa isang lasing na ang paningin at pambalanse ay naapektuhan ng alkohol. Kung mahusay ang pagpapasya, mas malinaw ang mga pagpiling gagawin.

Ang una at pinakamahalagang sangkap sa anomang proseso ng pagpapasya ay **panahon**. Kadalasan ito ang una nating hinihingi upang makagawa ng

pagpapasya sa anomang bagay na inaasahan sa atin. Karaniwan na ang mga linyang “Bigyan mo pa ako ng panahong makapag-isip.”

Ang mga instrumento o gamit sa mabuting pagpapasya ay ang isip at damdamin. Una, ginagamit natin ang ating isip. Pinagninilayan natin ang sitwasyon. Naghahanap tayo ng mga impormasyon at tinitimbang natin ang mga kabutihan at kakulangan sa ating mga pamimilian. Hinihinuha natin ang mga maaring kahantungan o maging epekto ng mga ito. Madalas kumukunsulta tayo sa mga eksperto. Itinatala natin at iniipon ang mga datos tungkol sa suliraning nais nating malutas. Matapos magsuri, higit nating nakikita nang walang kinikilingan ang tamang tunguhin. Ibig sabihin ng walang kinikilingan, ang solusyon na tinitingnan na higit na makabubuti ay maaari ring piliin ng karamihan sa mga tao.


Ngunit hindi lamang ang isip ang umiiral sa ginagawa nating pagpili. Kinukunsulta rin natin ang ating damdamin upang tiyaking kagustuhan nga natin ang ginawang pagpili. Kung kaya’t sinasala ng ating damdamin ang anomang natuklasan ng ating isip upang pagbatayan ng pagpili, upang gawing atin ang pagpapasiya. Ibig sabihin nito, maaaring maunawaan ng iba ang pinanggagalingan ng ating pagpili sa aspektong intelektuwal, ngunit hindi nila sinasang-ayunan ang ginawang pagpili. Maaaring hindi mahalaga sa kanila ang mga bagay na pinahahalagahan natin. Maaari pa nila tayong pagbintangang wala sa katinuan ng pag-iisip.

Dahil dito naaalala natin na mula’t sapul pa, tayo ay may kalayaan at walang mapanagutang pagpapasya ang nagaganap nang walang kalayaan. Maari tayong humingi ng payo sa ating mga malalapit na kaibigan o sa mga eksperto, ngunit hindi natin dapat hayaang maimpluwensyahan tayo ng opinyon ng iba sa paraang nawawalan na tayo ng kalayaan. Nararapat din na malaya sa mga panloob o *subconscious* na pag-uudyok na maaaring pamahalaan ang ating pagpasya ng lingid sa ating kaalaman.

Ang pagpapahalaga ang pundasyon o haligi ng proseso ng mabuting pagpapasya. Kung hinihingi ng pagkakataon na tayo ay mamili, madalas na tinitimbang natin ang mga pamimilian batay sa kung ano ang mahalaga sa atin. Maaring pinipili natin ang pagkain ng gulay dahil sa halaga nito sa ating kalusugan, ayon sa dikta ng ating isip sa kung ano ang tama at ng damdamin ayon sa ating ginugusto.

Ang proseso ng mabuting pagpapasya sa maikling salita ay – “batay sa ating pagpapahalaga, ginagamit natin ang ating isip at damdamin upang tiyakin sa loob ng sapat na panahon ang ating pasya.”

Maaaring ilarawan ang proseso ng mabuting pagpapasya bilang:



Mga Hakbang sa Paggawa ng Wastong Pasya

Maaari rin nating himayin ang proseso ng mabuting pagpapasya. Sundan lamang ang mga sumusunod na hakbang.

1. *Magkalap ng kaalaman.* Ang pagiging tama o mali ng isang pagpapasiya ay nakasalalay sa mga katotohanan. Sa iyong kasalukuyang edad, maaaring hindi pa sapat ang iyong kaalaman ukol sa mga katotohanang ito; kung kaya mahalaga na ikaw ay sumangguni at humingi ng opinyon sa mga taong nakaaalam at mayroong sapat na karanasan tungkol sa mga bagay na iyong pinagninilayan. Halimbawa, makatutulong nang malaki kung isasangguni mo sa iyong gurong pinagkakatiwalaan ang iyong mga agam-agam. Higit na marami na siyang mga kaalaman at karanasan na maaaring kaniyang gamiting batayan sa pagbibigay ng payo. Higit na makatutulong kung makikinig sa iba't ibang pananaw upang makita mo ang problema sa iba't

ibang anggulo. Ngunit mahalagang tandaan na magkakaroon lamang ng kabuluhan ang lahat ng ito kung bukas ang iyong isip sa pagtanggap ng mga mungkahi at payo mula sa ibang tao.

2. *Magnilay sa mismong aksiyon.* Sa anumang pagpapasiya ng tao, mahalaga ang pagninilay sa mismong aksiyon. Maaari mong gamitin ang mga sumusunod na gabay:
 - a. *Kailangan mong suriin ang uri ng aksiyon.* Tanungin mo ang iyong sarili, Ano ba ang aking binabalak na gawin? Ito ba ay naaayon sa pamantayan ng Likas na Batas Moral? Ito ba ay tama?
 - b. *Mahalagang tanungin mo rin ang iyong sarili kung ano ba talaga ang iyong personal na hangarin sa iyong isasagawang aksiyon.* Halimbawa, ang isa bang batang nakatira sa kalye ay laging nararapat na bigyan ng pera? Namulat tayo sa paniniwala na mabuti ang magbahagi lalo na sa mahihirap. Ngunit ang isang mukhang tamang kilos ay hindi laging tama dahil ito ay naaapektuhan ng intensiyon. Ikaw ba ay nagbahagi dahil gusto mo lamang magpasikat sa iyong mga kakilala? O ginawa mo ito dahil sa iyong palagay ay magagamit mo ito upang mabawi ang isang panloloko sa isang kaibigan tungkol sa pera? Kaya mahalagang pagnilayan mong mabuti ang iyong isasagawang kilos dahil tiyak na makaaapekto ang iyong mga hangarin sa pagiging moral ng iyong kilos.
 - c. *Mahalagang tingnan din ang mga pangyayaring may kaugnayan sa aksiyon.* Dahil ang tao ay nabubuhay sa mundo na kasama ang kaniyang kapwa, may epekto sa iyong kapwa ang iyong mga pagkilos. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga na suriin muna kung ano ang magiging kahihinatnan ng iyong kilos bago ito isagawa. Halimbawa, kung ang iyong kapatid ay lagi mong iginagawa ng kaniyang mga gawaing-bahay at proyekto, nakatutulong ba ito sa kaniya? Hindi ba tinuturuan mo siyang maging palaasa at tamad? Hindi ito makatutulong sa kaniyang pagkatuto at paglago. Samakatuwid, kailangang isaalang-alang ang lahat ng bagay na may kaugnayan sa aksiyon upang hindi magkamali sa isasagawang pasiya at kilos.

Pagkatapos makakalap ng kaalaman at mapagnilayan ang isasagawang pagpili ay mayroon ka ng kahandaan upang piliin ang sa iyong palagay ay tama at nararapat.

3. *Hingin ang gabay ng Diyos sa isasagawang pagpapasiya.* Ang panalangin ang pinakamabisang paraan na maaaring gawin upang ganap na maging malinaw kung ano talaga ang plano ng Diyos para sa atin. Dahil sa panalangin, mabibigyang ng linaw sa iyo kung ano talaga ang gusto ng Diyos na iyong gawin. Mahalagang gawin ito upang magkaroon ng lakas na maisakatuparan ang anomang dapat gawin ayon sa paghuhusga ng sariling konsensya.

Ngunit paano kung matapos ang pagkalap ng mga kaalaman, pagninilay at pagdarasal ay nananatili pa rin ang iyong pag-aalinlangan sa iyong pagpili? Ano na ang iyong dapat na gawin? Makatutulong sa iyo ang susunod na hakbang.

4. *Tayain ang damdamin sa napiling isasagawang pasya.* Mahalaga ring isaalang-alang ang ating damdamin o kalooban sa ating gagawing pagpili. Hindi lahat ng lohikal o makatwirang pamimilian ay makabubuti sa atin.

Mahalaga ring isaalang-alang ang ating magiging kasiyahan bunga ng ating ginawang pagpili.

5. *Pag-aralang muli ang pasiya.* Kung nananatili sa iyo ang agam-agam dahil mayroon ka ring pakiramdam na maaari kang magsisi sa iyong pasiya, kailangan mong pag-aralan muli ang iyong pasiya na may kalakip na panalangin at mas ibayong pagsusuri. Maging bukas sa posibilidad na magbago ang pasya pagkatapos ng prosesong pinagdaanan mo.

Marami pang pagpapasiya ang iyong gagawin sa mga darating na panahon kung kaya mahalagang may sapat kang kaalaman tungkol dito. Mahalagang tandaan na sa bawat isasagawang pagpili, laging isasaalang-alang ang *mas mataas na kabutihan (higher good)*. Ito ang natutuhan mo sa Modyul 10, sa Hirarkiya ng Pagpapahalaga ni Max Scheler. Tao lamang ang biniyayaan ng isip at kilos-loob kung kaya mayroon siyang kakayahan na kilalanin at gawin ang tama at nararapat. Halimbawa, nagmana ka ng malaking salapi mula sa isang kamag-anak. Pagkatapos mong matanggap ang pera, ninais mo na magkaroon ng isang engrandeng salu-salo. Ngunit naisip mo na huwag itong ituloy dahil napagtanto mo na ang kaligayahan na maidudulot ng pagsasalu-salo ay panandalian lamang. Sa halip ay nagpasiya kang gugulin ito sa pag-aaral mo ng medisina upang makatulong ka sa mahihirap na may sakit. Mas mataas na kabutihan ang tumulong sa kapwa kaysa sa kasiyahan na maidudulot ng salu-salo. Ito ay dahil may isip at kilos-loob ang tao na makaalam at maglayong gawin ang *mas mataas na kabutihan* para sa kaniyang kapwa at upang ipakita ang pagmamahal sa Diyos.

Habang lumilipas ang panahon ay lumalaki na ang hamon ng lipunan sa bawat indibidwal na mapanindigan ang tama at mabuti. Maraming mga isyu sa lipunan na tunay na susukat sa iyong moral na paninindigan. Kaya't kailangang sapat ang iyong kaalaman at kakayahan tungkol sa pagsasagawa ng moral na pagpapasiya.

Habang lumilipas ang panahon ay lumalaki na ang hamon ng lipunan sa bawat indibidwal na mapanindigan ang tama at mabuti. Maraming mga isyu sa lipunan na tunay na susukat sa iyong moral na paninindigan. Kaya't kailangang sapat ang iyong kaalaman at kakayahan tungkol sa pagsasagawa ng moral na pagpapasiya.

Ang Pahayag ng Personal na Layunin sa Buhay o *Personal Mission Statement*

Isang mabuting giya o gabay sa ating mga pagpapasya ang pagkakaroon ng personal na pahayag ng layunin sa buhay o *personal mission statement*. Ayon nga kay Sean Covey sa kanyang aklat na *The Seven Habits of Highly Effective Teens*,

“Begin with the end in mind.” Kung sa simula pa lang ay alam na natin ang gusto nating mangyari sa ating buhay, hindi na magiging mahirap para sa atin ang mga mahahalagang pagpapasya sa buhay. Ang pahayag ng layunin sa buhay ay maihahalintulad sa isang personal o pansariling *motto* o kredo na nagpapahayag kung ano ang kabuluhan ng iyong buhay. Para itong balangkas ng iyong buhay. Iba’t iba ang paraan ng pagpapahayag ng *mission statement* o layunin sa buhay. Ang iba ay mahaba; ang iba naman ay maikli. Ang iba ay awit; ang iba ay tula. Ang iba naman ay ginagamit ang kanilang paboritong salawikain o kasabihan bilang pahayag ng layunin sa buhay.

Ayon pa kay Covey (1998) ang pahayag ng personal na layunin sa buhay ay maihahalintulad sa isang punong may malalim na ugat. Ito ay matatag at hindi mawawala, ngunit ito ay buhay at patuloy na lumalago. Kailangan natin ang matibay na makakapitan upang malampasan ang anomang unos na dumarating sa ating buhay. Walang permanenteng bagay sa mundo. Lahat ay nagbabago. Maaariing ngayon ay mayaman kayo, bukas naman ay naghihirap; mahal ka ng nobyo mo ngayon bukas may mahal na siyang iba. Maraming bagay na hindi natin mapipigil.

Narito ang ilang mga paraan na iminungkahi ni Sean Covey sa kanyang aklat:

1. Mangolekta ng mga kasabihan o motto. Pumili ng ilang mga kasabihan na may halaga sa iyo at tunay na pinaniniwalaan mo. Maaring ang mga ito na ang gamitin mong pahayag ng iyong personal na layunin sa buhay.
2. Gamitin ang paraang tinawag na “Brain Dump”. Sa loob ng labinlimang minuto ay isulat mo ang anomang nais mong isulat tungkol sa iyong misyon. Huwag kang mag-abalang magsala ng mga ideya o itama ang mga pagkakamali dito. Matapos ang labinlimang minuto ay maari mo na itong salain at itama ang mga pagkakamali sa bararila o gramatika. Sa loob lamang ng 30 minuto ay nakapagsulat ka na ng iyong pahayag ng layunin sa buhay.
3. Magpahinga o maglaan ng oras sa pag-iisip. Magtungo sa isang lugar kung saan ka maaaring mapag-isa. Doon mo pagtuunan ng panahon ang paggawa ng iyong layunin sa buhay sa anomang paraang makatutulong sa iyo.
4. Huwag labis na alalahanin ang pagsulat nito. Hindi kinakailangan ang perpektong pagkakasulat ng layunin sa buhay. Hindi naman ito isang proyekto sa isang asignatura na kinakailangan ng marka ng guro. Ito ay personal mong sekreto. Ang mahalaga, nagsisilbi itong inspirasyon sa iyo. Itanong sa iyong sarili, “Ako ba’y naniniwala sa aking isinulat?” Kung masasagot mo ito ng oo, ay mayroon ka ng pahayag ng layunin sa buhay.


Kailangan ang personal na pahayag ng layunin sa buhay upang panatilihin matatag sa anomang unos na dumating sa iyong buhay. Kailangan ito upang bigyan

ng tuon ang pagtupad sa mga itinakdang mithiin sa buhay. O, ano pa ang hinihintay mo?

Mga Tanong:

1. Ano ang dapat isaalang-alang sa bawat gagawing pagpili?
2. Bakit mahalagang magkalap ng kaalaman bago magsagawa ng pagpapasiya?
3. Bakit mahalagang pagnilayan ang isasagawang kilos?

Paghinuha ng Kakailanganing Pag-unawa (EU)



PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO


Pagganap

Nakita mo ang magandang dulot ng pagkatuto sa tamang pagpapasiya mula sa modyul na ito. Higit na magkakaroon ng kabuluhan ang pagkatutong ito kung maibabahagi mo ito sa iyong kapwa. Kaya, isagawa mo ang gawaing ito.

1. Maghanap ng isang kapamilya, kaibigan o kakilala na nahaharap sa isang suliranin na ngangailangan ng pagpapasiya.
2. Maglaan ng panahon upang siya ay makausap at magabayan sa gagawing pagpili.
3. Ilapat ang natutuhang mga hakbang at iproseso ito kasama ang taong napili. Sa paraang ito, maibabahagi mo sa kaniya ang iyong natutuhan sa modyul na ito.
4. Maaaring humingi ng tulong o paggabay sa iyong guro o kamag-aral kung kinakailangan.


Pagninilay

Magsulat ng pagninilay sa iyong journal. Tapusin ang sumusunod na di-tapos na pangungusap: Ang napulot kong aral mula sa aking karanasan....



Pagsasabuhay

Panahon na para magsulat ka ng iyong pahayag ng layunin sa buhay. Gamitin ang mga natutuhan sa pagbuo nito. Isulat ang iyong layunin sa buhay sa *posts-it* at idikit ito sa iyong salamin o sa lugar na araw-araw mong tinitingnan. Maaari rin itong ipa-laminate at isilid sa iyong pitaka o gawin itong *key chain* o *tag* sa iyong *bag*. Ang mahalaga, ito ay lagi mong nakikita at lagi mong naaalala.



- Maging inspirasyon ng kapwa kabataan
- Mapasaya ang mga magulang
- Gumawa lamang ng magpapasaya at magpapadakila sa Diyos

Mga Sanggunian:

Kohlberg Dilemmas. Retrieved from
<http://www.haverford.edu/psych/ddavis/p109g/kohlberg.dilemmas.html> on May 19,
2011

Covey, Sean; "Habit 2: Begin With the End in Mind"; *The 7 Habits of Highly Effective Teens*; (1998): 105-130

Wolff, Pierre; "Chapter 1:Everybody Has What Is Necessary for Choosing"; *Discernment The Art of Choosing Well*; (1993): 3-11

Asociation of Filipino Franchisers, Inc (AFFI); "Figaro Coffee Company"; *Introduction to Entrepreneurship: Success Stories of Filipino Entrepreneurs*; (2007): 49-63

MODYUL 15: MGA PANSARILING SALIK SA PAGPILI NG KURSO NG AKADEMIKO O TEKNIKAL-

BOKASYONAL O NEGOSYO



ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Sa mga naunang modyul natutuhan mo na ang pagkilala sa sarili ay gabay sa pagtupad ng mga tungkulin tungo sa pagpapaunlad ng sarili. Nakilala mo ang mga angkop na *Inaasahang Kakayahan at Kilos sa Panahon ng Pagdadalaga/Pagbibinata*. Natuklasan mo ang iyong mga talento, kakayahan at kahinaan, mga hilig (Interests), at mga tungkulin bilang nagdadalaga/nagbibinata. Gamit ang mga kaalaman dito nakagawa ka ng mga angkop at makatotohanang pagtatakda ng mithiin sa iba't ibang aspekto ng iyong buhay.

Sa naunang modyul ay nagbigay tuon ka sa halaga ng moral na pagpapasya at nakagawa ng pahayag ng layunin sa buhay na may pagsasaalang-alang sa tama at matuwid na pagpapasya. Nakilala mo rin na mahalagang bahagi ng pagsasakatuparan ng layuning ito ang pagpili ng karera o negosyong tatahakin.

Sa modyul na ito ay inaasahang gagamitin mo ang lahat ng mga pag-unawang ito upang mapaunlad ang mga pansariling salik upang ito ay maitugma sa mga pangangailangan (*requirements*) sa napiling kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay.

Sa huli, inaasahang masasagot mo ang mahalagang tanong: Bakit mahalagang tugma ang mga personal na salik sa mga pangangailangan (*requirements*) sa napiling kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay?

Sa modyul na ito, inaasahang malilinig sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

- a. Natutukoy ang mga personal na salik na kinakailangang paunlarin kaugnay ng pagpapalapano ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay

- b. Natatanggap ang mga pagkukulang sa mga kakayahan kaugnay ng mga pangangailangan sa kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay na napili
- c. Naipaliliwanag na ang pagiging tugma ng mga personal na salik sa mga pangangailangan (*requirements*) sa napiling kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay, ay daan upang magkaroon ng makabuluhang hanapbuhay o negosyo at matiyak ang pagiging produktibo at pakikibahagi sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa
- d. Naipakikita ang pagkilala sa sarili at ang kasanayan sa pagtatakda ng mithiin sa pamamagitan ng paggawa ng *Goal Setting and Action Planning Chart*

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

- Pagtatakda ng panahon sa pagkakamit ng mga mithiin
- Pagkakaroon ng sistema, pamamaraan at pamantayan sa pagsukat ng kanyang pagsulong o pag-unlad tungo sa pagkakamit nito
- Pagtukoy sa mga tiyak na hakbang tungo sa pagkakamit ng mithiin
- Pagtukoy sa mga maaring maging balakid o hadlang sa pagkakamit ng mithiin at gayundin ng mga paraan upang malampasan ang mga ito
- Pagkakaroon ng sistema ng pagpapabuya o paggantimpala para sa mga nakamit na mithiin upang magkaroon ng pagpupunyaging magpatuloy
- Pagkakaroon ng puwang sa mga pagbabago o pagpapabuti sa plano



PAUNANG PAGTATAYA

Panuto: Piliin ang titik ng salita, mga salita o pahayag na tinutukoy sa pangungusap.

Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

1. Ito ay preperensya sa mga partikular na uri ng gawain. Ito ang naggaganyak sa iyo na kumilos at gumawa.
 - a. Hilig
 - b. Pagpapahalaga
 - c. Kakayahan
 - d. Mithiin
2. Sa kabilang banda, ito ay kalakasan (“power” o mas akma, “intellectual power”) upang makagawa ng isang pambihirang bagay tulad sa musika o sa sining. Ito ay likas o tinataglay ng tao dahil na rin sa kanyang *intellect* o kakayahang mag-isip.
 - a. Hilig
 - b. Pagpapahalaga
 - c. Kakayahan
 - d. Mithiin

3. Siyang nagiging dahilan upang ang isang bagay o ideya ay maging kanais-nais, kaiga-igaya, kahanga-hanga o kapaki-pakinabang. Mga motibo upang piliin ang isang hakbangin o pasya. (Hall, 1973)
 - a. Hilig
 - b. Pagpapahalaga
 - c. Kakayahan
 - d. Mithiin
4. Ito ay ang pinakatunguhin o pinakapakay ng iyong nais na marating o puntahan sa hinaharap. Sa simpleng salita, ito ang nais mong mangyari sa iyong buhay sa hinaharap.
 - a. Hilig
 - b. Pagpapahalaga
 - c. Kakayahan
 - d. Mithiin
5. Isa sa mga hakbang sa pagtatakda ng mithiin ang pagkakaroon ng tuon sa nais nating maabot, may kasiguruhan at pinag-isipan.
 - a. Tiyak o *Specific*
 - b. Nasusukat o *Measurable*
 - c. Naabot o *Attainable*
 - d. Angkop o *Relevant*
 - e. May itinakdang panahon o *time-bound*

Panuto: Isulat sa kwaderno ang salita o mga salitang tinutukoy sa mga sumusunod na sitwasyon. Pumili sa mga salita o mga salitang nakasulat sa kahon.

a. *job market* b. *labor market information* c. *job mismatch*

1. Si Lara Faye ay isang *medical sales representative* sa isang malaking kumpanya ng gamot. Siya ay nagtapos ng medisina sa isang kilalang pamantasan sa Maynila.
2. Matagal nang nagtrabaho si Auring sa pagawaan ng payong. Sa katunayan siya ngayon ay isa nang tagapangasiwa roon. Nagsimula siya bilang isang manggagawa sa *assembly line* bagama't siya noo'y isa nang lisensiyadong guro.
3. Nakatira si Mang Juan sa isang kariton sa kanto ng Aurora Boulevard at St. Michael Street. Naisanla nito ang lupang sinasaka nang magkasakit ang asawa at kinailangang lumuwas ng Maynila upang magtrabaho. Mag-iisang taon nang namumulot ng basura si Mang Juan para kumita at makaipon upang muling makabalik ng probinsya.
4. Maraming mga trabahong nakalathala ngayon sa peryodiko ang wala pa sa listahan ng mga trabaho noong dekada 90.
5. Isa sa mga *in-demand* na trabaho ngayon ang mga may kaugnayan sa *cyberservices*.



PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Basahin ang pag-uusap ng mga kabataan sa larawan.



Panuto: Isulat sa kuwaderno ang iyong mga sagot sa sumusunod:

1. Iba't iba ang mga motibasyon o dahilan nila sa pagpili ng kurso o negosyong tatahakin. Itala mo ang mga salik na nabanggit dito.
 - a. Halimbawa - D. Hilig o interes
 - b. _____
 - c. _____
 - d. _____
2. Nakaiimpluwensya ba ang mga kakayahan, kahinaan, pagpapahalaga at hilig o interes sa iyong pagkakamit ng mga mithiin sa buhay? Ipaliwanag.

3. Makatutulong ba ang kaalaman sa iyong mga kakayahan, kahinaan, pagpapahalaga at hilig o interes sa pagkakamit ng mithiin sa buhay? Ipaliwanag.

4. Bukod sa mga pansariling salik mayroon pa bang ibang mga salik na dapat isaalang-alang sa pagpili ng kursong pang-akademiko o teknikal-bokasyonal o negosyo? Anu-ano ang mga ito?

Ikaw ano ang pinapangarap mong karera o negosyo balang araw? Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

1. Naaayon ba ito sa iyong mga mithiin? Pangatwiran.
2. Naaayon ba ito sa iyong layunin sa buhay?
3. Ano-ano ang mga naging batayan mo sa pagpili ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay? Ipaliwanag.

Sa unang markahan ay sinukat mo ang iyong mga kakayahan, kahinaan, at mga hilig o interes sa pamamagitan ng iba't ibang instrumento tulad ng *Multiple Intelligences Survey* at *Interest Focus Inventory*. Nagbalangkas ka rin ng mga hakbang upang mapaunlad ang mga hilig at mapalakas ang iyong mga kahinaan. Sa ikaapat na markahan ay inaasahang mayroon ka nang mga naging paglago sa mga salik na ito. Gumawa ng ulat ng iyong pag-unlad sa pagsasagawa ng mga hakbang na ito.

Ulat ng Pagpapalakas ng mga Kahinaan Ayon sa *MI Survey/ Chart of Abilities*

Mga Kahinaan	Mga Naging Pag-unlad
Halimbawa: Mahina sa	Tumaas ang marka sa matematika ng limang puntos Naging kalahok sa Math Quiz Bee sa paaralan

Matematika	
Mahina sa Pagsasayaw	Naging kabilang sa dance troupe ng paaralan na lumalahok sa iba't ibang patimpalak sa katutubong sayaw

Ikaw naman:

Mga Kahinaan	Mga Naging Pag-unlad

Ulat ng Pag-unlad sa mga Hilig o Interes

Mga Interes na kailangang paunlarin	Mga Naging Pag-unlad
Halimbawa: Hilig na may tuon sa tao: Paglalaro ng badminton	Aktibong miyembro at tagapagturo ng badminton sa Badminton Club sa barangay
Hilig na may tuon sa bagay: Pagluluto	Nagluluto ng hapunan para sa pamilya tuwing araw ng Sabado at Linggo
Pagtugtog ng gitara	Aktibong miyembro ng <i>glee club</i>

Ikaw naman:

Mga Interes na kailangang paunlarin	Mga Naging Pag-unlad

Sagutin:

Nakaimpluwensya ba sa iyong pagbuo ng layunin sa buhay at pagpili ng kurso akademiko o teknikal-bokasyonal o negosyo ang mga naging pag-unlad na ito sa iyong mga kahinaan at mga hilig o interes? Ipaliwanag.



PAGLINANG NG KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

1. Pagpili ng kursong akademiko o teknikal bokasyonal o negosyo at pagtatakda ng mithiin kaugnay ng pagtatatag ng karera o negosyo batay sa mga pamantayan sa pagtatakda ng mithiin, ang SMARTA:
Panuto: Sa kalahing bahagi ng index card ay isulat ang iyong mithiin. Ibatay ang iyong mithiin sa iyong pinaplanong kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay.

Halimbawa:

Ang aking napiling kurso ay Medisina

Ang aking minimithing karera o negosyo ay kaugnay sa larangan ng Medisina

Matapos gawin ito , tayain ang ginawang mithiin gamit ang sumusunod na kraytirya:

S – *pecific* (Tiyak)

M- *asurable* (Nasusukat)

A - *tainable* (Naabot/Makatotohanan)

R- *elevant* (Makabuluhan)

T- *ime-bound* (May itinakdang panahon)

A - *ction oriented* (May kaakibat na pagkilos)

TANDAAN:

Sa pagtatakda ng mithiin mahalagang isaalang-alang ang mga pamantayan sa pagbuo ng mahusay na mithiin. SMARTA (Sta. Maria, 2006)

1. Ang mahusay na mithiin ay tumutukoy sa mga tiyak na hakbang o pagkilos na gagawin. Halimbawa: Hindi mo lamang sasabihin na “Nais kong maging isang doktor,” kundi, “Tatapusin ko ang mga pangangailangang pag-aaral para kursong *pre-med* at medisina sa Pamantasan ng Sto. Tomas labinlimang taon mula ngayon.”
2. Kung nasusukat ang mithiin nasubaybayan natin ang ating pagsulong sa pagtatamo ng mithiin at natutukoy kung kailan ito nakamit na. Halimbawa: Kung alam natin ang mga pangangailangan (*course requirements*) sa kursong medisina, malalaman mo kung ano-ano ang natapos mo na at kailangan pang tapusin.
3. Ang isang mahusay na mithiin ay makatotohanan o posibleng maabot ngunit mapanghamon. Halimbawa: Ang pagtatapos sa kursong medisina sa loob ng siyam na taon kung kapos sa buhay ang pamilya at kinakailangang maghanapbuhay upang suportahan ang sariling pag-aaral ay hindi makatotohanan. Gayonpaman maaaring maging isang mapanghamong sitwasyon ito kung saan magkakaroon ng pagkakataong mapagsumikapang mapaunlad ang sarili. Mas nagiging makabuluhan ang pagtatamo ng mithiin kung nangangailangan ito ng pinakarurok ng ating kakayahan.

4. Ang mithiing ating itinatakda ay karaniwang siyang ating inaakala na makapagbibigay sa atin ng kasiyahan o makapupuno sa ating pangangailangan. Ngunit may pagkakataong tayo ay nabubuyo o naiimpluwensyahan lamang ng damdamin. Mas mahusay ang mithiin kung ito ay pinag-isipan at ginawa nang may hinahon.
 5. Nararapat lamang na may takdang panahon ang pagkakamit o pagkatupad ng mithiin upang hindi masayang ang ating pagsusumikap sa mga bagay na maaring walang patutunguhan o katiyakan. Dapat na maglagay lamang tayo ng takdang panahon sa isang mithiin upang nang sa gayoy makagawa ng alternatibong aksyon na maaring maging mas epektibo sa mas maikling panahon.
 6. Sa pagsusulat ng mithiin nararapat na ito ay gumagamit ng pandiwa. Ito ay dapat na nasa loob ng isang buong pangungusap. Ang lahat ng mithiin ay dapat na isinasakatuparan.
2. Basahin ang mga sumusunod na anekdota hinggil sa dalawang taong naging matagumpay sa kanilang trabaho o negosyo.



Isa sa pinakasikat na *toothpaste* sa Pilipinas ngayon ang Happee Toothpaste. Produkto ito ng Lamoian Corporation na itinatag ni G. Cecilio Pedro, isang Pilipinong mangangalakal na nagtapos sa isang prestihiyosong pamantasan sa Pilipinas. Ang tagumpay ni G. Pedro sa pagtatatag ng *Lamoian Corporation* ay isang matingkad na halimbawa ng pagbangon buhat sa pagkakalugmok. Dating pinuno ng Aluminum Container, Incorporated si G. Pedro. Ang *Aluminum Container Incorporated* ang nagtutustos ng mga tubong aluminyo (*aluminum tubes*) para sa *toothpaste* sa mga kumpanyang Colgate Palmolive, Procter and Gamble at ang Unilever. Nagsara ito noong 1985 dahil sa mga pagbabago sa teknolohiya at sa mga pagbabawal kaugnay ng pangangalaga sa kalikasan. Gayonpaman hindi naging sanhi ito upang tuluyang isaisantabi ang mga naipundar na mga kagamitan at makinarya ng kumpanya. Napagpasyahan nitong magtatag ng sariling pagawaan ng *toothpaste*.

Ang Happee *toothpaste* ang naging kaunaunahang *toothpaste* na tunay na gawang Pilipino. Sinadyang ibenta ito ng halos 50% na mababa kaysa sa mga sikat na tatak dayuhan. Naging matagumpay ito kung kayat napilitan ang mga kalaban nitong babaan din ang presyo ng kanilang produkto. Muli ay nakaisip ng inobasyon si G. Pedro. Nagtimpla sila ng iba't ibang uri ng lasa ng *toothpaste*. Gumawa rin sila ng *toothpaste* na may iba't ibang lasang pambata na ibinebenta sa mga kahong may disenyong pambata.

Dalawampung taon mula ng itatag ang Lamoayan, ang murang *toothpaste* na Hapee ay ibinebenta na rin sa Tsina, Vietnam at Indonesia sa ngayon.

Hindi lingid sa marami na higit na nakapagbibigay inspirasyon ang pagbibigay ng kumpanyang ito ng pagkakataong makapaghanapbuhay sa mga kababayan nating may kapansanan sa pandinig. Sa ngayon, mayroon itong libreng pabahay para sa mahigit tatlung mga manggagawa. Ang mga regular na manggagawa ay inoobligang mag-aral ng *sign language* para sa pakikipagtalastasan sa mga may kapansanan nitong kasamahan.


Mula ng itatag ang kumpanya, mahigt 180 bingi at piping kabataan na ang tumanggap ng libreng pag-aaral sa kolehiyo sa pamamagitan ng D.E.A.F. o *Deaf Evangelistic Alliance Foundation*. Ang programang ito ay pinangunahan din ni G. Cecilia K. Pedro at kinikilala ng Kagawaran ng Edukasyon sa bansa. Ang *corporate motto* ng kumpanya “*Making a difference for the Glory of God*”.



Si Diosdado Banatao ay anak ng isang magsasaka sa Cagayan Valley. Noon, tinitiiis niyang maglakad ng nakayapak patungo sa paaralan araw-araw para lamang makatapos ng elementarya at haiskul. Dahil sa kanyang pagnanais na makatapos nang kolehiyo nagtungo ito sa Maynila upang mag-aral ng *electrical engineering* at nakatapos naman na *cum laude* dahil sa likas na talino, sipag at pagtitiyaga.

Dahil sa kanyang kahusayan sa pag-aaral, siya’y agad na nakapagtrabaho bilang nagsasanay na piloto sa *Philippine Airlines*. Ito ang naging daan upang magkatrabaho sya sa *Boing Co.* bilang *design engineer* sa Amerika. Doon, nagtapos siya ng *Master’s Degree* sa *Electrical Engineering* at *Computer Science* sa Stanford University.

Sa kanyang pagtrabaho sa mga pinakamahuhusay na *technology companies* sa America, nagkaroon si Banatao ng pagkakataong idisenyo ang kauna-unahang *single-chip 16-bit microprocessor-based calculator*. Noong 1981, ang *Ethernet* ay naghahanap ng mas mahusay na paraan ng pag-uugnay ng mga *computers* at si Diosdado ang itinalaga ng Seeq Technology para gawin ito. Si



Diosdado Banatao ang gumawa ng *single-chip controller* na nagbibay ng *data-link control* at *transreceiver* para sa 10-Mbit Ethernet CMOS.

Itinatag ni Diosdado ang kanyang unang kumpanya noong 1985 sa kapital na \$500,000 - ang Monstroni. Wala pang isang taon ay kumita na ang kanyang kumpanya ng \$12 million. Noong 1996, ibinenta ni Diosdado ang *Chips and Technologies Co.* sa Intel sa halagang \$430 million.

Hindi nalimutan ni Diosdado ang bayang tinubuan. Ang "*Banatao Filipino American Fund*" ay nagbibigay ng *engineering scholarship* sa mga Pilipinong mag-aaral ng Northern California. Ang paaralang elementary sa Cagayan Valley ang tanging paaralan sa rehiyon na may pinakamodernong *computer system*. Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

1. Anu-anong mga pagpapahalaga ang tinataglay nina G. Pedro at G. Banatao?
2. Paano nakatulong ang mga pagpapahalagang ito sa kanilang tagumpay?
3. Anu-ano ang mga taglay mong pagpapahalaga kaugnay ng paggawa? Ipaliwanag.
4. Anong mga pagpapahalaga ang kailangan mong linangin o paunlarin upang maging matagumpay ka sa iyong napiling karera o negosyo?
5. Paano makatutulong ang mga natuklasan mong mga sariling pagpapahalaga sa pagtatagumpay sa gusto mong kurso akademiko o teknikal-bokasyonal o negosyo?

Kailangang paunlarin ang mga pagpapahalagang makatutulong sa pagkakamit ng mga mithiin at layunin sa buhay. Ang mga pagpapahalagang tulad ng pagtitiyaga, pagpupunyagi at kababaang-loob ay siyang karaniwang susi sa pagtatagumpay ng maraming mga Pilipinong nangarap at nagtakda ng mga mithiin at may layunin sa buhay.

3. *Exploring Occupations at Business Worksheet*

Panuto: Balikan ang iyong pangarap na karera o negosyo. Itala ang tatlo hanggang limang larangan na kaugnay sa karera o negosyo na pinapangarap mo at akma sa iyong mga pansariling salik sa pagpili ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay. Halimbawa: Itinakdang Mithiin: Makapagtapos ng medisina sa Unibersidad ng Sto. Tomas sa loob ng 15 taon

Kaugnay na mga larangan na akma sa kakayahan, interes at pagpapahalaga:

1. Betirinaryo (*Vetirinary Medicine*) – Hilig ko ang pag-aalaga ng mga hayop. Alam kong mayroon akong sapat na kakayahan (talino at lakas) para sa

pag-aaral ng medisina. Mayroon akong sipag at tiyaga para matapos ang mahabang pag-aaral dito.

2. *Pediatrician* – Dagdag pa sa nauna, magiliw ako sa mga bata at malapit din ang mga bata sa akin.
3. *Forensic Doctor (Coroner)* – Mas nais ko ang magtrabaho ng mag-isa sa isang tahimik na lugar. Hindi ko gusto ang makipag-usap sa maraming tao

Gamit ang *Exploring Occupations at Business Worksheet* (Abiva, 1993), ay mangalap ng sapat na impormasyon tungkol sa iyong mga minimithing trabaho o negosyo. Kakailanganin ng isang *Worksheet* para sa bawat trabaho o negosyo.

Mga maaariing gamiting sanggunian: bahaging Classified Ads o Job Market ng pahayagan, website para sa *job market*, website ng POEA at DOLE, mga polyetos sa *guidance center*, o maaring aktuwal na panayam sa isang taong naging matagumpay sa larangang iyong minimithi.

Mga Kinakailangang Impormasyon	Trabaho o Negosyo: Halimbawa: Pagdodoktor/Medisina Betirinaryo
Mga Pangunahing Gawain o Tungkulin	Manggamot ng mga hayop
Para sa Negosyo: Gaano kalaki ang puhunan?	Php 600, 000 humigit kumulang
Natapos na antas ng pag-aaral o natapos na kursong akademiko o teknikal bokasyonal?	Medisina
Mga kinakailangang kasanayan	Panggagamot Pag-ooopera
Mga pagpapahalaga	Pagtitimpi, pagtitiyaga, pagmamahal
Mga kaugnay na interes o hilig	Pag-aalaga ng hayop

<p>Kalagayan sa paggawa (<i>working conditions</i>) Halimbawa: Maingay ang paligid, nakatayo, maraming taong kailangang harapin, mabilis ang mga transaksyon, walang masyadong kahalubilong tao, mabagal ang transaksyon, at iba pa.</p>	<p>May pagkakataong may kaunting panganib na makagat ng mga hayop na ginagamot</p>
<p>Mga oportunidad sa paglago bilang manggagawa, empleyado o negosyante</p>	<p>Maaring magtayo ng sariling klinika. Maaring maghayupan (<i>poultry, piggery, cattle raising, etc.</i>)</p>
<p>Maaring kitain o sahurin</p>	<p>Php 800, 000 humigit kumulang sa isang taon</p>
<p>Iba pang mga benepisyo (<i>travel</i> o pangangibangbayan, <i>scholarships</i>, at iba pa)</p>	<p>Nakadadalo sa mga kumbensyon para sa mga beterinaryo sa loob at labas ng bansa</p>
<p>Ano ang pinakagusto mo sa napiling trabaho o negosyo?</p>	<p>Nasisiyahan sa pag-aalaga ng iba't ibang uri ng mga hayop</p>
<p>Ano ang pinakaayaw mo sa napiling trabaho o negosyo?</p>	<p>Ang panganib na makagat ng mga pasyenteng ginagamot</p>

Ikaw naman:

<p>Mga Kinakailangang Impormasyon</p>	<p>Trabaho o Negosyo: Halimbawa: Pagdodoktor/Medisina Betirinaryo</p>
Mga Pangunahing Gawain o Tungkulin	
Para sa Negosyo: Gaano kalaki ang puhunan?	
Natapos na antas ng pag-aaral o natapos na kursong akademiko o teknikal bokasyonal?	
Mga kinakailangang kasanayan	
Mga pagpapahalaga	
Mga kaugnay na interes o hilig	
<p>Kalagayan sa paggawa (<i>working conditions</i>) Halimbawa: Maingay ang paligid, nakatayo, maraming taong kailangang harapin, mabilis ang mga transaksyon, walang masyadong kahalubilong tao, mabagal ang transaksyon, at iba pa.</p>	
Mga oportunidad sa paglago bilang manggagawa, empleyado o negosyante	
Maaring kitain o sahurin	
Iba pang mga benepisyo (<i>travel</i> o pangigingibangbayan, <i>scholarships</i> , at iba pa)	
Ano ang pinakagusto mo sa napiling trabaho o negosyo?	
Ano ang pinakaayaw mo sa napiling trabaho o negosyo?	

Karagdagang impormasyon tungkol sa napiling kurso akademiko o teknikal-bokasyonal o negosyo:

Makatutulong sa iyo ang kaalaman tungkol sa *Key Employment Generators* o ang mga sektor ng paggawa na may potensyal na tumaas ang pangangailangan sa mga trabahong kaugnay nito sampung taon mula ngayon.

Key Employment Generators

Cyberservices. Ang *Information and Communications Technology (ICT)* ang natukoy na pinakamataas ang potensyal sa pagbibigay ng trabaho sa mga kursong *knowledge-based*. Patuloy ang paglago ng industriya ng *cyberservices* o mga serbisyong ibinibigay sa *cyberspace* o *internet* tulad ng *teleservices*, *e-services*, *IT Outsourcing*, *IT-enabled services*, *ICT-enabled services* at mga *business process outsourcing*.

Mga Kinakailangang Manggagawa: *Call Center Agents*

Mga Gawaing Mahirap Punan: *Accountant, HR Outsourcing Specialist (Back Office Processing), Medical Transcription Editor, Medical Transcriptionist, software development, Computer Programmers, Developer (Software, Web), IT/Information Technology (MIS Developer, Platform Engineer), Specialist (Learning Solution, System and Technical Support), Animation Artist, In-Between Artist/In betweener, Clean Up Artist, Clean Up Art Checker, In Between Checker, Animation checker, Web designer, Multimedia Artist, Library builder, Layout artist, 2D digital animator*

Kalagayan ng *Supply at Demand*

- *Surplus* sa – *entry level animators, finance and accounting analysts, and IT operations analysts*
- *Shortage* sa – *human resource analysts, engineering analysts; customer contact agents*
- Sa *short-term* ang *supply* ng *medical transcriptionists* ay mahigit sa kailangan.
- Kulang din tayo ng *editors* at *software developers*

Mga Kurso sa Kolehiyo: *Architectural and town planning, business administration ang related courses, engineering and technology, fine and applied arts, humanities, law and jurisprudence, mass communication and documentation, mathematics, information technology, medical ang allied courses, natural sciences, social and behavioral sciences.*

Agri-Business. Lubhang mahalaga ang papel na gagampanan ng *agribusiness* sa pagbaba ng kahirapan sa bansa kung ito'y pagtutuunan ng higit na atensyon.

Mga Kinakailangang Manggagawa:
Aquaculturist tulad ng Aquaculture Farm Caretaker, Aquaculture Facilities Repair & Maintenance, Fish Nursery Worker, Shrimp and Fish Grow Out Worker, Prawn Cultivator; Animal Husbandry; Agriculturist Economist; Coconut Farmer; Entomologist (plant); Farmer (Fruit, Vegetable and Root Crops); Fisherman, Horticulturist; Plant Mechanic; Rice Tresher Operator-Machanic; Veterinarian; Pathologist.



Mga Gawaing Mahirap Punan : May kakulangan sa kasanayan sa sumusunod: *Food processor/Food Technician at Fishery Technologist*

Kalagayan ng Supply at Demand

- Ayon sa datos mula sa *Provincial Skills Priority (PSP) Survey* na ginawa ng TESDA patuloy ang pagtaas sa supply sa mga ganitong uri ng hanapbuhay. Animnapung (60%) ay sa *aquaculture* at dalawampu't walong (28%) ang sa *crop production*.



Health Related at Medical Tourism. Sa kasalukuyan ay may pagbaba ang bilang ng mga manggagawa sa sektor na ito na nananatili at nagtatrabaho sa Pilipinas. Gayunpaman, hinuhulaang sa mga darating na taon ay tataas ang *demand* sa ganitong uri ng mga propesyon dahil sa potensyal ng bansa bilang lugar para sa pagpapagamot, pagpapaganda, paglilibang at pagpapahinga.



Mga Kailangang Manggagawa: **Sa Health:** *nurse, herbologist, optician, optometrist* **Sa Medical Tourism:** *surgeons, ophthalmologists, dentists at cosmetic reconstructive surgeons, nurses, oral-maxillo*

facial surgeons at mga interpreter/translators, IT professionals na may kasanayan sa medical IT equipment, mga call center agents na may kasanayan sa health care.

Kalagayan ng Supply at Demand

- May malaking kakulangan sa health professionals sa bansa dahil sa pangigingibang bayan ng mga ito. Walumpu't limang porsyento (85%) sa ating mga nurses ay nagtrabaho sa ibang bansa habang labinlimang porsyento (15%) lamang ang nagtrabaho sa bansa.
- Lahat ng propesyong kaugnay ng *Medical Tourism* ay may malaking kakulangan sa ngayon bagamat nagsisimula pa lamang ang industriyang ito sa Pilipinas.

Hotel at Restaurant. Kakambal ng pag-angat ng industriyang turismo ang pagtaas ng potensyal ng industriyang ito sa pagbibigay ng maraming trabaho. Ayon sa MTPDP sa tinatayang 5 milyong pagdating ng turista may 3 hanggang 6 na milyong trabaho ang kakailanganin.

Mga Kinakailangang Manggagawa: *Front office agents/attendants, receptionists, bakers, chefs, waiters and bartenders, resort/restaurant/eateries workers, food servers and handlers, food and beverages service attendants.*

Mga Gawaing Mahirap Punan: *Commisary Cook, Pastry Cook, Hot-Kitchen Cook, Pantry Worker/Cold Kitchen*

Kalagayan ng Supply at Demand

- May kakulangan sa mga kasanayan sa *housekeeping services*. Tinatayang kulang ng 32, 352 na manggagawang ito ang bansa
- Kulang din ang manggagawa sa *food services* (24, 458) and *beverage services* (23, 401).
- Tumataas din ang demand ng ganitong uri ng trabaho sa ibang bansa kung kaya't nadadagdagan pa ang mga bilang na ito

Pagmimina. Dahil sa pagpasa ng batas na *Philippine Mining Act of 1995* ay lumalaki ang demand sa mga manggagawa para sa industriyang ito.

Mga Kinakailangang Manggagawa: Lahat ng mga gawain o trabaho dito ay mahirap mapunan.

Mga Gawaing Mahirap Punan : *Mining Engineer, Geodetic Engineer, Metallurgical Engineer, Mining & Metallurgical Technician*

Kalagayan ng Supply at Demand

- May malaking kakulangan sa supply ng propesyonal partikular sa *core operations* tulad ng *geologists, mining engineers at metallurgical engineers.*

- Noong 2005 3, 754 lamang ang nagtapos sa mga kursong kaugnay ng pagmimina.
- Mula pa noong 2006 hangang 2010 875 lamang ang inaasahang magtatapos sa mga kursong tulad ng *materials engineering, metallurgical engineering, mining engineering, geology, geodetic engineering, material science engineering, associate diploma in metallurgical engineering at ceramics engineering.*
- Patuloy pa rin ang pagtungo sa ibang bansa ng ating mga propesyonal sa pagmimina.

Construction. Pinakamataas ang demand sa industriya para sa *fabricator, pipe fitter at welder.* May 57, 114 na mga welder na nagtrabaho sa ngayon ay may sertipiko mula sa TESDA. Wala ni isa namang nabigyan ng sertipikasyon ang TESDA para sa *fabricator at structural steel erector.* Lisang institusyon lamang ng TESDA ang nagsasanay para dito at nakapagsasanay lamang ang mga ito ng 150 mag-aaral taon taon. Ang tanging programa ng pagsasanay para sa trabahong ito ay *Structural Erection NC II.*



Mga Kinakailangang Manggagawa: *Fabricator, Pipe Fitter, Welder*

Mga Posisyong Mahirap Punan: *Civil Engineer, Electrical Engineer, Design and Structural Engineer, Planning and Contract Engineer*

Banking and Finance. May mahigit sa walong libong mga nagtapos ng mga kursong tulad ng *Business Administration, Business Management, Commercial Science/Arts and Entrepreneurial Management, Banking and Finance or Business Management* ang makapupuno sa mga pangangailangan sa mga manggagawa para sa industriyang ito.

Mga Kinakailangang Manggagawa: *Operations Manager, Teller*

Mga Posisyong Mahirap Punan: *Accounting Clerks, Bookkeepers, Auditor, Cashier, Credit Card Analyst, Finance Analyst/Specialist, Accountant (Account Officer, Analyst), Risk Management Officer/Manager*

Manufacturing. Ayon sa DOLE, ang sector na ito nay may 9, 185 lamang para sa mga kritikal na trabaho tulad ng *machine operators, lathe operators, bench workers/fitters, technicians, machinists, sewers at tailors.*

Mga Kinakailangang Manggagawa: *Electrical Technicians, Finance and Accounting Managers, Food Technologist, Machine Operators, Sewer*

Mga Posisyong Mahirap Punan: *Chemist, Electrical Engineer, Industrial Engineer, IT Specialist, Machinist, Mechanical Engineers, Mechanical Technicians, Chemical Engineer.*

Ownership Dwellings, Real/Retirement Estate. Mayroong 3, 456 na mga lisensyadong *building manager, civil engineer, at construction manager* sa taong 2009. Ang mga propesyong tulad ng *civil engineer, mechanical engineer, surveyor* at arkitekto ay ilan sa mga posisyong mahirap punan. Ayon sa CHED mayroong 172 na lisensyadong *surveyor* lamang sa Pilipinas sa 42 institusyon. Sa kabuuan ang sector ng edukasyon ay nakapagpapatapos lamang ng 6, 252 na mga potensyal na manggagawa para sa mga kritikal o mahirap punang posisyon sa 399 lamang na institusyon.

Mga Kinakailangang Manggagawa: *Building Manager, Construction Manager, Construction Worker, Foreman, Mason, Welder, Real Estate Agents/Brokers, Marketer*

Mga Posisyong Mahirap Punan: *Civil Engineer, Mechanical Engineer, Surveyor, Architect*



Transport and Logistics. Kinakailangan ng TESDA na makahikayat ng maraming mga manggagawa sa sector na ito

upang kumuha ng pagsusulit sa Automotive Servicing NC III. Kinakailangan ding kontrolin ng pamahalaan ang paglipat sa ibang bansa o *international airlines* ng mga piloto at *aircraft mechanics*.



Mga Kinakailangang Manggagawa: *Checker, Maintenance Mechanic, Stewardess*

Mga Posisyong Mahirap Punan: *Gantry Operator, Ground Engineer, Heavy Equipment Operator, Long Haul Driver, Pilot, Transport and Logistics Machinery Operator, Aircraft Mechanic and other related skills.*

Wholesale and Retail. Ang industriyang ito ay patuloy na umuunlad sa bansa dahil sa gumagandang takbo ng ekonomiya. Habang dumarami ang mga *wholesale at retail enterprises* sa bansa tumataas din ang pangangailangan sa manggagawa sa industriyang ito.

Mga _____ Kinakailangang _____ Manggagawa:
Salesman/Saleslady, Promodizer

Merchandiser/Buyer,

Posisyong Mahirap Punan: *Cashier*

Oversees Employment. Ayon sa DOLE ang Pilipinas ang pinakamalaking exporter ng manggagawa sa Asya. Isa rin itong epekto ng *jobs mismatch* at kawalan ng trabaho sa bansa. Bagama't nakatulong ito sa pagpapasok ng dolyar sa bansa, marami ring negatibong epekto ang migrasyon partikular sa pamilyang Pilipino. May manggagawang Pilipino sa lahat na halos ng bansa sa daigdig. Patuloy ang pagtaas ng migration ng mga Pilipino sa ibang bansa. Patuloy pa rin ang ating mga propesyonal sa pagtungo sa ibang bansa upang magtrabaho. Karamihan dito ay mga propesyong kaugnay ng maritime industry, construction at sektor ng edukasyon. Kung hindi matutugunan ang suliranin sa kawalan ng trabaho, *underemployment* at *job mismatch*, patuloy pa ring mangingibang bansa ang mga kababayan natin.



Gumawa ng *portfolio* ng mga ginawang pagsukat at pagtataya ng mga pansariling salik sa pagpili ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo hanapbuhayo. Ang *portfolio* ay maglalaman ng mga sumusunod:

- ✓ *Chart of Abilities* (Pagraranggo ng mga kakayahan, ang paliwanag sa resulta ng pagtataya ng kakayahan sa pamamagtan ng *Chart of Abilities*, at ang ginawang pagninilay tungkol dito.)
- ✓ *Multiple Intelligences Survey*
- ✓ *Interest Focus Inventory* (*Chart of Interest*, *Chart of Focuses*, at ang ginawang pagninilay tungkol dito)
- ✓ *Mga Sariling Pagpapahalaga Kaugnay ng Paggawa* (Kasama rin ang paliwanag tungkol sa mga pagpapahalagang ito at ginawang pagninilay)

Rubric sa Pagtataya ng Portfolio

Puntos	Mga Nilalaman	Konsepto	Pagninilay	Kabuuan
21-25	Lahat ng mga gawain ay nakapaloob kasama ang mga ginawang paliwanag at pagninilay at may iba pang karagdagan .	Makikita sa mga awtput na naunawaan ng mga mag-aaral ang konseptong kailangang matutunan. Naipakita na nahasa ang kasanayang layuning sanayin sa pamamagitan ng mga gawain .	Ipinakikita sa mga isinulat na pagninilay ang malinaw na pagkilala sa sarili at ang kasanayan sa pagsusuri ng mga sarili.	Ang mga nilalaman ay malinaw na naisa-isa at naipakita ang kaugnayan ng bawa't isa, may kaayusan, at malikhaing nailathala.
16-20	Lahat ng mga gawain ay nakapaloob kasama ang mga ginawang paliwanag at pagninilay.	Makikita sa awtput na sa pangkalahatan ay naunawaan ng mag-aaral ang konseptong kailangang matutunan. Naipakita na sa pangkalahatan ay nahasa ang mga kasanayang layuning sanayin sa pamamagitan ng mga gawain.	Ipinakikita sa mga isinulat na pagninilay ang pagkilala sa sarili ng mag-aaral.	Ang mga nilalaman ay naisa-isa at naipakita ang kaugnayan ng bawa't isa.
11-15	Lahat ng mga gawain ay nakapaloob	Makikita sa awtput na bahagyang naunawaan ng mag-aaral ang konseptong	Ipinakikita sa mga isinulat na pagninilay na may bahagyang pagkilala sa sarili	Ang mga nilalaman ay bahagyang naisa-isa ngunit sa pangkalahatan

Puntos	Mga Nilalaman	Konsepto	Pagninilay	Kabuuan
		kailangang matutunan. Naipakita na sa pangkalahatan ay bahagyang nahasa ang mga kasanayang layuning sanayin sa pamamagitan ng mga gawain.	ang mag-aaral.	ay wala itong kaayusan.
6-10	Isang gawain lang ang nilalaman	Ang mga awtput ay hindi nagpapakita ng pagkatuto o kasanayan.	Ang mga nasulat na pagninilay ay nagpapakita ng di-malinaw na pagkilala sa sarili.	Ang mga nilalaman ay hindi naisa-isa at walang kaayusan.
0-5	Walang ipinasang gawain			



PAGPAPALALIM

Basahin ang sumusunod na sanaysay:

Ang mga Pansariling Salik sa Pagpili ng Karera o Negosyo

Batay sa sarbey ng DOLE, lumalaki ang kakulangan sa mga kwalipikadong aplikante sa malalaking kumpanya sa bansa, partikular na sa National Capital Region. Nagiging sanhi ito ng tumataas ding *turnover rate* sa trabaho at ang panunulot ng empleyado o *pirating of workers*. Ayon pa sa pag-aaral ng DOLE, ang

pagliban at pagkahuli sa trabaho at ang pagbaba ng pagiging produktibo ay labis na nakaapekto sa produksyon ng malalaking kumpanya. Dagdag pa rito ang napakaraming mga nakapagtapos sa kolehiyo na hindi makahanap ng trabaho o *unemployed* o kaya'y makapagtrabaho man ay *underemployed* naman. Kung hindi pa nararamdaman sa ngayon, malakas ang magiging hatak pababa sa ating ekonomiya kung magpapatuloy ang kawalan ng tinatawag na pagtutugma ng mga trabahong kailangang punan at ang mga kasanayan o kwalipikasyon ng mga manggagawang Pilipino o *job mismatch*. Ayon sa DOLE ang *job mismatch* na ito ay bunga ng kawalan ng sapat na pagpapalano sa kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyong itatatag ng mga kabataan matapos ang *Basic Education* o elementarya at haiskul.

Bago pa man tingnan ang mga trabahong magiging *in-demand* apat hanggang sampung taon mula sa pagtatapos sa haiskul, nararapat na napag-aralan at nasuri munang mabuti ang sariling mga kakayahan, interés o hilig, pagpapahalaga at ang mga mithiin. Mahalaga sa pagpili ng akmang karera o negosyo ang pagkilala sa sariling mga kakayahan, interés o hilig, pagpapahalaga at mithiin. Ang pagkakaroon ng malinaw na pagkilala at ang pagsasaalang-alang ng mga ito ay nakatutulong upang magkaroon ng sapat na paghahanda o pagpapalano, tuon at pagsusumikap upang maabot ang minimithing karera o negosyo balang-araw.

Likas ang talento at kakayahan ngunit kailangan itong sanayin. Si Profesor Ericsson at kanyang grupo ay nagsagawa ng mahabang pag-aaral ng mga sikat at matagumpay na personalidad sa iba't ibang larangan; sa sining, siyensya, matematika, palakasan o sports, negosyo at iba pa. Sinuri ng kanyang pangkat ang mga istatistika, iba't ibang datos at talambuhay tungkol sa kanila. Sinuri din nila ang mga resulta ng ilang taong pag-eeksperimento sa mga eksperto at matagumpay na tao. Dalawang mahalagang bagay ang natuklasan nila. Una, kadalasan di sapat ang likas na kakayahan upang maging bihasa at matagumpay sa anumang larangan. Ang kanilang pagtatagumpay at kahusayan ay bunga ng masusi at matamang pagsasanay. Wika nga sa Ingles "*Practice makes perfect*".

Ikalawa, bukod sa kakayahan o talento, mahalaga rin na tayo ay may interes o hilig sa ating larangang pinasok. Dapat

Ang hindi pagiging tugma ng mga pansariling salik sa minimithing karera o negosyo ay hindi dapat maging dahilan upang talikuran na ang mithiin. Ang kaalaman sa mga pansariling salik ay dapat na gamitin upang matukoy ang mga kakayahan, kasanayan at pagpapahalaga na kinakailangang mapalago upang makamit ang mithiin.

na tayo ay masaya sa ating ginagawa upang magkaroon tayo ng inspirasyon at motibasyon na lampasan o higitan pa ang ating natural na kakayahan. Ang pagsasaalang-alang sa mga interes o hilig sa pagtatakda ng mithiin ay nakatutulong upang ang mga mithiing ito ay maging makabuluhan sa tao. Sa gayon ang pipiliin nyang mga mithiin ay yaong pagsusumikapan niyang matamo. Bibigyan siya nito ng lakas ng loob upang malampasan ang mga balakid at paghihirap na haharapin sa pagkakamit ng mithiin. Bibigyan din siya nito ng tuon upang huwag matukso ng mga panandaliang ginhawa o kasiyahan o maligaw ng tunguhin. Ang pinakabuod ng pagpapalano ng karera o negosyo ay nakasalalay sa matalinong pagpili mula sa iba't ibang pamimiliang karera o negosyo na magbibigay kahulugan sa kanyang buhay. Sa pagsasaalang-alang niya sa kanyang mga sariling interes sa bawat karera o negosyo makikilala niya kung alin sa mga ito ang magsasakatuparan at magpapayaman ng mga kakayahan at pagpapahalaga niya sa paggawa.

Ang pagkakaroon natin ng interés o pagkahilig sa isang gawain ay nababatay sa ating mga pagpapahalaga. Maraming mga pakahulugan (*interpretations*) sa pagpapahalaga. Ayon kay Esteban (1989), maaaring pangkatin sa dalawa ang mga ito:

1. Nagmula sa labas ng sarili o batay sa "*absolute moral values*" kung saan ay nasasakop at napapailalim ang lahat ng tao sa lahat ng pagkakataon saan man siya naroon. Maibibilang dito ang mga kahulugan batay sa relihiyon, ang ayon sa propesyonal na mga guro at ang ayon sa mga etikong prinsipyo.
2. Nagmumula sa loob ng sarili o "*behavioral values*" na maaaring batay o ayon sa pananaw at mga karanasan ng tao o batay sa kolektibong pananaw ng pangkat kultural. Maibibilang dito ang pakahulugan ng mga sosyolohista, sikolohista at mga "career counselor" at ilang pilosopo o nag-aaral nito.

Para sa mga sikolohista, ang pagpapahalaga ay siyang nagiging dahilan upang ang isang bagay o ideya ay maging kanais-nais, kaiga-igaya, kahanga-hanga o kapaki-pakinabang. Ito rin ay mga motibo upang piliin ang isang hakbangin o pasya (Hall, 1973). Kaugnay ng pagpili ng karera, negosyo o hanapbuhay ang binibigyang diin ay ang pagiging batayan ng pagpapahalaga sa paggawa ng pasya at pagtatakda ng mithiin.

Para kay Abiva (1993), ang pagpapahalaga ang humuhubog sa kakayahan ng tao na piliin ang tama o mali. Ito rin ang nagdidikta kung ano ang maganda,

mahusay at kaibig-ibig na mga bagay sa buhay. Ang mga pagpapahalagang ito ay bunga ng karanasan. Ayon kay Sta. Maria (2006) may iba't ibang uri ng pagpapahalaga. Mahalagang banggitin dito ang:

- Mga Pagpapahalagang Kaugnay ng Paggawa (*work values*) – tulad ng kahusayan sa paggawa, pagtanggap sa mga pagbabago, pagharap sa publiko, pagtanggap sa pagkakaiba-iba, at iba pa
- Mga Pagpapahalagang Kaugnay ng Pagpapaunlad ng Karera (*career values*) – tulad ng pansariling pag-unlad, pag-angat, pagkilala, at iba pa

Ang isang matagumpay na tao ay karaniwang may mga tiyak na mga pagpapahalaga na pinagbabatayan ng kilos at pasya. Malinaw sa kanya kung alin sa mga pagpapahalagang ito ang makatutulong sa pagtatamo ng mas makabuluhang buhay. Dahil dito ay nakakikilos siya naaayon sa mga mas mataas at makatutulong na mga pagpapahalaga sa gitna ng iba pa niyang pagpapahalaga. Bunga nito, ang kanyang mga pagsusumikap ay nakatuon sa pagtatamo ng kanyang mga itinakdang mithiin.

Ang taong nagtatagumpay sa kanyang karera, negosyo o hanapbuhay ay karaniwang nagtataglay ng mga sumusunod na pagpapahalaga: kasipagan, pagkukusa, pakikiisa sa sama-samang paggawa o “teamwork”, paggawa ng may kahusayan, pagkamaayos, patriotismo at nasyonalismo, self-reliance. Ang mga pansariling salik kaugnay ng paggawa ay nararapat linangin upang mapaunlad ang sarili at makapaglingkod tungo sa produktibong pamayanan at bansa.

Tayain ang Iyong Pag-unawa

Panuto: Sagutin ang mga tanong. Isulat sa kwaderno ang iyong mga sagot.

1. Anu-ano ang mga konsepto na nahinuha sa sanaysay na binasa? Isa-isahin at ipaliwanag ang mga ito.
2. Bakit mahalaga ang pagpapalano sa karera o negosyong tatahakin? Ipaliwanag

Paghihinuha ng Batayang Konsepto

Matapos ang iyong naging mga pag-aaral, subukan mo muling sagutin ang kakailanganing anong:

Bakit mahalagang tugma ang mga personal na salik sa mga pangangailangan (requirements) sa napiling kursong akademiko/ bokasyonal o negosyo?



PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

A. PAGGANAP

Panuto: Batay sa *Exploring Occupations Worksheet* at sa mga pansariling salik sa pagpili ng Karera, Negosyo o Hanapbuhay ay magbuo ng **Talaan ng Trabahong/Negosyong Angkop sa Akin.**

<p>Mga Minimithing Karera</p> <p>(Isulat ang tatlong pinakamimithi sa lahat)</p>	<p>Mga Pansariling Salik na tugma at kailangang paunlarin para sa minimithing Karera (Negosyo o Trabaho)</p>	<p>Mga KEG na tugma sa minimithing Karera (Negosyo o Trabaho)</p>	<p>Limang Trabahong/Negosyong Angkop sa Akin</p>
<p>Halimbawa:</p> <p>i. Veterinaryo</p> <p>ii. Pediatrician</p> <p>iii. Guro o College Instructor</p>	<p><u>Tugma</u></p> <p><u>Interes:</u> Mahilig sa pag-aalaga ng hayop</p> <p><u>Pagpapahalaga:</u> Pasensyosa, may pagpapahalaga sa kalinisan at kaayusan (malinis at maayos); magiliw sa mga bata</p> <p><u>Kakayahan:</u> May sapat na talino at may malusog na pangangatawan</p> <p><u>Kailangang Paunlarin</u></p> <p><u>Interes:</u> Hilig sa asignaturang Biology</p>	<p>Health/ Medical Tourism</p> <p>Agri-business</p>	<p>1. Veterinaryo</p> <p>2. Surgeon</p> <p>Iba pa na maaring bigyan ng konsiderasyon</p> <p>3. Nurse</p> <p>4. Dentist</p> <p>5. Optometrist</p>

Mga Minimithing Karera (Isulat ang tatlong pinakamimithi sa lahat)	Mga Pansariling Salik na tugma at kailangang paunlarin para sa minimithing Karera (Negosyo o Trabaho)	Mga KEG na tugma sa minimithing Karera (Negosyo o Trabaho)	Limang Trabahong/Ne gosyong Angkop sa Akin
	<u>Pagpapahalaga:</u> Pagiging palakaibigan o pagiging <i>people oriented</i> <u>Kakayahan:</u> Paghahanda ng mga kagamitan sa pagtuturo		

Force Field Analysis

Tingnan ang itinakdang mithiin. Itala ang mga pansariling salik sa pagpili ng kurso o negosyo na nakatutulong sa pagkakamit ng itinakdang mithiin. Sa tapat nito ay itala ang mga paraan upang pag-ibayuhin ang mga ito. Itala ang mga pansariling salik sa pagpili ng kurso o negosyo na maaring makahadlang sa pagkakamit ng itinakdang mithiin. Sa tapat nito ay itala ang mga paraan upang malampasan ang mga ito.

Halimbawa:

Itinakdang Mithiin: Tatapusin ko ang mga pangangailangang pag-aaral para sa kursong “pre-med” at medisina sa Pamantasan ng Sto. Tomas siyam na taon mula ngayon.

Mga Nakatutulong na pansariling salik sa pagpili ng kurso o negosyo: Pagpapahalaga – Kasipagan sa pag-	Mga Paraan Upang Pag-ibayuhin ang mga ito: <ul style="list-style-type: none"> - Pagpasok ng maaga sa mga klase at paghahanda sa mga ito - Pagsali sa mga “clubs” o
--	---

<p>aaral</p> <p>Interes – Hilig sa pagbabasa</p> <p>Kakayahan – Palakasan o isports (basketball)</p>	<p>organisasyon sa paaralan</p> <ul style="list-style-type: none"> - Pagbili ng maraming aklat sa second hand shops - Pagkain ng tama at pag-eehersisyo
<p>Mga nakahahadlang na pansariling salik sa pagpili ng kurso o negosyo:</p> <p>Pagpapahalaga – Labis na pakikisama sa barkadang maaring masamang impluwensya</p> <p>Interes – Mahilig sa paglalaro ng video games</p> <p>Kakayahan – Mahina sa matematika</p>	<p>Mga Paraan upang ito ay baguhin:</p> <ul style="list-style-type: none"> - Pagsama sa mga kaibigang masipag mag-aral - Gawin lamang ito sa araw na walang pasok at mga gawain sa paaralan - Pagpapaturo sa mga kaklaseng mahusay sa matematika

Ikaw naman:

<p>Mga Nakatutulong na pansariling salik sa pagpili ng kurso o negosyo:</p> <p>Pagpapahalaga –</p> <p>Interes –</p> <p>Kakayahan –</p>	<p>Mga Paraan Upang Pag-ibayuhin ang mga ito:</p> <p>-</p>
<p>Mga nakahahadlang na pansariling salik sa pagpili ng kurso o negosyo:</p> <p>Pagpapahalaga –</p> <p>Interes –</p> <p>Kakayahan –</p>	<p>Mga Paraan upang ito ay baguhin:</p>

B. PAGNINILAY

Panuto: Pagnilayan ang sumusunod at isulat sa inyong journal ang naging reyalisasyon o pag-unawa:

Ang pagbubuo ng karera ay isang panghabangbuhay at paulit-ulit na pagtatakda at pagkakamit ng mga mithiin. Ang mga mithiin maliit man o malaki, natatamo o hindi, ay mayroong pangkalahatang epekto sa pagpapaunlad ng karera.

C. PAGSASABUHAY

Pagpaplano ng karera o negosyo

Sa pagpaplano ng karera o negosyo ay dapat ding isinasaalang-alang ang iba pang bahagi o aspekto ng buhay ng isang kabataan. Nararapat na balanse ang pagbibigay ng tuon sa pagpapaunlad ng iba pang aspekto ng kanyang buhay.

“GOAL SETTING AND ACTION PLANNING CHART”

Panuto: Hindi isang bahagi lamang ng buhay ang dapat isaalang-alang sa pagtatakda ng mga mithiin at pagbabalangkas ng plano sa pagtatamo ng pangarap sa buhay. Lahat ng aspeto ng buhay ay dapat na mabigyang tuon. Gamit ang *Goal Setting and Action Planning Chart* ay isulat ang iyong itinakdang mithiin para sa pagbubuo ng karera o negosyo. Katapat nito ay itala ang mga hakbangin na isasagawa upang makamit ang mithiin. Gayon din ang gawin para sa Pag-aaral, Pamilya at Personal (Pangkatawan, Pangkaisipan, at pang-isperitwal). Ang panahong itatakda ay dapat na hindi bababa sa anim na buwan. Inaasahang magagamit dito ang mga natutuhan tungkol sa sarili sa mga naunang gawain at ang naging resulta ng naunang *Force Field Analysis*. Itala sa *journal* ang mga magiging katuparan o *accomplishments* sa mga itinakdang mithiin at kaugnay na mga hakbang sa pagkakamit nito. Gayondin itala ang mga magiging kahirapan o balakid sa pagtatamo ng mithiin at ang mga gagawing alternatibong hakbang pamalit dito.

Mithiin (<i>Goal</i>)	Balangkas ng Mga Hakbangin (<i>Action Plan</i>)
1. Sa Minimithing Karera o Negosyo	a. _____
_____	b. _____
_____	c. _____
2. Sa Pag-aaral	a. _____
_____	b. _____
_____	c. _____
3. Sa Pamilya	a. _____
_____	b. _____
_____	c. _____
4. Sa Sarili (<i>Personal</i>)	a. _____
_____	b. _____
_____	c. _____

Rubric sa Pagtataya ng *Goal Setting* at *Action Planning Chart*

Mga Pang-uri	Lubos na Kasiya-siya	Kasiya-siya	Hindi Kasiya-siya

Mga Pang-uri	Lubos na Kasiya-siya	Kasiya-siya	Hindi Kasiya-siya
1. Pagsunod sa pamantayan sa pagtatakda ng mithiin - ang SMARTA : S – <i>pecific</i> (Tiyak) M - <i>asurable</i> (Nasusukat) A - <i>tainable</i> (Naabot/Makatotohanan) R - <i>levant</i> (Makabuluhan) T - <i>ime-bound</i> (May itinakdang panahon) A - <i>ction oriented</i> (May kaakibat na pagkilos)			
2. Pagtukoy sa mga tiyak na hakbang tungo sa pagkakamit ng mithiin			

Rubric sa Pagtataya ng *Goal Setting at Action Planning Chart at Accomplishment Report* o Pagtatala ng mga Katuparan sa mga Hakbang sa Pagtupad ng Itinakdang Mithiin sa Journal

Mga Pang-uri	Lubos na Kasiya-siya	Kasiya-siya	Hindi Kasiya-siya
1. Pagkakaroon ng sistema, pamamaraan at pamantayan sa pagsukat ng kanyang pagsulong o pag-unlad tungo sa pagkakamit nito			
2. Pagtukoy sa mga maaring maging balakid o hadlang sa pagkakamit ng mithiin at gayundin ng mga paraan upang malampasan ang mga ito			
3. Pagkakaroon ng sistema ng pagpapabuya o			

paggantimpala para sa mga nakamit na mithiin upang magkaroon ng pagpupunyaging magpatuloy			
4. Pagkakaroon ng puwang sa mga pagbabago o pagpapabuti sa plano			

Ipasa sa guro ang iyong kwaderno sa pagtatapos ng araling ito. Binabati kita!

Mga Sanggunian:

Gorospe, Vitaliano R., SJ (1974), *Search for Meaning: Moral Philosophy in A Philippine Setting*, Jesuit Educational Association

Esteban, Esther J (1990), *Education in Values: What, Why, and For Whom*, Sinag-Tala Publishers, Inc., pp. 72, 76, 106

Santamaria, Josefina (2006), *Career Planning Workbook* (4th ed.), Makati City: Career Systems, Inc. Pages 137-149

Abiva, Thelma (1993), *Learning Resource for Career Development*, Q.C.: Abiva Human Development Services, pages 28-30

Mga Larawan, hinango sa:

- www.thematter.wordpress.com, May 17, 2011
- www.defenselink.mil, May 18, 2011

MODYUL 16: HALAGA NG PAG-AARAL PARA SA PAGNEGOSYO O PAGHAHANAPBUHAY !



ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Sa Modyul 13 ay nagtakda ka ng iyong mithin kaugnay ng kursong kukunin sa kolehiyo o negosyo na nais itayo balang araw. Nalaman mo na mahalagang tugma ang mga pansariling salik sa kurso akademiko o teknikal-bokasyonal o negosyo na iyong minimithi. Nalaman mo rin na kailangang paunlarin ang mga pansariling salik kung may mga pagkukulang dito bilang paghahanda sa pagsasanay at patuloy na pag-aaral matapos ang haiskul.

Sa modyul na ito ay inaasahang gagamitin mo ang lahat ng mga pag-unawang ito upang maipamalas mo ang mga layuning pampagkatuto na inaasahan sa modyul na ito.

Sa huli, inaasahang masasagot mo ang mahalagang tanong: Bakit mahalaga ang pag-aaral sa paghahanda sa pagnenegosyo at paghahanapbuhay?

Sa modyul na ito, inaasahang malilinig sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

- a. Natutukoy ang mga kahalagahan ng pag-aaral sa paghahanda sa pagnenegosyo at paghahanapbuhay
- b. Natutukoy ang mga sariling kalakasan at kahinaan at nakapagbabalangkas ng mga hakbang upang magamit ang mga kalakasan sa ikabubuti at malagpasan ang mga kahinaan
- c. Naipaliliwanag na sa pag-aaral nalilinig ang mga kasanayan, halaga, at talento na makatutulong sa pagtatagumpay sa pinaplanong kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, hanapbuhay o negosyo.
- d. Nakapagbabalangkas ng plano ng paghahanda para sa kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

- Pagtatakda ng mithiin (Goal Setting) kaugnay ng napiliing hanapbuhay o negosyo
- Pagtukoy ng mga kailangan upang makamit ang mithiin (hal. kasanayan, kakayahan, talento, halaga, at hilig)

- Pagtukoy sa mga taglay na kasanayan, kakayahan, talento, paghalaga, at hilig na makatutulong sa pagkamit ng mithiin
- Pagtatala ng mga kakailanganing gawin sa loob ng itinakdang panahon tungo sa pagkakamit ng mithiin



PAUNANG PAGTATAYA

Panuto: Isulat sa kwaderno ang titik lamang ng mga sagot sa sumusunod na pagsusulit.

1. Ang liham ni Rizal sa mga kababaihan ng Malolos ay isang pagpapahayag ng ang kanyang papuri at paggalang sa katapangang ipinamalas ng mga ito sa pagsusulong ng karapatan sa edukasyon. Nagpapahayag ito ng kanyang damdamin tungkol sa halaga:
 - a. ng mga kababaihan sa pagpapaunlad ng lipunan
 - b. ng pag-aaral maging para sa mga kababaihan
 - c. na ipaglaban ang karapatan sa edukasyon
 - d. ng mga kababaihan sa pagtataguyod ng edukasyon
2. Ang pahayag na, “Mahalagang papel ang ginagampanan ng edukasyon sa pagtatagumpay nina Rocell Ambubuyog, Cecilio K. Pedro, at Diosdado Banatao,” ay tama dahil
 - a. Tama, lahat sila ay nagtapos ng kurso sa kolehiyo.
 - b. Tama, lahat sila ay patuloy na nag-aaral at nagsasanay.
 - c. Tama, lahat sila ay dating mahihirap na naiangat ang katayuan sa buhay
 - d. Lahat ng nabanggit
3. Ang kahulugan ng pahayag na, “paligsahan ang merkado sa paggawa o *job market*” ay:
 - a. Maraming pare-parehong kasanayan ang nagpapaligsahan sa iilang trabaho
 - b. Ang mga trabaho at ang katumbas na pasahod sa mga ito ay nakadepende sa antas ng pangangailangan ng mga kumpanya para sa kasanayang ito at ang bilang ng mga mayroong ganitong kasanayan.
 - c. Maraming mga bagong job titles o trabaho sa ngayon ang walang katapat na manggagawang may kasanayan para dito.
 - d. Depende sa kasanayan at kwalipikasyon ng mga manggagawa ang pasahod dito.
4. Isang halimbawa ng *highly skilled worker* ang inihinyero sapagkat...
 - a. siya ang nagbubuo ng mga bahagi ng produkto sa isang industriya
 - b. siya ang gumagawa ng balangkas at nag-iisip ng mga kailangang sangkap at disenyo ng produkto
 - c. malaki ang pasahod sa kanya ng kumpanya

5. Ano ang ibig sabihin ng pahayag na “Ang taong may pormal na edukasyon ay higit na may kakayahang magtamasa pa ng higit na kaalaman at maging isang *highly skilled* na manggagawa.
 - a. Ang taong nakatapos ng kolehiyo ay maaaring mag-aral pa ng ibang kurso o kaya’y magtamo pa ng mas mataas na titulo.
 - b. Ang taong may pormal na pag-aaral ay mas medaling makaunawa at makagawa ng tamang pagpapasya.
 - c. Ang taong hindi marunong bumasa at sumulat ay wala nang pag-asang umasenso.
 - d. Ang isang taong hindi marunong bumasa o sumulat ay walang kakayahan upang matanggap ang mga kaalaman at impormasyong pinalalaganap sa buong mundo sa pamamagitan ng edukasyon.

6. Ano ang buod ng talata:

Itinuturo sa haiskul ang kahalagahan ng kalinisan at pangangalaga sa kapaligiran. Sina Juan at Lynn ay kapwa mag-aaral sa haiskul kung kaya’t sinisikap nilang pangalagaan ang kalinisan ng kanilang kapaligiran. Karamihan ng mga kabataan sa kanilang baranggay ay tumigil na ng pag-aaral. Marami rin sa mga matatanda dito ang *no read, no write*. Marami sa kanila ang nagtatapon ng mga basura kung saan-saan lamang. Madalas na mayroong nagkakasakit sa kanilang baranggay. Isa si Juan sa mga malubhang nagkasakit bunga ng maruming kapaligiran.

Mas maraming hindi nangangalaga sa kanilang kapaligiran sa baranggay nila Juan.

- a. Hindi lang ang mga hindi nakapag-aral ang nagdurusa sa kasalatang bunga ng kawalan ng edukasyon.
 - b. Walang pagkakaisa ang mga tao sa kanilang baranggay.
 - c. Hindi nagpapatupad ng proyektong kaugnay sa pangangalaga sa kapaligiran ang pamahalaan ng baranggay
7. Ano ang makatwirang aksyon ang maaring gawin ni Juan o Lynn sa aytem 6, bilang isang mag-aaral ano ang pangmatagalang solusyon na maaari mong gawin upang matulungan ang iyong baranggay?
 - a. Mamamahagi ng polyetos na nagsasaad ng mga hakbang sa pangangalaga sa kapaligiran
 - b. Maghahain ng petisyon sa barangay upang magkaroon ng proyektong mangangalaga sa kapaligiran
 - c. Hihimukin ang mga kapwa kabataan na bumalik sa paaralan
 - d. Wala kang magagawa sapagkat ikaw ay mag-aral lang sa haiskul

 8. Sa survey ng Filipino Youth Study noong 2001, lumalabas na malayo pa rin ang mga Pilipino sa ideya ng EDCOM ng isang Pilipinong may sapat na edukasyon. Karamihan ng mga kabataan (65%) ang hindi sumasali o nakikilahok sa mga gawaing pansibika o pangkomunidad. Ibig nitong ipakahulugan na:

- a. Walang pagmamahal sa bayan ang mga kabatang Pilipino.
 - b. Katangian ng Pilipinong may sapat na edukasyon ang pakikilahok sa mga gawaing pansibika at papampamayanan.
 - c. Indikasyon ng pag-aaral sa kolehiyo ang pagiging makabansa.
 - d. Karamihan ng mga kabataang Pilipino ay walang pinag-aralan.
9. Bakit isa sa mahahalagang indikasyon ng pagkakaroon ng sapat na edukasyon ang tamang pag-awit ng Lupang Hinirang?
- a. Isang palatandaan ng sapat na edukasyon ang paggalang sa mga simbolo ng Pilipinas.
 - b. Bahagi ng pormal na edukasyon ang pagtuturo ng tamang pag-awit ng Lupang Hinirang
 - c. Araw-araw inaawit sa paaralan ang pambansang awit
 - d. Ang kahusayan sa pagmememorya ng kanta ay isang palatandaan ng sapat na edukasyon
10. Isa sa mahahalagang ugali sa pag-aaral o study habit ang pakikipag-usap sa guro sapagkat...
- a. Kailangan mo ring magpalapad ng papel sa guro paminsan-minsan
 - b. Tulad sa ano mang pakikipag-ugnayan ang komunikasyon ng guro at mag-aaral ay nararapat na bukas at maayos
 - c. Mahalagang paraan ang pakikipag-usap sa guro upang makatiyak na tama ang pagkaunawa sa mga takdang-aralin at sa paghahanda sa mga pagsusulit
 - d. Madalas mahirap kausapin ang guro



PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Ako, Sampung Taon Mula Ngayon

Panuto : Sagutan ang "Ako, Sampung Taon Mula Ngayon," sa pamamagitan ng pagsusulat ng sagot sa mga tanong sa loob ng kahon. Maging tapat sa sarili sa inyong paglalarawan ng iyong iniisip at ninanais na sarili sampung taon mula ngayon. (10 hanggang 15 minuto)

Ang Aking Trabaho

Anu-ano ang aking mga gawain ? Saan ako nagtrabaho? Sino-sino ang mga katrabaho ko? Ako ba ay nasa opisina o lumalabas ng opisina? Ano ang kalagayan sa aking pinagtrabahuhan? Ginagamit ko ba ang aking kasanayan sa paggamit ng lakas, isip, o mga talento?

Ang Aking Natapos na Pag-aaral

Mayroon ba akong titulo sa kolehiyo? Ako ba ay nagpapatuloy sa pag-aaral? Ako ba ay may karagdagang mga pagsasanay? May mga karagdagan ba akong kasanayan bukod sa kinakailangan sa aking trabaho? Natupad ko ba ang aking mithiin sa pag-aaral?

Ang Aking Oras sa Paglilibang

Ano ang kinahiiligan kong mga gawain? Mayroon ba akong kasanayang natutuhan para sa paglilibang? May natamo na ba akong ninanais na gawin na dati rati'y wala akong panahong gawin? Ako ba ay nagbibiyaha sa ibang bansa? Sa ibang lugar sa bansa? Ang akin bang tirahan ay may impluwensya sa uri ng aking paglilibang? Mayroon ba akong panahon sa sarili? Ako ba'y nakapagbabasa pa ng mga aklat?

Ang Aking Pakikipagkapwa

Paano ako makisama sa ibang tao? May sarili na ba akong pamilya? Ako ba ay isa nang potensyal na lider? Gusto ba ako ng mga tao? Marami ba akong kaibigan o iilan lamang? Ako ba ay kasal na? Marunong na ba akong lumutas ng mga alitan o suliranin sa ugnayan? Gusto ko ba ang makihalubilo sa ibang tao ? Mas gusto ko ba ang napag-iisa?

Ako, Ngayon

Panuto : Sagutan ang Ako, Ngayon, sa pamamagitan ng pagsusulat ng sagot sa mga tanong sa loob ng kahon. Maging tapat sa saili sa inyong paglalarawan ng iyong iniisip at ninanais na sarili sampung taon mula ngayon. (10 hanggang 15 minuto)

Ako, Ngayon

Ang Aking Pag-aaral/Mga Gawain :

Anu-ano ang aking mga gawain? Ako ba'y nasa paarala? Sino-sino ang mga kaklase ko? Ako ba ay may magagandang marka? Ano ang madalas kong makuhang grado? Ginagamit ko ba ang aking kasanayan sa paggamit lakas, isip, o mga talento?

Ang Aking *Extra-curricular* Activities

Ako ba ay nagpapatuloy sa pag-aaral? Ako ba ay may karagdagang mga pagsasanay? May mga karagdagan ba akong kasanayan bukod sa kinakailangan sa aking mga gawain sa paaralan? Natutupad ko ba ang aking mithiin sa pag-aaral?

Ang Aking Oras sa Paglilibang

Ano ang kinahiiligan kong mga gawain ? Mayroon ba akong kasanayang natutuhan para sa paglilibang ? May natamo na ba akong ninanais na gawin na dati rati'y wala akong panahong gawin ? Ako ba ay nagbibiyaha sa iba't ibang lugar? Ang akin bang tirahan ay may impluwensya sa uri ng aking paglilibang ? Mayroon ba akong panahon sa sarili ? Ako ba'y nakapagbabasa pa ng mga aklat?

Ang Aking Pakikipagkapwa

Paano ako makisama sa ibang tao? Malapit ba ako sa aking pamilya? Ako ba ay isa nang potensyal na lider? Gusto ba ako ng mga tao? Marami ba akong kaibigan o iilan lamang? Ako ba ay may kasintahan na? Marunong na ba akong lumutas ng mga alitan o suliranin sa ugnayan? Gusto ko ba ang makihalubilo sa ibang tao? Mas gusto ko ba ang napag-iisa?

Sagutin ang mga tanong. Isulat ang iyong mga sagot sa kwaderno.

1. Ano ang natuklasan mo sa iyong sarili? Ipaliwanag
2. Ihambing ang nais mong maging sampung taon mula ngayon sa kung ano ka ngayon.
3. Sa iyong palagay, posible ba ang sariling inilarawan mo sa *Ako, Sampung Taon Mula Ngayon* ? Ipaliwanag



PAGLINANG NG KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Gawain 1: Basahin ang sanaysay tungkol sa liham ni Rizal sa mga kababaihan ng Malolos.

Sa kanyang liham sa mga kadalagahan ng Malolos na sinulat noog 1889, ipinahahayag ni Jose Rizal ang kanyang papuri at paggalang sa katapangang ipinamalas ng mga ito sa pagsusulong ng karapatan sa edukasyon – isang di-karaniwang hakbang para sa maraming kababaihan sa kanyang panahon. Ayon kay Rizal, namulat siya sa pananaw na ang kababaihang Pilipino ay katuwang sa layunin para sa ikagagaling ng bayan. Batay sa kanya, ang mithiin ng mga kadalagahan ng Malolos para sa karunungan ay patunay ng pagkamulat sa tunay na kahulugan ng kabanalan - kabanalang nakatuon sa kabutihang-asal, malinis na kalooban at matuwid na pag-iisip.



Binibigyang-diin ni Rizal ang tungkulin ng kababaihan – bilang dalaga at asawa – sa pagbangon ng kanilang dignidad at halaga sa lipunan. Kaugnay nito, inilalarawan niya ang katangian ng kababaihan sa Europa at bilang halimbawa ay pinakita ang babaing Sparta bilang huwaran ng pagiging mabuting ina. Ipinapayo ni Rizal na gamitin ang halimbawang ito upang maitaguyod ang isang anak na marangal at magtatanggol sa bayan. Bahagi rin ng liham ang pagpapaalala ni Rizal sa lahat na gamitin ang isip na kaloob ng Diyos, upang matukoy ang katotohanan at hindi maging alipin ninoman. Binigyang-puna niya sa liham ang mga hindi kanais-nais na gawain ng mga prayle, gayundin ang pagiging mulat ukol sa tunay at huwad na relihiyon. Ang payo ni Rizal ay "mulatin ang mata ñg anak sa pag-iiñgat at pagmamahal sa puri, pag-ibig sa kapwa sa tinubuang bayan, at sa pagtupad ñg ukol. Ulit-ulitang matamisin ang mapuring kamatayan sa alipustang buhay".

Mga Tala: Ika-17 ng Pebrero 1889 nang isulat ni Jose Rizal – gamit ang wikang Tagalog – ang liham na ito habang ginagawa ang anotasyon sa aklat ni Morga. Isinulat niya ito sa London, limang araw matapos ipaalam sa kanya ni Marcelo H. del Pilar ang isang mahalagang pangyayari sa bayan ng Malolos. Ayon sa pagsasalaysay, ika-12 ng Disyembre 1888 nang may 20 kadalagahan ng Malolos ang naghain ng petisyon kay Gobernador-Heneral Weyler upang magtayo ng isang "panggabing paaralan." Layunin nila na mag-aral ng wikang Español sa ilalim ni Teodoro Sandiko, isang propesor sa Latin. Gayunpaman, hindi sinang-ayunan ni Padre Felipe Garcia, ang kura paroko, ang petisyon. Naging dahilan ito upang hindi rin pumayag ang gobernador-heneral na maitatag ang paaralan. Sa kabila ng pagtutol, hindi dagliang sumuko ang mga kadalagahan sa kanilang layunin. Patuloy silang nanawagan at nang lumaon, pumayag na rin ang pamahalaan na maitatag ang paaralan, bagama't tumagal lamang ito ng tatlong buwan. Si Señora Guadalupe Reyes ang nagsilbing guro ng mga kadalagahan.

Sagutin:

1. Tungkol saan ang sanaysay? Ipaliwanag
2. Sa iyong palagay, ano ang damdamin ni Jose Rizal tungkol sa edukasyon para sa mga kababaihan ng Malolos? Pangatwiran.
3. Sa iyong palagay, bakit humihiling ang mga kababaihan ng Malolos na magkaroon ng paaralan para sa kanila? Ipaliwanag.
4. Bakit kaya hindi pinapayagan ng pamahalaan noong panahon ni Rizal na makapag-aral ang mga kababaihan? Ipaliwanag.

Gawain 2

Magsaliksik sa internet o sa aklatan ng paaralan; Basahin ang Liham ni Rizal sa mga Kababaihan ng Malolos. Gumawa ng maikling "reaction paper" tungkol dito.

Ang rubric sa ibaba ang gagamitin upang tayain at markahan ang iyong ginawang *reaction paper*.

Rubric sa Pagtataya ng *Reaction Paper*

Ang sumusunod na rubric ay magtataya sa iyong paglalagom (0-3 points), reaksyon (0-4 points), at technical writing (0-3 points) para sa kabuuang 10 puntos.

	Pagbubuo	Reaksyon	Pagsulat/ Gramatika
4	<ul style="list-style-type: none"> • mahusay ang daloy ng mga konsepto sa ginawang pagbubuo • mahusay na pag-unawa sa mga malalaking konsepto <input type="checkbox"/> ang buod ay nagpapakita na natalakay ang mga pangunahing konsepto sa binasang sanaysay at naipakita kung paanong nabuo ang mga pangunahing ideya	<input type="checkbox"/> may ebidensya ng masusi at malalim na repleksyon <input type="checkbox"/> may ebidensya ng naging pagtatalo sa iyong isip tungkol sa epekto ng binasa sa iyong pananaw <input type="checkbox"/> may ebidensya na lumawak ang iyong pananawtungkol sa isyung ito	<input type="checkbox"/> malinaw <input type="checkbox"/> maiksi subalit malaman <input type="checkbox"/> tama ang pangangatwiran <input type="checkbox"/> kapani-paniwala <input type="checkbox"/> walang mga pagkakamali sa gramatika
3	<input type="checkbox"/> mahusay na pag-unawa sa mga malalaking konsepto <input type="checkbox"/> ang buod ay nagpapakita na natalakay ang mga pangunahing konsepto sa binasang sanaysay at naipakita kung paanong nabuo ang mga pangunahing ideya	<input type="checkbox"/> may ebidensya ng pagninilay tungkol sa maaring maging epekto ng binasa sa mga mambabasa <input type="checkbox"/> may ebidensya ng naging pagtatalo sa iyong isip tungkol sa epekto ng binasa sa iyong pananaw	<input type="checkbox"/> malinaw <input type="checkbox"/> maiksi subalit malaman <input type="checkbox"/> tama ang pangangatwiran <input type="checkbox"/> kapani-paniwala <input type="checkbox"/> walang mga pagkakamali sa gramatika
2	<input type="checkbox"/> may sapat na pagka-unawa sa pangunahing ideya <input type="checkbox"/> naipakita sa buod kung paanong nabuo ang mga pangunahing	<input type="checkbox"/> may ebidensya ng pagninilay tungkol sa halaga ng konsepto o mga ideya sa binasa <input type="checkbox"/> bahagya lamang ang ebidensyang may pag-unawa sa halaga ng	<input type="checkbox"/> malinaw <input type="checkbox"/> maiksi subalit malaman <input type="checkbox"/> tama ang pangangatwiran

	Pagbubuod	Reaksyon	Pagsulat/ Gramatika
	ideya	binasa sa sariling pananaw	<input type="checkbox"/> kapani-paniwala <input type="checkbox"/> may kaunting mga pagkakamali sa gramatika
1	<input type="checkbox"/> hindi kumpleto ang pag-unawa sa mga konsepto sa binasang sanaysay	<input type="checkbox"/> hindi kumpleto ang pagpapaliwanag ng halaga o epekto ng binasa sa sariling pananaw	<input type="checkbox"/> hindi malinaw ang mga pagtalakay <input type="checkbox"/> maraming paligoy-ligoy <input type="checkbox"/> kapani-paniwala <input type="checkbox"/> may kaunting mga pagkakamali sa gramatika
0	<input type="checkbox"/> walang pagbubuod	<input type="checkbox"/> walang naging pagninilay	<input type="checkbox"/> hindi kapani-paniwala <input type="checkbox"/> Maraming mga pagkakamali sa pagsulat at sa gramatika

Gawain 3: Balikan ang mga maikling mga anekdota sa buhay ng mga sumusunod na matagumpay na tao sa mga naunang modyul sa ikaapat na markahan:

- a. Rocell Ambubuyog
- b. Cecilio K. Pedro
- c. Diosdado Banatao

Suriin: Ano ang naging papel ng pag-aaral sa kanilang pagtatagumpay? Ipaliwanag.



a. Rocell Ambubuyog



b. Cecilio K. Pedro



b. Diosdado Banatao

Gawain 4: Magsaliksik o mag-*research* sa internet ng mga kwento ng tagumpay dahil sa pagsusumikap sa pag-aaral o mga kwento ng pagpapahalaga sa edukasyon: (Maari ring gumupit sa mga pahayagan at magasin kung walang access sa internet).

- Mga kwento ng tagumpay dahil sa pagsusumikap sa pag-aaral
Mga mungkahing maaring puntahang website:

<http://www.virlanie.org/who-we-are/success-stories/>

<http://sorsogonunited.wordpress.com/category/sorsogon-success-stories/>

<http://www.sdef.org/success.html>

http://www.educationfoundation.com/Scholarships/Scholarship_Success_Stories

<http://www2.children.org/en/us/News/FeatureStories/2008/Pages/Article-Hope101-12-2-08.aspx>

- Mga kwento ng pagpapahalaga sa edukasyon
<http://abcnews.go.com/GMA/LifeStages/story?id=3167970>

<http://newsinfo.inquirer.net/inquirerheadlines/nation/view/20100530-272847/4-Gs-keep-this-oldest-89-graduate-going>

<http://www.guideposts.org/celebrities/inspirational-story-kate-snow-and-worlds-oldest-student>

Sagutin:

1. Batay sa iyong mga nabasa, bakit mahalaga ang pag-aaral?
2. Anu-ano ang mga katangian ng mga pangunahing tauhan sa mga kwento na naging dahilan ng kanilang pagtatagumpay?
3. Paano nila nakamtan ang tagumpay? Ipaliwanag

Gawain 5: Panayam

Panuto: Kapanayamin ang ilang mga manggagawa, propesyonal at mga negosyante sa iyong lugar. Mas mainam na makapanayam ng dalawa sa bawat antas ng kinikita. Ang *minimum wage earner*, ang mataas sa *minimum wage*, at ang mataas o malaki ang kinikita.

Mga Maaring Itanong: (Maaaring magbalangkas ng sariling mga tanong. Ang impormasyong kailangang makuha ay: kumtento ba sila sa kanilang gawain at sinusuweldo?)

1. Magkano ang kinikita mo sa isang araw? Sapat ba ito sa iyong pangangailangan? Sa pangangailangan ng iyong pamilya?
2. Anu-ano ang mga gawaing kailangan mong gawin sa iyong trabaho? Naisasagawa mo ba ang mga ito ng maayos?
3. Paano ka nagkaroon ng ganitong mga kasanayan o kakayahan?
4. Kung bibigyan ka ng pagkakataon, nanaisin mo ba ang bumalik sa paaralan? Bakit?
5. Sa iyong palagay, ano ang halaga ng iyong mga naging pagsasanay o pag-aaral at karanasan sa iyong napiling hanapbuhay? Ipaliwanag.

Antas ng Arawang Minimum Wage sa Bansa sa Bawat Rehiyon (2011)

- NCR — P426
- CAR (Cordillera Administrative Region) – P272
- Region I Ilocos — P248
- Region II, Cagayan Valley — P245
- Region III Central Luzon — P330
- Region IV A CALABARZON — P232
- Region IV B MIMAROPA – P664
- Region V Bicol – P247
- Region VI Eastern Visayas – P253
- Region VII Central Visayas — TBD
- Region VIII Western Visayas – P277
- Region IX, Zamboanga Peninsula — P255,
- Region X, Northern Mindanao – PP286
- Region XI, Davao Region — P286
- Region XII Central Mindanao — P260
- Region XIII Caraga — P232
- Autonomous Region in Muslim Mindanao – P222

6. Sa pamamagitan ng *Power Point presentation* ay gumawa ng *report* o pag-uulat tungkol sa naging panayam.
7. Ilulat ito sa klase.

Rubric sa Pagtataya ng *power point presentation*

Pagmamarka

4- Lubos na kasiya-siya

3-Kasiya-siya

2-Di-kasiya-siya

1- Hindi namasid

0-Walang Proyekto

Kaalaman:

Nagpapamalas ng pag-unawa sa nilalaman ng ginawang power point presentation

Nasasagot ang mga tanong tungkol dito

Haba ng Presentasyon:

Sapat ang haba nito upang maipakita ang nilalaman

Nilalaman

Nahagip ang lahat ng nilalamang kinakailangang ipakita

Sapat ang ipinakitang impormasyon upang maipahatid ang mensahe ng presentasyon

Walang inilagay na impormasyong walang kaugnayan o hindi kailangan sa presentasyon

Disenyo

Malikhain

Madaling masundan at maunawaan

Walang larawang walang kaugnayan sa presentasyon

**PAGPAPALALIM**

Basahin ang sumusunod na sanaysay.

Halaga ng Pag-aaral sa Paghahanda Para sa Pagnenegosyo o Paghahanapbuhay

Ngayong nasa haiskul ka na, mas mahihirap na ang mga asignatura mo. Higit na marami ka nang mga gawain sa paaralan, mga takdang-aralin, *projects* at pati na rin *research work*! Mas komplikado na ang mga desisyong kailangan mong gawin at mga kinakaharap na sitwasyon. Minsan, talaga namang nakaka *stress*; kaya naman madalas kang magreklamo, “masyadong mahigpit ang *teacher* ko, mahirap ang *test*, *unfair* ang mga *rules and regulations*. Lahat sinisisi sa bumabang mga marka sa eskwela. Ang hirap maging estudyante!





Sabi nila ang mga teenager daw ay talaga namang napakasensitibo. Higit na mahirap tuloy magbigay tuon sa mga gawain sa eskwela. Minsan naman tinatamad mag-aral. Di ba mas masarap manood ng t.v. o kaya makinig ng musika o kaya maglaro ng games sa kompyuter?

Pero ano naman ang mangyayari sa kinabukasan mo kung hindi ka mag-aaral? Paano na lang ang pangarap mong maging *visual artist*, o abogado, guro kaya o doktor, o matagumpay na negosyante kung haiskul pa lang eh tinatamad ka na?

Malaki ang kaugnayan ng kasanayan at natapos na pormal na edukasyon sa pagtatagumpay sa merkado ng paggawa. Ang mga taong may higit na mataas na kasanayan o may naipong higit na maraming mga kasanayan sa pamamagitan man ng pormal na edukasyon – akademiko o teknikal-bokasyonal, o sa kaugnay na karansan sa hanapbuhay ay higit na matagumpay sa merkado ng paggawa. Makikita ito sa higit na malawak na oportunidad sa merkado, higit na mababang porsyento ng kawalan ng trabaho o unemployment at sa higit na mataas na pasahod.

Ang Merkado sa Paggawa o *Labor Market*

Isang malaking paligsahan ang merkado sa paggawa o *labor market*. Ang mga trabaho at ang katumbas na pasahod dito ay nakadepende sa antas ng pangangailangan ng mga kumpanya para sa mga kasanayang ito at ang bilang ng mga mayroong ganitong kasanayan. Kailangan ng mga kumpanya ang iba't ibang antas ng kasanayan sa kanilang pagpapasya sa pagtanggap ng manggagawa. Ang merkado sa paggawa naman ay nag-aalok ng sari-saring mga kasanayan at kakayahan o talento. Halimbawa, sa industriya ng produksyon o *manufacturing industry*, maaring ang paggawaan ay mangailangan ng mga *medium skilled workers* sa aktuwal na paggawa at pagbubuo ng mga bahagi ng produkto at *higher skilled workers* upang balangkasin at pag-isipan kung anu-ano ang kailangang sangkap at disenyo ng produkto.

Kung may kakulangan sa isang kasanayan sa merkado ng paggawa, magiging higit na mataas ang pasahod sa manggagawang may kasanayang ito. Ito ang mga trabahong tinatawag na *in-demand* o may *demanded skill set*. Mas malaki ang posibilidad sa mabilis na pagkakaroon ng trabaho para sa may mga may *demanded skill*



set. Bukod pa rito nakatitiyak sila ng higit na mataas na pasahod.


Ayon sa American Heritage Dictionary, ang edukasyon ay mga kaalaman at kasanayang nakakamtan at umuunlad sa pamamagitan ng proseso ng pagkatuto. Ang taong may pormal na edukasyon ay higit na may kakayahang magtamasa pa ng higit na kaalaman at maging isang *highly skilled* na manggagawa. Kaya nga mas higit na pinapaboran ng mga kumpanya ang mga aplikanteng mayroong pormal na edukasyon.

Binigyan ng katumbas na antas ng kasanayan ang mga trabaho ng US Department of Labor. Kabilang ang tinapos na pormal na edukasyon o pagsasanay at lawak ng karansan bilang panukat ng antas ng mga kasanayan o skill levels. Makikita ito sa sumusunod na paglalarawan.

Edukasyon at Kawalan ng Trabaho o *Unemployment*

Hindi lamang sa paghahanap ng trabaho, mahalaga rin ang edukasyon sa pagpapanatili ng trabaho. Higit na mataas ang kawalan ng trabaho sa mga mas kakaunti ang kasanayan o pormal na edukasyon.

Makikita sa tsart na pinakamataas ang porsyento ng mga walang trabaho sa mga natapos ng sekundarya mula pa noong 1998; pumangalawa dito ang may natapos na kurso sa kolehiyo. Halos doble ang bilang ng mga walang trabaho ng mga nagtapos sa sekundarya kung ikukumpara sa natapos sa kolehiyo o teknikal-bokasyonal na kurso.



Hango sa [CIA World Factbook](#) - January 1, 2011

Mapapansing mababa ang posyento ng walang trabaho sa mga natapos lamang ng unang tatlong baitang sa elementarya; ngunit hindi nangangahulugan ito na mas mabuti ang kalagayan pangkabuhayn nila. Nangangahulugan lamang ito na higit na marami ang hanapbuhay para sa mga trabahong hindi nangangailangan ng mataas na kasanayan tulad ng pamamasukan bilang katulong, manggagawa sa *factory*, construction worker, o tintera sa ating bansa. Dapat ding tingnan na karamihan sa mga natapos lamang ng unang tatlong taon sa elementary ay hindi permanente o pangmatagalan ang trabaho, maliit ang pasahod, kadalasa'y arawan ang bayad, at higit na nangangailangan ng pisikal na lakas sa kanilang gawain.

Tingnan naman natin ang pasahod sa iba't ibang mga trabaho sa Pilipinas ayon sa datos ng National Statistics Office (2011):

Trabaho	Pasahod kada buwan
Propesyonal	
Piloto	Php 98,575
Inhinyero	Php 27,899
Guro sa Kolehiyo	Php 19,524
Tagapagtuos o Accountant	Php 17,997
Guro	Php 14,991
Nars	Php 8,669
Teknikal-Bokasyonal	
Mekaniko ng sasakyan	Php 8,711
Karpentero	Php 7,163
Drayber ng bus	Php 8,802
Hotel Receptionist	Php 8,754
Chamber maid	Php 7,843
Kinakailangan ng Diploma sa Sekundarya	
Postman	Php 8,448

Garment cutter	Php 6,352
Tindera	Php 6,351
Di-kailangan ng Diploma sa Sekundarya	
Kasambahay	Php 2,500
Construction Worker	Php 250 kada araw

Malaki ang tsansang maging maunlad ka sa larangan ng paghahanapbuhay maging ito man ay sa pamamasukan o sa pagtatayo ng sariling negosyo kung ikaw ay may higit na mataas na kasanayan o natapos na kurso – akademiko o teknikal-bokasyonal.

Epekto ng Kawalan ng Edukasyon sa Pamumuhay sa Lipunan

Higit sa iyong sarili, kailangan ka ng ating bansa. Kailangan ka ng Pilipinas. Ang kawalan ng edukasyon ng marami nating kababayan ay nagpapalala sa mga krisis sa bansa; sa ekonomiya, politika, kalusugan at iba pa. Sabi nila magastos mag-aral, pero makailang ulit na mas magastos pa dito ang kawalan ng edukasyon. Siyempre pa iyong mga taong hindi nakapag-aral ang unang nakararamdam ng kasalatan bunga ng kawalan ng edukasyon. Wala silang sapat na kakayahan para lubos na maunawaan ang mga nagaganap sa paligid at paano sila naapektuhan nito, para makinabang ng lubos sa mga benepisyo at serbisyong maaaring maibigay ng iba't ibang mahahalagang institusyong panlipunan at para maipaglaban ang mga karapatan nila. Nagiging *marginalized* tuloy sila. Wala silang boses pagdating sa mga mahahalagang usapin sa bansa. Parusa ang maging mangmang.



Hindi lang ang mga hindi nakapag-aral ang nagbabayad sa kasalatang bunga ng kawalan ng edukasyon. Tayo rin, ang pamilya natin, kahit na edukado pa sila at magaganda ang trabaho o negosyo. Halimbawa na lang sa isang barangay, kung ang mga ito ay hindi nakapag-aral at naturuan ng kahalagahan ng kalinisan at pangangalaga sa kapaligiran, isipin mo ang magiging kalagayan ng paligid. Kahit na may iilan dito na nakapag-aral ay may pagpapahalaga sa kalinisan at pangangalaga sa kapaligiran, tiyak na mangingibabaw parin ang uri ng pamumuhay ng mas nakararami dito. Maaring marami sa kanila walang maayos na palikuran, nagtatapon ng basura kung saan-saan. Maaring hindi nila maunawaan ang kaugnayan ng

kalinisan ng paligid sa kalusugan. Kapag lumaganap ang sakit sa lugar na ito dahil sa kanilang kapabayaan, hindi ba't lahat naman maaring magkasakit pati na iyong malinis sa pamamahay.

Tuwing eleksyon, may karapatan din silang bumoto. Kung salat sila sa kakayahang unawain ang mga tunay na pinag-uugatan ng kahirapan sa bansa, o dahil hindi makakuha ng trabahong sapat ang pasuweldo mas madali sa kanila ang papaniwalain sa mga pangako ng tiwaling politiko, lalo na kung may kapalit na malaking pera.



Isipin mo na lang, demokratiko ang bansang ito, ang mayorya ang siyang nagpapasya at nangingibabaw. Kung ang karamihan ay hindi nakapag-aral, sila ang mayorya, sila ang mangingibabaw sa bansa.

Ayon sa pag-aaral ng EDCOM o ng 1993 Congressional Education Commission at ng 2003 Functional Literacy, Education and Mass Media Survey (FLEMMS), mahigit sa 3.8 milyong Pilipino ang “no read, no write”, at mahigit sa 9.2 milyon naman ang bahagya lang nakapag-aral o hindi nakatapos ng elementarya. Mas marami pa dito ang kahit na nakapag-aral ay hindi naman makapagsalita at makaintindi ng wikang Ingles. Kailangan pa rin natin ang sapat na kasanayan sa wikang ito para makasabay sa mga pagbabago sa *demands* sa *job market*. Ayon sa DOLE (2010), kasama sa mga *Key Employment Generators* ang *Cyber-services*, tulad ng pagiging *call center agents* at *medical transcriptionist*; *medical tourism and health services* at *overseas employment*. Kailangan sa mga trabahong ito ang kahusayan sa pagsasalita ng wikang Ingles. Sa survey naman ng Filipino Youth Study noong 2001, lumalabas na malayo pa rin ang mga Pilipino sa ideya ng EDCOM ng isang Pilipinong may sapat na edukasyon. Karamihan ng mga kabataan (65%) ang hindi sumasali o nakikilahok sa mga gawaing pansibika o pampamayanan. 37% lamang ang nakakaawit nang tama ng

Tuwing eleksyon, may karapatan din silang bumoto. Kung salat sila sa kakayahang unawain ang mga tunay na pinag-uugatan ng kahirapan sa bansa, o dahil hindi makakuha ng trabahong sapat ang pasuweldo mas madali sa kanila ang papaniwalain sa mga pangako ng tiwaling politiko, lalo na kung may kapalit na malaking pera.

Isipin mo na lang, demokratiko ang bansang ito, ang mayorya ang siyang nagpapasya at nangingibabaw. Kung ang karamihan ay hindi nakapag-aral, sila ang mayorya, sila ang mangingibabaw sa bansa.

pambansang awit at 38% lang ang kayang bigkasin ang Panatang Makabayan.

Ang pag-aaral ay may napalaking epekto sa lipunan ng tao. Masasabing hindi ganap ang pang-unawa ng tao kung hindi ito nakapag-aral. Sa pag-aaral nahahasa ang isip sa paggawa ng mga tamang pasya. Mas nagiging makatwiran at matalino siya kung nakapag-aral. Sa pamamagitan ng edukasyon ay napalalaganap ang kaalaman at ang mga mahahalagang impormasyon sa buong mundo. Ang isang taong hindi marunong bumasa o sumulat ay walang kakayahan upang matanggap ang mga kaalaman at impormasyong ito. Sarado ito sa mga pagbabago at mga pag-unlad sa kaalaman sa mundo.

Sa kabilang banda, ang taong nakapag-aral ay waring bukas na silid sa mga pagbabago at mga kaganapan sa daigdig. Ang kalidad ng yamang tao ng isang bansa ay madaling mahuhusgahan sa bilang ng mga nakapag-aral na populasyon na naninirahan dito. Sa madaling salita, ang edukasyon ay pangunahing sangkap upang magkaroon ng pag-unlad ang isang bansa at gayundin upang mapanatili ang pag-unlad na ito.

Ito marahil ang dahilan kung bakit ang mga mayayamang bansa ay may napakataas na *literacy rate* at lubos na produktibong mga mamamayan.

Ngayon marahil ay kumbinsido ka na na mahalagang matapos mo ang iyong pag-aaral. Ngunit ikaw nama'y nasa unang taon pa lang. Higit na mahalaga sa ngayon na matapos mo ang haiskul nang sa gayo'y makapagpatuloy ka pa sa pagpapaunlad ng iyong mga kasanayan sa pamamagitan ng pormal na edukasyon – pang-akademiko o teknikal-bokasyonal, o sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay at paghahasa ng mga talent o kakayahan.

Sa kabilang banda, ang taong nakapag-aral ay waring bukas na silid sa mga pagbabago at mga kaganapan sa daigdig. Ang kalidad ng yamang tao ng isang bansa ay madaling mahuhusgahan sa bilang ng mga nakapag-aral na populasyon na naninirahan dito. Sa madaling salita, ang edukasyon ay pangunahing sangkap upang magkaroon ng pag-unlad ang isang bansa at gayundin upang mapanatili ang pag-unlad na ito.

Mga Paraan sa Pagpapaunlad ng mga Kasanayan sa Pag-aaral (Study Skills)

Paano ka nga ba magsisimula? Maaring itanong mo ito. Narito ang ilan sa mga paraan upang mapagbuti ang iyong pag-aaral sa haiskul at nang matiyak ang iyong pagtatapos sa loob ng anim na taon.

1. *Isulat mo ang iyong mga takdang-aralin sa iyong kuwaderno.* Mahalagang isulat mo sa iyong kwaderno ang iyong mga takdang aralin. Maari rin namang sa iyong *notepad* sa *cellphone* o sa iyong *daily planner* ito isulat, tiyakin lamang na naitala mo ang mga ito nang kumpleto. Maaari mong ihanay ang mga ito ayon sa itinakdang panahon o ayon sa halaga, tulad sa isang simpleng “*to-do-list*”. Ibilang din sa listahan ang mga pagsusulit at mga kailangang tapusing gawain at proyekto sa paaralan.
2. *Huwag kalimutang dalhin sa paaralan ang araling-bahay.* Maaring simple ito sa iyong pandinig, ngunit maraming mag-aaral na ang lumagpak dahil lamang sa nakalimutan nilang dalhin ang isang napakahusay sanang artikulo, sanaysay o proyekto. Kailangang magkaroon ka ng isang espesyal na lalagyan para sa iyong mga araling-bahay. Dapat din na mayroon kang lugar na kung saan ito palagiang ginagawa araw-araw. Kailangang ugaliing isilid sa espesyal na lalagyan ang mga natapos na araling-bahay at isilid ito sa iyong bag na pamasok sa eskwela.
3. *Makipag-usap ka sa iyong guro.* Ang isang magandang ugnayan ay nakasalalay sa mahusay na komunikasyon. Ang ugnayan ng guro at mag-aaral ay gayon din. Ang di-maayos na komunikasyon sa guro ay maari ring maging dahilan ng mababang marka, sa kabila ng iyong mga pagsusumikap sa pag-aaral. Pagkatapos ng klase, tiyaking nauunawaan mo ang lahat ng araling-bahay na itinakda ng guro. Huwag mag-atubiling magtanong kung may hindi nauunawaan. Maariing itanong kung ano ang banghay na nais ng guro sa iyong pag-uulat o anong uri ng mga tanong ang ibibigay nito sa pagsusulit. Kung mas marami kang itinatanong mas handa ka sa paggawa ng araling-bahay o magsanay para sa pagsusulit.
4. *Magsaayos sa pamamagitan ng paggamit ng kulay.* Gumamit ng sistema ng pagsasaayos gamit ang kulay o color-coding upang panatilihin nasasaayos ang iyong mga takdang gawain at aralin. Maaring magtalaga ng isang kulay para sa bawat asignatura. Halimbawa pula para sa Agham, berde para sa English. Isang kulay lang ang gamitin para sa kwaderno, gawain, folder o pananda para sa bawat asignatura.
Maaari ring gamitin ang *color coding* sa pagsasaliksik. Halimbawa, kung nagbabasa ng aklat ay dapat na may nakahandang panandang may iba’t ibang kulay. Maglagay ng pananda sa mga pahina na kinakailangan mo pang pag-aaralan at tukuyin sa iyong ulat o sanaysay.
5. *Magtalaga ng isang palagiang lugar para sa pag-aaral at paggawa ng araling-bahay.* Dapat lamang na angkop sa iyong pangangailangan at paraan ng pag-aaral ang napiling lugar. Mahirap matuto kung maraming istorbo sa lugar ng iyong pag-aaral. Ngunit iba-iba naman ang pangangailangan natin sa pag-aaral. Ang iba ay nangangailangan ng tahimik at maayos na silid o sulok sa bahay, samantalang ang iba naman ay mas nakapag-aaral kung may musikang naririnig. Ang iba ay hindi tumitigil hanggang hindi natatapos ang gawain, samantalang ang iba naman ay kailangang huminto paminsan-minsan upang magpahinga.
Maghanap ng iyong silid o sulok sa bahay na gagamiting palagiang lugar sa pag-aaral. layon ito sa iyong pangangailangan at personalidad. Maglagay dito ng mga gamit sa paaralan na palagiang ginagamit tulad ng ballpen, lapis at papel na sulatan.

6. *Ihanda ang iyong sarili sa mga pagsusulit* . Ang paghahanda sa pagsusulit ay hindi tungkol lamang sa pagsasanay para dito. Mahalaga rin ang kahandaang pisikal at pangkaisipan. Alagaan ang katawan, matulog nang maaga at kumain ng sapat lalong lalo na kung may pagsusulit na pinaghahandaan. Ang pamamahala ng oras ay mahalaga rin sa pagsusulit. Sa pagsasanay para sa pagsusulit makatutulong din na orasan ang sarili sa pagsagot sa mga tanong. Tiyaking hindi labis na magtatagal sa isang tanong upang masagutan ang lahat ng bilang.
7. *Alamin ang iyong pangunahing paraan ng pagkatuto (Learning Style)*. Iba-iba ang paraan ng pagkatuto ng bawat mag-aaral. Kadalasang nahahirapan ang mga mag-aaral na matuto dahil lamang hindi nila alam ang paraan ng pag-aaral na katumbas ng kanilang paraan ng pag-iisip at pagkatuto.
 Ang mga tinatawag na *auditory learners* ay natututo sa pakikinig. Mas natatandaan naman ng mga *visual learners* ang mga pinag-aaralan kung may *visual aids*. Ang *tactile learners* ay higit na natututo sa paggawa o *hands-on* na gawain.
 Bawat mag-aaral ay dapat na suriin at tayain ang kanilang mga ugali at likas na kakayahan at pagpasyahan kung paano mapabubuti ang kanilang paraan ng pagsasanay o pag-aaral na may pagsasaalang-alang sa mga paraan na ito ng pagkatuto.
8. *Itala ang mga mahahalagang puntos sa pinag-aaralan sa kwaderno*. Magtala ng mga mahahalagang bahagi ng pag-aaral sa iyong kwaderno. Kung ikaw ay isang *visual learner* nararapat na higit na mas detalyadong pagdodokumento ang iyong gawin. Maari ring gumawa ng mga paglalarawan ng mga ideya o konseptong iyong natutuhan upang mas madali itong matandaan at masundan kung naghahanda na sa pagsusulit. Matuto ring gumamit ng mga *concept* o *thought organizers*. Pag-aralan din kung ang mga bantas at simbulong ginagamit ng mga guro para sa mahahalagang puntos at konseptong itinuturo.
9. *Iwasan ang pagpapabukas-bukas*. Kung madalas mong ipagpaliban ang iyong mga gawain sa pag-aaral, madalas ay nagiging huli na ang lahat. Kung ipinagpapaliban mo ang paggawa, madalas dahil iniisip mo na walang iba pang magiging suliranin sa iyong gawain o dahil to ay madali lamang gawin. Nararapat na ibigay natin ang tamang atensyon at kakayahan sa lahat ng ating gawain. Disiplina lamang ang kailangan upang magawa ito.
10. *Alagaan mo ang iyong kalusugan*. Bukod sa pagkain nang sapat, pagkakaroon ng sapat na pahinga at pag-eehersisyo, kailangan mo ring isaalang-alang ang mga pagbabagong nagaganap sa iyong sarili. Pakiramdaman ang iyong katawan kung kailan nito kailangan ang tamang paglilibang, tulad halimbawa ng pagbibisekleta o pamamasyal kasama ang mga kaibigan. Magdamit nang naaayon sa temperatura o kalagayan ng panahon. Kailangan rin ng bawat isa ng katahimikan para sa pagsusuri ng sarili o *self-examination*

Tayain ang Iyong Pag-unawa

1. Nagagawa mo ba ang mga imunangkahing paraan ng pag-aaral?
2. Anu-anong mga konsepto ang natutuhan sa binasa? Ipaliwanag
3. Bakit mahalaga sa tao ang nakapag-aral? Ipaliwanag.
4. Ano ang kapalit ng pagiging mangmang? Pangatwiranan.

5. Paano nakapagpapaunlad sa bayan ang pagkakaroon ng mga mamamayanang nag-aral? Ipaliwanag.

Paghihinuha ng Batayang Konsepto

Matapos ang iyong naging mga pag-aaral, subukan mo muling sagutin ang kakailanganing anong:

Bakit mahalaga ang pag-aaral sa paghahanda sa pagnenegosyo at paghahanapbuhay?



**PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO
Pagganap**

Panuto: Tingnan ang iyong mga marka sa bawat asignatura sa Report Card. Suriin kung alin sa mga asignaturang ito ka nahirapan sa pag-aaral at mababa ang markang nakuha. Suriin din kung bakit ka nagkaroon ng kahirapan dito sa pamamagitan ng sumusunod na tsart.

Halimbawa:

<i>Asignatura</i>	<i>Markang Nakuha</i>	<i>Mga Naging Kahirapan sa Pag-aaral</i>	<i>Mga Dapat na Gawin/ Baguhin sa Pag-aaral ng asignaturang ito</i>
1. English	85	Paggawa ng sanaysay at <i>book report</i>	Ugaliin ang pagbabasa ng mga magasin o dyaryo upang masanay sa teknikal na panulat.
2. Matematika	90	Kulang ng oras sa paggawa ng mga araling-bahay	Unahin ang pag-aaral kaysa paglalaro.

3. Science and Technology	80	Pagsasaliksik tungkol sa iba't ibang uri ng bato at lupa Paggawa ng proyektong "volcanic eruption experiment"	Pagbabasa sa aklatan o pagsasaliksik sa internet tungkol sa iba't ibang uri ng bato at lupa at paggawa ng eksperimentong <i>volcanic eruption</i>
4. Filipino	90	Kulang ng oras sa pagbabasa	Magbasa sa halip na manood ng palabas sa telebisyon
5. Araling Panlipunan	97	Walang naging kahirapan	
6. MAPEH	95	Walang naging kahirapan	
7. Edukasyon sa Pagpapakatao	90	Kulang ang oras sa mga araling-bahay	Unahin ang pag-aaral sa paglalaro
8. T.L.E.	98	Walang naging kahirapan	

Pagninilay

Panuto: Pagnilayan ang sumusunod. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

Gabay na Tanong:

- ✓ Paano mo iugnay ang mga natuklasan mong kakayahan at kahinaan sa pag-aaral sa gusto mong kurso o negosyo? Ipaliwanag
- ✓ Ano-anong mga ugali o gawi sa pag-aaral ang kailangan mong pag-ibayuhin o baguhin? Ipaliwanag.
- ✓ Paano makatutulong ang pagpapataas ng marka sa mga asignatura sa paaralan sa paghahanda sa iyong pinaplanong kuro akademiko o teknikal-bokasyonal o hanapbuhay o negosyo? Pangatwiran.

Pagsasabuhay

Matapos ito ay itatala ang mga asignaturang kailangang pag-ibayuhin ang pagsasanay o pag-aaral upang mapalakas ang mga kakayahang mahihina na kaugnay ng minimithing kurso akademiko o teknikal-bokasyonal. Magbuo ng *study circle/ group* sa mga asignatura na kung saan ka nahihirapan.

Mga Paalala sa Pagbuo ng Study Group o Study Circle

Kung magbuo ng *study group* o *study circle*, kinakailangang magtakda ng mga pamantayan upang mapanatilli ang interes ng pangkat tulad ng sumusunod:

- a. Panatilihin tatlo hanggang anim na kasapi lamang ang pangkat upang maging mas epektibo ang pag-aaral. Maaaring makalito lamang o makaabala ang maraming miyembro
- b. Kung maraming nagnanais na sumali sa pangkat, hatiin sa dalawang pangkat ang grupo at magpalitan ng mga kasapi paminsan-minsan upang maiwasang makasakit ng damdamin ng mga kamag-aral at upang maibahagi ang kakayahan at kaalaman ng lahat.
- c. Huwag limitahan ang mga pipiliing kasapi sa mga kaibigan lamang. Pumili ng mga matatalino, matitiyaga at masisipag na kamag-aral kung ang nais ay mapataas ang marka.
- d. Magtakda ng oras at palagiang lugar kung saan magkikita-kita at mag-aaral, himukin ang bawat isa na dumating sa takdang oras.
- e. Pangalanan ang iyong grupo.
- f. Bigyan ng pangalan ang iyong grupo upang magkaroon ang pangkat ng matibay na pagkakakilanlan at upang makahikayat pa nang iba na sumali.
- g. Sa unang pagpupulong , hikayatin ang mga miyembro ng pangkat na sabihin ang kanilang mga kalakasan o talent at kakayahan na maari nilang maitulong sa pangkat
- h. Mas makabubuti na ang lahat ay mabigyan ng pagkakataon na maging tagapamagitan. Ang tagapamagitan ang titiyak na hindi lumalabas sa dapat na talakayin ang pangkat.
- i. Magtulong tulong gumawa ng mga halimbawang pagsusulit at pasaguutan ito sa isa't isa
- j. Bigyan ng gantimpala ang mahusay na mga mungkahi o ideya. Maaring ito ay mabuting salita tulad ng “zinger”, “winner” o mga premyo tulad ng notebook o ballpen.

Ipasa sa guro ang iyong kwaderno sa pagtatapos ng araling ito. Binabati kita!

Mga Sanggunian :

1. Santamaria, Josefina (2006), *Career Planning Workbook* (4th ed.), Makati City: Career Systems, Inc.
2. Abiva, Thelma (1993), *Learning Resource for Career Development*, Q.C.: Abiva Human Development Services
3. Hango sa <http://www.tradingeconomics.com/philippines/unemployment-with-primary-education-percent-of-total-unemployment-wb-data.html>
4. Hango sa <http://cebuexperience.com/living-in-the-philippines/minimum-wage-in-the-philippines-2011/>
5. Hango sa <http://pinoytambay.blogspot.com/2006/04/unemployment-in-philippines.html>
6. Hango sa [CIA World Factbook](#) - January 1, 2011
7. Hango sa: filipinia.net
http://www.filipiniana.net/read_content.jsp?filename=R00000000040&keyword=ri zal&searchKey

Mga Larawan, hinango sa:

- www.thematter.wordpress.com, May 17, 2011
- www.defenselink.mil, May 18, 2011